# LIPUNAN AT REBOLUSYONG PILIPINO

**AMADO GUERRERO**

1970

NILALAMAN

PAMBUNGAD SA IKAAPAT NA EDISYON ....................... i
PAMBUNGAD SA IKATLONG EDISYON .......................... iii
INTRODUKSYON NG MAY AKDA ............................... xxi

UNANG KABANATA
PAGRIRIPASO SA KASAYSAYAN NG PILIPINAS ................. 1
I ANG PILIPINAS AT ANG SAMBAYANAN .................. 1
II ANG MAMAMAYAN NANG DUMATING ANG
KOLONYALISTANG ESPANYOL ......................... 4
III ANG KOLONYALISMO AT PYUDALISMONG ESPANYOL ........ 7
IV ANG REBOLUSYONG PILIPINO NG 1896 ................. 13
V ANG DIGMAANG PILIPINO-AMERIKANO .................. 20
VI ANG KOLONYAL NA PAGHAHARI NG IMPERYALISMONG EU ... 24
VII ANG PAKIKIBAKA NG SAMBAYANAN SA IMPERYALISMONG
HAPONES ........................................ 35
VIII ANG KASALUKUYANG PAPET NA REPUBLIKA NG PILIPINAS . 39
1. Ang Papet na Rehimeng Roxas, 1946-48 ......... 42
2. Ang Papet na Rehimeng Quirino, 1948-53 ....... 45
3. Ang Papet na Rehimeng Magsaysay, 1954-57 ..... 49
4. Ang Papet na Rehimeng Garcia, 1951-61 ........ 53
5. Ang Papet na Rehimeng Macapagal, 1962-65 ..... 57
6. Ang Papet na Rehimeng Marcos, 1966 - ......... 63
IX ANG MULING PAGTATATAG NG PARTIDO KOMUNISTA
NG PILIPINAS .................................... 73

IKALAWANG KABANATA
MGA PUNDAMENTAL NA PROBLEMA NG SAMBAYANANG PILIPINO .... 74
I LIPUNANG MALAKOLONYAL AT MALAPYUDAL .............. 74
II IMPERYALISMONG EU ............................... 77
1. Ang Kahulugan ng Imperyalismo ................ 77
2. Ang Bogus na Independensya at ang Di-Pantay
na mga Tratado ............................... 81
3. Ang Monopolistang Kontrol ng EU sa Pilipinas ... 88
4. Ang Pakanang Patagalin ang Paghahari ng EU ... 94
III PYUDALISMO ...................................... 106
1. Ang Kahulugan ng Pyudalismo .................. 106
2. Ang Sistemang Asyenda ........................ 110
3. Huwad na Reporma sa Lupa ..................... 114
a. Resetelment at Pangangamkam ng Lupa ...... 114
b. Mga Limitasyon sa Pagaari ng Lupa at Bogus
na Pagkuha ng Gubyerno ng Lupa ........... 117
4. Ang Saklaw ng Pyudal at Malapyudal na

Pagsasamantala .............................. 124
a. Kung Gaano Kalaki ang Problema sa Lupa ... 124
b. Mga Pundamental na Porma ng Pagsasamantala sa Kanayunan ............................ 127
5. Ang Kapangyarihang Pampulitika ng Uring Panginoong Maylupa .......................... 136
IV BURUKRATANG KAPITALISMO .......................... 140
1. Ang Kahulugan ng Burukratang Kapitalismo ..... 140
2. Mga Pinagmumulan ng Katiwalian ............... 144
3. Pasismo ...................................... 148
4. Repormismo at Modernong Rebisyonismo ......... 153

IKATLONG KABANATA
ANG DEMOKRATIKONG REBOLUSYON NG BAYAN ................. 156
I ANG SALIGANG KATANGIAN NG REBOLUSYONG PILIPINO ... 157
II MGA URI SA LIPUNANG PILIPINO .................... 160
1. Ang Uring Panginoong Maylupa ................ 160
2. Ang Burgesya ................................ 163
a. Ang Malaking Burgesyang Kumprador ........ 163
b. Ang Panggitnang Burgesya ................. 165
k. Ang Petiburgesya ........................ 169
3. Ang Uring Magsasaka ......................... 171
a. Ang Mayamang Magsasaka ................... 171
b. Ang Panggitnang Magsasaka ................ 172
k. Ang Maralitang Magsasaka ................. 174
4. Ang Proletaryado ............................ 176
Ang Malaproletaryado ........................ 182
Ang Lumpen Proletaryado ..................... 183
Ang Natatanging Grupong Panlipunan .......... 186
III ANG MAKAURING BATAYAN NG ISTRATEHIYA AT MGA TAKTIKA ......................................... 190
1. Ang Makauring Liderato at ang Partido ........ 191
2. Ang Kalakhang Pwersa at ang Armadong Pakikibaka ................................ 193
3. Ang Saligang Alyansa at ang Pambansang Nagkakaisang Prente ......................... 195
IV ANG MGA SALIGANG TUNGKULIN NG DEMOKRATIKONG REBOLUSYON NG BAYAN ............................. 197
1. Sa Larangan ng Pulitika ...................... 197
2. Sa Larangan ng Militar ....................... 198
3. Sa Larangan ng Ekonomya ...................... 199
4. Sa Larangan ng Kultura ....................... 200
V ANG PERSPEKTIBA NG REBOLUSYONG PILIPINO .......... 202
MGA TALA ......................................... 203

MGA PARTIKULAR NA KATANGIAN NG ATING DIGMANG BAYAN .... 217
1. Ang Bagong Tipo ng Rebolusyong Pambansa-Demokratiko 219
2. Matagalang Digma sa Kanayunan ..................... 221
3. Labanan sa Maliit na Kapuluang Mabundok ............ 224
4. Mula sa Maliit Tungo sa Malaki at Malakas .......... 230
5. Paglitaw ng Pasistang Diktadurang Papet sa Gitna ng Krisis .................................. 235
6. Sa Ilalim ng Iisang Kapangyarihang Imperyalista .... 240
7. Pagbulusok ng Imperyalismong EU at Pagsulong ng Rebolusyong Pandaigdig ............................ 245

ANG MAHIGPIT NATING MGA TUNGKULIN .................... 257

MGA MAPA ............................................. 323

Ang mga ito ang bagong salin sa Pilipino ng *Philippine Society and Revolution*, *Specific Characteristics of Our People's War* at *Our Urgent Tasks*.

Ginamit sa pagsasalin ng Philippine Society and Revolution, na sinulat ni Kasamang Amado Guerrero, ang ikatlong edisyon ng tekstong Inggles na inilimbag ng International Association of Filipino Patriots sa Estados Unidos noong 1979.

Sa pagsasalin naman ng *Specific Characteristics of Our People's War*, na sinulat ni Kasamang Guerrero, ginamit ang tekstong Inggles na inilimbag ng Solidarity Publishing House noong Abril 1979.

Sa pagsasalin ng Our Urgent Tasks, ginamit ang tekstong Inggles ng Rebolusyon, Tomo 1, Blg. 1, na inilathala ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas noong Hulyo 1, 1976.

Ang mga bagong saling ito ay pagpapaunlad ng mga dating salin ng PSR, Specific at Urgent Tasks. Pinagsikapang panatilihin ang lahat ng ideyang nasa orihinal na tekstong Inggles habang ipinapahayag sa lenggwaheng simple, idiomatiko, makinis at madulas. Sa gayo'y inaasahang maging lalo pang kapakipakinabang ang mga ito sa mga kadre't kasapi ng Partido, sundalo ng Bagong Hukbong Bayan, at aktibista't myembro ng mga rebolusyonaryong samahang masa. Matagal na nilang gustong magkaroon ng mga babasahing magagamit sa pag-aaral, at iginigiit nilang maisalin ang mga ito sa istilong mas magaang basahin.

Iniuukol ang mga ito sa lahat ng iba pa na interesadong magrebolusyon at naghahangad matuto kung paano ginagamit sa kongkretong kundisyon ng rebolusyong Pilipino ang universal na teorya ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong.

Mabilis na umaabot sa lahat ng sulok ng Pilipinas ang rebolusyonaryong kilusan habang mabilis din namang nagbabago ang wikang Pilipino. Sa malao't madali, kakailanganin na namang maglabas ng mas mahusay na salin. Kaya ngayon pa lamang, malugod naming tatanggapin ang anumang opinyon o suhestyon ninyo kung paano pa mapapaunlad ang mga akdang isinasalin sa Pilipino.

Pambansang Kawanihan<br>sa Pagsasalin<br>Pebrero 1986

"Ang pagsasanib ng Marxista-Leninistang teorya sa praktika ng Pilipinas ay dalawang proseso. Hindi lamang natin sinasamantala ang mga tagumpay na natamo sa ibang bayan nang sa gayo'y magtagumpay sa ating sariling rebolusyon. Kundi umaasa rin tayong maidagdag ang ating sariling tagumpay sa tagumpay ng iba pa at makagawa ng ilang mahalagang kontribusyon sa pagsusulong ng Marxismo-Leninismo at pandaigdigang rebolusyong proletaryo nang sa wakas ay mapapalaya ang sangkatauhan sa pagpapahirap ng imperyalismo at makakapasok sa panahon ng komunismo."

-- Amado Guerrero

# PAUNANG SALITA SA IKAAPAT NA EDISYON

Bukod sa *Mga Partikular na Katangian ng Ating Digmang Bayan*, kasama sa edisyong ito ng *Lipunan at Rebolusyong Pilipino*, na sinulat ni Amado Guerrero ang mahabang sanaysay na pinamagatang *Ang Mahigpit Nating mga Tungkulin* na kanyang inihanda para sa Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas. Ang *Mahigpit Nating mga Tungkulin* ay unang lumabas sa unang isyu ng teoretikong publikasyon ng Partido, Rebolusyon, noong Hulyo 1, 1976.

Kung ang Lipunan at Rebolusyong Pilipino, dahil sa makauring pagsusuri ng kasaysayan ng Pilipinas, ang nagbigay ng pundasyon para sa Marxista-Leninistang pagpapaliwanag ng lipunang Pilipino at batayan nito sa nakaraan; at kung ang *Mga Partikular na Katangian ng Ating Digmang Bayan* ay maningning na kontribusyon sa pag-intindi ng mga partikularidad ng rebolusyong Pilipino, at kung gayon, malaki ang kahalagahan sa pag-unlad ng istratehiya't taktikang angkop sa paglulunsad ng rebolusyonaryong gera sa bayang pulu-pulo tulad ng Pilipinas, tinutukoy naman ng Ang *Mahigpit Nating mga Tungkulin* ang mga partikular na tungkulin ng mga rebolusyonaryong Pilipino sa pagbabagsak ng diktadurang EU-Marcos – ang pinakamarahas na pagpapahayag ng malakolonyal na paghahari – para makamit ang demokratikong rebolusyong bayan at matamo ang sosyalismo.

Ang tatlong akdang ito ay napakalinaw na tanda ng patuloy na pagsisikap ng rebolusyonaryong lideratong Pilipino na masapol ang mga partikularidad ng rebolusyong Pilipino, at dapat magkakasama kung gayon.

Nilalagom ng *Ang Mahigpit Nating mga Tungkulin* ang napakahalagang aral ng rebolusyonaryong karanasan ng Pilipinas sa kundisyon ng pasistang paniniil ng diktadurang EU-Marcos, at tinutukoy ang pitong kailangang-kailangan gawin para manalo sa buhay-at-kamatayang pakikibaka rito. Ang mga ito ay:

1. Isulong ang mga kilusang anti-pasista, anti-pyudal at anti-imperyalista sa pamamagitan ng patutuon ng pangunahing dagok sa diktadurang EU-Marcos bilang pangunahing pwersa ng armadong kontrarebolusyon sa mamamayang Pilipino;

2. Palakasin pa ang Partido at iwasto ang pagkakamali nang sa gayo'y patuloy na mapapamunuan ang rebolusyong Pilipino at mapapanatili sa wastong landas;

3. Itayo ang rebolusyonaryong kilusang masa sa kanayunan sa pamamagitan ng pagpukaw at pag-oorganisa sa masa ng magsasaka at pagpapatupad ng rebolusyong agraryo;

4. Palakasin ang hukbong bayan at isulong ang armadong pakikibaka bilang pangunahing porma ng pakikibaka ng mamamayang Pilipino laban sa reaksyon;

5. Itayo ang rebolusyonaryong kilusang masang anti-pasista at anti-imperyalismo sa kalunsuran na susuporta sa kilusang anti-pyudal sa kanayunan;

6. Buuin ang malawak na nagkakaisang prenteng anti-pasista, anti-pyudal at anti-imperyalista na maghihikayat sa mga petiburges ng lunsod at pambansang burges sa panig ng saligang alyansa ng mga manggagawa't magsasaka; at

7. Iugnay ang rebolusyong Pilipino sa rebolusyong pandaigdig bilang pagkilala sa internasyonal na katangian ng pakikibaka ng mamamayan at proletaryadong Pilipino.

Naisagawa na ng mga myembro ng Partido ang mga tungkuling ito mula nang inilabas Ang Mahigpit Nating mga Tungkulin. Ang pangunahing rason kung bakit matagumpay na naisagawa ang mga ito ay dahil dinibdib ng mga myembro ng Partido ang pangangailangang pag-aralan ang pabagu-bagong sitwasyon sa lipunang Pilipino, ang mga partikularidad ng pangangailangan, tendensya at obhetibong paninindigan ng iba't ibang uri at sektor, ang angkop na istratehiya't taktika para sa kalunsuran at kanayunan, sa bawat komunidad, distrito at nayon, at sa iba't ibang sektor at uri.

Ang pinakamatingkad nga sa *Ang Mahigpit Nating mga Tungkulin* ay ang ditalyadong pagpapartikular nito, ang pagiging maningning na halimbawa – tulad ng nakikita sa praktika ng nakaraang walong taon – ng pangangailangang laging magsagawa ng kongkretong pagsusuri ng kongkretong kundisyon. Ang Marxista-Leninistang prinsipyong ito ang nasa pusod ng pananatili at pagsulong ng rebolusyonaryong pwersang Pilipino kahit sa kundisyon ng pinakamabangis na paniniil. Prinsipyo ito na naiintindihan na nang husto at isinasapraktika – at prinsipyo ito na matatag na ginagawang saligan ng Ang Mahigpit Nating mga Tungkulin sa paglulunsad ng rebolusyon.

Buong pagmamalaking inihahandog ng Internasyonal na Asosasyon ng mga Makabayang Pilipino ang ikatlong edisyon ng *Lipunan at Rebolusyong Pilipino*, na sinulat ni Amado Guerrero, at ang unang edisyon ng kanyang Mga Partikular na Katangian ng Ating Digmang Bayan. Walang duda na malaking akdang teoretiko ito na nagmula sa kasalukuyang rebolusyonaryong pakikibaka sa Pilipinas.

Dahil maaaring hindi maging malinaw agad sa mambabasa ang kahalagahan ng dalawang ito, kapaki-pakinabang na ilagay sa lugar ang mga ito sa pampulitika't pang-intelektwal na kasaysayan ng patuloy na pambansa-demokratikong kilusan. Inaasahan na magsisilbi sa layuning ito ang mga panimulang talang ito.

Nasaksihan sa nakaraang dekada ang mabilis na transpormasyon ng pampulitikang tanghalan ng Pilipinas. Sa isang panig, sa pagtugon ng imperyalismong EU at lokal na naghaharing uri sa tumitinding mga kontradiksyon sa lipunan ay pinawi ang anumang pagkukunwari sa demokratikong paghahari at ipinataw ang direktang pasistang pagkontrol sa ligalig na masa sa porma ng batas militar na diktadurang Marcos. Sa kabilang panig, mabilis at patuloy na lumakas ang pambansa-demokratikong kilusang masa kaya ngayong nasa kasukdulan ang pang-aapi sa mamamayang Pilipino sa pamamagitan ng paniniil na tinutulungan ng EU ay mas malapit din sila sa pambansang pagpapalaya kaysa kailanman sa kanilang makabagong kasaysayan.

Matagumpay na namomobilisa ng kontemporaryong pambansa-demokratikong kilusan ang nakatagong rebolusyonaryong lakas ng masang Pilipino, at ang malaking parte ng paliwanag ay walang dudang nakasalalay sa matatag na pundasyon ng teorya. Sa gayon, samantalang lumitaw ang kilusan sa matiryal na basihan ng makauring pagsasamantala, sa ispontanyong naranasang pang-aapi ng masa, ay ginabayan din mula sa umpisa ng paniniwalang kailangang lampasan ang pagiging ispontanyo para magtagumpay. Dahil katangi-tangi sa kasaysayan ng Pilipinas ang daan-daang ispontanyong paghihimagsik laban sa mapang-aping mga uri at awtoridad – mga pag-aalsa ng mamamayan laban sa mga dayuhang mananalakay, mga magsasaka laban sa panginoong maylupa, mga manggagawa laban sa kapitalista. Pero gaano man kagiting ang mga paghimagsik na ito ay madalas na nagwawakas sa malaking kapahamakan, sa madudugong masaker na isinasagawa ng mga

benggatibong imperyalista at kontrarebolusyonaryo.

Unang lumayo sa pagiging ispontanyo nang itatag ang Partido Komunista ng Pilipinas noong 1950. Pero hindi ito kumpleto o puspusan. Dahil napatunayang hindi kayang itakda ng lumang Partido ang istratehikong direksyon ng Rebolusyong Pilipino. Sa kasalatang ito sa teorya, taktikal na mga pagtugon lamang ang ginawa ng kilusang masa sa istratehikong kontra-rebolusyonaryong mga hakbang ng mga imperyalista at lokal na naghaharing uri.

"Kung walang rebolusyonaryong teorya, hindi pwedeng magkaroon ng rebolusyonaryong kilusan." Ang Leninistang prinsipyong ito ang masakit na aral na tumimo sa isip ng mga lider ng kasalukuyang pambansa-demokratikong kilusan; lumaki silang naghahagilap ng rebolusyonaryong alternatibo noong dekada singkwenta at unang parte ng dekadang sisenta – ang madilim na panahon ng Kaliwa sa Pilipinas nang halos malansag ang kilusan ng mamamayan dahil sa kumbinasyon ng istratehikong kalituhan, pang-organisasyong pagkabulok at kontrarebolusyonaryong paniniil. Ang pundamental na istratehikong linyang pakikipaglaban para sa pambansang demokrasya bilang unang yugto sa mas mahaba-habang pakikibaka para sa sosyalismo ay kailangan pang mahigpit na masapol ng Kaliwa sa Pilipinas, halos labinlimang taon pagkaraang mapagtibay uli nang husto ng tagumpay noong 1949 ng Rebolusyong Tsinong pinamumunuan ni Mao ang unibersal na katumpakan ng rebolusyonaryong istratehiya ni Lenin para sa mga malakolonyal, malapyudal na lipunan.

Ang pagbubuo ng istratehikong linya noong kalagitnaan ng dekadang sisenta ay hindi nagawa sa akademya kundi sa kasidhian ng pang-araw-araw na pakikibaka sa pulitika, hindi lamang laban sa mga reaksyonaryong uri at embahada ng EU kundi pati sa lahat ng porma at kulay ng oportunista – repormista, Sosyalistang Kristyano Sosyal Demokratiko, at syempre, rebisyonista – na nagkakandarapang samantalahin ang di mapipigilang diskuntento ng masa na bumabasag sa maka-McCarthy na superistrukturang pampulitika at pangkultura noong unang parte ng dekadang sisenta. Isa pa, kasama ng pampulitika at teoretikong pagtatalo ang masang pag-organisa. Sa pagkakatatag ni Jose Maria Sison ng Kabataang Makabayan (KM) noong Nobyembre 1964, sa unang pagkakatao'y naging matiryal, organisadong pwersa ang pambansang demokrasya. Sa paglulunsad ng KM ng malalawak na aktibidad na pang-ahitasyon, mula sa mga pulong-talakayan (teach-in) sa unibersidad hanggang sa mga militanteng demonstrasyon sa palasyo ng presidente at embahada ng EU, ay pinangunahan nito ang radikalisasyon ng libu-libong istudyante at kabataan noong kalagitnaan ng sisenta at naging matabang lupa para sa pagtetreyning ng mga tao na pagkaraa'y magiging ganap na mga kadreng mangunguna sa Pambasa-Demokratikong Prente at anti-pasistang paglaban.

## Pakikibaka para sa Pambansang Demokrasya

Kabilang sa parteng ito ng rebolusyonaryong kilusan – ang panahon ng pakikibakang masa para mabuo ang pundamental na linyang pampulitika ng Rebolusyong Pilipino – ang unang pangunahing dokumentong teoretikong nagmula sa pambansa-demokratikong kilusan, ang Pakikibaka para sa Pambansang Demokrasya (1967), na sinulat ni Jose Maria Sison.

Pinamunuan ni Sison, isang batang rebolusyonaryong intelektwal, ang pakikibaka para sa paglinaw sa pulutika. Para sa tungkulin, dala niya ang mahigpit na pagkakahawak sa makauring pagsusuri, pagpapahalaga sa mga aral ng Rebolusyong Tsino, malalim na pagkaunawa sa mga partikularidad ng istorikong pag-unlad ng Pilipinas at di mayayanig na paniniwala sa kakayahan ng Pilipino na hawakan at hubugin ang kanilang kasaysayan.

Iginiit ni Sison na ang pakikibaka para sa pambansang demokrasya ang paglaban para marating ang "kinakailangang yugto sa pakikibaka ng ating mamamayan para sa katarungang panlipunan, na dito'y sinisigurado muna ang kalayaan ng buong bansa nang sa gayo'y mapapayagan sa loob ng balangkas ng bansang sinigurado na matatamasa ng mamamayang Pilipino ang mga demokratikong karapatan para matamo ang kanilang paglaya sa lipunan."[1]

Sa palagay ni Sison, ang mga prinsipal na pumipigil sa paglaya at pag-unlad ng bansa ay ang dominasyon ng imperyalismong EU sa buong bayan at malapyudal na pagkontrol ng uring panginoong maylupa sa kanayunan. Mula sa saligang kontradiksyong ito, dapat na maging isa sa mga susing elemento sa istratehiya ng rebolusyonaryong kilusan ang paglikha ng malawak na pambansang alyansa na magbubuklod sa lahat ng uri't saray, na ang obhetibong interes ay ibagsak ang reaksyonaryong alyansa ng mga imperyalista at panginoong maylupa.

Hindi ito nasapol ng lumang Partido Komunista, at dahil hindi ibinatay ang istratehiyang pampulitika sa pundamental na kontadiksyong ito ay nalimitihan nang husto ang lawak ng kilusang bayan noong mga dekadang trenta at kwarenta, at ikinalito ng rebolusyonaryong pwersa: sa maraming pagkakataon, hindi nagkakaisa laban sa mga maniobra ng imperyalismo at reaksyonaryong estado. Binanggit ni Sison na "sa kabuua'y alam na alam ng [dating] liderato ang kontradiksyon ng proletaryado at uring kapitalista,

> "pero sa lahat ng pagkakataon, hindi nabigyan ng diin ang pangyayaring ang pangunahing kontradiksyon noon sa lipunang Pilipino ay ang kontradiksyon ng imperyalismong EU at pyudalismo, sa isang banda, at mamamayang Pilipino, pangunahin ang manggagawa't magsasaka, sa kabilang banda. Samantalang iginigiit ng lahat ng manggagawa, Marxista man o hindi, ang kalayaan ng Pilipinas mula sa imperyalismong EU ay pinalalabo naman ng mga islogan sa makauring tunggalian ng uring kapitalista.[2]

Sa pagiging malapyudal na bayan na pitumpung porsyento ng mamamayan ay kabilang sa uring magsasaka, ang mobilisasyon ng malawak na masa ng magsasakang Pilipino ang susi sa rebolusyonaryong tagumpay. Kung gayon, ang rebolusyong agraryo, na ang layuni'y tugunan ang paggigiit ng magsasaka sa lupa, ang pangunahing nilalaman ng pambansa-demokratikong rebolusyon. Ang uring magsasakang Pilipino, na sa loob ng maraming siglo'y inapi ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala at itinutulak ng paghahangad ng lupa, ang pwersang magtitikwas ng balanse sa lipunan na pabor sa rebolusyon.

Bilang pakikibaka para sa pambansang soberenya, ipinagpapatuloy ng kasalukuyang pambansa-demokratikong pakikibaka ang Rebolusyon ng 1896, ang gera para maging independyente sa Espanya na mabangis na sinupil ng mga armas ng sumisibol na kapangyarihang imperyalista, ang Estados Unidos. Sa palagay ni Sison, ang kasalukuyang pakikibaka ay "bagong tipo" rin ng "pambansa-demokratikong rebolusyon, pagpapatuloy ng rebolusyong Pilipino ng 1896, pero mas abanteng paraan ng pagpapanibagong lakas sa masa.[3] Hindi tulad ng rebolusyon ng 1896, na pinamumunuan at sa wakas ay ipinagkanulo ng mga ilustrado, ang liberal na burgesyang Pilipino, ang kasalukuyang kilusan para sa pambansang demokrasya ay dapat pamunuan ng pinakaabanteng uri sa panahon ng pagbulusok ng imperyalista at kapitalista, ang uring manggagawang Pilipino. "Ang uring manggagawa lamang ang makakakuha sa pinakamulat, pinakatapat at pinakamagtatagal na suporta ng masa ng magsasaka para sa pambansang-demokratikong pakikibaka."[4] Ang makauring pamumunong ito naman ay epektibong makukuha lamang sa pamamagitan ng partidong proletaryo na "dapat magkaroon ng matatag at iisang layuning paunlarin ang kapangyarihang pampulitika para sa masa."[5] Ang kongklusyon ni Sison: "Kung

walang partidong proletaryo na mamumuno, hindi maipapagtagumpay ang pakikibaka para sa pambansang demokrasya."[6]

## Iwasto ang mga Pagkakamali at Muling Buuin ang Partido

Kahit hindi nakikita at hayag, sumusulong ang pagsisikap na itayo ang rebolusyonaryong partidong proletaryo kasabay ng mga pakikibakang masa noong dekadang sisenta. Naging mapagpasya noong kalagitnaan ng dekadang sisenta ang pangangailangang itatag uli ang rebolusyonaryong taliba. Dahil hindi lamang nabigo ang dating liderato ng Partido Komunista ng Pilipinas na magbigay ng teoretiko at pampulitikang gabay na istratehiko sa loob ng mahigpit tatlumpong taon kundi nabulok pa nga bilang isang rebolusyong partido. Tanda nito ang matinding pagbaling sa kanan pagkaraan ng kapahapahamak na pagkabigong agawin ang kapangyarihan sa pamamagitan ng mabilis na armadong pag-aalsa noong huling parte ng dekadang kwarenta. Noong 1955 inumpisahan ng Partido ang pagtataguyod sa "parlamentaryong landas sa sosyalismo."

Kasabay ng pagtalikod na ito ng liderato nina Jose Lava sa mga pundamental na Leninistang prinsipyo tungkol sa katiyakan ng karahasan sa pagwasak sa burges na makinaryang pang-estado ay ang pang-organisasyong pagkabulok ng demokratikong sentralismo sa hanay ng Partido at pagkakalansag ng Hukbong Bayan o Huk, ang dating hukbong bayan, sa maraming pangkat ng rebeldeng lagalag na nagpapakahusay sa pangingikil at pagbibigay ng proteksyon sa mga distritong putahan sa paligid ng mga base militar ng EU. Sa kasaysayan ng mga partidong Marxista-Leninista, bihirang mangyari ang ganoong kabilis at kaganap na pagkabulok ng isang rebolusyonaryong organisasyon.

Sa umpisa, inilunsad ang pagwawasto bilang tunggalian sa loob ng Partido. Gayunman, naging antagonistiko ang proseso dahil sistematikong tinangka ng nakapwestong liderato – ang makitid na nepotistikong pangkatin ng mag-anak nina Lava at malalapit na kaibigan – na wakasan ang demokratikong pagdidiskusyon ng mga pagkukulang nito. Pagdating ng 1968, wala nang natirang iba pang paraan para igiit ang rebolusyonaryong alternatibo kundi buuin ang bagong Partido. Humantong ang prosesong ito sa muling pagtatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas, na isinagawa ng rebolusyonaryong panig na pinamumunuan ni Amado Guerrero, noong Disyembre 26, 1968, ang anibersaryo ng kapanganakan ni Kasamang Mao Zedong.

Nagsilbing pundasyon ng muling itinatag na Partido ang ditalyadong dokumento sa paglalagom, *Iwasto ang mga Pagkakamali at Muling Buuin ang Partido*, na pwede na ngayong ituring na pangalawang mahalagang akda na nagmula sa pambansa-demokratikong kilusan. Nilagom nito ang isang proseso, na kahit matagalan at mapait ay puspusan at sistematikong sumuri sa tatlumpu't walong taong karanasan ng Partido Komunista para sa layuning patatagin uli ang humihinang pundasyong proletaryo. Kinatawan ng Iwasto sa kasaysayan ng mga kilusang komunista ang isa sa ilang matagumpay na pagsisikap na panumbalikik uli ang partidong proletaryo sa pamamagitan ng puspusang pagwawasto sa ideolohiya, at tinalakay ang pang-ideolohiya, pampulitika't pang-organisasyong saklaw ng pagkabulok ng Partido, hinango ang interelasyon ng mga ito, at hinanap ang mga ugat.

Ayon sa dokumento, ang pundamental na dahilan ng maraming grabeng pagkakamali ng Partido ay ang suhetibista, di matiryalista at hindi dyalektikong pampilosopyang pananaw ng mga di nagbabagong kadreng petiburges, na pumosisyon sa liderato ng Partido noong huling parte ng dekadang trenta at dekadang kwarenta. May dalawang prinsipal na manipestasyon sa ideolohiya ang suhetibismo: empirisismo at dogmatismo. Humantong sa "kaliwang" oportunismo, ang mahigpit na paggamit ng pangkalahatang teorya ng Marxismo-Leninismo nang hindi ipinapartikular sa kongretong kundisyon, nang sobra ang naging pagtantya ng

Partido sa lakas ng pwersa ng mamamayan, at pagkaraa'y isinabak sila sa pikit matang pagtatangkang agawin ang kapangyarihang pampulitika sa pamamagitan ng mabilis, armadong pag-aalsa. Gayunman, di hamak na mas dominanteng tunguhing suhetibista sa Partido ang empirisismo, o tendensyang ihiwalay ang praktikang pampulitika sa teoretikong gabay. Sa kongkreto, ipinahayag ng dokumento,

> "Ang empirisismo ay sumisibol sa di nagbabagong pagtantyang napakahina ng demokratikong pwersang bayan at sa di nagbabagong pagtantyang napakalakas ng kaaway ... Idinidikta ng mga aksyon ng kaaway ang gawain ng Partido imbis na itakda ng dyalektikong pag-unawa sa sitwasyon at sa timbangan ng pwersa. Nabibitiwan ang rebolusyonaryong inisyatiba dahil sa di nagbabago, makaisang-panig, baha-bahagi at makitid na pananaw tungkol sa mga pangangailangan ng pakikibakang anti-imperyalista, anti-pyudal at anti-pasista."[7]

Ang praktika ng Partido ay mahigpit na nakontrol ng kanang oportunista at rebisyonistang mga linyang pampulitika. Makikita ito sa pag-asa sa parlamentaryong gawain bilang prinsipal na porma ng pakikibaka, sobrang pagkokonsentra ng gawaing pampulitika sa kalunsuran, at pagmamaliit sa importansya ng gawaing masa sa kanayunan, at nagbunga ng pagkawala ng istratehikong inisyatiba at ang "Kaliwang" istratehiya ay naging serye na lamang ng taktikal na pagbabago para tugunan ang istratehikong inisyatiba ng imperyalismo at lokal na naghaharing uri.

Ang ganyang praktika ang katangian ng Partido noong unang dalawang dekada ng pag-iiral nito (1930-48) at lumitaw uli noong 1955-68 nang pinalakas uli ito ng rebisyonistang linya tungkol sa pag-unawa sa parlamentaryong pakikibakang pinagtibay ng Partido Komunistang Sobyet noong 1956. Hanggang ngayo'y sinusuportahan pa rin ng Partidong Sobyet at estado ang pangkatin nina Lava na nahihiwalay na ngayon nang husto, at kung tutuusin, naging "ispesyal" na daluyan" ng Unyong Sobyet sa rehimeng Marcos.

Gayunman, inilantad pa ng karanasan ng dating Partido na superpisyal lamang ang pagiging magkasalungat sa ideolohiya ng empirisismo at dogmatismo. Ang totoo'y "dalawang panig ng iisang petiburges na mukha" (8) ang mga ito. Sa pagbibigay ng mahusay na halimbawa ng dyalektikong pagsusuri, sinabi rin sa dokumento:

> "Ang pagbaling sa dogmatismo mula empirisismo at sa empirisismo mula dogmatismo ay karaniwan sa mga nagtataglay pa ng petiburges na pananaw sa daigdig. Gayunman, kapag ang isa'y siyang prinsipal na aspeto ng suhetibistang paninindigan, tiyak na ang isa naman ang sekundaryong aspeto, at ito naman ang nagiging prinsipal na aspeto sa ibang pagkakataon. Ito ang dyalektikong relasyon ng empirisismo at dogmatismo ... Hindi rin dapat pagtakhan ng mga kasama kung bakit patuloy na magpapabaling-baling sa empirisismo at dogmatismo ang lideratong may iisang petiburges na oryentasyon. Hindi masapol ng lahat ng suhetibista ang batas ng dyalektikong pag-unlad kaya sila'y mabuway at pamali-mali."[9]

Pagkaraan ng lahatang-panig na pagpunang ito sa praktika ng lumang Partido, itinakda sa Iwasto ang tatlong istratehikong tungkulin ng muling itinatag na Partido: pagbubuo ng Partido, pagsisimula ng armadong pakikibaka, at pagbubuo ng pambansang nagkakaisang prente.

Kabilang sa iba't ibang tungkulin ng pagbubuo ng Partido ang pagpapatatag ng Partido batay sa rebolusyonaryong pamana ng mga itinuro nina Marx, Lenin at Kasamang Mao Zedong, malalim na pag-uugat ng Partido sa hanay ng masang Pilipino, at pagpapalaganap ng mga ugat na ito ng sa buong bayan. Ipinahayag ng

dokumento na "ang pangwakas na pagsubok ay nakasalalay sa rebolusyonaryong praktika at ibayong rebolusyonaryong praktika... Ang ating mga kadre ay dapat umugat nang malalim sa hanay ng mga manggagawa't magsasaka. Dapat maikalat sila nang husto sa saklaw ng buong bansa nang sa gayo'y maitayo ang partido na may pambansang katangian."[10]

Ang ibig sabihin ng pagbubuo ng pambansang nagkakaisang prente ay pagsasama-samahin sa isang makapangyarihang pwersang panlipunan at pampulitika ang lahat ng makabayang uri at saray na ang obhetibong interes ay ibagsak ang imperyalismo at pyudalismo. Kontra sa lumang Partido, na ang paghawak sa makauring alyansa ay masyadong nakakalito at mali kaya hindi nagamit ang anti-imperyalistang lakas ng uring magsasaka, pambansang burgesya at petiburgesya, at humantong sa piligrosong pagkakahiwalay ng talibang uring manggagawa, ang ispesyal na tungkulin ng Partido ay "makuha" sa panig ng Partido "ang panggitnang mga pwersa at elemento para maihiwalay ang mga sagadsarin."[11] Para dito, kailangang patuloy na tugunan ng makauring pagsusuri at patakaran sa makauring alyansa ang nagbabagong kundisyon sa pulitika:

> "... dapat gumawa ang Partido ng malinaw at paulit-ulit na pagsusuri sa mga uri para mapag-iba ang mga panggitnang pwersa't elemento at mga pusakal na reaksyonaryo, ang mga prinsipal na kaaway at sekundaryong kaaway, ang mga kaaway ngayon ay kaaway bukas; at sa hanay ng mga kaibigan, ang mga maaasahan at mga di maaasahan."[12]

Ang nagkakaisang prente ang isa sa dalawang sandatang susi ng pambansa-demokratikong kilusan; ang isa pa at prinsipal na sandata ay ang armadong pakikibaka. Hindi tulad ng adbenturistang istratehiya ng PKP na agawin ang kapangyarihan noong 1948-55 sa pamamagitan ng mabilis na armadong pag-aalsa na isinagawa ng di hihigit sa tatlong libong armadong mandirigma lamang, pinagtibay sa Iwasto na matagalang digmang bayan ang istratehikong porma ng pakikibaka sa isang malakolonyal, malapyudal na bayang tulad ng Pilipinas. At salungat ng pagtuon ng PKP ng gawaing militar sa kalunsuran, ang kanayunan ang magiging sentro ng grabidad ng armadong pakikibaka, at unti-unting maitatayo ang kapangyarihang bayan sa pagkakalikha ng mga baseng purok sa kanayunan sa paghikyat ng mga armadong mandirigma sa uring magsasaka sa pamamagitan ng mga hakbang sa rebolusyonaryong reporma sa lupa. Mula sa ganoong mga base, ang rebolusyonaryong kilusan ay susulong ng "parang mga alon", kubkubin ang mga sentrong syudad tulad ng Maynila, na bumubuo sa mga kuta ng burges na kapangyarihang pang-estado.

Ang resolusyon tungkol sa armadong pakikibaka ay hindi ipagpapaliban sa di tiyak na hinaharap. Nabulok na ang militar na panig ng lumang Partido Komunista, ang mga Huk, at naging isang hindi na magbabagong gang ng mga lumpen proletaryo. Sa gayon, tatlong buwan pagkaraan ng kumperensya ng muling pagtatatag, itinatag ng PKP ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) noong Marso 20, 1969, at isinama rito ang mga tapat at di nabulok na lider-gerilyang magsasaka mula sa dating Huk, tulad ni Kumander Dante gayundin ng mga "umalis" sa reaksyonaryong hukbo tulad ni Tin. Victor Corpus.

Sa patnubay ng Partido, isinagawa agad ng BHB ang tungkuling magtatag ng mga baseng purok sa Gitna at Hilagang Luson, na hindi natagala'y pinaglunsaran ng maraming taktikal na opensiba laban sa reaksyonaryong hukbo.

Kahit isinabak ng reaksyonaryong estado, na pinamamahalaan ni Marcos, ang lahat ng yaman at kagamitan nito para madurog agad ang nilinis na Partido, naging pangunahing suhetibong salik ito na nagpalabas sa obhetibong rebolusyonaryong potensya ng masa, hindi lamang sa kanayunan ng Pilipinas kundi

pati sa kalunsuran. Sa patnubay ng Partido, nag-ibayo ang pagsulong ng anti-imperyalistang kilusan ng istudyante hanggang sa wakas ay sumuklab sa kilala na ngayong "Sigwa ng Unang Kwarto" noong unang parte ng 1970 pagkaraang patayin ng pwersa sa siguridad ni Marcos ang maraming istudyante at kabataan nagdedemonstrasyon sa harap ng palasyo ng presidente. Tinulungan naman ng kilusan ng istudyante na maging radikal ang mga pakikibaka ng mga manggagawa at maralita ng lunsod. Noong huling parte ng 1972, samantalang nilalabanan ng mga iskwad ng BHB ang tropa ng gubyerno sa maraming probinsya ay lagi namang niyayanig ang Maynila ng malakihang demonstrasyon at welga, na nagkakawing sa mga iginigiit na mas mataas na sahod, reporma sa lupa, pag-alis ng mga tropa ng Pilipinas at EU sa Byetnam, at pagwawakas ng lahat ng di pantay na tratadong ipinataw ng Estados Unidos. "Sa kahalagahan at laki, ganap na wala pang katulad sa kasaysayan ng buong bansa ang kilusang protestang sumisiklab sa mga syudad." Tinasa ni Sison ang sitwasyon noong Disyembre 1971. "Hindi na usapin kung paano uumpisahan ang rebolusyon. Ang usapin ay paano ito palalawakin at patitindihin."[13]

## LIPUNAN AT REBOLUSYONG PILIPINO

Daan-daang libong kabataan ang sumasama sa hanay ng mga aktibista, at "ginagawang isang higanteng klasrum ang buong bayan",[14] tulad ng pagkakasabi ni Sison. Ang napakalaking pangangailangan noon ay isang kasangkapan sa pag-aaral para maidaloy sa wastong teorya at praktika ng pambansa-demokratikong rebolusyong ang nag-uumalpas na lakas na ito. Para tugunan ang pangangailangang ito, lumabas noong Hulyo 1970 ang Lipunan at Rebolusyong Pilipino, na sinulat ni Amado Guerrero, Tagapangulo ng Partido Komunista ng Pilipinas.

Ang LRP, tulad ng nakagawiang itawag sa libro, ay agad na kinilala bilang: isang akdang pinaghantungan ng pangkulturang rebolusyon na mabilis na sumasaklaw sa lipunang Pilipino at pag-iisip mula noong kalagitnaan ng dekadang sisenta. Kahit ipinasaalang-alang ni Guerrero na unang hakbang lamang ang LRP sa paggamit ng istoriko-matiryalistang pagsusuri sa kasaysayan ng Pilipinas, mapangahas, mahusay at masaklaw na teoretikong pagpupunyagi ang LRP na nagpalabas sa kongkretong lakas ng mga batas ng kontradiksyon sa panlipunan at pambansang pag-unlad ng Pilipinas mula noong panahon bago ang kolonyalismong Espanyol hanggang sa kasalukuyan. Sa pagpapalalim ni Guerrero sa mga ideyang unang inilahad sa Pakikibaka para sa Pambansang Demokrasya, na sinulat ni Sison, ipinakita ni Guerrero kung paano nagulo at nabaluktot ng panghihimasok, una ng kolonyalismong Espanyol at pagkaraan ng imperyalismong EU, ang awtonomong pag-unlad ng lipunan sa Pilipinas. Sa gayon, ang napasulong sa makina ng istorikong paggalaw ay ang kontradiksyon ng mamamayan at imperyalismo at parasitikong lokal na uri na bumubuo sa batayang panlipunan nito. Ipinakita ni Guerrero na ang pag-aalsa at paghihimagsik laban sa kolonyalismo at imperyalismo ay paulit-ulit na nangyayari sa kasaysayan ng Pilipinas. Pero walang tunay na pambansang pagpapalaya ang magtatagumpay hanggang hindi kinukuha ng masa ang syensya ng pagpapalaya sa lipunan, Marxismo-Leninismo, at hanggang di sinusunod ang liderato ng pinakaabanteng uri sa lipunan, ang uring manggagawa, sa panahon ng pagbulusok ng imperyalismo at kapitalismo. Sa gayon, sa perspektiba ng istorikong matiryalismo, ang kasalukuyang rebolusyonaryong kilusan ay ang suhetibo, mulat at syentipikong pagpapahayag lamang ng obhetibong mga batas ng pag-unlad na nagtutulak sa bansang Pilipinas sa mas mataas na antas ng pag-unlad ng lipunanan – pambansang demokrasya.

Sa mahusay at matatag na paggamit ng LRP sa makauring teorya para gawin ang sintesis ng iba't ibang datos na empiriko at istoriko, rinebolusyonisa nito ang pag-unawa sa kasaysayan at ang syensyang panlipunan ng Pilipinas, mga larangang

dati rati'y dinodomina ng mga teorya ng kolonyal na pag-unlad, makabayang pagsusuri na superpisyal, o walang-buhay na pagpapaliwanag ng empirikong datos. Naobliga ang mga akademiko na banggitin ang LRP, at kahit ang Far Eastern Economic Review, isang internasyonal na organong pangbisnes na nakabase sa Hongkong, ay pakunwaring pinuri ang LRP bilang isang "akda na may depekto ang pagiging mahusay".[15]

Gayunman, ang LRP ay hindi sinulat para pangunahing maging isang pang-akademikong akda (at hindi rin nilimita ang sirkulasyon nito sa mga bulwagang madalas puntahan ng mga radikal na de-kotse na kinamumuhian ni Guerrero nang husto). Unang-una na, ito ay popular na ginagamit sa pag-aaral, isang saligang praymer para sa mga pambansa-demokratikong aktibista. Sa pamamahagi sa masa ng LRP sa pormang mimyo at sa Inggles at Pilipino, agad itong naging kailangang-kailangang workbuk ng libu-libong "dg" (discussion groups o grupo sa pagtatalakayan) na isinagawa sa hanay ng mga istudyante, propesyonal, manggagawa, magsasaka at maralita ng lunsod noong maligalig na dalawang taon bago ipataw ang batas militar. Sa gayon, napakalaki ng naging papel nito sa pagririkrut at pagkokonsolida ng libu-libong pambansa-demokratikong aktibista.

Sinulat ang LRP noong panahong lumalala ang krisis ng burges na sistema sa pagkontrol sa pulitika. Binabala nga ito na sa malao't madali'y maoobliga ang naghaharing uri na ibaling ang makauring diktadura nito sa hayagang pasistang paniniil mula sa parlamentaryo, pormal na demokratikong porma. Pagkaraan ng dalawang taon, ipinataw ni Marcos ang batas militar noong Setyembre 22, 1972 na ang layunin tulad ng pagkakasabi niya ay "iligtas ang Republika sa Paghihimagsik na Komunista".

Samantalang walang dudang pinalaki ng pasistang diktador ang umano'y piligrong iniaamba ng pambansa-demokratikong kilusan sa sistema ng imperyalistang pagkontrol, gayunma'y makabuluhan na lumitaw na uli noong 1972 ang Kaliwa bilang prinsipal na aktor sa pulitika sa Pilipinas at kinikilala na bilang pinakamapagpasyang pangmatagalang piligro para sa makinaryang malakolonyal. Sa pamumuno ng isang partidong may wastong linyang pampulitika, matatag na rebolusyonaryong paninindigan at mapanlikhang mga paraan ng pag-oorganisa, kinailangan lamang ng Kaliwa ng walong taon mula nang itatag ang Kabataang Makabayan noong 1964 para maalis ang rebisyonistang impluwensya at makaahon uli bilang isang uubrang alternatibo na magbubuklod sa masang Pilipino.

Pinatunayan ng batas militar ang kawastuan ng pagbibigay ng pambansa-demokratikong kilusan, na pinamumunuan ng Partido, ng prayoridad sa armadong pakikibaka at lihim na organisasyon. Sa pagkakawasak ng karamihan sa mga porma ng ligal, burges-demokratikong oposisyon, lumitaw ang PKP at BHB bilang mga tanging organisasyon na makakapag-organisa ng pambansang paglaban sa batas militar. Hindi madali ito. Sa kalunsuran, ang mga pambansa-demokratikong organisasyong masa tulad ng KM at Kilusan para sa Demokratikong Pilipinas (Movement for a Democratic Philippines o MDP) ay nagulo at libu-libong aktibista ang nabilanggo o nagtago. Sa kanayunan, ang reaksyonaryong hukbo ay naglunsad ng mababagsik na kampanya sa pangungubkob-at-panunupil laban sa mga base ng BHB sa Lambak ng Cagayan sa hilaga at rehiyon ng Bikol, at pinaalis ang may limampung libong magsasaka para maubos ang masa sa mga lugar na ito at gawing mga sona na malayang makakapagpaputok, tulad ng ginawa sa Byetnam.

Nakaligtas ang kilusan sa sunud-sunod na dagok ng rehimen noong 1972-73 dahil matatag pero pleksible ang pang-organisasyong istruktura ng Partido at BHB. Gayunman, para makasulong ang pampulitikang praktika ay kailangang patnubayan ito ng teoretiko at pampulitikang pag-unawa na umaangkop sa bagong kundisyon ng pakikibaka. Mabilis na tumugon si Amado Guerrero at liderato ng Partido sa hamon

na ito at bumalangkas ng mapangahas na istratehiya sa pulitika at militar na magsusulong sa pambansa-demokratikong kilusan sa konteksto ng ganap na pasista at imperyalistang paniniil. Ang istratehiyang ito, na resulta ng malalim na kaalaman sa karanasan ng digmang bayan, ay nilagom sa *Mga Partikular na Katangian ng Ating Digmang Bayan*, na sinulat ni Amado Guerrero at lumabas noong Disyembre 1, 1974.

### Mga Partikular na Katangian ng Ating Digmang Bayan

Ang Mga Partikular ay isang mayaman at masaklaw na dokumento. Samantalang pinalalim nito ang pag-uugat ng Marxismo-Leninismo sa mga partikularidad ng Pilipinas, nagbigay din ito ng mga aral sa rebolusyonaryong praktika para sa mga kilusan sa iba pang bayang pulu-pulo.

Ang pangunahing kontribusyon nito ay ang paggamit ng mga pangkalahatang aral ng matagalang digmang bayan sa kundisyon ng Pilipinas. Ayon kay Guerrero, sa panlabas ay maaaring magmukhang isang imposibleng tungkulin ang paglulunsad ng digmang bayan sa Pilipinas dahil hiwa-hiwalay na pulo ito at walang katabing mapagkaibigang bayan na maaaring magsilbing likuran. Gayunman, pwedeng mapangibabawan ang ideyang ito na nakabatay sa tadhana, na isinulong ng dating rebisyonistang liderato ng PKP para mabigyan ng katwiran ang pagyakap nito sa "parlamentaryong daan sa sosyalismo" kung gagawing kalakasan ang pulu-pulong katangian ng bayan at iba pang limitasyong dyograpiko sa digmang bayan. Sa mahusay na dyalektikong paraan, ipinakita ni Guerrero na sa pag-angkop, imbis na pagsalungat, sa pulu-pulong katangian ng bayan at paglikha ng maraming larangang gerilya sa mahahalagang pulo ay maoobliga ng BHB na ikalat ng kaaway ang mga pwersa nito at hadlangan ito na ikonsentra ang mga pwersang ito sa isang sentral na baseng purok. Isa pa, "sa mula't mula pa, ang disbentaheng resulta ng pagiging pulu-pulo ng ating bayan ay nababawi na ng mabundok na katangian nito." Pwedeng maging malaking bentahe ang kabundukang tumutuhog sa malalaking pulo sa pagtatransporma ng mga ito sa mga base, na dito'y pwedeng imantini ng mga yunit gerilya ang kanilang impluwensya sa pulitika't militar sa maraming probinsya na hangganan ang mga bundok na ito. Talagang mahirap na tereyn sa labanan para sa mga regular na tropa ng kaaway ang mabubundok na lugar, laluna kung nagsisimpatya sa BHB ang mga naninirahan sa bundok.

Dahil naarmasan nito at iba pang teoretikong kaalaman na naghahawan ng landas ay mabilis na naikalat ang mga kadre ng PKP at BHB sa siyam na rehiyon at dalawampung larangang gerilya sa buong bayan, sinasaklaw laluna ang mahahalagang pulo ng Luson, Samar, Panay, Negros at ang susing pulo ng Mindanaw, na dito'y naobliga ng BHB at kapatid na Hukbong Bangsa Moro ng Prente sa Pambansang Pagpapalayang Moro ang reaksyonaryong hukbo na hatiin ang mga pwersa nito sa nakakapanghinang gera sa dalawang larangan. Para mapangibabawan ang limitasyong ipinataw ng dyograpikong pagkalat, binalangkas ng PKP at BHB ang pang-organisasyong prinsipyo ng "disentralisadong operasyon at sentralisadong pamumuno sa pulitika". Sa madaling sabi, inaasahan na ipapatupad ng mga panrehiyong organo ang malaking pag-asa sa sarili at lokal na inisyatiba habang nakapailalim sa pangkalahatang pampulitikang patnubay na inilalabas ng sentro sa Luson.

Samantalang binigyan ni Guerrero ng diin ang pag-unawa sa armadong pakikibaka sa kanayunan, ang "pinakamahinang kawing" ng kaaway, hindi niya kinaligtaang pahalagahan ang pagtatatag ng malawak at epektibong kilusan ng pakikipaglaban sa kalunsuran:

"Dapat tayong magpakahusay sa pagkukumbinasyon ng mga aktibidad na ligal, iligal at malaligal sa pamamagitan ng laganap at matatag na kilusang lihim. Ang rebolusyonaryong kilusang lihim na umuunlad sa tabing ng mga aktibidad na demokratiko at ligal o malaligal ay dapat magtaguyod sa komprehensibong paglago ng mga rebolusyonaryong pwersa, mag-ugnay sa magkakahiwalay na parte ng Partido at hukbong bayan sa bawat antas at maghanda ng batayan sa pag-aalsang bayan sa hinaharap at sa pagsulong ng hukbong bayan."

Ang mga pambansa-demokratikong aktibista ay mabilis na nakaahon mula sa mga panimulang dagok ng batas militar, at mula 1973, pinamunuan nila ang pagbubuo o pagpapalakas ng mga malaligal o iligal na organisasyong sumusubaybay sa mga karapatan ng tao, asosasyong magpoprotekta sa mga nakatira sa maralitang komunidad, unyon, at organisasyon ng mga istudyante. Ang kapangyarihan ng kilusang lihim na ito ay unang lumabas noong huling parteng 1975 nang naglunsad ang mga manggagawa sa Maynila ng isang taong daluyong ng mahigit apat na raang welga na hayagang sinuportahan ng iba't ibang kilusan ng mga istudyante, relihiyoso at maralita ng lunsod. Gayundin, sumulong noong 1976-78 ang isang serye ng malalaking demonstrasyon, na tumutuligsa sa rehimen tuwing maglulunsad ito ng malaking inisyatiba na gawing lehitimo ang mapaniil na paghahari nito, at parami nang paraming tao ang patuloy na sumasama rito sa kabila ng mababangis na operasyon sa paniniil at pagwatak na isinagawa ng pansiguridad na pulisya ni Marcos. Nang niluwagan ng diktador ang mga restriksyon sa kalayaang magtipun-tipon na resulta ng batas-militar at nagpatawag ng "eleksyon" sa Pambansang Asambleya noong Abril 7, 1978 para retokihin ang kanyang gula-gulanit na larawan sa mundo ay ganoon na lamang ang kanyang pagkataranta sa mga raling isinagawa ng kilusang anti-pasista na dinaluhan ng dalawang daang libong tao kaya sinira niya nang husto ang kanyang mga pampropagandang layunin nang marahas na siniil ang mamamayan at ibinilanggo pa nga ang mga kandidatong anti-pasista.

Noong 1966, iginiit ni Jose Maria Sison na ang hamon sa kanyang henerasyon ay "gawing matiryal na pwersa ang ideya ng pambansang-demokratikong rebolusyon." Pagkaraan ng labintatlong taon, naging isang malaking riyalidad ang ideya ng pambansang demokrasya. Sa pamamagitan ng mapanlikha at mapangahas na paggamit ng rebolusyonaryong teorya na ikinumbinasyon sa matapang at determinadong praktika ay naging matiryal na pwersa ang Pambansang Nagkakaisang Prente na tumatagos sa lahat ng progresibong uri sa lipunan at umaabot sa probinsya ng Cagayan sa hilaga hanggang sa probinsya ng Davao del Sur sa timog. Ang katotohanan na ang paniniil na resulta ng batas militar ang nag-udyok sa dyometrikong pagsulong ng kilusan mula noong 1972 ang nagsisigurado sa atin na ang rebolusyonaryong teorya ay naging isang di magagaping pwersa na nakaugat sa parami nang paraming bilang ng masang Pilipino.

Sa pangwakas, ang palagiang paggamit ng teorya para gabayan ang praktika at praktika naman para payamanin ang rebolusyonaryong teorya ay isa sa mga prinsipal na kalakasan ng Rebolusyong Pilipino. Marahil ay wala nang ibang dokumento na mas malinaw na naglalarawan sa dyalektikong relasyon ito kundi Lipunan at Rebolusyong Pilipino at Mga Partikular na Katangian ng Ating Digmang Bayan. Ipinagkakapuri naming nasa Internasyonal na Asosasyong ng mga Makabayang Pilipino na ihandog sa internasyonal na publiko ang dalawang mahalagang akdang itong nagmula sa teoretikong arsenal ng Rebolusyong Pilipino.

## TALA

1. Jose Maria Sison, Pakikibaka para sa Pambansang Demokrasya. (Quezon City: Amado Hernandez Foundation, 1972), p.8.
2. Op cit., p. 176.
3. Op cit., p. 111
4. Op cit., p. 193
5. Op cit., p. 180
6. Op cit., p. 181
7. Partido Komunista ng Pilipinas, Iwasto ang mga Pagkakamali at Muling Buuin ang Partido, 1968 (Mimyo.), p. 12.
8. Op cit., p. 13
10. Op cit., p. 32
11. Op cit., p. 40
12. Ibid.
13. Sison, Op cit., p. 44
14. Ibid.
15. *Far Eastern Economic Review*, Set. 30, 1972, p. 13.

## INTRODUKSYON NG AWTOR

Ang Lipunan at Rebolusyong Pilipino ay isang pagsisikap na ilahad nang komprehensibo mula sa paninindigan ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong ang mga pangunahing agos sa kasaysayan ng Pilipinas, ang mga saligang problema ng sambayanang Pilipino, ang umiiral na istruktura ng lipunanan, at ang istratehiya't taktika at makauring lohika ng rebolusyonaryong solusyon – ang demokratikong rebolusyon ng bayan.

Ipinaliliwanag ng librong ito kung bakit itinatag uli ang Partido Komunista ng Pilipinas na naglalayong pukawin at pakilusin ang malawak na masa ng sambayanan, pangunahin ang inaapi't pinagsasamantalahang manggagawa't magsasaka, laban sa imperyalismong E.U., pyudalismo at burukratang kapitalismo na ngayo'y naghahari sa kasalukuyang malakolonyal at malapyudal na lipunan.

Ang Lipunan at Rebolusyong Pilipino ay magagamit na praymer at mapag-aaralan sa tatlong sunud-sunod o hiwa-hiwalay na araw ng sinumang interesadong malaman ang katotohanan tungkol sa Pilipinas, at makibaka para sa tunay na pambansa't demokratikong interes ng buong sambayanang Pilipino. Inihahandog ng awtor ang librong ito bilang pasimulaan ng bawat makabayang Pilipino sa pagsasagawa ng ibayong makauring pagsusuri at imbistigasyong panlipunan na pagbabatayan ng kongkreto at masigasig na rebolusyonaryong pagkilos.

Amado Guerrero
Tagapangulo, Komite Sentral
Partido Komista ng
Pilipinas

Hulyo 30, 1970

## Unang Kabanata

# Pagriripaso sa Kasaysayan ng Pilipinas

> Ang pangunahing dahilan ng pagbabago sa lipunan ay ang pag-unlad ng panloob na mga kontradiksyon ng pwersa sa produksyon at ng relasyon sa produksyon, ang kontradiksyon ng mga uri, at ang kontradiksyon ng luma at ng bago. Ang pag-unlad ng mga kontradiksyong ito ang nagpapasulong sa lipunan at nagbibigay ng lakas para mapalitan ng bago ang lumang lipunan.
>
> -- *Mao Zedong*

## I. Ang Pilipinas at Ang Sambayanan

Ang Pilipinas ay isang kapuluang may klimang tropikal at mabundok na tereyn. Matatagpuan ito sa itaas ng ekwador at napapaligiran ng Karagatang Pasipiko, Dagat ng Tsina at Dagat ng Selebes. May siyam na raa't animnapu't limang (965) kilometro ito mula sa timog-silangang baybayin ng kontinente ng Asya at pahabang nakalatag mula hilaga patimog na ang nasa hangganan sa hilaga'y ang Tsina at ang nasa timog naman ay Indonesya at Hilagang Kalimantan.

Dahil sa pusisyong dyograpiko ng Pilipinas, ang mamamayang Pilipino ay talagang malapit sa sentro ng pandaigdigang rebolusyonaryong kilusan sa Timog-silangang Asya. Kahit parang napapaligiran ng karagatan ang Pilipinas at katabi ng kontinenteng Asya at direktang nakaharap sa imperyalismong EU na Numero Unong kaaway ng mamamayan ng daigdig, ang sambayanang Pilipino ay pwedeng umasa sa malaki at di magagaping pampulitikang likurang binubuo ng Republikang Bayan ng Tsina at lahat ng rebolusyonaryong sambayanan ng Asya.

May pitong libo't sandaang (7,100) malalaki at maliliit na pulo ang Pilipinas na may kabuuang sukat na tatlumpung milyong (30,000,000) ektarya. Ang dalawang pinakamalaking pulo ay ang Luson at Mindanaw na prinsipal ding mga rehiyon. Ang Luson ay may kabuuang sukat na labing-apat na milyong (14,000,000) ektarya at sampung milyong (10,000,000) ektarya naman ang Mindanaw. Ang ikatlong prinsipal na rehiyon ay ang grupo ng malalaki at maliliit na pulong tinatawag na Kabisayaan na nasa sentro ng kapuluan. Umaabot sa mahigit labimpitong libong (17,000) kilometro ang bali-balikong baybayin ng buong bayan. Sa pana-panahon, ang lahat ng pulo ay binabaha ng mga ilog na umaagos mula sa bundok. Matao ang mga kapatagan at lambak.

Dahil sa mga kabundukan na karamiha'y dating bulkan, sa maraming

ilog at sa klimang tropikal, matabang-mataba ang lupaing pang-agrikultura ng Pilipinas na bumabagay sa maraming klase ng pananim na makakain at magagamit sa industriya. Napakaraming mapapagkunan ng yaman sa kagubatan at karagatan, gayundin ng yamang mineral at enerhiya. Kagubatan ang mahigit sangkatlo ng lupain. Kabilang sa nakukuhang mineral ang bakal, ginto, tanso, nikel, langis, karbon, kromyum at napakarami pang iba. Pwedeng kontrolin ang prinsipal na mga ilog para laging mapatubigan ang mga bukirin at para makapaghatid din ng elektrisidad sa bawat parte ng bayan. Sagana sa isda ang mga ilog, lawa't dagat. Napakaraming mainam na daungan at kipot na pwedeng pakinabangan sa pagtatayo ng industriya sa pagbabarko at paglalayag.

Kung ang mamamayang Pilipino mismo ang gagamit at lilinang sa likas na yaman ng Pilipinas para sa sariling pakinabang, sobra-sobra pa ito para sustinihin ang populasyong makailang beses ang laki kaysa ngayon. Gayunman, ang mamamayang Pilipino ay pinipigilan ng imperyalismong EU, katutubong pyudalismo at burukratang kapitalismo na gamitin ang likas na yaman nila para sa sariling bentahe. Sa ngayon, ang likas na yamang ito ay nalilinang ng imperyalismong EU at lahat ng alipuris nito para sa sarili nilang ganansya at ayon sa makikitid nilang pakana na nakakapinsala sa masang anakpawis.

Batay sa Sensus ng 1970, umaabot na ngayon sa tatlumpu't pitong milyon (37,000,000) ang tao sa Pilipinas, at dumarami ang bilang nang tatlo at kalahating porsyento (3.5%) tauntaon. Pitumpu't limang porsyento (75%) ang naninirahan sa kanayunan sa kundisyong atrasado't pyudal. Kung ang mga Pilipino ay hindi naging biktima ng pagsasamantalang dahuyan at pyudal, hindi lamang sila pwedeng magkaroon ng kabuhayang umaasa sa sarili kundi pwede ring maging mahusay sa lahat ng larangan ng gawain sa lipunan. Ang populasyong ito ay pwedeng maging makapangyarihang pwersa sa kaunlaran imbis na maging "problema" tulad ng maka-Malthus na interpretasyon ng mga reaksyonaryong walang tigil ang dakdak tungkol sa "sobrang laki ng populasyon" para pagtakpan ang pundamental na mga problema -- ang imperyalismong EU, pyudalismo at burukratang kapitalismo.

Ilang lahi ang pinagmulan ng mga Pilipino. Lahing Malayo ang walumpu't limang porsyento (85%) ng lahing pinagmulan ng mga Pilipino. Indones at Tsino ang iba pang mahalagang salik sa lahi ng mamamayan. Mayroon ding salik na Arabe, Indian, Espanyol, Amerikano at Negrito, pero maliit na porsyento lamang ang mga ito.

Maraming teorya tungkol sa kung paano nagkaroon ng tao sa kapuluan noong kauna-unahang panahon. Pwede nating tukuyin ang pinakanatatanggap sa mga ito.

Ang katutubo sa Pilipinas ay ang Ita o Negrito, mga taong pandak at maitim na unang tumawid sa Pilipinas noong panahong *Pleistocene* nang may lupa pang nalalakaran papunta rito, mga dalawampu't limang libo hanggang tatlumpung libong (25,000-30,000) taon na ang nakakaraan. Sumunod sa kanila ang unang dagsa ng mga dayong Indones, na mula sa Timog-silangang Asya ay nagdala ng kultura ng maagang yugto ng Panahong Bato (Stone Age), mga lima hanggang anim na libong (5,000-6,000) taon na ang nakakaraan. Dumating noong 1,500 B.C. ang ikalawang dagsang Indones mula sa Indotsina at timog Tsina na nagdala ng kultura ng huling yugto ng panahong *Neolithic* o kulturang gumagamit na ng bronse at tanso.

Ang mga Malayo, ang lahing pangunahing pinagmulan ng mga Pilipino, ay dumating sa tatlong malalaking dagsa. Sa panahong saklaw ng 300 at 200 B.C. dumating ang unang dagsa ng Malayong galing sa katimugan na nagdala ng impluwensyang pangkultura mula sa India. Dumating ang ikalawang dagsa noong unang siglo hanggang siglong 1200, at sila ang naging pangunahing ninuno ng mga Tagalog, Ilokano, Kapampangan, Bisaya at Bikolano. Dahil mayroon na silang sistema sa pagsulat, sila ang unang nakapag-iwan ng mga istorikong tala. Ang ikatlong dagsa ng mga Malayo na dumating mula ikalawang hati ng siglong 1300 hanggang siglong 1400 ay kasama ng mga Arabeng mangangalakal at guro ng relihiyon na naglatag ng pundasyon ng Islam sa Sulu at Mindanaw.

Hindi bababa sa sampung porsyento (10%) ng populasyon ngayon ang mga pambansang minorya. Hanggang nitong nakaraang ilang dekada ay sila ang naninirahan sa mas malaking parte ng kapuluan bago sila inumpisahang itaboy at apihin ng mga mangangamkam ng lupa. Nahiwalay sila sa iba pang mamamayan at ang pangunahing dahilan nito ay ang sobinismong Kristiyano na ginamit ng kolonyalismong Espanyol at imperyalismong EU, tulad ng sa kaso ng mga Moro sa Mindanaw at mga di Kristiyanong tribo na nakatira sa bundok sa buong bayan. Mayroon ding rasismong Malayo na pinalaganap ng mga dayuhan at pyudal na mapagsamantala sa mamamayan. Madalas ay nakatuon ito sa mga Tsino at Ita.

Sa ngayon, mahigit sandaan (100) ang lenggwahe at dyalekto sa Pilipinas. Ang siyam na lenggwaheng sinasalita ng nakakarami ay ang Tagalog, Ikokano, Hiligaynon, Sugbuhanon, Bikol, Kapampangan, Pangasinan, Waray at Magindanaw. Ang Tagalog ang prinsipal na basihan ng pambansang lenggwahe na ngayo'y sinasalita ng mayorya ng mamamayan na iba-iba ang tatas ng pagsasalita.

## II. Ang Mamamayan Nang Dumating ang mga Kolonyalistang Espanyol

Bago dumating ang mga kolonyalistang Espanyol, ang mamamayan sa maraming lugar ng Pilipinas ay umabot na sa panlipunang sistemang malakomunal at malaalipin, at sa ilang lugar ay umabot na sa sistemang pyudal, laluna sa Mindanaw at Sulu na pinag-ugatan ng pyudal na pananampalatayang Islam. Ang mga Ita ang may pinakamababang porma ng organisasyong panlipunan, ang primitibong komunal.

Ang baranggay ang tipikal na komunidad sa buong kapuluan. Ito ang saligang yunit sa pulitika at ekonomya na independyente sa iba pang kapareho nito. May ilandaang katao at maliit na teritoryo ang bawat baranggay. Ang bawat isa ay may pinuno na tinatawag na raha o datu.

Ang istruktura ng lipunan ay binubuo ng maliit na nobilidad, ang naghaharing uri na nag-umpisa nang magparami ng lupa na pribado nilang pag-aari o pinamamahalaan para sa angkan o komunidad; panggitnang uri ng mga taong malayang ang tawag ay maharlika, na may sapat na lupang pinagkukunan ng kanilang kabuhayan o kaya'y nagsasagawa ng ispesyal na serbisyo sa mga naghahari at hindi na kailangang magtrabaho sa bukid; at mga uring pinaghaharian, kabilang ang mga timawa na nakikiparte ng ani sa maliit na nobilidad, at ang mga alipin at malaaliping nagtatrabaho nang walang tiyak na parte sa ani. Dalawang klase ang alipin noon: ang may sariling tirahan o aliping namamahay, at ang nakatira sa bahay ng amo o aliping sagigilid. Ang pagiging timawa o alipin ay minamana o kaya'y ipinapataw sa mga di makabayad ng utang at tributo, may nagawang

krimen, at nabihag sa gerahan ng mga baranggay.

Ang mga sultanatong Islam sa Sulu at Mindanaw ang kumatawan sa yugto ng pag-unlad sa pulitika at ekonomya na mas mataas kaysa baranggay. Pyudal ang porma ng kanilang organisasyong panlipunan. Mas maraming tao at mas malawak na teritoryo kaysa baranggay ang sinasakop ng bawat isa. Ang sultan ay naghahari sa ilang datu at alam niyang may minana siyang "banal na karapatang" maghari.

Kahit kunwari ay pamamahala ng mga lupang komunal ang ginagampanan ng mga sultan, datu at nobilidad, bukod sa pagiging direktang may-ari ng ilang lupain, naniningil sila ng upa sa lupa sa porma ng tributong panrelihiyon, at kihuha nila sa masang anakpawis ang kanilang ikinabubuhay. Sila ang uring panginoong maylupa na pinagsisilbihan ng mga algad na guro sa relihiyon, iskribyente at namumunong mandirigma.

Lumitaw ang mga sultanato sa loob ng dalawang siglo bago dumating ang kolonyalistang Espanyol. Nabuo ang mga sultanato mula sa tinatawag na ikatlong dagsa ng mga dayong Malayo; sa mga lugar na napili nilang okupahan, tinangka ng mga pinuno nila na gawing Muslim ang mga dati nang naninirahan doon, binili ang mga ito, inalipin o itinaboy. Parehong ginagamit ang mga timawa at alipin para magbungkal ng bukid at maghawan pa ng gubat.

Sa buong kapuluan, napapalaki ang sakop ng mga baranggay sa pamamagitan ng pagpapalawak ng sakahang binubungkal ng mga alipin o timawa, panlulupig sa gera at pag-aasawa ng nobilidad na kabilang sa iba't ibang baranggay. Ang kumpederasyon ng mga baranggay ay karaniwang resulta ng kasunduan sa kapayapaan, kasunduan sa palitan ng kalakal, o alyansa laban sa panloob at panlabas na kaaway.

Tulad ng makikita sa porma ng organisasyong panlipunan na naabot na, ang mga naninirahan sa Pilipinas noong wala pang kolonyalismo ay may panloob nang basihan para lalong umunlad ang lipunan. Sa baranggay man o sultanato, may tiyak na paraan ng produksyon na siguradong uunlad pa hanggang mapawi at mapalitan ng bago. May mga tiyak na uri na ang pagtutunggalian ay siguradong magiging dahilan ng pag-unlad ng lipunan. Sa katunayan, ang tunggalian ng mga uri sa loob ng baranggay ay humahantong na noon sa gerahan ng mga baranggay. Sa maraming bagay, ang baranggay ay kapareho ng mga suydad-estadong Griyego, at ang sultanato ay kapareho naman ng pyudal na komonwelt ng ibang bayan.

Nakapaglinang na ng malalawak na sakahan ang mamamayan. Sa kapatagan o sa kabundukan, nakapagpaunlad na sila ng sistema ng patubig. Ang mga payaw, o hagdan-hagdang palayan sa bundok ng mga Ifugao, ay resulta ng henyo ng mamamayan sa inhinyerya; kung pagdudugtung-dugtungin ay labinsiyam na libo, tatlong daa't walong (19,308) kilometro ang haba ng kamangha-manghang tanawing ito. Mayroon na noong paghahayupan, pangingisda at paggawa ng alak. Mayroon na ring pagmimina; pagmamanupaktura ng mga kasangkapang metal, sandata at palamuti; pagtotroso; paggawa ng paraw at paghahabi. Mabilis na umuunlad ang paggawa ng handikrap. Inumpisahan na ring gamitin ang pulbura sa pakikidigma. Nang dumating ang mga Espanyol ay mayroon nang komunidad na Muslim, hanggang sa Maynila sa hilaga, na gumagamit ng kanyon.

Gumamit ng armas ang mga naghaharing uri para panatilihin ang sistema ng lipunan, ipilit ang kanilang independensya sa ibang baranggay

o itaboy ang mga dayuhang mananalakay. Makikita pa rin ang kanilang sistema ng batas sa mga batas ng Muslim at sa tinawag na Kodigo ni Kalantyaw, isang sinaunang dokumentong pinagdududahan na ngayon pero malamang na isa ring behikulo ng tradisyong pabigkas. Ang mga ito'y pamantayan ng antas na naabot na ng kanilang kultura. Mayroon nang nakasulat na literatura, kabilang ang mga epiko, awit, bugtong at salawikain; iba't ibang porma ng instrumentong musikal at sayaw; at mga likhang-sining, kabilang ang mga kampanya, tambol, gong, kalasag, sandata, kasangkapan sa trabaho at sa bahay, bangka, suklay, pipa, kalikot at basket na mahuhusay ang disenyo. Naglililok ng mga imaheng kahoy, buto, garing, sungay o metal. Sa mga lugar na pinamamayanihan ng pagsamba sa anito at sarisaring diyos, ginagaya ang hugis na mga halaman at hayop, at sa mga lugar naman na pinamamayanihan ng pananampalatayang Muslim, ginagawa ang mga disenyong dyometriko at arabesko. Ang Sucesos de las Islas Filipinas ni Morga, isang talaan ng mga nadatnan dito ng mga kongkistador na Espanyol, ay ginamit ni Dr. Jose Rizal na katibayan ng mga nagawa ng mga "indyo" noong wala pang kolonyalismo.

Nagkalakalan na noon ang mga pulo, mula Luzon hanggang Mindanaw at mula Mindanaw papuntang Luson. Laganap ang pakikipagkalakalan sa mga kalapit-bayang tulad ng Tsina, Indotsina, Hilagang Borneo, Indonesya, Malaya, Hapon at Taylandya. Ang mga mangangalakal mula pa sa India at Gitnang Silangan ay nag-uunahang makipagkalakalan sa mga naninirahan sa kapuluan noong wala pang kolonyalismo. Noon pa mang siglong 800, ang Sulu ay isa nang importanteng sentro ng kalakalan, at nagtitipun-tipon dito ang mga barkong pangalakal mula sa Kampuchea, Tsina at Indonesya. Ang mga mangangalakal na Arabeng dumadaong sa Guangzhou ay nagdadala sa Tsina ng mga kalakal mula sa Sulu. Noong siglong 1300, dumaong sa Look ng Maynila, sa Mindoro't Sulu ang isang malaking plota ng animnapung (60) sasakyang-dagat mula sa Tsina. Bago ito, panapanahong naglalayag at dumadaong sa iba't ibang lugar sa baybayin ng kapuluan ang mga barkong nangalakal ng Tsina. Umiiral ang sistema ng direktang palitan ng kalakal o ginagamit ang ginto at gong para presyuhan ang mga kalakal.

## III. Ang Kolonyalismo at Pyudalismong Espanyol

Noong umpisa, dahil walang pagkakaisa sa pulitika ang lahat o ang mayorya ng mamamayan sa kapuluan, hakbang-hakbang na naipataw ng mga kongkistador na Espanyol ang kanilang gusto sa pamamagitan ng iilandaang kolonyal na tropa. Ginamit ni Magellan ang karaniwang taktikang manghati't maghari nang kampihan niya si Humabon laban kay Lapulapu noong 1521. Inumpisahan niya ang sistema ng panlalansi sa ilang baranggay para yakapin ng mga ito nang pananampalatayang Kristyano at pagkatapos ay ginamit ang mga ito laban sa iba pang baranggay na lumalaban sa kolonyal na paghahari. Gayunman, mula 1565 at pagkaraan nito ay si Legazpi ang nagtagumpay na lokohin ang maraming pinuno ng baranggay, halimbawa'y si Sikatuna, supilin ang di mapasunod na mga baranggay sa pamamagitan ng dahas, at itatag sa patnubay ng simbahan ang mga unang pamayanang kolonyal sa Kabisayaan at pagkaraa'y sa Luson.

Kolonyal at pyudal ang klase ng lipunang nabuo sa mahigit tatlong siglo ng paghahari ng Espanya. Isa nitong lipunan na pundamental na pinaghaharian ng uring panginoong maylupa, kabilang ang kolonyal na mga upisyal na Espanyol, mga ordeng Katoliko at mga lokal na pinunong papet.

Nanatili sa katayuang timawa ang masa ng mamamayan, at inagawan ng ari-arian kahit ang mga maharlika.

Noong 1570, inumpisahang pagsama-samahin ng mga kolonyalistang Espanyol ang mga nilupig na baranggay, at ginawang mas malalaking administratibo't pang-ekonomyang yunit na tinatawag ng engkomyenda. Ang mga engkomyenda, na malalawak na lupain, ay ibinigay ng hari ng Espanya sa mga kolonyal na upisyal at mga ordeng Katoliko kapalit ng kanilang "kapuri-puring serbisyo" sa paglupig sa mga katutubo. Noong siglong 1600, unti-unting pinawi ang sistemang engkomyenda ng lokal na administrasyon nang maging posible nang magbuo ng mga regular na probinsya, at pagkaraang maitatag na ng sitemang iyon ang malawakang pribadong pagmamay-ari ng lupa ng mga kolonyalista.

Habang kunwari'y nangangalaga ang mga engkomyendero sa kapakanang ispiritwal ng mamamayan, nangulekta sila ng tributo, nagpatrabaho nang sapilitan at sapilitan din nilang pinagsundalo ang mga katutubo. Basta na lamang nila pinalalawak ang lupaing ibinigay ng hari, inaagaw pati ang lupang nililinang na ng mamamayan, at sa pamamagitan ng sapilitang pagpapatrabaho ay nakakapagpabungkal sila ng mas malalawak na lupain. Madaling nagawang lupang pang-agrikultura ng mga kolonyalista ang mga lupang nahawan sa gubat dahil sa pagtotrosong kailangan ng iba't ibang proyekto sa konstruksyon.

Ginawa ang mga gusaling publiko, bahay, simbahan, kuta, daan, tulay, at barko para sa kalakalang galyon at mga ekspedisyong militar. Para magawa ang mga ito kinailangang pagtrabahuhin ang maraming tao sa pagtitibag ng bato, pagpuputol at paghahakot ng troso, paggawa ng tabla, paggawa ng ladrilyo at iba pang gawain sa konstruksyon sa malalapit o malalayong lugar.

Itinayo sa Maynila ang sentral na gubyerno para pamahalaan ang kolonya. Ang gubernador-heneral ang pinuno nito at sinisigurado niya na ang mamamayang Pilipino ay pilit na pinagbabayad ng buwis, pinagtatrabaho nang walang sahod at hinihingan ng sarplas na produktong pang-agrikultura na sapat para mapakain ang mga parasitikong kolonyal na upisyal, prayle at sundalo. Sa isang banda'y may mga sundalo ang gubernador-heneral para pairalin ang kolonyal na kaayusan. Sa kabilang banda, kasabwat niya ang mga prayle para panatilihin ang mamamayan sa pagkaalipin ng isipan at pagkaaliping pang-ekonomya. Sa loob ng maikling panunungkulan ng gubernador-heneral, mabilis siyang nakakapagpayaman dahil siya ang punong nagpapakarga ng kalakal sa mga galyong nagpaparoo't parito sa Maynila at Acapulco at siya rin ang nagbibigay ng permiso na magkarga ang mga komersyante.

Mula noong huling parte ng siglong 1500 hanggang unang parte ng siglong 1800, ang sentral na gubyerno at mga isip-negosyanteng ordeng relihiyoso ay direktang kumikita nang malaki sa ilang kalakal mula sa Tsina at iba pang kalapit-bayan sa kalakalang Maynila-Acapulco. Sa katagalan, humina ang kalakalang ito at napalitan ng mas pinagtutubuang pag-eeksport ng asukal, abaka, kopra, tabako, indigo at iba pa na ikinakarga sa iba't ibang dayuhang barko pagkaraan ng unang hati ng siglong 1700 at noong buong siglong 1800. Ipinilit sa masang anakpawis ang malawakang pagtatanim ng pang-eksport na mga pananim na iyon para mapalaki ang ganansya ng kolonyalismong Espanyol.

Sa antas ng probinsya, ang alkalde-mayor ang kolonyal na pinuno.

Siya ang may hawak ng kapangyarihang ehekutibo at panghusgado, nangungulekta ng tributo sa mga bayan at nagtatamasa ng pribilehiyong monopolisahin ang kalakalan sa probinsya, at nang-uusura. Minamanipula niya ang pondo ng gubyerno at inuutangan ang obras pias, ang pondong "pangkawanggawa" ng mga prayle, para makalahok sa maruming kalakalan at sa pang-uusura.

Nasa antas ng munisipalidad ang gubernadorsilyo, ang pinakamataas na pinunong papet na pormal na inihahalal ng prinsipalya. Ang prinsipalya ay binubuo ng mga kasalukuyan at dating gubernadorsilyo at ng mga pinuno ng baryo na tinatawag na kabesa de baranggay. Sa esensya, makikita sa prinsipalya na naipaloob sa kolonyal na sistemang Espanyol ang lumang liderato ng baranggay. Nagiging myembro ng prinsipalya ang sinuman kung may ari-arian, nakakasulat at nakakabasa, namana ang pusisyon, at syempre, kung sunud-sunuran sa mga dayuhan tirano.

Ang pinakaimportanteng regular na mga tungkulin ng gubernadorsilyo at ng mga kabesa de baranggay na pinamumunuan niya ay ang pangungulekta ng tributo at ang sapilitang pagpapatrabaho. Panagot ang ari-arian nila sa anumang kakulangan sa kanilang paglilingkod. Gayunman, karaniwa'y ang mga kabesa de baranggay ang sinisisi ng gubernadorsilyo. Para hindi mabangkrap ang mga papet na upisyal na ito at manatili silang nagugustuhan ng mga amo nilang kolonyal, sinisigurado rin nila na masang magsasaka ang pangunahing pumapasan sa bigat ng kolonyal na pang-aapi.

Sa paraan ng klasikong pyudalismo, umiral sa buong istrukturang kolonyal ang pagkakaisa ng simbahan at estado. Lahat ng taong sakop ng kolonya ay kontrolado ng mga prayle mula duyan hanggang hukay. Ekspertong ginagamit ng mga prayle ang pulpito at kumpisalan para sa kolonyal na propaganda at pag-iispya. Ginagamit ang mga iskwelahan ng katesismo para lasunin ang isip ng kabataan laban sa sarili nilang bayan. Noong 1611 pa itinatag ang Universidad Real y Pontifica de Santo Tomas, pero mga Espanyol at criollo o mestiso lamang ang tinatanggap dito hanggang noong huling hati ng siglong 1800. Hindi kinailangan ng kolonyal na burukrasya ang mga katutubo para sa matataas na propesyon. Ikinakalat ng mga prayle sa masa ang isang panatikong kulturang lulong sa nobena, aklat-dasalan, buhay ng mga santo, iskapularyo, pasyon, moro-morong anti-Muslim, at magagarbong pyesta at prusisyong panrelihiyon. Sinusunog at sinisira ng mga prayle ang mga katibayan ng kulturang umiral noong wala pang kolonyalismo dahil kagagawan daw ng demonya ang mga ito, at kinukuha lamang ang mga bagay sa katutubong kultura na makakatulong sa pagpapadali ng kolonyal na indoktrinasyon na ginagawa noong idad medya (500 A.D.-1500).

Sa matiryal na basihan at pati sa superistruktura, todo-todo at pinakamapang-api ang kontrol ng mga prayle sa mga bayang nasa malalawak na lupaing pag-aari ng mga ordeng relihiyoso. Sa kolonyal na sentro at sa bawat probinsya, malawak ang kapangyarihang pampulitika ng mga prayle. Pinangangasiwaan nila ang iba't ibang gawain tulad ng pagbubuwis, pagsesensus, pagkuha ng istatistiks, pagpapatakbo ng iskwelahang primarya, pangangalaga ng kalusugan, pagpapaandar ng obras publikas at pagkakawanggawa. Kinukumpirmahan nila ang mga sedula, ang kundisyon ng mga lalaking napipiling magserbisyo sa militar, ang badyet ng munisipalidad, ang eleksyon ng mga upisyal sa munisipalidad at pulisya, at ang iksamen ng mga batang nag-aaral sa mga iskwelahan ng parokya.

Nakikialam ang mga prayle sa eleksyon ng mga upisyal ng munisipalidad. Sa katunayan, sa laki ng kanilang kapangyarihan ay pwede nilang ipalipat, ipasuspindi, o ipaalis sa katungkulan ang mga kolonyal na upisyal, mula sa pinakamababa hanggang sa pinakamataas, kabilang ang gubernador-heneral. Alinsunod sa kanilang pyudal na interes, nagagawa nga nilang patayin ang gubernador-heneral nang hindi sila napaparusahan, tulad ng ginawa nila kay Salcedo noong 1668 at kay Bustamante noong 1719. Kung ganoon sila kahayop sa mga upisyal mismo nila, mas hayop pa sila sa pang-uusig at panunupil sa katutubong rebelde na kinokondena nilang "erehe" at "subersibo".

Noong buong panahon ng kolonyal na rehimeng Espanyol, sumiklab sa buong kapuluan ang puta-putaking pag-aalsa laban sa tributo, sapilitang pagpapatrabaho, monopolyo sa kalakalan, sobrang upa sa lupa, pangangamkam ng lupa, pagpapataw ng pananampalatayang Katoliko, di makatwirang tuntunin at iba pang kalupitan ng mga kolonyal na naghahari, kabilang man sa gubyerno o sa simbahan. Naganap ang di kukulangin sa dalawang daang (200) pag-aalsa na iba't iba ang saklaw at tagal. Lumaganap at lumakas ang mga ito at lumikha ng isang dakilang rebolusyonaryong tradisyong sa sambayanang Pilipino.

Pinakatampok na mga pag-aalsa noong unang siglo ng kolonyal na paghahari ang pinamunuan ni Sulayman noong 1574 at ni Magat Salamat noong 1587-88 sa Maynila, at ni Magalat noong 1596 sa Cagayan. Noong mag-umpisa ang siglong 1600, ang mga Igorot sa gitnang parte ng kabundukan ng Hilagang Luson ay nagrebelde laban sa pagtatangkang kolonisahin sila, at ginamit nila ang paborableng tereyn ng kanilang lupang sinilangan para panatilihin ang kanilang independensya. Noong 1621-22, halos magkasabay na nag-alsa si Tamblot sa Bohol at si Bangkaw sa Leyte. Sumiklab din ang mga pag-aalsa sa Nueva Viscaya noong 1621 at sa Cagayan noong 1625-27.

Ang pinakalaganap na mga pag-aalsa noong siglong 1600 ay ang pinamunuan ni Sumuroy sa mga probinsya sa katimugan at nina Maniago, Malong at Almazan sa mga hilagang probinsya ng kapuluan. Ang pag-aalsa ni Sumuroy ay nag-umpisa sa Samar noong 1649 at kumalat pahilaga hanggang Albay, Camarines at Masbate, at patimog hanggang Cebu, Camiguin, Zamboanga at Hilagang Mindanaw. Noong 1660, nag-umpisa ang magkakasabay na pag-aalsa nina Maniago sa Pampanga, Malong sa Pangasinan at Almazan sa Ilocos. Pinalaganap ni Malong ang pag-aalsa niya hanggang Pampanga, Ilocos at Cagayan. Sa Oton, Panay, may sumiklab ding lokal na pag-aalsa na pinamunuan ni Tapar noong 1663.

Noong buong panahon ng kolonyal na paghahari ng Espanya, walang humpay na lumalaban ang mga Moro sa Mindanao, pati ang mga naninirahan sa bundok sa halos lahat ng pulo, laluna ang mga Igorot sa Hilagang Luson. Bukod sa pursigidong anti-kolonyal na mga mandirigmang ito, lumaban din sa mga dayuhang tirano ang mamamayan ng Bohol sa loob ng walumpu't limang (85) taon mula 1744 hanggang 1829. Noong umpisa ay pinamunuan sila ni Dagohoy at pagkatapos ay ng mga pumalit sa kanya. Noong malakas na malakas sila, umabot sila sa dalawampung libong (20,000) tao at nakapagtatag ng sariling buyerno sa kanilang mga base sa bundok.

Sa kabila ng mga unang pagkatalo ng mamamayan ng Pangasinan at Ilocos, paulit-ulit silang nag-alsa laban sa kolonyal na paghahari. Lumalaganap sa buong Pangasinan ang pag-aalsang pinamunuan ni Palaris

noong 1762-64, at ang pinamunuan ni Diego Silang noong 1762-63 (at pagkatapos ay ng kanyang asawang si Gabriela, pagkaraang pataksil siyang patayin) ay lumaganap mula Ilocos pahilaga sa Lambak ng Cagayan at patimog sa Pangasinan. Sinubok na samantalahin ng mga pag-aalsang ito ang pag-agaw ng Britanya sa Maynila at ang pagkatalo ng Espanyol sa Pitong Taong Gera.

Noong siglong 1700, lalong naging matingkad sa mga anti-kolonyal na pag-aalsa ang katangiang mulat na paglaban ng mamamayan sa pyudalismo. Dati-rati ay madalas na nagiging dahilan ng pag-aalsa ang paghihirap at pagdurusa na nagmumula sa sapilitang pagtatrabaho. Naghimagsik ang mamamayan, laluna sa Gitna at Timog Luson dahil sa di makatwirang pagpapalawak ng mga lupain ng mga prayle sa pamamagitan ng madayang pagsukat sa lupa at dahil din sa di makatwirang pagtataas ng upa sa lupa. Isang pag-aalsa ang pinamunuan ni Matienza na tahasang lumaban sa mga nang-aabusong agraryo ng mga Heswita na walang pakundangang nangangamkam ng lupa ng mamamayan. Lumaganap ang pag-aalsang ito mula Lian at Nasugbu sa Batangas hanggang Laguna, Cavite at Rizal na mga kalapit na probinsya ng Batangas. Sa mga probinsya ng kapuluan sa labas ng Gitna at Timog Luson, naging mas madalas pag-umpisahan ng mga pag-aalsa ang mga monopolyo at pangungumpiska ng kolonyal na gubyerno noong matatapos na ang siglong 1700 at noong siglong 1800. Noong 1807, nag-alsa ang mga Ilokano laban sa monopolyo sa alak. Nag-alsa sila uli noong 1814 sa Sarrat, Ilocos Norte, at pinatay nila ang ilang panginoong maylupa.

Sa pagsupil ng mga kolonyalistang Espanyol sa lahat ng pag-aalsang nauna sa Rebolusyong Pilipino ng 1896, pinilit nilang magsundalo ang maraming magsasaka para labanan ang kanilang mga kauri. Sa gayon, naging prinsipal na porma ng pang-aapi ang sapilitang pagseserbisyo sa militar habang bumibilis at lumalaganap ang mga pag-aalsa.

## IV. Ang Rebolusyong Pilipino ng 1896.

Noong siglong 1800 ay sumidhi at nahinog ang kolonyal at pyudal na sistema ng pagsasamantala. Ang kolonyal na gubyernong Espanyol ay napilitang kumuha ng mas maraming ganansya sa pyudal na base nito sa Pilipinas para makabawi sa pagkalugi sa pyudal na base nito sa Pilipinas para makabawi sa pagkalugi ng lumulubog na kalakalang galyon at para makaangkop sa tumitinding panggigipit at pangangailangan ng mga bayang kapitalista. Ang tagumpay ng Britanya sa Pitong Taong Gera, ang mga gera noong panahon ni Napoleon at pananakop ng Pransya sa Espanya, ang mga maniobra ng Estados Unidos para magpalawak sa Amerikang Latina at ang pag-iibayo doon ng mga kilusan para sa pambansang independensya, at ang masidhing tunggalian ng mga "liberal na republikano" at "absolutong monarkista" sa Espanya ay nagkaroon ng kabuuang epektong nag-udyok sa kolonyal na Espanya na lalo pang pagsamantalahan ang sambayanang Pilipino.

Dahil sa gumagraheng pagsasamantala, sumidhi ang pambansa-demokratikong adhikain ng malawak na masa ng mamamayan. Habang tumitindi ang pag-aapi, umiigting naman ang mapanlabang diwa ng mga pinaghaharian, laluna ng masang magsasaka, hanggang sumiklab ang Rebolusyong Pilipino ng 1896.

Naging maunlad na maunlad ang pyudalismo noong naghahari ang kolonyal na Espanya. Hindi lamang pinipilit na hingan nang hingan ng sarplas na mga pangunahing pananim ang masang magsasaka para mapakain at mapaginhawa ang kolonyal at pyudal na mga linta, kundi pinilit din silang hingan ng parami nang paraming pananim na hilaw na matiryales na pang-eksport sa iba't ibang bayang kapitalismo. Dahil sa malawakang pagtatanim ng tubo, abaka, tabako, niyog at iba pa sa ilang lugar,kinailangan naman ang produksyon ng mas malaking sarplas na mga pangunahing pananim na pagkain sa ibang lugar para sustinihan ang maraming taong nakakonsentra sa produksyon ng mga pananim na pang eksport. Kapag sa buong bayan ay nagkakaroon ng kakulangan sa bigas, nag-iimport nito.

Sa gayon, kinailangang pabilisin ang kalakalang panloob at pawiin ang natural na ekonomyang nakakasapat sa sarili at gawin itong ekonomyang pangakalakal (ekonomyang nakabatay sa produksyon ng kalakal) para mapalawak ng mga kolonyalistang Espanyol ang kalakalang panlabas. Kinailangang pahusayin ang transportasyon at komunikasyon para magkaroon ng palitan ng mga produktong pang-agrikultura sa kapuluan, makapaghatid ng mga pang-eksport na pananim sa Maynila at iba pang pwerto ng kalakalan, at maipamahagi ang mga imported na kalakal na pinakikinabangan ng mayayaman.

Parte ng pagpapasidhi sa pyudal na pagsasamantala ang pagtatatag ng kinamumuhiang sistemang asyenda, ang laganap na pangangamkam ng mga sakahan, at ang di makatwirang pagtataas ng upa sa lupa at mga buwis na ipinapataw ng mga panginoong maylupa at burukrata. Ang pagmomonopolyo, na ibig sabihin ay naididikta ang presyo ng mga pananim, ay lalong nagpalala sa kahirapan ng mga magsasaka at lalong nagpayaman sa mga burukrata. Nalaman na lamang ng mga maylupang magsasaka na bangkrap na sila o walang katwirang naipaloob na ang mga lupain nila sa ligal na hangganan ng malalaking asyenda ng mga panginoong maylupa. Mula 1803 hanggang 1892, naglabas ng walumpu't walong (88) dikreto para maayos daw ang pagmamay-ari ng lupa, pero dahil sa mga dikretong iyon ay naging ligal na sa mga pyudalista ang malawakang pangangamkam ng lupa.

Dahil sa pagpapahusay sa transportasyon at komunikasyon, naging grabe ang pyudal na pagsasamantala sa mamamayan. Ginagamit ng mga Espanyol ang kanilang kolonyal na kapangyarihan para utusan ang parami nang paraming mamamayan na gumawa ng mga daan, tulay at pwerto sa napakababang sahod. Dinadala sa malalayong lugar ang malalaking pangkat ng kalalakihan para magtrabaho. Kasabay nito, ang pagpapahusay sa transportasyon at komunikasyon ay nagbigay-daan sa mas malawak na ugnayan ng pinagsasamantalahan at inaaping mamamayan, sa kabila ng suhetibong kagustuhan ng mga naghahari na gamitin ang transportasyon at komunikasyon para sila lamang ang makinabang. Isa pa, sa pagbubuo ng proletaryadong Pilipino ay malaki ang naitulong ng pagpapasok ng bapor at tren kaugnay ng panlabas at panloob na kalakalan.

Noong siglong 1800 naging malinaw na nagbinhi na ang proletaryadong Pilipino. Sila ang mga manggagawa sa perokaril, barko, daungan, asukarera, pabrika ng tabako at sigarilyo, imprenta, distilerya, pandayan, bahay-kalakal at iba pa. Lumitaw ang proletaryado noong nagiging malapyudal na ang pyudal na ekonomya.

Bahagyang nakakuhang parte ang prinsipalya, laluna ang mga

gubernadorsilyo, sa kasaganaang pang-ekonomya na ang pangunahing nagtatamasa ay ang mga kolonyal na naghahari. May sariling lupa ang mga lokal na pinunong papet o nagiging malalaking nangungupahan sa mga asyenda ng prayle o upisyal na Espanyol. Nangangalakal sila at sa pamamagitan ng nakukuhang ganansya ay bumibili ng mas maraming lupa para lalong makapangalakal. Sa Maynila at iba pang prinsipal na pwerto ng kalakalan, nagkaroon ng lokal na uring kumprador kasabay ng mga istablisimyento sa pagbabarko, pangangalakal at pagbabangko na itinatag ng mga dayuhang empresang kapitalista kabilang ang sa Estados Unidos, Britanya, Alemanya at Pransya.

Lalong naging malinaw na umuusbong ang burgesyang Pilipino habang lumalaki ang produksyong pang-agrikultura at dumarami ang eksport. Noong 1834, pormal na binuksan ang pwerto ng Maynila sa mga dayuhang barkong hindi sa Espanya kahit ang totoo'y mas maaga pang inumpisahan ang pakikipagkalakalan sa mga bayang kapitalista. Mula 1855 hanggang 1873, anim pang pwerto ang bibuksan sa buong kapuluan. Nang buksan ang Kanal Suez noong 1869, umikli ang distansya sa pagitan ng Pilipinas at Europa at sa gayo'y bumilis ang pang-ekonomya at pampulitikang ugnayan ng mga ito.

Noong ikalawang hati ng siglong 1800, naging kapansin-pansin ang pagdami ng mga katutubong istudyanteng pumapasok sa Universidad Real y Pontifica de Santo Tomas at iba pang kolehiyong kleriko at kolonyal. Kahit kaya nilang mag-aral sa kolehiyo, naging tampulan pa rin sila ng rasistang diskriminasyon ng kanilang mga kaklaseng Espanyol at gurong prayle. Pinagtiisan nilang matawag na "unggoy" habang ang mga magulang naman nila ay sinasabing mga "hayop na kargado ng ginto". Naipit ang mga mestiso sa sitwasyong nag-aalimpuyo sa rasistang antagonismo ng mga indyo at Espanyol. Ang rasistang antagonismong ito ay walang iba kundi manipestasyon ng kolonyal na relasyon. Kahit sa mga Espanyol mismo, kakatwang itinuturing pang magkaiba ang mga Espanyol na ipinanganak sa Pilipinas at ang mga ipinanganak sa Espanya; ang mga ipinanganak sa Pilipinas ay pakutyang tinatawag na Pilipino ng mga ipinanganak sa Espanya.

Sa pagdami ng indyong nakapag-aral o ilustrado, dumating ang panahong nag-alala na ang mga kolonyal na awtoridad, at natakot silang matuligsa batay sa mga kolonyal na batas na ang ideyalistang retorika ay hinding-hindi nila isinasagawa. Ang kilusan ng mga pari para sa sekularisasyon ang inakala ng mga kolonyal na naghahari na unang sistematikong kilusan ng mga katutubong ilustrado para tuligsain ang paghahari ng mga Espanyol sa lipunan at pulitika. Mga indyo at mestiso ang higit na nakakarami sa mga lumahok sa kilusang ito at iginiit nilang sila ang mamahala sa mga parokyang noon ay hawak ng mga ordeng relihiyoso na ang higit na nakakaraming myembro ay Espanyol.

Nang mangyari ang Pag-aalsa sa Cavite noong 1872, sina Padre Burgos, Gomez at Zamora na mga pinakatahas magsalitang lider ng kilusang sekularisasyon, ay inakusahang nagsasabwatan para ibagsak ang kolonyal na rehimeng Espanyol at ginarote sila. Sa esensya, ang pag-aalsang iyon ay pagrerebelde ng masang api na inumpisahan ng mga manggagawang pinasasahod nang mababa at dumaranas ng iba't ibang porma ng kalupitan sa pagtatrabaho nila sa daugangan ng Cavite. Tinortyur at pinatay ang marami sa mga nagrebeldeng manggagawa at mga tunay na sumusuporta sa kanila. Hanggang kamatayan ay naggiit ng kawalang sala ang tatlong paring kinundena ng gubernador-heneral na Espanyol at mga prayle. Mula

noon, naging gawi na ng mga ilustrado ang igiit na wala silang kinalaman sa pulitika.

Gayunman, kahit masang anakpawis ang pangunahing pumapasan sa bigat ng kolonyal na pang-aapi, ang prinsipalya ay dumaranas ng pampulitika't pang-ekonomyang pang-aapi sa kamay ng mga kolonyal na tirano. Nagsasamantala rin sa masang anakpawis ang prinsipalya pero nakapailalim naman ito sa mga mapang-aping kagustuhan ng gubernador-heneral, alkalde-mayor ng probinsya at mga prayle na patuloy na nagpapaliit sa nakukuhang parte ng prinsipalya sa pagsasamantala. Walang katwirang itinataas ng mga kolonyal na tiranong ito ang kota sa kuleksyon ng tributo, ang buwis sa pribilehiyong makapangalakal, ang upas a lupa, ang kota sa produksyong pang-agrikultura at ang interes sa pautang. Dahil hindi makabayad ng pataas nang pataas na buwis ang prinsipalya, nababangkrap sila, laluna ang mga kabesa de baranggay. Karaniwang ginagamit ang mga guwardya sibil para mangumpiska ng ari-arian at magpatupad ng mga kolonyal na batas. Noong matatapos na ang siglong 1800, nagalit nang husto ang prinsipalya nang sapilitang silang palayasin sa lupang inuupahan nila sa mga prayle dahil mas gusto ng mga ito na ipamahala ang lupa nila sa iba't ibang dayuhang korporasyon.

Makikita sa napakadalas na pagpapalit ng gubernador-heneral sa Pilipinas noong siglong 1800 ang masidhing tunggalian ng mga "liberal na republikano" at "absolutong monarkista" sa Espanya. Ang naging pangkalahatang epekto nito ay ang mas grabeng paghihirap ng sambayanang Pilipino. Kinailangang samantalahin nang husto ng bawat gubernador-heneral ang maili niyang panunungkulan na karaniwa'y mahigit nang kaunti sa isang taon para palakihin ang upisyal pati na ang personal niyang pondo.

Lalong hindi nakuntento sa kolonyal na rehimen ang mga ilustrado at ilan sa kanila ang tumakas papuntang Espanya at doo'y umasang makakuha ng mas mataas na edukasyon at higit na simpatya sa mga liberal na sirkulong Espanyol para sa makitid nilang simulain na baguhin ang kolonyal na katayuan ng Pilipinas at gawin itong regular ng probinsya ng Espanya. Hinangad nilang magkaroon ng representante sa parlamento ng Espanya at magtamasa ng mga karapatang sibil ayon sa Konstitusyon ng Espanya. Sa paglulunsad nila sa kilusang reporma, itinatag nila ang dyaryong LA SOLIDARIDAD. Dito sumentro ang mga aktibidad ng Kilusang Propaganda, na ang pangunahing mga propagandista ay sina Dr. Jose Rizal, M. H. del Pilar, Graciano Lopez Jaena at Antonio Luna.

Nabigo ang Kilusang Propaganda at kinundena itong "subersibo" at "erehe" ng mga kolonyal na awtoridad. Sa pagsisikap ni Rizal na magpropaganda sa Pilipinas mismo, inorganisa niya ang di tumagal na La Liga Filipina, na nanawagan sa sambayanang Pilipino na maging pambansang komunidad pero hindi naman niyon tahasang sinabing kailangang maglunsad ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka para makahiwalay sa Espanya. Nagtiwala si Rizal sa kaaway, at pagkatapos ay inaresto siya at idinistyero sa Dapitan noong 1892. Nang sumiklab ang rebolusyong Pilipino noong 1896 sa kanya ito ibinintang ng mga kolonyal na tirano, pero ipinagkanulo niya ang rebolusyon nang manawagan siya sa sambayanan na isuko ang kanilang armas ilang araw bago siya ipinapatay.

Ang malinaw na rebolusyonaryong panawagang humiwalay sa Espanya ay ginawa ng Kataas-taasang Kagalang-galang na Katipunan ng mga Anak ng Bayan (KKK). Lihim itong tinatag sa proletaryong distrito ng Tondo ng

lider nitong si Andres Bonifacio pagkatapos na pagkatapos arestuhin si Rizal noong 1892. Sa unang taon nito, dalawang daan (200) lamang ang myembro na pangunahing nagmumula sa masang anakpawis. Nang sumunod na ilang taon, sadya itong nagrikrut ng mga myembrong makakapag-umpisa ng rebolusyonaryong pakikibaka sa iba't ibang parte ng bayan para makapaglunsad ng gera sa pambansang pagpapalaya. Nagrikrut din ito ng mga myembro na pangunahing nagmumula sa masang api para masiguradong magkakaroon ng demokratikong katangian ang rebolusyon. Pagkaraan ng Sigaw sa Pugad Lawin noong Agosto 23, 1896, na naging sinyal ng pag-uumpisa ng armadong pakikidigma sa mga kolonyalista, lumaki ang Katipunan at umabot sa ilampung libo ang mga myembro nito, at nanawagan itong magkaisa ang lahat ng mamamayang Pilipino para mag-alsa.

Ang Rebolusyong Pilipino ng 1896 ay lumang tipo ng pambansa-demokratikong rebolusyon. Kahit nagmula sa uring manggagawa si Bonifacio, hindi niya taglay ang ideolohiyang proletaryo. Ang ideolohiya ng liberal na burges ang pumatnubay sa rebolusyong iyo. Ang klasikong modelo niyon ay ang Rebolusyong Pranses at ang mga ideya nito ang pangunahing nagbigay ng inspirasyon kay Bonifacio. Sa ano't anuman, iginiit ng rebolusyon ang soberanya ng sambayanang Pilipino, ang pagtatanggol at pagtataguyod sa mga kalayaang sibil, ang pagkumpiska sa mga asyenda ng prayle, at ang pagbuwag sa teokratikong paghahari.

Sa Kumbensyon ng Tejeros noong 1897, dinisisyunan ng mga ilustradong karamiha'y taga-Cavite na itatag ang rebolusyonaryong gubyernong papalit sa Katipunan at inihalal nilang presidente si Emilio Aguinaldo, kaya napalitan si Bonifacio bilang lider ng rebolusyon. Nang mariing tutulan ng isang ilustrado ang pagkakahalal kay Bonifacio bilang ministrong pangloob dahil mahirap siya at hindi nakapag-aral ng abugasya, idineklara ni Bonifacio na walang bise ang kumbensyon ayon sa dating kasunduan na kailangang respetuhin ang bawat disisyon ng kumbensyon. Makikita sa kumbensyong ito ang makauring liderato ng liberal na burges at pati ang mapanghating epekto ng rehiyonalismo. Ang pagsisikap ni Bonifacio na magtatag ng isa pang rebolusyonaryong kunseho ay nauwi sa pag-aresto at pagbitay sa kanya ng liderato ni Aguinaldo.

Noong 1897, dumanas ng sunud-sunod na pagkatalo ang rebolusyonaryong gubyerno. Ipinakita ng mga ilustrado na hindi nila kayang pamunuan ang rebolusyon. Ang liberal na lideratong burges ay tuluyang napasang-ayon sa pangkalahatang amnestya na inialok ng kolonyal na gubyerno sa pamamagitan ng buhong na si Pedro Paterno. Pinirmahan ang Kasunduan sa Biak-na-Bato para maisakatuparan ang pagsurender ni Aguinaldo at ang pagbibigay ng apat na raang libong piso (P400,000) bilang paunang bayad sa kanyang kunseho ng mga lider.

Sa kabila ng kontrarebolusyonaryong kataksilang ito, ipinagpatuloy ng masang Pilipino ang pakikipaglaban sa mga Espanyol. Ito ang unang katibayan ng pagtutol ng mga Pilipino sa mga taksil na pakana ng mga ilustradong pinamumunuan ni Aguinaldo.

Habang nakadistyero si Aguinaldo sa Hongkong, nilapitan siya ng mga ahente ng EU at iminungkahi sa kanya na samantalahin ang nalalapit na pagsiklab ng Digmaang Espanyol-Amerikano. Nagkunwari ang mga ahente na tutulungan ang sambayanang Pilipino na makalaya sa kolonyal na paghahari ng Espanya. Nagpakana ang mga imperyalista ng EU na gamitin si Aguilnaldo para mapadali ang pag-agaw nila sa Pilipinas. Sa gayon, ibinalik si Aguinaldo sa Cavite sakay ng isang maliit na armadong bapor

ng EU pagkaraang pasukin ng iskwadrong pandagat ni Dewey ang Look ng Maynila para lipulin ang plotang Espanyol. Inagaw uli ni Aguinaldo ang pamumuno sa rebolusyon.

Sinamantala ng sambayanang Pilipino ang Digmaang Espanyol-Amerikano at pinaigting nila ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa kolonyal na paghahari ng Espanya. Bumagsak ang kapangyarihang Espanyol sa buong kapuluan pwera sa Intramuros at ilang di importanteng garison. Kumampi sa rebolusyong Pilipino kahit ang mga sundalong Pilipino na nagseserbisyo sa militar ng Espanya. Noong Mayo 1898, napapaligiran na ng rebolusyonaryong pwersang Pilipino ang Intramuros, na sentro ng kolonyal na kapangyarihan, at nakagwardya naman sa Look ng Maynila ang plota ng EU. Habang naghihintay ng dagdag na tropa mula sa EU ang imperyalistang hukbong dagat, isinagawa ng mga rebolusyonaryong Pilipino ang patakarang mangubkob para gutumin ang kaaway hanggang sumurender.

Noong Hunyo 12, 1898, iprinoklama ni Aguinaldo sa Kawit ang independensya, na may masaklap na pasubaling ito ay "pinoprotektahan ng Makapangyarihan at Makataong Bansang Norte-Amerikano". Hindi niya namalayan na idineklara niyang protektorado lamang ng imperyalismong EU ang tinatawag na Unang Republika ng Pilipinas.

Nag-umpisang dumating ang dagdag na mga tropa ng EU nang matatapos na ang Hunyo. Sa kung anu-anong dahilan ay ibinaba sila para agawin ang mga pwestong okupado ng rebolusyonaryong pwersang Pilipino sa paligid ng Intramuros. Ang mga pwesto ay sunud-sunod na isinurender ng mahinang si Aguinaldo sa mga imperyalista ng EU hanggang mawalan ng pwesto ang buong rebolusyonaryong pwersa.

## V. Ang Digmaang Pilipino-Amerikano

Nang napapaligiran na nang husto ang Intramuros ng mga tropang pandagat at katihan ng EU, sikretong nagdaos ng mga negosasyong diplomatiko si Admiral Dewey at ang gubernador-heneral na Espanyol sa pamamagitan ng konsul ng Belgium. Humantong ang mga negosasyong ito sa kasunduang maglabanan kunwari para mabigyan ng dahilan ang mga kolonyalistang Espanyol na ipasa ang Maynila sa mga imperyalista ng EU; kasabay ang mga negosasyong ito ng mga negosasyong idinaos sa ibang bayan para sa pangkalahatang kalutasan ng Digmaang Espanyol-Amerikano, sa pamamagitan ng gubyernong Pranses.

Noong Agosto 13, 1898, kunwari'y naglabanan sa Maynila ang mga imperyalista ng EU at mga kolonyalistang Espanyol. Pagkaraan ng ilang putok na palabas lamang, ang mga kolonyalistang Espanyol ay sumurender sa mga imperyalista ng EU. Sinigurado ng mga imperyalista ng EU na hindi makakapasok ang mga tropang Pilipino sa Intramuros. Sa ganitong paraan, tuluyang ipinagkait sa rebolusyonaryong pwersang Pilipino ang tagumpay na dapat ay sa kanila. Gayunman, mula noon ay lalong lumaganap sa masang Pilipino at sa mga makabayang tropa nila ang pagkamuhi sa imperyalismong EU.

Noong Setyembre, dahil sa inaasahang pagtindi ng agresyon ng imperyalismong EU ay inilipat ng rebolusyonaryong gubyernong Pilipino ang hedkwarter nito sa Malolos, Bulakan mula sa Cavite. Doon idinaos ang

Konggreso ng Malolos para maglabas ng isang konstitusyong ipinareho sa mga konstitusyong burges-demokratiko. Noong ding panahong iyon ay patuloy na iginiit ng mga imperyalista ng EU, sa diplomatikong pananalita, na kailangang umatras pa ang mga tropang Pilipino mula sa pinagtabuyan sa kanila. Nagmaniobra ang mga agresor ng EU para makaokupa ng mas marami pang teritoryo sa paligid ng Maynila.

Nawalan ng saysay ang mga pagsisikap ng gubyerno ni Aguinaldo na makipagdiplomasya sa ibang bayan para maigiit ang mga soberanong karapatan ng sambayanang Pilipino. Noong Disyembre 10, 1898, pinirmahan ng Estados Unidos at Espanya ang Tratado ng Paris na nagsusuko ng buong Pilipinas sa EU sa halagang dalawampung milyong dolyar ($20,000,000), at gumagarantya sa mga karapatan sa ari-arian at negosyo ng mamamayang Espanyol sa kapuluan. Noong Disyembre 21, inilabas ni Presidente McKinley ng EU ang proklamasyon ng "mapagpalang asimilasyon" para magdeklara, sa matamis na pananalita, ng gerang agresyon laban sa sambayanang Pilipino.

Noong Pebrero 4, 1899, biglang sinalakay ng mga tropa ng EU ang rebolusyonaryong pwersang Pilipino sa mga lugar sa malapit sa Maynila. Sa mga sumunod na labanan sa loob ng Maynila ay di kukulangin sa tatlong libong (30,000) Pilipino ang napatay samantalang dalawang daa't limampung (250) tropa lamang ng EU ang nalagas. Ganoon nag-umpisa ang armadong labanan ng imperyalismong EU at sambayanang Pilipino. Magiting na tumindig ang sambayanang Pilipino para maglunsad ng rebolusyonaryong gera para sa pambansang pagpapalaya.

Bago mapagpasyang naipanalo ng imperyalismong EU ang Digmaang Pilipino-Amerikano noong 1902, sandaa't dalawampu't anim na libo, apat na raa't animnapu't walong (126,468) tropa ng EU ang pinakawalan laban sa pitong milyong (7,000,000) mamamayang Pilipino. Hindi kukulangin sa apat na libo (4,000) ang napatay sa mga dayuhang agresor at halos tatlong libo (3,000) ang nasugatan. Halos dalawang daang libo (200,000) namang Pilipinong pangkombat at di pangkombat ang napatay. Sa madaling sabi, sa bawat sundalo ng EU na napatay, limampung (50) Pilipino naman ang napatay. Mahigit sangkapat na milyong Pilipino (250,0000 ang namatay na direkta at hindi direktang resulta ng mga labanan. Sa tantya pa nga ng isang heneral ng EU ay aabot sa anim na raang libo (600,000) ang napatay na Pilipino, o ika-anim na parte ng populasyon noon ng Luson.

Malahalimaw ang henosidyong isinagawa ng mga imperyalistang agresor ng EU. Iba't ibang porma ng kalupitan ang ginawa nila, tulad ng pagmasaker sa mga nahuhuling tropa at inosenteng sibilyan; pagtampalasan sa kababaihan, tahanan at ari-arian; at walang awang pagtortyur gaya ng pagputul-putol ng katawan at tortyur na ginagamitan ng tubig at lubid. Nagsosona at gumagamit ng konsentreysyon kamp para masuheto ang mga sibilyan at tropang pangkombat.

Habang pinipilit ng imperyalismong EU na umatras ang gubyerno ni Aguinaldo, sinamantala niyon ang mga kahinaan ng ilustradong liderato ng rebolusyon. Ipinadala ng imperyalistang pinunong si McKinley ang Komisyong Schurman noong 1899 at ang Komisyong Taft noon 1900, at inutusan silang "payapain" ang Pilipinas at lokohin ang mga palasukong traydor.

Napatunayan naman na walang kakayahan, lampa at mapagkompromiso ang

liberal na lideratong burges ng lumang demokratikong rebolusyon. Hindi epektibong napamunuan ni Aguinaldo ang rebolusyon. Nagtraydor siya sa mga anti-imperyalistang tulad nina Mabini at Luna, at umasa nang umasa sa mga palasukong tulad nina Paterno at Buencamino. Nakapuslit sa rebolusyonaryong gubyerno at doo'y nang-agaw ng kapangyarihan ang dalawang traydor na ito na noong nakaraang mga taon ay ang isang pangkat ng mga traydor na nagayuma nang husto sa awit-adarna ng "kapayapaan", "awtonomya" at "mapagpalang asimilasyon" na kinakanta ng mga imperyalista ng EU habang kinakatay nila ang mamamayan.

Sa bawat munisipalidad na inokupahan ng mga imperyalistang tropa ng EU, nagdadaos ng mga papet na eleksyong munisipal na pinaghaharian ng lumang prinsipalya. Ipinepwera ng mga papet na eleksyong ito ang masa na hindi nakakatugon sa mga rikisito sa ari-arian at sa kakayahang bumasa at sumulat. Pangunahing ginagamit ang mga huwad na eleksyon para ilayo sa rebolusyon ang prinsipalya at gawing tuta ang mga myembro nito, tulad ng ginawa ng mga kolonyalistang Espanyol.

Nang mahawakan ng mga imperyalista ng EU ang mga traydor na pinamumunuan nina Paterno at Buencamino, ginamit agad ang mga ito sa imperyalistang propaganda, pangunahin para manawagang sumurender ang mamamayan. Sa panunulsol ng mga agresor, laluna ng ahensya sa paniniktik ng hukbo ng EU, inorganisa ni Trinidad Pardo de Tavera ang Partido Federal noong 1900 para itaguyod na gawing parte ng Estados Unidos ang Pilipinas. Kasabay nito, ang mga imperyalista ay gumawa ng mga batas na nagpaparusa sa mga nagtataguyod ng independensya.

Inuusig, ibinibilanggo, o ipinapatapon sa Guam ang mamamayan at ang mga rebolusyonaryong lider nila na tumatangging manumpa ng katapatan sa EU. Sinusupil ang mga organisasyong masa, laluna ang sa mga manggagawa at magsasaka, tuwing lumilitaw ang mga iyon.

Noong 1901, si Aguinaldo mismo ay hinuli ng mga imperyalista sa tulong ng mga mersenaryong Pilipino. Mula noon, sistematikong inorganisa at ginamit ang mga traydor na kontrarebolusyonaryong ninuno ng Armadong Pwersa ng Pilipinas para tumulong sa ganap na paglupig ng mga imperyalista sa sambayanang Pilipino. Puspusang ginamit ang mga unang papet na konstable sa mga operasyong "paglilinis" laban sa mga nagpupursiging rebolusyonaryong mandirigma sa Luson at Kabisayaan, at pati sa pagsakop sa Mindanaw.

Kahit noong natalo na ang mga pangunahing ditatsment ng gubyerno ni Aguinaldo, nagpatuloy pa rin ang armadong paglaban sa imperyalismong EU sa halos lahat ng munisipalidad sa buong kapuluan. Nagpatuloy sa armadong pakikibaka ang mamamayan ng Bikol hanggang 1903 nang magtraydor ang lider nilang si Simeon Ola sa pamamagitan ng pagsurender. Sa Kabisayaan, laluna sa Cebu, Samar, Leyte at Panay, buong bagsik na lumaban ang Pulahanes sa mga tropang agresor ng EU at papet na konstabularya. Ganoon din ang ginawa ng masa ng Cavite, Batangas, Laguna at Quezon kahit naglabas na ng pangkalahatang amnestya. Sa Gitnang Luson, naglunsad din ng armadong paglaban ang isang organisasyong panrelihiyon, ang Santa Iglesia. Sa Ilocos, ang mga asosasyon na Bagong Katipunan ang tawag sa sarili ay naglunsad ng digmaang gerilya para sa pambansang independensya laban sa imperyalismong EU. Hanggang 1907 ay hindi makapagdaos ng mga papet na eleksyon sa Isabela dahil sa paglaban ng mamamayan. Mula 1902 hanggang 1906, pinamunuan ni Macario Sakay sa Bulakan, Pampanga, Laguna, Nueva Ecija at Rizal ang pinakatampok sa mga

huling pagpupunyaging ituloy ang rebolusyonaryong pakikibaka sa Luson. Noon lamang 1911 lubusang natapos ang digmang gerilya sa Luson. Gayunman, isinulong ng mamamayan ng Mindanaw hanggang 1916 ang pinakamabagsik na armadong paglaban pagkaraan ng 1902.

Matagal-tagal ding naloko ng mga imperyalista ng EU ang Sultan ng Sulu na kinikilala nila ang kanyang pyudal na soberanya ayon sa Tratadong Bates ng 1899 na pinirmahan sa kanilang administratibong kontrol ang tinatawag nilang "Probinsyang Moro", kinailangan nilang harapin ang pag-aalsa ni Hassan noong 1903 hanggang 1904, ang rebelyon ni Usap noong 1905, ang pag-aalsa ni Pala noong 1905, ang pag-aalsa ni Bud Dajo noong 1906, ang labanang Bud Bagsak noong 1913 at marami pang iba. Buong lupit na sinupil ang magiting na paglabang ito ng mamamayan.

Pinagtibay ng imperyalismong EU ang Batas sa Sedisyon ng 1901, ang Batas sa Panunulisan ng 1902 at ang Batas sa Rekonsentrasyon ng 1903 para palabasin na ang mga operasyong militar laban sa mamamayan ay mga operasyon lamang ng pulisya laban sa mga "karaniwang kriminal". Tinatawag na bandido ang mga makabayan. Ang mamamayan sa malalawak na lugar ay tinitipon sa mga kampo militar para ihiwalay sila sa mga makabayang gerilya.

Ang sambayanang Pilipino mismo ang nagbayad sa mga gastos sa gera ng imperyalismong EU para lupigin ang Pilipinas. Pinilit silang magbayad ng buwis sa kolonyal na rehimen ng EU para sagutin ang malaking parte ng gastos at interes sa mga bonong ibinenta sa pamamagitan ng mga bangko sa Wall Street sa ngalan ng gubyerno ng Pilipinas. Syempre, ang sobra-sobrang ganansyang nakukuha sa matagalang pagsasamantala sa sambayanang Pilipino ang magiging saligang pakinabang ng imperyalismong EU.

## VI. ANG KOLONYAL NA PAGHAHARI NG IMPERYALISMONG EU

Ang kahulugan ng makahayop na paglupid ng imperyalismong EU sa sambayanang Pilipino ay ang pagpapatuloy ng pyudal na katayuan ng Pilipinas. Dumating ang imperyalismong EU para biguin ang pambansa't demokrating adhikain ng sambayang Pilipino at ipilit ang gusto ng uring monopolyong kapitalistang EU sa pamamagitan ng armas at pambobola. Sa Estados Unidos, ipinagyabang ng mga pulitikong imperyalista at mga amo nilang kapitalista na ang kanilang maruming gawain ay dakilang misyon para gawing "sibilisado" at "Kristyano" ang mamamayang Pilipino.

Interesado ang imperyalismong EU sa Pilipinas bilang mapapagkunan ng hilaw na materyales, mapapagbentahan ng sobrang produkto at mapapagpasukan ng sobrang kapital na pampuhunan. Isa pa, kailangan ng imperyalismong EU ang Pilipinas bilang istratehikong lunsaran ng ekspansyonistang kampanya nito na gawing "lawa ng Amerika" ang Karagatang Pasipiko at palakihin ang parte nito sa nadadambong sa Tsina at sa buong Asya.

Sa pamamagitan ng Tratado ng Paris ng 1898, pinalitan ng imperyalismong EU ang kolonyalismong Espanyol bilang kolonyal na

naghahari sa samabayanang Pilipino. Ang nanalo sa Digmaang Espanyol-Armerikano ay umastang sumisikat na kapanyarihang kapitalista na kayang bayaran ang lumang kolonyal na gobyerno at kilalanin ang mga karapatan sa ari-arian at negosyong naitatag bago magkaroon ng tratado. Sa gayon, ang pyudalismo ay inasimila at pinanatili para sa mga imperyalistang layunin ng Estados Unidos.

Pagkaraang matalo ang rebolusyonaryong pwersang Pilipino, ang imperyalismong EU ay humakot sa Pilipinas ng parami nang paraming komersyal na pananim, tulad ng asukal, niyog at abaka, bukod sa iba pang hilaw na materyales tulad ng troso at mineral. Nagtayo ng mga asukarera, repinerya ng langis ng niyog, pabrika ng lubid at iba pa. Lalong pinasigla ang sistemang asyenda sa agrikultura at umunlad ito nang husto sa kolonyal na rehimen ng EU. Pakitang-tao lamang at hindi solusyon sa problema sa lupa ang pagbili, noong 1903, ng gobyerno ng EU sa mga korporasyong panrelihiyon na parte lamang ng lupain ng mga prayle. Hindi ang mga walang lupa o kakapiraso ang lupa ang nakinabang sa patakaran sa lupa, kundi ang iba pa, laluna ang mga pangunahing tuta ng kolonyal ng gobyerno. Nakipagkaisa sa mga adbenturerong Amerikano ang mga panginoong maylupang may katungkulan para makakuha ng titulo sa mga lupaing publiko na pwedeng pakinabangan sa komersyo, agrikultura at ispekulasyon.

Dahil sa mas mabilis na pag-unlad ng ekonomyang pangkalakal sa ilalim ng kolonyal na rehimen ng EU, lalong naghirap ang uring magsasaka at ipinagbili naman ng nabangkrap na mga may-aring panginoong maylupa, usurero, komersyante at mayamang magsasaka. Nagpatuloy ang mga kasamaan ng kolonyal na rehiment Espanyol sa kolonyal na rehimen ng EU. Isang bagong katangian ng ekonomya ang pagdami ng proletaryo. Hindi nagtagal, lumitaw ang napakalaking reserbang hukbo sa paggawa at ang relatibong sobra sa populasyon na pangunahing nagmula sa uring magsasaka.

Ayon sa Batas Payne-Aldrich ng 1909, nag-import ng mga yaring kalakal ng EU nang walang taripa kapilit ng hilaw ng materyales ng Pilipinas. Noong 1913, inalis ang lahat ng kotang naglilimita sa dami ng hilaw na materyales ng Pilipinas na pang-eksport sa Estados Unidos. Ang ekonomyang kolonyal at agraryo ay pinanatili ng "malayang kalakalan" sa dalawang tipong ito ng kalakal. Ang lokal na paggawa ng handkrap at manupaktura ay nawasaka ng lumalakas na pagdagsa ng mga yaring kalakal sa Pilipinas, at lalong napilitan ang mamamayan na bilhin ang mga yaring kalakal na ito at ang pangunahing likhain ay hilaw na materyales.

Ipinuhunan sa Pilipinas ang sobrang kapital ng EU sa porma ng direktang pamumuhunan at pautang sa kapital. Pangunahing nap[unta ang direktang pamumuhunan sa produksyon ng hilaw na materyales at sa pangangalakal ng mga yaring produkto ng EU sa lokal na hilaw na materyales. Sa kauna-unahang pagkakataon ay nagkaroon ng komersyal na pagmimina. Sa kabilang banda, ginamit ang pautang na kapital para tustusan ang kalakalang panlabas at bayaran ang mga depisit sa kalakalan, palitan ng dolyar ang piso para sa paglalabas ng ganansya, swelduhan ang mga Amerikanong burukrata at tauhan sa negosyo, gastusan ang iba't ibang kagamitan na kailangan ng kolonyal na gobyerno, at iba pa. Taun-taon, kinailangang palakasin ng kolonyal na rehimen ang produksyon ng hilaw na materyales, at kung gayon ay kinailangang patindihin ang pagsasamantala sa sambayanan para mapalaki ng kolonyal na rehimen ang ganansya nito.

Pinaunlad ng imperyalismong EU ang sistema ng transportasyon at komunikasyon para pahigpitin ang kontrol nito sa pulitika, ekonomya, kultura at militar ng Pilipinas. Naglalakihang ganasya ang nakukuha ng mga korporasyon ng EU sa mga kontrata sa obras publikas sa paggawa ng mas maraming daan, tulay, pwerto at iba pang pasilidad sa transportasyon. Direktang pinalawak naman ng obras publikas na ito ang pamilihan para sa sasakyang de-motor, makinarya at produkto ng langis mula sa EU. Napabilis ang kolonyal na palitan ng hilaw na materyales at yaring produkto. Bumilis din ang paghahakot ng mga tropang susupil sa mamamayan.

Ang pagkatatag ng laganap na sistema ng iskwelahang publiko at ang paggamit ng wikang Inggles sa pagtuturo ay hindi lamang nagsilbi para pag-ibayuhin ang pampulitikang indoktrinasyon ng mga Pilipino sa pagkaalipin sa imperyalismong EU, kundi nagsisilbi rin ang mga iyon para mahilig sila sa lahat ng klase ng kalakal mula sa EU. Direktang nabuksan din ang pamilihan para sa mga kagamitang pang-edukasyon mula sa EU. Ang masmidya ay hindi lamang pinaunlad para palaganapin ang imperyalistang propaganda kundi para ianunsyo rin ang lahat ng kalse ng kalakal ng EU, at sa partikular ay ibenta ang iba't ibang kagamitan sa imprenta at komunikasyon. Kahit ang kampanya sa kalinisan at kalusugang pampubliko ay isa lamang paraan para mapabilis ang monopolistang pagbebenta ng mga gamot, kemikal at kagamitang medikal ng EU. Unang-una na, ang pandarambong ng mga tropang agresor ng EU sa Digmaang Pilipino-Amerikano ay naging dahiln ng iba't ibang klase ng salot at epidemya, laluna ng kolera na na ging peligro sa kalusugan ng mga imperyalistang manlulupig mismo.

Batay sa kundisyong pang-ekonomya na nalikha ng imperyalismong EU, naitayo ang isang istrukturang panlipunan sa Pilipinas. Ang mga mapagsamantalang uring naging pinakamasugid na kolaboreytor ng mga kolonyal na pinunong Espanyol noong siglong 1800 ang naging prinsipal na mga papet ng mga imperyalista ng EU, at pinamalagi sila sa pinakamataas na pwesto ng lipunang Pilipino. Sila ang malaking burgesyang komprador at uring panginoong maylupa. Sa mga mapagsamantalang uring ito pinili ng mga imperyalista ng EU ang kanilang pangunahing mga ahente sa pulitika at sinanay silang maging burukratang kapitalistang nakikiparte sa ninanakaw sa kolonyal na gobyerno. Nasa pinakamababang pwesto ng lipunan ang masang anakpawis na manggagawa't magsasaka; na mahigit siyamnapung porsyento (90%) ng mamamayan. Sa kolonyal na paghahari ng EU, lumaki ang proletaryado kasabay ng pagpapatatag ng malapyudal na lipunan dahil sa paglaki ng produksyong ng hilaw na materyales, kalakalan, pasilidad sa transportasyon at komunikasyon, at maliit na pagmamanupaktura. Pero ang uring magsasaka ang nanatiling uring nakakarami sa buong lipunan.

Nasa panggitnang seksyon ng lipunang Pilipino ang saray na tulad ng pambansang burgesya at petiburgesya. Napakaliit na saray ang pambansang burgesya, at gipit na gipit sila dahil sa malakihang pagtatambak ng yaring produkto ng EU, at konsentrasyon ng kapangyarihang pampinansya sa malaking burgesyang komprador at mga empresang kapitalista. Lalong naging interesado sa pormal na edukasyon ang petiburgesya na nananatili sa katayuan nila sa pamamagitan lamang ng pagkakaroon ng pagkaroon ng ari-ariang inaasahan para mabuhay. Sa maraming nabangkrap na maliit na panginoong maylupa at mayamang magsasaka, nanatiling petiburges ang ilan sa pamamagitan ng pagtatapos sa kolehiyo at pagiging empleyado sa kolonyal na burukrasya at mga pribadong kumpanya, at ang iba naman ay

bumagsak sa katayuan ng proletaryado o malaproletaryado.

Itinatag ng imperyalismong EU ang sistema ng edukasyon na ginamit na pangunahing instrumento ng kolonyal na kontrol. Itinuon ang pangunahing nilalaman ng edukasyon laban sa rebolusyong Pilipino at ang layunin niyon ay hubugin ang mga Pilipino sa pampulitikang pagkaalipin sa imperyalismong EU. Oras na malupig ng mga agresor na tropang imperyalista ang isang lugar noong Digmaang Pilipino-Amerikano, nagpapanggap silang titser para palaganapin ang imperyalistang propaganda na pumarito sila na dala-dala ang "demokrasya" at para ihanda ang mga Pilipino sa "pamamahala sa sarili". Hindi nagtagal ay nadagdag sa mga unang Amerikanong titser na ito mula sa hikbo ang mga "Thomasite", ang daan-daang titser na sibilyan mula sa EU. Sinistematisa nila ang mga kolonyal na iskwelahang publiko, at nagtatayo sila ng mga iskwelahan sa pagsasanay ng mga titser at mga iskwelahan sa agrikultura. Dumating din ang mga Katoliko't Protestanteng misyonaryong Amerikano para tumulong sa kolonyal na indok trinasyon ng mamamayan, laluna sa mga liblib na lugar.

Para mapalaganap ng mga agresor ang kanilang propaganda sa bawat larangan ng kultura, hinding-hindi sila nag-atubili na gumagamit ng dahas para supilin ang anumang pagtatangkang ipahayag ang mga pambansa-demokratikong adhikain ng sambayanan. Pinagtibay pa rin ang Batas sa Bandila kahit 1907 na, para supilin ang anumang makabayang pagsisikap ng mga PIlipino na itaguyod ang independensya o ipakita ang bandilang Pilipino. Ginipit ng mga kolonyal na awtoridad ng EU ang mga dyaryong tulad ng mga kolonyal na awtoridad ng EU ang mga dyaryong tulad ng El Renacimiento at El Nuevo Dia sa kabila ng mapagkompromisong liberal- demokratikong pananaw ng mga ito. Ipinagbawal ang makabayang literatura at mga pagpapalabas ng drama, at pinarusahan nang mabigat ang mga gumawa nito.

Sinasalamin ng bagong kultura at edukasyong kolonyal ang pagkapailalim ng pyudalismo sa imperyalismong EU sa materyal na basihan ng lipunan, at ang katangian ng bagong kultura at edukasyong kolonyal ay ang pangingibabaw ng ideolohiyang komprador sa ideolohiyang pyudal sa loob ng superistruktura. Ang katapatan ng simbahang Katoliko sa kolonyalismong Espanyol ay nalipat sa imperyalismong EU. Umayon sa linya ng mga dyaryo ng Eu ang mga sermon ng mga pari. Itinatag ng kolonyal na rehimen ng EU ang Universidad ng Pilipinas noong 1908 para pangunahing akitin ang petiburgesya habang patuloy na tinuturuan sa Unibersidad ng Sto. Tomas at mga iskwelahang kumbento ang eksklusibong uri na kayang magbayad ng mattas na matrikula. Ang imperyalismong EU ay disididong marekrut ng maraming ahenteng intelektwal sa petiburgesya nang sa gayo'y maitaas ang antas ng syentipiko't teknikal na kakayahan para magsilbi sa lumalaking burukrasya at dumaraming korporasyong imperyalista. Para lalong patatagi n ng kolonyal na gobyerno ng EU ang pang-ideolohiyang hegemonya nito sa Pilipinas, nagrikrut din ito, mula 1983 hanggang 1904, ng maraming istudyanteng ipapadala sa Estados Unidos para magtreyning. Pagbalik ng mga pensyonadong ito, sila ang naging pinakamaaasahang mga papet ng imperyalismong EU sa loob at labas ng kolonyal na burukrasya. Lagi silang nagkakamali na ang pagkakautang nila sa imperyalismong UE ay pagkakautang ng buong sambayanang Pilipino, at bulag sila sa katotohanan na sa pamamagitana nila'y nagapi at napagsamantalahan ng imperyalismong EU ang malawak na masa ng mamamayang Pilipino laluna ang mga manggagawa't magsasaka.

Sa pagtatatag imperyalismong EU sa kolonyal na gobyerno sa Pilipinas, umasa iyon unang-una na sa mga traydor sa rebolusyong Pilipino na kilalang-kilala sa kasamaan. Nagkaroon sila ng parte sa nakukurakot ng burukratang kapitalismo, na nagpalaki sa interes nila bilang mga kumprador at panginoong maylupa. Ang bagong paghaharing kolonyal ay itinaguyod ng kanilang partidong pampulitika, ang Partido Federal. Ang mga namumunong representante nila ay binigyan ng katungkulan sa Komisyon ng Pilipinas, ang namumunong lehislatibo't ehekutibong organo ng rehimen. Pinamunuan ito ng gubernador-heneral na Amerikano at kabilang dito ang iba pang upisyal na Amerikano.

Nang ideklara ng mga kolonyal na upisyal ng EU noong 1907 ang unang pambansang eleksyon para sa papet na Asembleya ng Pilipinas alinsunod sa Batas ng Pilipinas ng 1902, pinayagan nila ang Partido Nacionalista na lumaban sa Partido Federal. Nang makita ng mga garapal na traydor ng Partido Federal na pinagtatawanan ng mismong mga kolonyal na upisyal ng EU ang ideya nila na gawing estado ng EU ang Pilipinas, at nang makita rin nila na matindi ang kagustuhan ng sambayanang Pilipino na magkaroon ng pambansang independensya at demokrasya, nagbago ng pangalan ang mga garapal na traydor at tinawag nilang Partido Progresista ang kanilang partido, at itinaguyod ang linyang "independensya sa hinaharap" kapag naipakita na raw ng mamamayan ang kakayahan nilang "mamahala sa sarili". Sa pagtataguyod ng Partido Nacionlista sa islogang "kagyat, absoluto at kumpletong independensya", malaki ang ipinanalo nito sa Partido Progresista at papet na eleksyon. Ang mga dating papet ay pinalita ng mga ba gong papet na pinangungunahan nina Sergio Osmena at Manuel Quezon. Kahit magangdang pakinggan ang islognag ipinanalo ng mga bagong traydor, wala silang pagkakaiba sa mga dating traydor dahil tinanggap din nila ang mapagkanulong ideya na pwedeng mapayapa at maluwag na ibigay ng imperyalismong EU ang tunay na independensya.

Nanatiling pinakamataas na pinunong papet si Osmena mula 1907 hanggang 1922, una bilang presidente ng Asembleya ng Pilipinas at pagkatapos ay bilang ispiker ng Kamara ng mga Representante. Sumusunod siya sa utos ng gobernador-heneral na Amerikano. Ang Asembleya ng Pilipinas ay nakapailalim sa Komisyon ng Pilipinas at pangunahing instrumento sa apgpapadali ng pagkolekta ng buwis sa mamamayan at paglalaan ng kita ng gobyerno para sa kolonyal na administrasyon. Ang Asembleya ng Pilipinas ay ang dating prinsipalya na pinabango lamang at mas mapagkunwari. Binubuo ang Asembleya ng Pilipinas ng mga pampulitikang representate ng uring panginoong maylupa at malaking burgesyang komprador.

Isang matingkad na halimbawa ng pagkapapet ni Osmena ang kanyang kampanya noong 1917 na itigil ang anumang klase ng ahitasyon para sa independensya ng Pilipinas, nang lumahok ang imperyalismong EU sa unang gerang pandaigdig ng mga imperyalista. Nag-alok din siya ng dalawampu't limang libong (25,000) mersenaryong Pilipino, isang sabmarin at isang distroyer para magsilbi kasama ng armadong pwersa ng EU sa Europa, at nagmaniobra siya para bumili ang naghihirap na ngang mamamayang Pilipino ng mga Bonong Liberty na dalawampung milyong dolyar ($20,000,000) ang halaga, at magkontribusyon ng limang daang libong dolyar ($500,000) sa Krus na Pula ng EU.

Noong 1915, kapansin-pansin na ang pagdami ng mga pinunong Pilipino ng kawanihan. Dakdak nang dakdak ang mga imperyalistang EU tungkol sa "Pilipinisasyon" ng kolonyal na gobyerno. Marami na silang nasanay na

papet para mangasiwa sa ngalan ng monopolyong kapitalismo ng EU, bukod pa sa pangangasiwa sa ngalan ng interes ng mga lokal na mapagsamantalang uri. Noong 1916, inilabas ng mga imperyalistang EU ang Batas sa Awtonomya ng Pilipinas na bumuwag sa Komisyon ng Pilipinas at kapalit nito'y lumikha sa Senado ng Pilipinas. Ang Asembleya ng Pilipinas ang naging Kamara ng mga Representate. Lalong hinikayat ng batas na ito na magretiro ang mga burukratang Amerikano nang sa gayo'y mapalitan sila ng mga Pilipino.

Sa pagkakahalal uli ni Quezon bilang presidente ng Senado ng Pilipinas, nalagay siya sa pusisyong magagamit niyang tuntungan para makaakyat sa pinakamataas na pwesto sa papet na burukrasya. Ipinagsabi niyang siya ang responsable sa pagpapatibay ng batas sa awtonomya at kung gayo'y sa "Pilipinisasyon" ng kolonyal na gobyerno. Para palakihin ang kanyang puhunan sa pulitika, nagpanggap siyang kampyon ng independensya ng Pilipinas sa paraang aprubado ng kanyang mga among imperyalista. Pinamunuan niya ang unang misyong pumunta sa Washington noong 1918 para mamalimos ng "independensya". Unti-unti niyang siniraan si Osmena na ispiker ng Kamara ng mga Representante hanggang 1921, nang tuligsain niya ang paraan ng pamumuno ni Osmena pero hindi ang nilalaman ng pamumuno nito. Noong 1922, pareho silang kumandidato sa Senado ng Pilipinas, at nahalal sa ilalim ng magkahiwalay na paksyon ng Partido Nacionalista. Si Quezon ay nahalal uli na president ng Senado. Nahalal si Osmena na pangal awang presidente. Mula noon, si Quezon na ang naging pinakamataas na pinunong papet.

Panay ang pagtatalumpati ni Quezon para sa independensya ng Pilipinas, habang sunud-sunurang tinutupad ang kanyang tungkulin bilang pinakamataas na papet na pulitiko sa bayan. Kunwari'y di siya nasisiyahan sa resulta ng misyon sa independensya na ipinadala sa Estados Unidos, kaya noong 1926 ay binuo niya ang Kataas-taasang Pambansang Kunseho at inilunsad, noong kaarawan ni George Washington, ang pambansang araw ng pagdarasal para sa "independensya". Ginamit lamang niya ang mga ito para makakuha ng "di makapartidong" suporta para sa kanyang papet na liderato.

Kapareho ng lahat ng burukratang kapitalistang pinamunuan ni Quezon, nagpayaman siya sa pamamagitan ng katiwalian, at nagkapagkamal na yaman sa mga lupang pang-agrikultura, lupa't gusali sa syudad at sosyo sa korporasyon. Nang mangyari ang krisis ng kapitalismong EU noong 1920-29 at pasidhiin nito ang pagdurusa ng mga mamamayan sa buong mundo, si Quezon ay nagsilbing mahusay na instrumento ng kolonyal na paghahari sa pagbabandera niya ng islogang "hustisyang panlipunan" habang buong lupit na sinasalakay ang sambayanan.

Noong mag-umpisa ang dekadang iyon, ligalig na ligalig ang malawak na masa ng mamamayan dahil sa walang tigil na kolonyal at makauring pang-aapi sa kanila ng imperyalismong EU at mga lokal na alipuris nito - ang malaking burgesyang komprador at ang uring panginoong maylupa at ang malalaking papet na burukrata. Ang Partido Komunista ng Pilipinas ay itinatag ni Crisanto Evangelista noong Nobyembre 7, 1930 bilang tugon sa lumalakas na paggigiit sa pambansa't panlipunang paglaya. Nagsikap ang Partido na isanib sa kongkretong kondisyon ng lipunang Pilipino ang unibersal na teorya ng Marxismo-Leninismo at itaas ang antas ng rebolusyong Pilipino sa bagong tipo ng pambansa-demokratikong rebolusyon sa panahon ng imperyalismo.

Nang itatag ang Partido Komunista ng Pilipinas, umabot sa bagong kasukdulan ang walang humpay na pakikibaka ng masang proletaryo at magsasaka sa imperyalismong EU at pyudalismo. Mula pa nang mag-umpisa ang siglo, lumitaw na ang mga unyon ng manggagawa at samahan ng magsasaka sa kabila ng pagtatangka ng kolonyal na rehimen ng Eu na supilin ang mga iyon sa pamamagitan ng lantad na dahas at isabotahe sa pamamagitan ng impiltrasyon at pagbaluktot sa interes ng mamamayan. Noong 1920-29, madalas na naipapahayag ang diskontento ng masa sa pamamagitan ng ispontanyong karahasan tulad ng nangyari sa mga welgang industriyal sa Maynila at welga ng mga magsasaka sa Gitnang Luson, Timog Luson, Kabisayaan at Mindanao. Naghimagsik ang mga Kolorum sa dalawang probinsya sa Mindanao noong 1923-24. Sa mas maliit na saklaw, naghimagsik din sila sa Negros, Rizal, Batangas, Laguna, Pampanga at Tarlac. Sa lahat ng nagyaring protestang masa, ginamit ng kolonyal na gobyerno ng EU ang pinakamararahas n a hakbang para salakayin ang masa.

Noong Mayo 1, 1931, isang martsang bayan na inorganisa at pinamunuan ng Partido ang walang awang sinalakay at nilansag ng papet na konstabularya sa utos ng mga imperyalistang EU. Inaresto ang mga lider at myembro ng Partido. Nang sumunod na taon. ipinagbawal ng papet na Korte Suprema ang Partido at ipinabilanggo ang mga lider nito. Gayunman, kahit ipinagbawal ang Partido, sumiklab pa rin ang mga ispontansyong pag-aalsa ng mga magsasaka tulad ng nangyari sa Tayug, Pangasinan noong 1931, at ng isinagawa ng mga Sakdal sa ilang lugar sa Gitnang Luzon at Timog Luzon noong 1935.

Dahil sa grabeng kalagayan sa loob ng Pilipinas, sa Estados Unidos mismo at sa buong mundo, napilitan ang imperyalistang EU na lumikha ng ilusyon na pumapayag itong ibigay ang "independensya" sa kolonya nitong Pilipinas. Pinaigting ng krisis ng imperyalismo ang pambansang pakikibaka para sa independensya at ang tunggalian ng mga uri sa Pilipinas. Sa Estados Unidos, tinutulan nang husto ng mga kapitalista sa pagsasaka ang pag-iimport ng asukal at langis ng niyog mula sa Pilipinas; at binatikos ng mga dilawang lider manggagawa ng American Federation of Labor-Congress of Industrial Organizations o AFL-CIO ang imigrasyon ng mga manggagawang Pilipino sa Estados Unidos. Sa ganitong kalagayan, pinagtibay ng Konggreso ng EU noong 1933 ang Batas Hare-Hawes-Cutting na nagbibigay ng huwad na independensya sa Pilipinas.

Ang batas sa huwad na independensya ay iniuwi ng misyong pinamunuan nina Osmena at Roxas. Sa takot ni Quezon na gawing puhunan sa pulitika ng dalawang papet na pulitiko ang nasabing batas, tinuligsa niya iyon at sinabing hindi iyon sapat, at pinamunuan niya ang isa pang misyong nagpunta sa Washington para manghingi ng isa pang batas sa huwad na independensya. Kapalit ng Batas Hare-Hawes-Cutting, pinagtibay ng Estados Unidos noong 1934 ang Batas Tydings-McDuffie na wala namang pagkakaiba sa Batas Hare-Hawes-Cutting pwera sa kaunting pagbabago ng mga phrase. Ang bagong kolonyal na batas na ito ang ginamit na tungtungan ni Quezon para maging unang presidente ng papet na gobyernong komonwelt.

Binigyang daan ng Batas Tydings-McDuffie na mabalangkas ang isang konstitusyong aaprubahan pa ng presidente ng EU at mabuo ang gobyernong komonwelt noong 1935. Ipinangako ng Batas Tydings-McDuffie ang ganap na "independensya" sa bogus na republika sampung (10) taon pagkaraan pagtibayin ang nasabing konstitusyon. Sinigurado ng batas na iyon na kabilang sa napakaraming pribilehiyo ng mga imperyalista ang sumusunod:

mananatili ang karapatan ng mga mamamayan at korporasyon ng EU na magkaroon ng ari-arian sa Pilipinas, papayagan ang gobyerno ng EU na magpwesto ng mga tropa nito at umokupa ng malalawak na lugar sa teritoryo ng Pilipinas bilang mga base militar nito, at patuloy na magkakalakalan nang malaya ang Estados Unidos at Pilipinas.

Minanipula ng imperyalismong EU ang Kumbensyong Konstitusyonal noong 1935. Napakaraming delegado ang nagmula sa malaking burgesyang komprador at uring panginoong maylupa. Kapareho ng lahat ng kolonyal na dokumento, ang konstitusyong binalangkas nilaay naaadornohan ng matatayog napananalita na pantakop sa mahalagang probisyon at makabuluhang omisyon na nagpapanatili sa kapangyarihang pampulitika at pang-ekonomya ng imperyalismong EU, pyudalismo at burukratang kapitalismo sa Pilipinas. Ang konstitusyon ay walang itinakdang limitasyong sa pamumuhunan dito ng mga Amerikano at iba pang dayuhan pwera sa larangan ng pagmamay-ari ng lupa, likas na yaman, gamit-publiko na kung nililimitahan man ay bahagya lamang. Mayroon din itong mga ispesyal na probisyon (Artikulo 17) na pumapabor sa imperyalismong EU. Idinagdag pa noong 1939 ang unang ordinansa para lalong siguraduhin na makakapaghari ang imperyalismong EU sa lahat ng ;larangan kahit pagkaraan ng proklamasyon ng huwad na independen sya.

Ang batas sa Pambansang Depense ang kauna-unahang batas na pinagtibay ng papet na gobyernong komonwelt. Itinakda nito na ang pag-oorganisa ng reaksyonaryong armadong pwersa at kinuha ang mga Pilipinong mersenaryo ng imperyalismong EU bilang pangunahing parte ng papet na etado. Ang Konstabularya ng Pilipinas (Philippine Constabulary o PC) ang naging Unang Regular na Hukbo sa ilalim ng Hukbo ng EU noong 1936. Ninombrahan ni Quezon, na unang presidente ng papet na gobyernong komonwelt, si Heneral Douglas MacArthur bilang "field marshalal" ng mga mersenaryong ito.

Sa harap ng dumadaluhong na pasismo ng Hapon, Alemanya at Italya, ang mga Komunista sa buong mundo ay nanawagan na magbuo ng isang prente popular na kasama ang lahat ng pwersang anti-pasista. Sa tako ng mga imperyalista ng EU at papet na gobyernong komonwelt na mahiwalay sa malawak na masa ng mamamayang Pilipino, nakita nila na kailangang palayain ang nabilanggong mga lider ng Partido Komunista na kanilang inusig. Pagkalaya ng mga lider na ito noong 1936, pinaigting ng Partido ang kilusang antipasista ng mga manggagawa't magsasaka sa loob ng Prente Popular.

Sa tangka ng Partido Komunista ng Pilipinas na palakihin agad ang bilang ng myembro at ang suportang masa nito, nakipagsanib ito sa Partido Sosyalista ng Pilipinas para buuin ang Partido Komunista ng Pilipinas (Pinagsanib na Partido Sosyalista at Partido Komunista) noong 1938. Sa konggresong nagpatibay ng pagsasanib, ang mga ahente ng burgesy na nakapasok sa Partido at nag-agaw ng kapangyarihan dito habang nakabilanggo ang mga lider ng Partido ay nagtagumpay na mahalal nang pormal sa mga responsableng pusisyon, laluna sa tinatawag na pangalawang linya ng liderato. Ang mga di nagbagong elementong petiburges na ito na kinatawan ni Vicente Lava ay nakipagsabwatan sa ilang anti-Komunistang elemento sa Kaisahan para sa Kalayaang Sibil (Civil Liberties Union) at Liga para sa Depense ng Demokrasya (League for the Defense of Democracy) para isingit sa konstitusyon ng pinagsanib na partido noong 1938 ang mga kontrarebolusyonaryong probisyong sumusuporta sa kolonyal na konstitusyon ng pap et na gobyernong komonwelt.

Ang patakaran ng Prente Popular ay patuloy na binaluktot ng mga kontrarebolusyonaryong ito na nakapasok sa Partido, at ginawa nila itong patakaran sa pagpapaalipin sa imperyalismong EU at papet na gobyernong komonwelt. Ang liderato ng Partido ay minaniobra ng mga antikomunistang ito na nagkukunwaring komunista para magharap ng walang kahihiyang memorandum kina Sayre, ang Mataas ng Komisyoner ng EU sa Pilipinas, Heneral MacArthur at Quezon noong Disyembre 1941; ang memorandum na ito ay nangangako ng lubos na suporta at katapatan sa imperyalismong EU at papet na gobyernong komonwelt. Ganoon na lamang ang tuwa ng tatlong kolonyal na upisyal sa pag-aasal-pulubing ito, pero mariin nilang tinanggihan ang kahilingang magbigay ng armas.

## VII. ANG PAKIKIBAKA NG SAMBAYANAN SA IMPERYALISMONG HAPONES

Pagkatapos ng Unang Digmaang Pandaigdig, ibinigay ng imperyalismong EU at Britaniko sa Hapon ang tungkuling maging ispesyal na tanod nila sa pinto sa likuran ng unang estadong sosyalista at maging prinsipal na Asyanong kolaboreytor sa kolonisasyon ng mamamayang Asyano. Ibinigay sa Hapon ang pribilehiyong panatilihin ang mga dating kolonya nito at magkaroon pa ng mga bago, bastat hindi nito hahamunin ang hegemonya ng EU at Britanya. Sa Pilipinas, hinikayat ng imperyalismong EU ang mga empresang Hapones na lumahok sa pagsasamantala sa mamamayang Pilipino, laluna sa Mindanao. Gayunman, noong mga taon ng dekadang 1930 ay niyanig ng pandaigdigang krisis ng kapitalismo ang balanse ng kapangyarihan sa pagitan at sa loob ng mga bayang imperyalista, at nanaig ang pasismo sa ilang bayang kapitalista, kabilang ang Hapon na naging peligro sa mga mamamayan ng mundo.

Kapareho ng lahat ng iba pang kapangyarihang pasista, nagdisisyon ang imperyalismong Hapones na maglunsad ng gera para hatiin uli ang mundo sa desperadong hakabng na iligtas ang sarili sa paghina ng ekonomya nito. Ambisyon nitong monopolisahin ang Asya kahit ayaw ng mga dating among Briton at Amerikano. Naglunsad ang imperyalismong Hapones ng malakihang pagsalakay sa Tsina noong mga taon ng dekadang 1930 bago niyon sinalakay ang iba pang bayan noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Noong Disyembre 7 at 8, 1941, biglang sinalakay ng mga eroplano ng Hapon ang mga base militar ng EU sa buong Karagatang Pasipiko at Dagat ng Tsina, kabilang ang mga nasa Pearl Harbor at Pilipinas. Sinunod kaagad ng papet na gobyernong komonwelt ang mga awtoridad na militar ng EU at idineklarang "open city" (hindi lalaban) ang Maynila noong Disyembre 26, at inokupa ito ng mga Hapones noong Enero 2, 1942. Noong umpisa pa lamang, malinaw nang ang istratehiyang militar ng EU ay asikasuhin muna ang Europa at pabayaang kumalat nang husto sa Asya ang mga Hapones.

Tulad ng inaasahan ngmga mananalakay na Hapones, buong katangahang ikinonsentra ni MacArthur sa Bataan at Corregidor ang Armadong Pwersa ng EU sa Dulong Silangan (US Armed Forces in the Far East o USAFFE) na binubuo ng mga tropa ng EU at boluntir na Pilipino. Mula sa ilang lugar ay buong layang sinalakay ngmga tropa ng imperyalismong Hapones ang Pilipinas. Sa gayon, napaligiran nila ang USAFFE na sumurender sa

Bataan noong Abril 9 at sa Corregidor noong Mayo 7. Wala gaanong saysay ang paglaban sa Bataan, at ginamit lamang ito para protektahan ang pagtakas ng mga kolonyal na opisyal ng EU at papet na gobyernong komonwelt sa Corregidor. Isinurender ng mga heneral ng EU ang kanilang pwersa at sapilitang napasama ang mga ito sa "death march" mula Bataan hanggang sa concentration camp sa Capas, Tarlac.

Namili sa dalawang bagay ang mga burukratang kapitalistang pinatataba ng mga imperyalistang EU: manatiling tapat sa imperyalismong EU o ibaling ang katapatan sa imperyalismong Hapones. Ganoon din ang pinagpilian ng malaking burgesyang komprador at malaking panginoong maylupa. Hinding-hindi nila isinaalang-alang na ang pasistang pagsalakay na resulta ng mga kontradiksyon ng mga bayang imperyalista ay pagkakataon na para igiit ang soberanya ng sambayanang Pilipino laban sa imperyalismong Hapones at imperyalismong EU. Nahati sa dalawang paksyon ang Partido Nacionalista ng mga komprador at panginoong maylupa na nagmonopolisa sa papet ng burukrasya; nagsilbi sa imperyalismong EU ang isang paksyon, at ang isa nama'y sa imperyalismong Hapones. Ang mga burukratang kapitalista na nagdesisyong kumampi sa imperyalismong EU ay tumakas papuntang Washington o sumama sa USAFFE, ang mas kinalaban pa ay ang taumbayan kaysa mga pasistang Hapones at mga papet nito.

Pumarito ang imperyalismong Hapones dala ang islogang "lugar ng sama-samang kasaganaan sa Kasilangangang Asya" (East Asia Co-prosperity Sphere) tulad din ng pagparito ng imperyalismong EU dala ang islogang "mapagpalang asimilasyon" (benevolent assimilation). Ang Pilipinas ay ginawang kolonya ng mga pasistang mananalakay at itinayo nila ang sarili nilang papet na gobyerno sa pamumuno ng malaking traydor na si Jose Laurel. Sinuportahan ng malaking burgesyang komprador at uring panginoong maylupa ang papet na gobyernong ito. Noong Oktubre 14, 1943, ibinigay ng mga imperyalistang Hapones ang "independensya" at itinayo ang isang papet na republika sa malinaw na tangkang unahan ang mga imperyalistang EU, na nangako na ring gagawa ng ganoong panloloko pagdating ng Hulyo 4, 1946.

Mahigit tatlong linggo nang sakop ng mga Hapones ang Maynila ay nasa syudad pa rin ang liderato ng Partido Komunista ng Pilipinas. Naaresto ang mga lider ng Partido habang nagmimiting sa syudad. Buong linaw na ipinakita ng pangyayaring ito ang kawalan ng sapat na preparasyon sa gera. Ipinakit nito ang mapaminsalang impluwensya ng mga ahente ng imperyalismong EU, sa pamumuno nina Lava at Taruc, na nagmaniobrang ituon ang pansin ng liderato ng Partido sa parlamentarismong burges, pasipismo at mga kalayaang sibil.

Gayunman, naidaos pa rin ng mga rebolusyonaryong kadre at miyembro ng Partido ang Kumperensya ng Kawanihan ng Gitnang Luzon noong Pebrero 6, 1942, at dinesisyunan nilang buuin ang hukbong bayan para labanan ang mga mananalakay na Hapones. Dahil dito, natamo ng Partido ang karangalang maging kaisa-isang partido na nagdesisyong labang ang mga pasistang mananalakay at igiit ang soberanya ng sambayanang Pilipino. Nilikha ng Partido ang Hukbo ng Bayan Laban sa Hapon (Hukbalahap) noong Marso 29, 1942 at pinagkaisa ang sambayanan sa armadong pakikipaglaban. Napatunayan ang pagiging makabayan ng mga Komunista at Pulang mandirigma sa magigitng na pakikipaglaban sa kaaway. Pinukaw, minobilisa at pinamunuan ng mga makabayang ito ang mamamayan sa pagkakamit ng malawak na demokratikong kapangyarihan, laluna sa Gitnang Luzon at ilang lugar sa Timog Luzon.

Gayunman, ang digmaang bayan ay patuloy na sinabotahe ng reaksyonaryong pangkating burges nina Lava at Taruc sa loob ng Partido. Ikinalat nila ang linya na sa mga Hapones lamang ituon ang pakikibakang bayan at tanggapin ang pagbabalik ng imperyalismong EU at papet na gobyernong komonwelt nito. Nong kaigtingan ng gerang antipasista, pinagtiby nila ang duwag na linyang "umatras para magdepensa" na walng pagkakaiba sa patakaran ang USAFFE na "magtago at maghintay". Nilabag ng reaksyonaryong pangkating burges nina Lava at Taruc ang linya ng Ikatlong Internasyunal na makipagkaisa at makipagtunggalian sa loob ng nagkakaisang prente sa lahat ng oras, at gamitin ang antipasistang prenteng popular para maitatag ang demokratikong gobyernong bayan.

Napatunayan ng mga pangyayari na mali ang patakarang "umatras para magdepensa", at ang pagbuwag sa mga iskwadron ng Hukbalahap para maging napakaliliit naynit na may tatlong hanggang limang tao. Pinigilan nito ang paglaki at pagsulong ng hukbong bayan. Sa paggigiit ng mga rebolusyonaryong kadre at masa, itinakwil ng Komite Sentral ng Partido ang patakarang ito pero noon na lamang Setyembre 1944. Tiyempong-tiyempo na itinakwil ang patakaran para mabigyan ng daan ang matagumpay na pagsulong ng Hukbalahap kahit man lamang sa Gitnang Luzon at ilang parte ng Timog Luzon. Noong Oktubre, ang Pilipinas ay sinusubok nang bawiin ng pwersa ng imperyalismong EU.

Sa kabila ng pagpipilit ng mga ahente ng imperyalismong EU na pahinain ang Partido at ang Hukbalahap, namukod-tangi silang pinakamabagsik at pinakaepektibong mandirigma laban sa pagkuha ng pagkain, laluna ng bigas mula sa Gitnang Luzon. Pagkaraana ng gera, naging tampok sila bilang pinakamalakas na pwersang gerilya na may pinakamalawak na suporta ng bayan at pinakamalaking teritoryo.

Nang ang mga tropang Hapones ay maramihan nang nililipol ng bawat kilusan sa pambansang pagpapalaya sa Asya, laluna sa malawak na parte ng Tsina, saka lamang nakipaglaban sa Hapones ang imperyalismong EU sa dagat at himpapawid, sa masamang pakana na sakupin uli ang dating mga kolonya at manakop pa ng mga bago. Ang mga pinakamapagpasyang pagkatalo ng imperyalismong Hapones sa buong gerang antipasista sa Asya ay ipinalasap ng Partido Komunista ng Tsina at Hukbo sa Pagpapalaya ng Bayan na pinamumunuan ni Kasamang Mao Zedong. Ang Tsina ang umubos sa pinakamaraming tropang agresor na Hapones na kumalat nang husto sa malawak na teritory ng Tsina mula pa noong 1937. Utang ng mamamayan ng Asya sa dakilang sambayanang Tsino ang pagbago sa agos ng gera laban sa imperyalismong Hapones pagdating ng 1945. Hangal, asal-maton at rasista ang paggamit ng imperyalismong EU ng bomba atomika laban sa mamamayang Hapones, sa pagpipilit ng EU na angkinin ang tagumpay laban sa Hapon.

Ang pagbago ng agos ng buong gerang pandaigdig laban sa pasismo ay utang ng lahat ng mamamayan ng mundo, laluna ng mamamayan ng Europa, sa Unyong Sobyet na nasa dakilang pamumuno ni Kasamang Stalin. Ang labanan sa Stalingrad ang nagpahina sa pinakaubod ng kapangyarihang Axis. Mula noon, walang tigil na sumulong ang Pulong Hukbong Sobyet, at nalipol at nalansag ang pwersang pasista.

Higit sa lahat ay utang ng sambayanang Pilipino sa sarili ang paglaya nila sa imperyalistang mananalakay na Hapones. Ang kabuuang pagpupunyagi ng Partido Komunista ng Pilipinas, Hukbalahap at iba pang makabayang pwersang gerilya sa buong bayan ang bumali sa gulugod ng

mapanalakay at papet na pwersang Hapones. Sila ang nagtaboy sa mga Hapones mula sa mga garison sa mga syudad at kabayanan, at tumupok sa kaaway sa pakikidigmang gerilya sa kanayunan. Hindi imperyalismong EU ang nagpalaya sa Pilipinas. Bumalik lamang ang imperyalismong EU para ipataw muli ang kolonyal na paghahari nito. Sa katunayan, ikinonsentra nito ang pagbomba at pagkanyon sa mamamayang Pilipino at mga bahay nila noong huling parte ng 1944 at unang parte ng 1945 para mapadali ang pagsakop uli sa kanila. Nakipagkumpitensya ang mga imperyalistang hapones sa mga imperyalistang EU sa dami ng mga ipinapatay na mamamayang Pilipino. Pagkabalik na pagkabalik ng imperyalismong EU, nagmaniobra ito para salakayin at lansagin ang Hukbalahap at iba pang pwersang gerilya na hindi kasama ng USAFFE.

## VIII. ANG KASALULUYANG PAPET NA REPUBLIKA NG PILIPINAS

Sa paglunsad ng Partido Komunista ng Pilipinas ng digmang bayan at pagtatayo ng hukbong bayan laban sa mga pasistang Hapones at papet nito, ang Partido ay naging makapangyaring instrumento ng sambayanang Pilipino at nakaganap ng makabuluhang papel sa kasaysayan ng Pilipinas. Bago pa man ibinaba sa Luzon ang mga tropa ng imperyalismong EU, napalaya na ng Hukbalahap, sa pamumuno ng Partido, ang halos buong rehiyon ng Gitnang Luzon, nakapagtatag na ng gobyerno sa mga probinsya at munisipalidad, at nakapgpadala na ng mga armadong yunit sa Maynila at Timog Luzon.

Gayunman, hindi nagkaroon ng pang-ideolohiya at pampulitikang preparasyon laban sa pagbabalik ng imperyalismong EU at pagpataw uli ng pyudalismo sa kanayunan. Habang sa loob ng Partido ay patuloy na nagpapagamit sa imperyalismong EU ang reaksyonaryong pangkating burges nina Lava at Taruc, paulit-ulit nilang sinasabing tapat sila sa gobyerno ng EU at sa papet na gobyernong komonwelt, at umaasa silang makakalahok sa parlamentaryong pakikibaka na may basbas ng mga halimaw na ito. Pero determinado ang imperyalismong EU at mga lokal na mapagsamantalang uri na salakayin ang Partido, hukbong bayan at mamamayan sa pamamagitan ng bala at matatamis na pananalita.

Malugod na tinanggap ng Hukbalahap, na iniligaw ng reaksyonaryong pangkating burges nina Lava at Taruc, ang mga tropa ng imperyalismong EU na dumaan sa Gitnang Luzon mula Lingayen noong 1945. Lumaban ang ilang yunit ng hukbong bayan kasama ng mga tropa ng imperyalismong EU para itaboy ang mga tropa ng Hapones mula sa paliparan ng Floridablanca, pero nabigla sila nang tutukan at disarmahan din at itinaboy ng EU pagkatapos ng labanan. Sa Maynila, dinisarmahan din at itinaboy ng mga imperyalistang agresor ang mga yunit ng Hukbalahap na mas unang dumating sa Maynila kaysa kanila. Pagkaraang disarmahan ang Iskwadron 77, isang yunit ng Hukbalahap na mas unang dumating sa Maynila kaysa kanila, minasaker ito sa Malolos, Bulacan habang papauwi mula sa Maynila.

Para masupil ang sambayanang Pilipino, pinagsama ng imperyalismong EU sa ilalim ng Military Police Command nito ang mga papet na sundalo ng USAFFE at ang dating maka-Hapones na Konstabularya ng Pilipinas. Sinulsulan ng imperyalismong EU ang mga traydor na panginoong maylupa na kontrolin uli nang ganap ang mga lupang iniwan nila noong gera, singilin ang magsasaka ng di nabayarang upa at organisahin ang mga pribadong

armadong pangkat na noo'y kilalang mga gwardyang sibilyan para maipataw ang paghahari ng uri nila sa tulong ng pulisyang militar. Nagsagawa ng kampanya sa pananakot sa mamamayan ang mga imperyalistang EU at panginoong maylupa sa tangkang buwagin ang gobyerno na itinatag ng Partido at hukbong bayan sa mga probinsya at munisipalidad. Nireyd ng US Counter-Intelligence Corps ang pangkalahatang himpilan ng Hukbalahap sa San Fernando, Pampanga. Sa buong Gitnang Luzon, pinag-aaresto at pinagkukulong ang mga kadre ng Partido, Pulang mandirigma at karaniwang mamamayan. Ang mga masaker, asasinasyon, tortyur at iba pang porma ng kalupitan ay ginawa ng mga pulisyang militar at gwardyang sibilyan.

Sa tindi ng galit ng mamamayan ay gusto nilang lumaban at ipagpatuloy ang digmang bayan. Pero ipinagpilitan ng reaksyonaryong pangkating burges nina Lava at Taruc ang linyang sawa na sa gera ang mamamayan at kailangang magkampanya para sa "demokratikong kapayapaan". Sa hangarin ng mga lihim na traydor sa loob ng Partido na umokupa ng matataas na pusisyon sa reaksyonaryong papet na gobyerno, ipinagbunyi nila ang huwad na independensyang ipinangako ng imperyalismong EU. Kaya mula sa kanayunan ay inilipat sa syudad ang punong-himpilan ng Partido. Binuo ng mga traydor na ito ang Demokratikong Alyansa para matulungan ang imperyalismong EU na maitayo ang isang huwad na republika. Ginawa nilang Liga ng mga Beteranong Huk (Huk Veterans' League) ang Hukbalahap, at sa gayo'y inilagay ang mamamayan sa kamay ng kaaway. Ang mga komite ng mamamayan, na napanday sa gerang antipasista, ay ginawang mga sangay na lamang ng isang ligal na samahan ng magsasaka, at ginamit para maikalat ang ilu syon na parang grasyang mangagaling sa kamay ng kaawayang reporma sa lupa.

Itinuturing ng reaksyonaryong pangkating burges nina Lava at Taruc na pangunahing punto sa kanilang adyenda sa parlamentaryong pakikibaka ang usaping ikabit na lamang sa Partido Nacionalista o sa Partido Liberal ang Partido Komunista, sa pamamagitan ng Demokratikong Alyansa sa eleksyon ng 1946. Pinili ng reaksyonaryong pangkating burges nina Lava at Taruc na pakampihin ang Demokratikong Alyansa sa Partido Nacionalista laban sa Partido Liberal na hindi pa nagtatagal ay isa lamang paksyon ng Partido Nacionalista. Walang saligang pagkakaiba ang Partido Liberal at ang partidong pinagmulan nito.

Si Osmena, na kandidato ng Partido Nacionalista sa pagka-presidente, bilang presidente ng papet na gobyernong komonwelt ay may kinalaman sa pagkakaabswelto kay Roxas, ang nagtatag sa Partido Liberal, na inakusahang nakipagkolaboreyt sa mga Hapones. Sa utos ngmga imperyalista, pinulong ni Osmena ang konggresong binuo bago magkagera na ang mayorya ng mga myembro ay nakipagkolaboreyt sa mga Hapones noong gera. Si Roxas, ang dating punong tagakulekta ng bigas para sa hukbong imperyal na Hapones, ay inihalal ng pulutong na ito ng mga traydor bilang presidente ng Senado, isang pusisyong nagamit niya para hamunin ang papet na liderato ni Osmena. Naningil pa ng bakpey ang papet na konggresong ito para sa serbisyo nila sa mga pasistang Hapones.

1. Ang Papet na Rehimeng Roxas, 1946-48

Tulad ng itinakda ng malaking suportang pampinansya at pampropaganda na ibinuhos ng imperyalismong EU sa kampanya ni Manuel roxas para sa eleksyon, nahala siyang huling presidente ng papet na gobyernong komonwelt noong Abril 1946. Awtomatiko siyang naging unang presidente ng papet na republika ng Pilipinas nang iproklama ang umano'y

independensya noong Hulyo 4, 1946. Pinapaburan siya ng mga amo niyang imperyalista dahil pwede nilang takutin siya na isasakdal sa pakikipagkolaboreyt sa mga Hapones, at kung gayo'y maaasahang magtaguyod ng mga di pantay na tratadong gustong makuha ng mga imperyalista kapalit ng pangkalahatang amnestiya na magpapawalang-sala sa kanya at iba pang kabilang sa mga naghaharing uri sa paratang na pagtataksil sa bayan.

Sa reaksyunaryong eleksyon, ang bagong tatag na Partido Liberal ay nanalo sa Partido Nacionalista, pero sa kabila ng pandaraya at terorismo ng mga pulisyang militar at gwardyang sibilyan ay nanalo pa rin ang pitong kandidato sa pagkakonggresman ng Gitnang Luzon at tatlong kandidato sa pagkasenador na pare-parehong tumakbo sa ilalim ng alyansang Demokratikong Alyansa-Partido Nacionalista at kilalang tumututol sa mga di pantay na tratadong inihanda ng imperyalismong EU. Sapat ang kanilang bilang para mahadlangang ang pagkakaroon ng tatlong kapat na mayorya na kailangan sa pagpapatibay ng mga tratado sa Konggreso, at kung gayo'y hindi sila pinaupo sa Konggreso noong unang araw pa lamang ng sesyon dahil sa gawa-gawang paratang na nandaya sila at nanakokot sa eleksyon sa Gitnang Luzon.

Noong araw mismo na ibinigay ang huwad na independensya ng Pilipinas at ginawa ang inagurasyon ng papet na republika ayon sa proklamasyon ng isang dayuhang gobyerno, ang papet na presidenteng si Roxas ay pinapirma sa Tratado ng EU at RP sa Pangkalahatang Relasyon na nagpapawalang-bisa sa independensya ng Pilipinas. Batay sa tratadong ito, pinananatili ang pinakamataas na awtoridad ng gobyerno ng EU sa malalawak na base militar na pwede pa nilang palawakin kung gusto; ginagarantyahan ang karapatan ng mga korporasyon at mamamayan ng EU na magkaroon ng ari-arian na kapantay ng karapatan ng mga korporasyon at mamamayang Pilipino; at ipinapailalim sa gobyerno ng EU ang ugnayang panlabas ng Pilipinas.

Sa ilalim ng papet na rehimeng Roxas, ginawa ang iba pang importanteng tratado at kasunduang nagdiditalye sa saligang kolonyal na pagkaalipin ng Pilipinas sa imperyalismong EU. Ang mga ito ay ang Batas sa Ari-arian, Batas Bell sa Kalakalan, Tratado ng EU at RP sa mga Base Militar at Kasunduan ng EU at RP sa Tulong Militar. Itinatakda ng Batas sa Ari-arian na di pakikialaman ang lahat ng lupa't gusali at iba pang ari-ariang nakuha ng gobyerno ng EU o ng mga ahenya nito bago mag-Hulyo 4, 1946 at pagkaraan nito. Malinaw na hinihingi ng Batas Bell sa Kalakalan na ilagay sa kolonyal na konstitutsyon ang Susog Pariti (parity amendment) para mapayagan ang mga monopolyo ng EU na mandambong ng likas na yaman ng Pilipinas hanggang gusto at magpatakbo ng mga gamit publiko, pinatatagal ang malayang kalakalan ng Pilipinas at Estados Unidos, at ipinapailalim sa pagdidikta ng EU ang taripa at pera ng Pilipinas. Ang Tratado ng EU at RP sa mga Base Militar ay nagbibigay sa imperyalismong EU ng karapatang ekstrateritoryal sa loob ng siyamnapu't siyam (99) na taon sa mga base militar ng EU na nasa mahigit dalawampung (20) istratehikong lugar sa Pilipinas. Itinatakda ng Kasunduan ng Eu at RP sa Tulong Militar ang patuloy na kontrol ng EU sa lokal na reaksyonaryong armadong pwersa, sa pamamagitan ng Magkasanib na Grupong Tagapayong Militar ng EU (joint US Military Advisory Group o JUSMAG) na magpapayo rito at magpapahiram o magbebenta ng sandat at iba pang kagamitan.

Ayon sa Batas Tydings tungkol sa Rehabilitasyon, kailangan munang pagtibayin ang Batas sa Kalakalan, kasama ang Susog Pariti, bago ibigay

ng gobyerno ng EU ang bayad sa napinsala ng gera na hihigit sa limang daang dolyar ($500). [milyon?] Isa pa, ayon sa Tratadong Vogelback na nagpapasa ng mga surplus na ari-ariang panggera ng EU sa papet na gubyerno ng Pilipinas, obligasyon nito na tanggapin ang Batas Bell sa Kalakalan at iba pang di pantay na tratado. Nang ibigay ang bayad sa napinsala ng gera, napunta lamang ang karamihan nito sa mga monopolyo ng EU, malaking burgesyang komprador, uring panginoong maylupa, mga burukratang kapitalista at organisasyong panrelihiyon. Sa pagdidispusisyon ng surplus na ari-ariang panggera ng EU, naging laganap ang katiwalian kapareho ng nangyari nang mamahagi ng relip noong panahon ng papet na rehimeng Osmena.

Kagagawan ng papet na rehimeng Roxas ang pagpapataw ng mga di pantay na tratado sa bansang Pilipino, at kagagawan din ng rehimeng ito ang napakabangis na mga pagsalakay sa masang magsasaka na ang layunin ay palakasin ang kapangyarihan ng mga panginoong maylupa sa kanayunan. Ang mga masaker sa Maliwalu at Masico ay ilan lamang sa napakasamang mga krimeng ito. Gayunman, ipinagpipilitan pa rin ng reaksyonaryong pangkating burges nina Lava at Taruc ang linyang parlamentarismong burges. Pinilit nila na magharap ang Pambansang Kaisahana ng mga Magbubukid ng isang memorandum kay Roxas na nagmamakaawa na ipatupad ang reporma sa lupa, alisin ang mga gwardyang sibilyan at kilalanin ang karapatan ng mga magsasaka na magkaroon ng armas para idepensa ang sarili. Imbis na ipatupad ang matatag na patakarang pukawin at mobilisahin ang mamamayan sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka, ginamit ng pangkatin sa isang buhay-at-kamatayang pakikibaka ang mga salamangka ng taong walang prinsipyo.

Naging pinakalantad ang pagiging sunud-sunuran ng burges na pangkatin nina Lava at Taruc nang suportahan nila ang kampanya ng rehimeng Roxas na "payapain" ang Partido, hukbong bayan at mamamayan. Pinabantayan ang mga kadre ng Partido sa pulisyang militar at pinalibot sila para manawagan sa mamamayan na isuko ang kanilang armas. Dahil sa pananabotaheng ito, maraming namatay na mamamayan, kadre at Pulang mandirigma. Nagsinungaling sina Lava at Taruc sa mga kadre at pinalabas nila na ang kampanya sa "pagpapayapa" ay pagtatalumpati lamang sa iba't ibang lugar. Ang totoo'y isa itong kampanya ng pananakot sa mamamayan, Partido at hukbong bayan. Naging biktima ng kampanyang ito ang mga manggagawa sa kalunsuran at mga magsasaka sa kanayunan.

Hindi nagawang takutin ang mamamayan. Gustung-gusto nilang idepensa ang sarili at sa katunaya'y kusa silang nagdepensa laban sa pagsalakay ng kaaway. Pero tuwing igigiit nila ang armadong rebolusyon, ang inisyatiba sa loob ng Partido Komunista ay inaagaw ng reaksyonaryong pangkatin nina Lava at Taruc at nagkukunwari silang tinutugunan ang kagustuhan ng mamamayan. Noong 1947, inalis ng pangkatin si Pedro Castro bilang pangkalahatang kalihim dahil sa mungkahi niyang gawing hayag na partidong masa ang Partido Komunista kapareho ng Partido Nacionalista at Partido Liberal. Pero ang ipinalit ay si Jorge Frianeza na mas masahol pa kay Castro dahil lantaran niyang itinataguyod ang puspusang pakikipagtulungan sa papet na rehimeng Roxas sa kabila ng garapal na pamamasista nito sa Partido, hukbong bayan at mamamayan.

Dahil sa walang hanggang pagkamuhi ng papet na rehimeng Roxas sa mamamayan, idineklara nitong iligal ang Hukbalahap at Pambansang Kaisahan ng mga Magbubukid sa isang utos nito noong Marso 6, 1948. Hinding-hindi nag-atubili ang papet na rehimeng Roxas na salakayin ang

mamamayan sa ngalan ng imperyalismong EU at mga lokal na uring reaksyonaryo.

2. Ang Papet na Rehimeng Quirino, 1948-53

Pagkaraang mamataya si Roxas noong Abril 1948, tinapos ng kanyang bise-presidenteng si Elpidio Quirino ang natititrang panahon ng panunungkulan niya. Sa takot ni Quirino sa pagdaluyong ng rebolusyonaryong kilusang masa, kumilos siya para lokohin ang mamamayan at nag-alok ng amnestiya sa Hukbalahap saka nangakong pauupuin at babayaran ang backpay ng mga konggresman ng Demokratikong Alyansa na pinatalsik noong 1946. Ang prinsipal na kundisyong itinakda sa pagbibigay ng ganoong mga konsesyon ay ang pagsurender ng armas at pagrerehistro ng mga Pulang mandirigma ng Hukbalahap.

Kahit inalis noong Mayo 1948 ang liderato ng Partido na kinatawan ni Jorge Frianeza dahil sa maka-Kanang suporta nito sa papet na rehimeng Roxas, ang traydor na si Luis Taruc ay pinayagan ng liderato ng Partido, na kinatawan ni Jose Lava, na makipagdiskusyon sa papet na rehimeng Quirino noong Hunyo 1948 tungkol sa pagkakanulo sa rebolusyon. Ang mababaw na dahilan na ibinigay sa Partido ay gagamitin lamang ni Taruc ang negosasyon para makapagpropaganda.

Lumabas sa propagandang pabor sa kaaway ang negosasyon sa pagsurender. Nang mapagkasunduan ang amnestiya at paupuin uli si Taruc sa reaksyonaryong Konggreso, ang mga tropa at lihim na ahente ng PC ay pinahalubilo sa mga Pulang mandirigma ng Hukbalahapa at nagkaroon ng kalayaang maglibot sa mga baryo ng Gitnang Luzon. Ang pinakamaaasahang mga kadre ng Partido ay nalantad sa kaaway na pumunta doon para pangasiwaan ang pagsusurender ng armas at pagrerehistro ng mga Pulang mandirigma.

Wala pang dalawang buwan ang itinagal ng kasunduan nina Taruc at Quirino sa amnestiya. Habang buong bangis na sinasalakay na naman ng reaksyonaryong armadong pwersa ang mamamayan, niyurakan uli ng liderato ni Jose Lava ang rebolusyonaryong dangal ng Partido nang ihanda nito noong Disyembre 1948 ang isang memorandum para sa Komite sa mga Aktibidad na Di Maka-Pilipino (Committee on Un-Filipino Activities o CUFA) na binasa ni Mariano Balgos, na nagkunwaring pangkalahatang kalihim ng Partido. Ang paghaharap ng memorandum na ito ay isa na namang pagtanggap sa awtoridad ng mga reaksyonaryo. Isa pa, nasa memorandum ang mga kontrarebolusyonaryong pananaw, tulad ng isinasaad na laging susuportahan ng Partido ang kolonyal na konstitusyon ng reaksyonaryong gobyerno at magkakaroon ng batayang kapitalista ang bagong demokratikong rebolusyon.

Noong 1949, inulit ng liderato ni Jose Lava ang kontrarebolusyonaryong gawi ng direktang lumahok sa papet na eleksyon, sa pamamagitan ng pagkampanya para sa isang partikular na reaksyonaryong paksyon at pagbuntot dito. Sinuportahan nila si Laurel laban kay Quirino, ibig sabihin, ang Partido Nacionalista laban sa Partido Liberal. Hindi nila inilabas ang maruming rekord ni Laurel bilang pangunahing papet ng imperyalismong Hapones at inilako siyang isang makabayan at demokratiko. Samantalang nangangampanya si Quirino ayon sa plataporma na lubos siyang magiging tapat sa imperyalismong EU, ikinatwiran na lamang ni laurel na ang pagkapapet niya sa imperyalistang Hapones, kapareho kay Roxas, ay isang porma rin daw ng katapatan sa

imperyalismong EU na may lihim na basbas ni Quezon. Sa anu't anuman, gumamit si Quirino ng pandaraya at terorismo para masigurado ang pagkatalo ni Laurel sa eleksyon.

Pagkatapos ng eleksyon ng 1949, sinunod ng liderato ni Jose Lava ang linya na pwedeng agawin ang kapangyarihan sa loob ng dalawang taon, at sa layuning ito'y inihanda ang isang programa sa operasyong militar at mabilisang pagririkrut sa Partido. Itinuring ng liderato ni Jose Lava na mga saligang salik sa pagtatagumpay ng rebolusyong Pilipino ang panlabas na kondisyon tulad ng "katiyakan" ng ikatlong digmaang pandaigdig, pagbulusok ng ekonomya sa Estados Unidos at paglaya ng sambayanang Tsino. Hindi nila pangunahing inasahan ang lakas ng Partido at hukbong bayan, at hindi iwinasto ang mahabang panahon ng pakikipagkasundo sa imperyalismong EU at mga lokal na reaksyonaryo, pakikipagkasundong di nakabatay sa prinsipyo. Sa loob ng Pilipinas, sobra ang pagtantya nila sa tunggalian nina Quirino at Laurel bilang saligang salik sa pagpapasulong ng rebolusyonaryong kilusang masa. Noong Enero 1950, ang adbenturistang linya na magkamit agad ng tagumpay militar ay pormal na iniharap ng lid erato ni Jose Lava sa pamamagitan ng mga resolusyon ng Kawanihang Pampulitika ng Partido.

Iniatas sa lahat ng yunit ng hukbong bayan na salakayin nang sabay-sabay ang mga kabisera ng probinsya, syudad at kampo ng kaaway noong Marso 29, Agosto 26 at Nobyembre 7, 1950. Isinagawa ang mga pagsasalakay noong Marso 29 at Agosto 26. Pero dahil dito'y sobrang nabatak ang lakas ng hukbong bayan. Noong Oktubre 18, gumanti ang kaaway sa pamamgitan ng pagrereyd sa lahat ng sentral na upisina ng Partido sa Maynila at pag-aresto sa Politburo-in, na pinamumunuan ni Jose Lava, at sa iba pa. Kasunod nito, sa kanayunan ay naglunsad ng mga kampanya sa pagkubkob at pagsupil sa nakakalat na maliliit na grupo ng hukbong bayan. Madalaing natarget ng reaksyonaryong armadong pwersa ang batak na batak na linya ng suplay at komunikasyon ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan o HMB. Dahil sa putsistang oryentasyon ng liderato ni Jose Lava, dinanas ng Partido at hukbong bayan ang pinakamatinding pagkatalo.

Ang prinsipal na serbisyong ginawa ng papet na rehimeng Quirino sa imperyalismong EU at mga lokal na uring mapagsamantala ay ang napakatinding dagod na ipinalaganap nito sa Partido at hukbong bayan. Pormal na sinuspindi ang kasulatan sa habeas corpus para magawa ng pasistang militar, na pinamumunuan ni Ramong Magsaysay, ang walang karenda-rendang pang-aabuso sa mga demokratikong karapatan. Paborableng-paborable ang obhetibong kondisyon para sa paglulunsad ng matagalang digmang bayan, pero pinili pa rin ng liderato ni Jose Lava, ayon sa adbenturistang patakaran nila, na pagurin at pakalatin nang husto ang rebolusyonaryong pwersa. Pinigilan ang pagsulong ng demokratikong rebolusyon ng bayan dahil sa paglabag nila sa mga pundamental na prinsipyo ng Marxismo-Leninismo.

Nang matapos na ang dekadang 1940, nauubos na ang pondong nakuha ng papet na republika mula sa bayad sa napinsalasng gera at sa rehabilitasyon, relip, pagbebenta ng surplus na materyales na panggeraa, gastos ng mga tauhang militar ng EU at bayad sa mga beterano, dahil sa walang limitasyong pag-iimport ng mga kalakal na pangkonsumo at panluho, dahil sa obras publikas, dahil sa pagtatayo uli ng mga kiskisang pang-agrikultura, upisina at palasyo ng mga komprador-panginoong maylupa, at dahil sa laganap na katiwalian. Kinailangang ipataw ang kontrol sa pag-iimport noong 1949 para tipirin ang reserbang dolyar ng

reaksyonaryong gobyerno. Noong 1953, gumamit ng isang buong sistema ng pagkontrol sa dayuhang pera para lalong mapigilan ang pagkasaid ng pinansya ng papet na gobyerno.

Sa pagsasamantala ng gobyerno ng EU sa kagipitang pampulitika't pang-ekonomya ng Pilipinas, ipinadal rito ang Misyong Bell para gumawa ng sarbey sa ekonomya at magharap ng mga rekomendasyon sa papet na rehimeng Quirino. Binigyang-daan ng Misyong Bell ang pagpapataw ng Kasunduan sa Tulong Pang-ekonomya at Teknikal noong 1951 na nagtakda sa paglalagay sa mga adbayser ng EU sa mga istratehikong upisina ng papet na gobyerno para masigurado na magpapatuloy ang kolonyal na patakaran. Ang bagong tatag na Bangko Sentral, na kapos na kapos sa dolyar, ay naging alaga ang Bangko sa Eksport-Import ng EU (US Export-Import Bank o Eximbank) at iba pang bangko ng EU.

Sa pagkukunwari ng papet ng rehimang Quirino na sinusugan nito ang mga resolusyon ng Mga Pangsang Nagkakaisa (United Nations o UN) na kontrolado ng EU, nagpadala iyon ng pwersa sa Gera sa Korea noong 1950 para tulungan ang imperyalismong EU sa gerang agresyon nito laban sa mamamayang Koreano. Pinirmahan ng representante ng papet na presidente ang Tratado ng San Francisco noong 1951 ayon sa kagustuhan ng imperyalismong EU na buhayin uli ang militarismong Hapones bilang prinsipal na kasosyo nito sa Asya. Noong panahong iyon, mabilis na binubuhay uli ang monopolyo-kapitalismong Hapones sa pamamagitan ng mga kontrata na direktang kaugnay ng Gera sa Korea.

Noong 1951, pinagtibay ng papet na rehimeng Quirino ang Tratado ng EU at RP sa Pagdadepensahan sa pumapayag na basta na lamang makialam ang Estados Unidos sa mga usapin sa Pilipinas dahil kailangan daw nilang protektahan ang isa't isa. Noong 1953, pinirmahan ni Quirino ang kasunduan na walang taning na nagpatagal sa bisa ng Kasunduan ng EU at RP sa Tulong Militar na unang pinirmahan noong 1947. Noong 1953 din pinirmahan ang Kasunduan sa Pagpasok ng mga Mangangalakal at Mamumuhunan ng EU, kasunduang nagpapadali sa pagpasok ng kapital ng EU sa Pilipinas, at mga tagapangasiwang Amerikano. Hanggang sa huling araw ng panunungkulan ni Quirino, nanatili siyang masugid na papet na imperyalismong EU kahit ang totoo'y interesado ang Sentral na Ahensya sa Paniniktik (Central Intelligence Agency o CIA) na ipalit sa kanya si Magsaysay bilang papet na presidente.

### 3. Ang Papet na Rehimeng Magsaysay, 1954-57

Pinuri ng imperyalismong EU at mga lokal na mapagsamantalang uri si Magsaysay, bilang kalihim ng pambansang depensa sa ilalim ng papet na rehimeng Quirino, sa pagkatalo ng rebolusyonaryong kilusang masa. Pinalabas ng propaganda ng EU na "tao ng masa" at "tagapagligtas ng demokrasya" si Magsaysay at puspusan siyang sinuportahan na maging presidente kapalit ng makahayop niyang pagsupil sa masa at pagyurak sa mga demokratikong karapatan. Sa kabilang banda, sinisi nang husto si Quirino sa pagkakaroon ng gerang sibil, pagpapataw ng batas militar at paglaganap ng katiwalian sa reaksyonaryong gobyerno.

Mula sa Partido Liberal ay lumipat si Magsaysay sa Partido Nacionalista para tumakbo laban kay Quirino sa eleksyon noong 1953. Sa nangyaring ito, inilantad ng imperyalismong EU na walang anumang saligang pagkakaiba ng dalawang reaksyonaryong partido. Si Magsaysay ang naging ikatlong presidente ng papet na republika sa kabila ng

pagpilit ni Quirino na manipulahin para sa kanyang sarili ang pera at pasilidad ng gobyerno. Sa pamamagitan ng Organisasyon sa Komersyo ng mga Amerikano sa Pilipinas (American Chamber of Commerce of the Philippines o ACCP), gumamit ng napakaraming pera ang mga monopolyo ng EU para itaguyod si Magsaysay sa eleksyong wala pang kapantay sa pagiging magastos at bulok. Ginamit na dahilan ng mga upisyal ng militar ng EU ang awtoridad ng JUSMAG at pumuwesto sila hanggang sa antas ng kumpanya sa reaksyonaryong armadong pwersa para lamang siguraduhing mahahalal ang paborito nilang tuta.

Sa sandaling paghahari ni Magsaysay, kinumpleto niya ang pagdurog sa Partido at hukbong bayan ng buong kasamahan niyang ginawa sa pamamagitan ng pagsasamantala sa mga patakarang anti-komunista at anti-Leninista ng liderato ni Jesus Lava na awtomatikong pumalit sa liderato lni Jose Lava noong 1951. Ayaw ng liderato ni Jesus Lava na matuto sa mga pagkakamali ng naunang liderato ng Partido, at patuloy nilang idinispusisyon ang hukbong bayan sa adbenturistang paraan, istratehikong "kontra-opensiba" ang pinili nilang itawag sa yugto ng armadong pakikibaka noon. Sa paglabag ng mga yunit ng sa tamang linyang masa sa halos lahat ng lugar, nahiwalay sila at grabeng nang-abuso para lamang makakuha ng pagkain. Dahil sa lalong pagkahiwalay sa pulitika, lalo lamang dumami ang nakakapinsalang pagkatalong militar.

Sumurender kay Magsaysay ang traydor na si Luis Taruc noong 1954. Bumaling naman sa pagiging palasuko mula sa adbenturismo ang liderato ni Jesus Lava, na patuloy na hindi makapagsagawa ng matagalang digmang bayan sa tamang paraan. Noong 1955, ang liderato ni Jesus Lava ay naghahandang iwanan ang kanayunan sa pagsasabi na parlamentaryong pakikibaka ang pangunahing porma ng pakikibaka. Binuwag ang mga yunit ng hukbong bayan na kaya pa nilang impluwensyahan at ginawang "brigadang pang-organisasyon" daw ang mga ito.

Noong 1954, sinabotahe ng papet na rehimeng Magsaysay angwalang tigil na paggigiit ng bayan na pawalang-bisa ang Batas Bell sa Kalakalan, sa pakikipagnegosasyon na baguhin lamang ang batas. Sa gayon, ginawa ang Kasunduang Laurel-Langley. Pinalala ng bagong tratadong ito ang pang-ekonomyang pagkaalipin ng Pilipinas sa imperyalismong EU sa pamamagitan ng pagpayag na magkaroon ng karapatang pariti ang mga monopolyo ng EU sa lahat ng klase ng negosyo. Inayos ang sistemang kota at binigyan ng ispesyal na trato ang hilaw na materyales mula sa Pilipinas, na lalo lamang nagpatingkad sa kolonyal at agraryong katangian ng ekonomya. Kahit pormal na iginiit ang indepensya ng piso, ang totoo'y kontrolado pa rin ito ng dolyar ng EU.

Kitang-kita sa pagkontrol sa dayuhang pera ang pagkaalipin ng piso sa dolyar ng EU. Sa pagkakaroon ng Pilipinas ng malakolonyal at malapyudal na ekonomya, kinailangan nitong gamitin ang mga dolyar na kinikita sa pag-eeksport ng hilaw na materyales para makabili ng mga yaring kalakal sa ibang bayan, pangunahin sa Estados Unidos. Para malusutan ang mga prayoridad na itinakda ayon sa mga regulasyon sa pagkontrol sa dayuhang pera at mga batas sa taripa tungkol sa pag-iimport ng "esensyal" na mga kalakal, ang mga yaring kalakal ng EU ay kinakalas muna ng mga monopolyo ng EU at mga komprador bago dalhin sa Pilipinas, at tinatatakang hilaw na materyales na ipoproseso dito. Nagtayo ng mga planta asa pagrereasembol at pag-iimpake para likhain ang ilusyong may lokal na industrialisasyon at pampalit sa pag-iimport.

Ang unang Kasunduan sa mga Kalakal na Pang-agrikultura ay pinirmahan ng papet na rehimeng Magsaysay at ng Estados Unidos noong 1957. Layunin ng kasunduang ito na gamitin ang surplus na agrikultura ng EU para tulungang mapanatili ang kolonyal na sistema ng ekonomya ng Pilipinas, mapamalagi ang lokal na produksyong pang-agrikultura sa kapangyarihan ng imperyalismong EU, makontrol ang mga intermedyang industriya na nangangailangan ng imported na hilaw na materyales na pang-agrikultura, at masuportahan ang propaganda ng imperyalismong EU.

Para pagtakpan ni Magsaysay ang pagkapapet niya sa imperyalismong EU, ginamit niya ang dati nang kolonyal at sobinistang salamangka na tuligsain ang mga magtitinging Tsino, na pumapangatlo lamang (kasunod ang mga Amerikano at Briton) sa lahat ng mga dayuhang komersyanteng lumalahok sa lokal na kalakalan. Kasabay nito, patuloy na ginawang mahirap at magastos na maging mamamayang Pilipino ang mga kayuhang nasyunal na lahing Tsino. Ang mga ito ay kinikilan nang husto ng bandidong pangkatin ni Chiang at mga katutubong burukratang kapitalista. Sa anu't anuman, pinayagan ni Magsaysay na hangga't gusto ay maglabas ng kapital ang lahat ng dayuhang negosyante, laluna ang mga direktang representate ng mga monopolyo ng EU at malalaking komprador.

Para pagtakpan ng rehimeng Magsaysay ang antinasyunal at antidemokratikong katangian ng kanyang rehimen, may pag-aatubiling pinayagan niya na pagtibayin ang batas sa Noli-Fili na nagtatakdang pag-aralan ang mga sinulat ni Rizal. Kunsabagay, ang palalaganapin lamang naman ng batas na ito ay ang lumang tipo ng pambansang demokrasya na may katuturan lamang noong panahon ng demokrasyong burges, bago sumapit ang imperyalismo. Kasabay nito'y nakipagkutsabahan si Magsaysay sa CIA at mga Heswitang Amerikano sa paghahanda ng Batas Anti-Subersyon, na ang layunin ay likhain ang kontrarebolusyonaryong epekto na antikomunista at yurakan ang demokratikong karapatan ng mamamayan na magtipun-tipon at mamahayag.

May pinagtibay na batas si Magsaysay na gumagarantya daw sa pwesto ng mga maralitang kasama. Ang tunay na layunin nito ay siguraduhin sa mga panginoong maylupa na may pribilehiyo silang panatilihin ang malalawak na lupain nila at itaguyod ang patakaran ng estado na pamalagiin na pang-agrikulturang dependyente ng imperyalismong EU ang Pilipinas. Ipinagpatuloy ni Magsaysay ang programa sa pag-aayos sa mga usapin tungkol sa lupa pero pinagtakpan lamang nito ang pangangamkam ng lupa ng mgamapagsamantalang uri sa mga prontera. Nilikha ang Pangasiwaan sa Panustos sa Pautang at Kooperatibang Pang-agrikultura (Agricultural Credit and Cooperative Financing Administration o ACCFA) sa layuning tulungan daw ang buong uring magsasaka, pero lumabas na isa lamang itong pakana para makontrol ng mga panginoong maylupa, usurerong komersyante, burukrata at mayamang magsasaka ang mga huwad na kooperativa at malinlang ang mga maralita at panggitnang magsasaka.

May pagkakataon noong panahon ng papet na rehimeng Magsaysay na inilabas ng gobyerno ng EU ang opinyong Brownell na pormal na umaangkin sa mga base militar ng EU sa Pilipinas. Sa galit ng buong sambayanang Pilipino sa pag-angking ito ng mga imperyalista, napilitan ang reaksyonaryong Korte Suprema na kunwari'y tanggihan ang pag-angking ito. Gayunman, hindi tinutulan ng korte ang imperyalistang pribilehiyo ng Estados Unidos na okupahin nga ang mga base militar, tamasahin ang mga karapatang ekstrateritoryal at labagin ang integridad ng teritoryo ng Pilipinas.

Noong 1954, itinaguyod ng papet na rehimeng Magsaysay ang kumperensyang idinaos sa Maynila na naglabas ng tratadong nagtatatag sa Organisasyon ng Tratado sa Timog-Silangang Asya (Southeast Asia Treaty Organization o SEATO) na kontrolado ng mga imperyalista. Ang mayorya sa mga gobyernong myembro (Estados Unidos, Britanya, Pranses, New Zealand, Australia at Pakistan) ng organisasyon ay hindi man lamang kabilang sa Timog-Silangang Asya. Inangkin ng SEATO ang pribilehiyong yurakan ang soberanya ng mamamayan sa Timog-Silangang Asya at idepensa ang mga reaksyonaryong gobyerno. Dahil dito, ang SEATO ay nagkaisa na namang mababaw na dahilan para pakialaman ng imperyalismo ang mga usapin sa Pilipinas at manipulahin ang papet na gobyerno ng Pilipinas laban sa iba pang mamamayan ng Timog-Silangang Asya. Kasabay nito, pinayagan ng SEATO ang imperyalismong EU na dalhin sa Pilipinas ang mga alyado niyon at salakayin ang mamamayan sa ngalan ng pagdedepensa raw sa rehiyon.

Ayon sa patakarang agresyon ng EU sa Byetnam, kinilala ng papet na rehimeng Magsaysay ang bogus na Republika ng Timog Byetnam, na lantaran at direktang paglabag sa mga Kasunduan sa Geneva. Ginamit ang mga base militar ng EU sa Pilipinas para ilunsad ang mapanghimasok at agresibong mga aktibidad ng imperyalismong EU sa buong Asya. Idinistino sa buong Indotsina ang mga Pilipinong ahente ng CIA na nagkukunwaring mga tauhang teknikal ng masasamang grupong tulad ng Operation Brotherhood at Eastern Construction Company na ginagastusan ng CIA.

Noong 1956, inutusan ng imperyalismong EU ang papet na rehimeng Magsaysay na makipagkasundo sa Hapon tungkol sa bayad sa napinsala ng gera at pagtibayin ang Tratado ng San Francisco. Ginawa ang kasunduang Ohno-Garcia tungkol sa bayad sa napinsala ng gera, na nagpapasok sa Hapon sa ekonomya ng Pilipinas sa pamamagitan ng sistema ng paghahatid ng mga kalakal na bayad sa napinsala ng gera. Habang yumuyuko sa sosyohan ng EU at Hapon ang papet na rehimeng Magsaysay, mahilig itong gumawa ng mga agresibong pahayag laban sa mga kilusan sa pambansang pagpapalaya at mga bayang sosyalista, laluna sa Republikang Bayan ng Tsina, at mahilig ding sumang-ayon sa bawat agresibong kilos ng imperyalismong EU sa buong mundo.

Walang kahihiyang ipinagmalaki ng papet ng rehimen ang katotohanan na ang pinuno nitong si Magsaysay ay tuta ng imperyalismong EU. Sa harap ng anti-imperyalistang pagbatikos ni Senador Claro Mayo Recto, nawalan ng saysay ang pagtatangka ng rehimen na tatakang "positibong nasyonalismo" ang pagkaalipin nito.

4. Ang Papet na Rehimeng Garcia, 1957-61

Bise-presidente si Carlos P. Garcia nang maging presidente ng papet na republika sa pagkamatay ni Magsaysay noong 1957, at nahalal siyang presidente sa ilalim ng Partido Nacionalista noong taong ding iyon. Sa saligan, papet siya ng imperyalismong EU at punong representate ng mga lokal na mapagsamantalang uri. Hinding-hindi gumawa ng anumang mapagpasyang hakbang ang kanyang rehimen para lagutin ang kadenang kolonyal at pyudal na gumagapos sa sambayanang Pilipino. Sa halip, pinayagan pang manatili ito.

Dahil sa pagkontrol sa dayuhang pera at sa pag-iimport, naging magiit sa pulitika ang panggitnang burgesya na pabor sa tinatawag nilang makabansan industrialisasyon. Ang ilang Pilipinong nagmamanupaktura at

gumagamit ng lokal na hilaw na materyales ay galit na galit sa pagtatayo ng mga planta sa pagrereasembol at pag-iimpake na isinasagawa ng mga monopolyo ng EU at mga komprador para makaiwas sa taripang ipinapataw na dapat sana'y naglilimita sa pag-iimport ng mga kalakal na ginagawa na rito. Ang mga bentahe ng proteksyon ay nakita rin ng mga nagmamanupakturang umaasa sa iniimport na hilaw na materyales, gaano man karami ang mga ito, at humingi pa sila ng dagdag na proteksyon.

Ang mga adhikaing pampulitika ng pambansang burgesya ay napakahusay na ipinahayag ni Recto na nakapukaw din naman sa interes ng petiburgesya na sumama sa kilusang anti-imperyalista.

Bilang pagbibigay sa lumalakas na kilusang anti-imperyalista sa hanay ng mamamayan, ibinandera ng papet na rehimeng Garcia ang islogang "Pilipino Muna". Pero ginawa lamang ito para pagtakpan ang pagkapapet ng rehimen sa imperyalismong EU. Walang ibang kahulugan ang islogan kundi ang unahin ang mga negosyanteng Pilipino sa mga dayuhang negosyanteng hindi Amerikano sa pamamahagi ng mga dolyar ng EU para sa mga operasyong eksport-import. Ang saligang palagay pa rin ay dapat magpaalipin sa dolyar ng EU ang mga negosyanteng Pilipino. Kahit may mga batas at listahan ng prayoridad na nagpapasigla sa mga industriyang "bago" at "kailangan" at naglilimita sa pag-iimport ng ilang kalakal na pwedeng gawin dito, lalo lamang sumigla ang pagtatayo ng ilang planta sa pag-aasembol at pag-iimpake, mga plantang subsidiyaryo ng EU na nagsasabing hilaw na materyales daw ang mga yaring kalakal na iniimport nila.

Kahit lantarang sinusulsulan ng papet na rehimeng Garcia ang mga komersyanteng Pilipino na patalsikin ang mga komersyanteng Tsino sa pagtitingi, laluna sa pangangalakal ng bigas at mais, pinayagan naman ang malalaking komprador na Kuomintang na magkaroon ng malaking parte sa negosyong eksport-import at pakyawan, at pinayagan ding iuwi sa Taiwan ang kanilang kapital. Lahat ng Tsinong nakatira sa Pilipinas ay pinilit magpakita ng katapatan sa bandidong pangkatin ni Chiang o kung hindi'y paghihigantihan sila.

Ayon sa pakana ng imperyalismong EU na buhaying muli ang militarismong Hapones, ang papet na rehimeng Garcia ay dali-daling nakipagnegosasyon at nakipagkasundo sa Hapon tungkol sa Tratadong Hapon at RP sa Pagkakaibigan, Komersyo at Nabigasyon. Kahit naantala ang pagpapatibay ng panukalang tratado dahil sa matinding pagtutol ng bayan, ginagamit nang dahilan ng mga kumpanyang Hapones ang kasunduan sa bayad sa napinsala ng gera para makapagtayo ng mga upisinang "tagapag-ugnay" ,makapagsarbey sa bayan at makalahok sa negosyong eksport-import.

Noong matatapos na ang dekadang 1950, pinilit ng imperyalismong EU na alisin ng papet na rehimeng Garcia ang kontrol sa dayuhang pera. Pinayagana ng imperyalismong EU ang pagkontrol sa dayuhang pera bilang isa lamang taktikal at pansamantalang paraan para mapigilan ang mabilis na pagkasaid ng dolyar na EU at matulungang pigilan ang ganap na pagbasak ng kolonyal na ekonomya sa panahong lumalakas ang rebolusyonaryong kilusang masa. Ngayon ay gusto ng imperyalismong EU na magkaroon ng mas "paborableng sitwasyon" para sa dayuhang pamumuhunan sa Pilipinas, at walang limitasyong pag-uwi ng sobra-sobrang ganasya niyon. Gustong remedyuhan ng imperyalismong EU ang sariling problema sa balanse sa bayaran sa pamamagitan ng ibayong pag-eeksport ng labis na produkto, pang-uusura at direktang pamumuhunan sa mga negosyo na makakaganansya

nang sobra-sobra. Isa pa, sa pag-aalis ng kontrol sa dayuhang pera ay mapapatagal ang mga pribilehiyo ng mga imperyalista sa kolonyal na ekonomya kahit mata pos ang Kasunduang Laurel-Langley sa 1974.

Ginamit ng imperyalismong EU ang Bangko Mundyal (World Bank o WB) at ang internasyonal na Pondo sa Pananalapi (International Monetary Fund o IMF) para magsagawa ng pang-ekonomyang sarbey at magrekomenda ng kagyat at ganap na dekontrol bilang pundasyon ng "pag-unlad". Dahil lumalakas uli ang kilusang anti-imperyalista, hindi agad maalis ni Garcia ang kontrol sa dayuhang pera. Bago niya gawin ang hakbang ng bahagyang dekontrol noong Disyemre 1960, kinailangan siyang tuligsain nang buong bagsik ng imperyalismong EU dahil sa pagpapatuloy ng mga pagbabanta na ikukudeta ng pangkating CIA na malapit sa namatay na si Magsaysay. Sa tantya ni Garcia, masisiyahan na sa hakbang na iyon ang imperyalismong EU habang hinihintay ang eleksyong presidensyal ng 1961. Gayunman, nagdesisyon na ang imperyalismong EU na patalsikin si Garcia at palitan siya ng isa ring papet na pulitikong hindi mag-aatubiling sumunod sa mga kaliit-liitang utos nito.

Nakita rin ang katusuhan ng papet na rehimeng Garcia sa panlolokong ginawa sa negosasyong bawasan ang siyamnapu't siyam (99) na taong kontrol ng EU sa mga base militar sa Pilipinas. Kahit ipinapahayag na nagkasundo ang Pilipinas at Estados Unidos na paikliin sa dalawampu't limang (25) taon ang paghawak ng EU sa mga base, hinding-hindi sinusugan ang Tratadong EU at RP sa mga Base Militar, at pagkaraan ng ilang taon ay iniulat na hindi makita sa mga rekord ng Kagawaran sa Usaping Panlabas ang katitikan ng mga miting tungkol sa pagpapaikli sa panahon ng paghawak ng EU sa mga base. Taktika lamang ang panlolokong ito sa negosasyon para may maisagot sa lumalakas na anti-imperyalistang paggigiit na ganap na alisin ang mga base militar ng EU. Tumindi ang EU ang krimeng pagpatay sa mga Pilipino sa loob ng mga base, at nang pigilan ng mga kumander ng base ang pag-usig sa mga maysala, sa pamamagitan ng pagpipilit sa hurisdiksyon ng EU.

Noong panahon ng papet na rehimeng Garcia, patuloy na ginamit ang mga base militar ng EU sa paglulunsad ng agresyon laban sa mamamayan ng Timog-Silangang Asya. Nong 1958, ginamit ang mga base para suportahan ang maka-Kanang rebelyon laban sa sambayanang Indones at paigtingin ang pakikialam ng EU sa Indotsina. Iwinasiwas ng papet na rehimeng Garcia ang islogang "Ang Asya para sa mga Asyano" at tinangkang itayo ang Asosasyon ng Timog-Silangang Asya (Association of Southeast Asia o ASA) para kunwari'y itaguyod ang panrehiyong kooperasyon sa larangan ng ekonomya at kultura. Sa katunayan, ang ASA ay paraan lamang para makoordina ang isang sona ng malayang kalakalan para sa imperyalismong EU at mapalakas ang SEATO na niyayanig na ng malubhang kontradiksyon ng imperyalismong EU at ng Pakistan pati na ang kontradiksyon ng imperyalismong EU at ng Pransya.

Ang pagsulong uli ng anti-imperyalistang rebolusyonaryong kilusang masa ay lalong naging kapansin-pansin noong panahon ng papet na rehimeng Garcia, nang lubusin ng isang malakas na demonstrasyong pinangungunahan ng mga kabataaang lalaki at babae ang bulwagan ng papet na Konggreso noong Marso 14, 1961, at bulabugin ang antikomunistang bistang idinadaos noon ng Komite sa mga Anti-Pilipinong Aktibidad (Committee on Anti-Filipino Activities o CAFA). Ang aksyong masang ito ang naging hudyat ng pag-uumpisa ng isang rebolusyon sa kultura na may pambansa-demokratikong katangian pagkaraang isurender ng reaksyonaryong

pangkating burges nina Lava at Taruc ang inisyatiba sa mga rebolusyonaryo sa loob ng mahigit dalawang dekada. Nabigo ang CAFA sa tangkang gamitin ang Batas Anti-Subersyon para takutin ang mga istudyante, titser at lahat ng mamamayan sa pagpapahayag ng kanilang pambansa-demokratikong adhikain.

Noon pa mang 1958, pinagtibay na ang Batas Anti-Subersyon sa napakasamang hangaring bigyan ng nakakamatay na dagok ang Partido Komunista ng Pilipinas. Kasabay ng anti-Kominstang maniobrang iyon ng reaksyonaryong gobyerno, inabuso naman ni Jesus Lava ang kanyang posisyon bilang pangkalahatang kalihim ng Partido nang mag-isa niyang desisyonang lansagin ang Partido sa pamamagitan ng patakaran niyang "iisang pila", isang patakaran pumapawi kahit sa kaliit-liitang porma ng demokratikong sentralismo sa loob ng Partido. Kontroladong-kontrolado ng mga reaksyonaryo ang superistruktura sa Pilipinas, kaya agad nilang tinutuligsang "komunista" ang alinmang tunguhing intelektwal na kontra sa laos nang ideolohiya na "malayang pag-iinisyatiba" na masugid na itinataguyod ng Grand Alliance na pinamumunuan ng mga ahent ng CIA at mga pusakal na kleriko-pasistang tulad nina Manahan at Manglapus.

Nanatili at lumawak ang saklaw ng lahat ng makinaryang pangkultura na itinatag ng imperyalismong EU at simbahang Katoliko noong mag-umpisa ang papet na republika. Patuloy na minanipula ng CIA ang mga panatiko sa pinakamalaking relihiyon sa pamamagitan ng pangkatin nina Manahan at Manglapus at mga Heswitang Amerikano. Nong 1961, dinala sa Pilipinas ng imperyalismong EU ang Kwerpo sa Kapayapaan (Peace Corps) bilang isa pang kasangkapan para palalain ang pangkultura't pampulitikang subersyon ng Pilipinas.

## 5. Ang Papet na Rehimeng Macapagal, 1962-65

Sa pagtatamasa ni Macapagal ng pampulitika at pampinansyang suporta ng mga monopolyo ng EU, tinalo niya si Garcia sa eleksyong presidensyal ng 1961 kahit ginamit ni Garcia ang pera at pasilidad ng gobyerno sa sariling kampanya. Sa panahong ito ng modernong imperyalismo, hangal na tumakbo si Macapagal ayon sa plataporma ng "malayang pag-iinisyatiba" at "desentralisasyon". Nakipagkoalisyon sa Grand Alliance ang Partido Liberal, na ang pangunahing kandidato ay si Macapagal, para mabuo ang United Opposition. Walang kahihiyang sinunod ng koalisyong ito ang mga idinidikta ng mga imperyalista ng EU sa pamamagitan ng WB at IMF, bukod pa sa karaniwan nang mga adbayser ng EU.

Ang unang ehekutibong hakbang ni Macapagal nang maging papet na presidente siya noong 1962 ay iproklama ang kagyat ag ganap na dekontrol. Nakapag-uwi ng malalaking ganasya ang mga lokal na empresa ng EU kahit hindi na kailangang itago ang mga ganansyang iyon sa pamamagitan ng sobrang pagpepresyo sa mga kalakal at serbisyong binibili sa puno't mga kapatid na kumpanya sa Estados Unidos, o sa iba pang bayan. Mabilis na sinunggaban ng malaking burgesyang komprador at malaking uring panginoong maylupa ang dolya na kinikita nila sa pag-eeksport ng hilaw na materyales at malayang ipinalit sa dolyar ang piso nila para makapag-import ng mga yaring kalakal. Mula sa Bangko Sentral ay nalipat ang katiwalian sa Kawanihan ng Adwana at sa mahabang baybayin ng kapuluan nang ang sistema sa pamamahagi ng dolyar ay palitan ng inayos uling sistema sa taripa na ang layunin ay magkaroon ng kita ang gobyerno.

Nang maubos ang reserbang dolyar ng reaksyonaryong gobyerno, ibinaba sa P3.90 ang halaga ng piso bawat dolyar mula sa dating itinakdang halaga na P2 bawat dolyar. Para panatilihin ang halagang ito sa palitan, ang papet na rehimeng Macapagal ay napilitang tumanggap sa mga bangko ng EU ng mabibigat na pautang sa "istabilisasyon". Dahil sa bagong halaga sa palitan ng dolyar at piso, dumanas ang malawak na masa ng mamamayan ng mataas na presyo na nagpaliit sa tunay nilang kita. Wala kahit isang kalakal sa Pilipinas na di naapektuhan ng tumaas na gastos sa pag-iimport sa mga yaring kalakal, hilaw na materyales, pyesa, panggatong at iba pa mula sa Estados Unidos. Samantalang bumaba nang halos isang daang porsyento (100%) ang halaga ng piso, ang itinakdang minimum na sahod ay tumaas nang limampung porsyento (50%) lamang, at makakamit lamang ito ng mga sumasahod sa pamamagitan ng pakikibakang masa.

Ang krisis mismo sa ekonomya na likha ng imperyalismong EU ay ginawang dahilan ngpet na rehimeng Macapagal para maitaguyod ang patakarang papasukin nang husto ang pamumuhunan ng EU. Lumaki ang pamumuhunan ng EU pero di kasinlaki ng mga iniuuwing ganansya. Pinalala lamang ng pamumuhunang ito ang pagiging tagibang ng malakolonyal at malapyudal na ekonomya. Kinuha ng mga mamumuhunan ng EU ang mga empresang hindi na makabayad ng utang sa mga dayuhan, at nagpasok sila ng bagong puhunan sa plantasyon, planta at abono at iba pa. Ayon sa sariling patakaran ng mga monopolyo ng EU na pigilan ang paglabas ng dolyar mula sa EU, ginamit nila ang taktikang huthutin ang perang naiipon ng mga Pilipino at ang kapital na ipinapautang ng mga bangkong ari o kontrolado ng EU sa gobyerno ng Pilipinas, napapalaki nila ang kanialng pangangapital sa pamamagitana ng lokal na pangungutang. Ang lahat ng ito ay pinadali ng papet na presidente sa pamamagitan ng Ahensya sa Pagpapatupad ng Programa (Program Implementation Agency o PIA), isang upisinang sadyang nilikha para sa gayong layunin. Nilikha rin ang mga bagong ahensya sa pagpapautang para mapadali ang pagkasaid ng dayuhang pautang.

Ang mga korporasyon ng gobyerno ay direktang pinauutang ng WB. Ang mga pribadong korporasyon at bangko ay sinulsulan ng direktang umutang sa mga bangko ng EU at iba pang dayuhang bangko, at ang mga bangko ng gobyerno ang pinagagarantya. Noong panahon ni Macapagal, napakalinaw na sadyang ipinapapasan sa reaksyonaryong gobyerno ang maraming utang sa dayuhan para ganap na mawasak ang ilusyon ng mga makabansang burges na magagamit nila ang papet na estado sa pagkuha ng mga ari-arian ng EU sa Pilipinas.

Inumpisahan ang isang programa sa mga proyekto sa obras publikas na ang pangunahing intensyon ay ubusin ang mga dayuhang pautang at waldasin ang piso at buong ekonomya. Inumpisahan iyon sa kabila ng katotothanang hindi makuha ng papet na rehimeng Macapagal sa Konggreso ang mga batas sa buwis na kailangan para madagdagan ang kita ng gobyerno na tutugon sa lumalaking astos nito. Itinayo ang walang kabuluhang Pangasiwaan sa Pangkagipitang Pag-eempleyo (Emergency Employment Administration o EEA) para makapagsagawa ng huwad na obras publikas at malikha ang ilusyon na may maraming trabaho sa panahong maraming nasisante.

Sa tangka ng papet na rehimeng Macapagal na disimulahin ang lantarang pagkapapet nito sa imperyalismong EU, inilipat ang "araw ng independensya" sa Hunyo 12 mula Hulyo 4. Ang pabulang "ibinigay" ng

Estados Unidos ang independensya sa sambayanang Pilipino lkay pinalitan ng ganoon ding kaaroganteng pabula na "ibinalik" iyon ng Estados Unidos. Nauso sa mga papet na pulitiko ang purihin ang mga pangyayari at bayani ng lumang demokratikong rebolusyon para magkaroon ng bahid na kayumanggi ang pagkapapet nila. Inilagay sa Unibersidad ng Pilipinas si Romulo, na matagal nang tuta ng imperyalismong EU, para laging makonsulta ni Macapagal sa pagpapaganda ng mga patakarang maka-imperyalsita at para mapahusay ang unibersidad ng estado bilang kasangkapan ng imperyalismong EU at mga lokal na mapagsamantalang uri.

Para lalong magmukhang progresibo ang papet na rehimeng Macapagal at malinlang ang uring magsasaka, pinagtibay ang Kodigo sa Reporma sa Lupang Pang-agrikultura. Nagbanal-banalang ipinahayag ng Kodigo na "kontra sa patakarang publiko" ang pakikisamang partihan at ipinangakong palalayain daw ang masang kasama.a Sa kabila ng matatayog na pananalita tungkol sa pagpapalaya sa masang kasama, naroon ang lubos na pagbibigay ng katiyakan sa lahat ng panginoong maylupa na bibigyan sila ng "makatwirang bayad" kung kukuhanan sila ng reaksyonaryong gobyerno ng kapirasong lupa. Hindi kaya ng masang kasama ang preso ng lupa at hindi kasya ang pondo ng rekasyonaryong gobyerno para kumuha ng higit pa sa iilang piraso ng lupa.

Itinakda rin ng kodigong iyon na bago kunin ng gobyerno sa panginoong maylupa ang anumang lupa, kailangang munang "mamwisan" ang masang kasama, na pinagbabayad ng takdang upa na ang halaga aay o ang dalawampu't limang porsyento (25%) ng karaniwang taunang netong ani batay sa tatlong taong normal na ani bago pumasok sa kasunduang "buwisan" ang panginoong mayalupa at kasama.a Obligado ang kasama na akuin ang lahat ng gastos sa pagsasaka at magbayad ng itinakdang upa sa panginoong maylupa, anupaman ang resulta ng ani, magkaroon man ng baha, tagtuyot o peste. Hindi talaga bumababa ang upa sa pamumuwisan; isa lamang itong porma ng pakikisamang partihan. Pero pinalalabas ng kodigo na "maaalis" na ang pakikisamang partihan kapag pinairalang pormang ito ng pakikisama.

Inumpisahan ng papet na rehimeng Macapagal ang pag-angkin ng Pilipinas sa Sabah at ang planong itayo ang Maphilindo (Malaysia, Philippines at Indonesia) pra ipatupad daw ang patakarang bawiin ang dating teritoryo (irredentist policy), pero ang tunay na layunin nito ay padaliin ang pagkilala sa Pilipinas bilang tagapamagitan at tagsuporta sa "Malaysia" na gawa-gawa ng mga Briton at Amerikano. Ang Maphilindo ay walang iba kundi imperyalistang salamangkang ginawa para isahan ang gobyerno ni Sukarno ng Indonesia at para makapangikil ng mas marami pang pribilehiyo ang mga monopolyo ng EU sa Malaya at Hilagang Kalimantan. Sa labas ng Pilipinas, pinawalan niya ang bisa ang Tratado sa Pangkalahatang Relasyon ng EU at RP, pero pinayagang magpatuloy ang lahat ng iba pang di pantay na tratadong nagdiditalye sa tratadong iyon.

Kakatwa na samantalang ang soberanya ng Pilipinas at hurisdiksyon sa mga base militar ng EU sa loob ng Pilipinas ay hindi maigiit ng papet na rehimeng Macapagal, hinangad pa nitong makuha ng mas maraming teritoryo sa labas. Nang dumami ang mga kasong pagpatay sa mga Pilipino ng mga tauhang militar ng EU, nakipagsabwatan ang rehimen sa embahador ng EU sa dati nang salamangka na makipagnegosasyon para susugan ang Kasunduan ng EU at RP sa mga Base Militar. Ang mga susog na napagkasunduan ay nagpalawak pa nga sa hurisdiksyon ng kumander ng base ng EU. Gayunman, hindi naman seryosong gumawa ng hakbang para iharap

ang mga susog na ito sa Senado ng Pilipinas at mapagtibay.

Inilantad nang husto ng rehimeng Macapagal sa lahat ng mamamayang Asyano ang pagkapapet nito sa imperyalismong EU nang masugid itong nagkampanya na magpadala ng mga mersenaryong tropang Pilipino para lumahok sa gerang agresyon ng EU laban sa mamamayang Byetnames. Ang mga Pilipinong ahente ng CIA, na nagkaroon na ng malaking interes sa negosyo sa gerang agresyon ng EU sa Indotsina, ang pinakamapilit na nakiisa kay Macapagal sa panawagan niyang magpadala ng mga mersenaryong tropang Pilipino sa Byetnam. Kunwari'y mga pangkat ng mga inhiyero't doktor ang mga unang mersenaryong ipinadala sa Byetnam ayon sa batas na pinagtibay ng papet ng Konggreso.

Para maisulong ang imperyalistnang sosyohan ng EU at Hapon sa pagsasamantala sa mamamayang Asyano at para mapalaki ang papel ng Hapon bilang panrehiyong punong papet ng imperyalismong EU sa Asya, itinaguyod ng papet na rehimeng Macapagal ang kumperensya na humantong sa pagtatayo ng Bangko sa Pagpapaunlad ng Asya (Asian Development Bank o ADB) na kontrolado ng EU at Hapon, at inalok na maging punong-tanggapan ng ADB ang Maynila. Ang ADB ay isa na namang institusyon sa pinansya na itinayo para manipulahin ang papet na gobyernong Pilipino na pananatilihin nito ang malakolonyal at malapyudal na ekonomya na magsusuplay ng hilaw na materyales, pangunahin sa Estados Unidos at Hapon. Noong panahon ni Macapagal, tumaas sa dalawampung porsyento (20%) ang parte ng Hapon sa kalakalang panlabas ng Pilipinas.

Sumulong ang rebolusyonaryong kilusang masa sa syudad sa pagkontra sa mga reaksyonaryong patakaran ng papet na rehimeng Macapagal. Palaki nang palaking mga demonstrasyong protesta ang inilunsad ng mga manggagawa, magsasaka, istudyante at iba pang makabayan. Noong Oktubre 2, 1964, nagdemonstrasyon ang mga manggagawa't istudyante laban sa mga karapatang pariti ng EU at mga base militar ng EU, una sa harap ng embahada ng Estados Unidos at pagkatapos ay sa harap ng palasyo ng Malakanyang at dito'y nakipaglaban sila sa mga gwardya ng presidente. Ang mga pinakamilitanteng demonstrador ang naging mga myembrong tagapagtatag ng Kabataang Makabayan. Itinatag ang Kabataang Makabayan noong Nobyembre 30, 1964 at naging isang matatag at importanteng salik sa pakikibaka para sa pambansang demokrasya.

Noong Disyembre 28, 1964, isang malaking miting ang idinaos ng mamamayan ng syudad ng Angeles at mga kalapit-bayan para tuligsain ang pagpatay sa mga Pilipino sa loob ng mga base militar ng EU at para igiit na alisin ang mga baseng ito. Noong Enero 25, 1965, dalawampung libong (20,000) manggagawa, magsasaka, istudyante at walang hanapbuhay ang nagmartsa papunta sa papet na Konggreso at pagkatapos ay sa embahada ng EU para komprehensibong ilantad ang mga ginagawa ng imperyalismong EU, pyudalismo at burukratang kapitalismo. Paulit-ulit na nagdemonstrasyon laban sa "Malaysia" na gawa-gawa ng mga Briton at Amerikano, at laban sa gerang agresyon ng EU sa Byetnam.

Bago gawin ang mga demonstrasyong ito at pagkatapos, nagkakaroon ng mga miting-pag-aaral sa maraming lugar para puspusang talakayin ang mga isyu. Sa kabuuan, ang mga militanteng demonstrasyon at miting-pag-aaral ay ibayong pag-unlad ng pambansa-demokratikong tipo ng rebolusyon sa kultura na inumpisahan ng demonstrasyong anti-CAFAl noong 1961. Gumanap ang kabataan ng tungkulin na maging taliba sa mga aksyong masang ito. Mas malaki sanang papel ang magagampanan ng mga manggagawa't magsasaka

kung hindi ipinagpatuloy ng reaksyonaryong pangkating burges nina Lava at Taruc ang mahigit isang dekadang pananabotahe sa rebolusyonaryong kilusang masa.

Sa kanayunan, patuloy sa rebolusyonaryong pagsisikap ang mga Pulang kumander at mandirigma na tumangging isagawa ang panawagan ng liderato ni Jesus Lava na itigil ang armadong pakikibaka. Gayunman, ang mga nagpatuloy sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa kanayunan ay madaling natangay sa pananaw ng pangkat na rebeldeng lagalag at anging biktima ng pag-agaw ng pangkating maton nina Taruc at Sumulong sa liderato, dahil walang depinidong lideratong Marxista-Leninista na kayang magbagsak sa kontrarebolusyonaryong liderato ng reaksyonaryong pagkating burges nina Lava at Taruc. Sa kabila ng pag-agaw ng reaksyonaryong pangkating burges nina Lava at Taruc at ng pangkating maton nina Taruc at Sumulong sa liderato, iginiit ng malawak na masa ng mamamayan na dapat magkaroon ng tamang rebolusyonaryong lideratong proletaryo.

Inilantad ng solong liderato ni Jesus Lava ang lubos na pagkabangkarot nang magpadala ito ngmga sulat na sumusuporta sa mga patakaran ni Macapagal, laluna sa Kodigo sa Reporma sa Lupang Pang-agrikultura, at nang pagkatapos ay ayusin ng nasabing liderato ang pagsurender nito noong Mayo 1964. Bago sumurender si Jesus Lava, nagpilit siyang guluhin ang rebolusyonaryong kilusang masa sa pamamagitan ng basta-bastang pagnonombra na parang kumikilala sa independyenteng kaharian ng pangkating maton nina Taruc at Sumulong, pero nagsulsol naman sa ilan niyang kamag-anak na agawin ang liderato ng Partido, kahit hiwalay sila sa masa at ang totoo'y kasabwat sa pagsurender niya.

Ang Masaka, isang repormistang samahan ng magsasaka, ay ginamit ng independyenteng kaharian nina Lava para ipagpilitan ang huwad na awtoridad nito sa rebolusyonaryong kilusang masa at para tuparin ang pangako ni Jesus Lava na susuportahan ang huwad na programa sa reporma sa lupa ng reaksyonaryong gobyerno.

Pagkaraang sumurender ni Jesus Lava kay Macapagal, ang mga kontrarebolusyonaryong kilos nina Lava at Taruc ay pinuna at itinakwil ng mga Marxista-Leninista na lumitaw sa rebolusyonaryong kilusang masa. Noong una, ispontanyo ang mga pagpuna at pagtatakwil. Naging masaklaw na kilusang pagwawasto ang mga ito. Kinailangan pa ng kilusang pagwawasto ang ilang taon para makasulong sa yugtong maitatayo na ang Rebolusyonaryong Paaralan ng Kaisipang Mao Zedong at maitatatag na uli ang Partido Komunista ng Pilipinas sa dakilang patnubay ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong. Hindi madaling naalis sa Partido ang matagal na paghahari ng dinastiya nina Lava at Taruc.

6. Ang Papet na Rehimeng Marcos, 1966-

Ang paglipat ni Magsaysay sa Partido Nacionalista mula Partido Liberal para kumandidatong presidente noong 1953 ay ginawa rin ni Ferdinand Marcos noong 1965, nang hindi ipinapaliwanag kung nagkaroon ng anumang pagbabago sa mga prinsipyong pampulitika, at sa gayo'y minsan pang nalantad na walang anumang saligang pagkakaiba ang dalawang papet na reaksyonaryong partido. Si Marcos pa man din ang presidente ng partidong iniwan niya at matalik siyang kasamahan ni Macapagal.

Tinalo ni Marcos si Macapagal noong eleksyon ng 1965 at naging ikaanim siyang president ng papet na republika. Pagkaraan ng panunungkulan ni Marcos, kumandidato siya uli noong 1969 at tinalo niya si Sergio Osmena, Jr. ng Partido Liberal. Sa dalawang eleksyong presidensyal na ito, ang nakaharap niya ay mga kalaban na nagsasabing mas magaling silang tuta ng imperyalismong EU. Sa kabilang banda, ang gusto ng imperyalismong EU ay isang papet na kapareho ni Marcos, na pinakaepektibong makakagamit ng kontrarebolusyonaryong dalawahang taktika sa panahong tampok ang pagsulong ng rebolusyonaryong kilusang masa sa kalunsuran at kanayunan.

Habang ang papet na rehimeng Marcos ay nagpapanggap na "makabansa" na interesado sa kalayaang pang-ekonomya ng bansang Pilipino at nangangakong tatapusin ang Kasunduang Laurel-Langley sa 1974, laluna ang karapatang pariti, pinagtibay ng rehimen noon pa mang 1967 ang Batas na Pang-engganyo sa Pamumuhunan na nagdedeklarang patakaran ng estado na akitin ang dayuhang pamumuhunan at nagsasabing "Pilipinong nasyonal" ang korporasyong may maksimum na dayuhang sosyong apatnapung porsyento (40%). Sa pakahulugang ito, pwedeng lumikha ang mga imperyalista ng EU ng sistema ng magkakawing na mga korporasyon. Sa sistemang ito, ang "Pilipinong nasyonal" na mayroon nang apatnapung porsyentong (40%) sosyo na itinatago nito ay namumuhunan sa isa pang korporasyon, kaya ang nangyayari ay humigit sa apatnapung porsyento (40%) ang dayuhang sosyo ng nasabing korporasyon. Gayunman, malinaw na pinapayagan ng batas na lumampas sa apatnapung porsyento (40%) ang dayuhang sosyo sa dati o bagong korporasyon g nakarehistro sa Lupon ng Pamumuhunan (Board of Investments o BOI), at manatiling ganoon nang walang taning hanggat hindi binibili ng mga "Pilipinong nasyonal" ang mga sosyong ibebenta sa pamilihan ng sosyo sa ikalabing-isang taon pagkaraang magrehistro ang korporasyon. Hindi lamang ginagarantyahan ng Batas sa Pag-eengganyo sa Pamumuhunan ang karapatan sa ari-arian ng mga dayuhang mamumuhunan, kundi ginagarantyahan pa ang karapatang hindi kunin ang nasabing ari-arian at inilalantad ang pangingibabaw ng dayuhang pamumuhunan sa anumang soberanyang pinagsasabi ng kasalukuyang papet na estado. Ang mga "pag-eengganyo" na ibinibigay ng batas ay wala pang kapantay sa pag-abuso sa soberanya ng sambayanang Pilipino at ang layunin ng mga iyon ay palalain ang kolonyal na katayuan ng Pilipinas.

Isang nakakapinsanang kampanyang propaganda na sumusuporta sa pananatili ng interes ng mga monopolyo ng EU sa Pilipinas ang inilunsad ng mga kontrarebolusyonaryo, laluna ng CIA at ng mga Heswitang Amerikano sa pamamagitan ng pangkatin nina Manglapus at Manahan. Iwinasiwas ng Christian Social Movement o CSM, Movement for the Advancement of Nationalism o MAN, Upisina ng Konggreso sa Pagpaplano ng Ekonomya (Congressional Economic Planning Office o CEPO) at iba pang grupong repormista ang mga islogan nilang "mapayapang rebolusyon", "repormang konstitusyonal", at "partihan sa ganansya", at pinalaganap ang mapanlinlang na linya na maisusulong ang nasyonalisasyon ng ekonomya sa pamamagitan ng lehislasyon at pamilihan ng sosyo. Sinasabi sa mga manggagawa na pwede silang maging kapitalista at pwedeng sumosyo sa mga dayuhang mamumuhunan kung bibili sila ng sosyo at isasangla ang sahod na hindi pa man nila natatanggap. Kapareho ito ng dating kasinungalingan na paulit-ulit na sinasabi sa m ga magsasakang walang lupa na pwede silang magkaroon ng lupa kung bibili ng lupa sa mga panginoong maylupa.

Marami nang pag-iingay tungkol sa isa pang kolonyal na Kumbensyong Konstitusyonal. Pinalalaganap na isa itong paraan para baguhin ang

umiiral na kondisyon. Gayunman, ang tunay na layunin ng Kumbensyong Konstitusyonal ay iakma ang pagkakasulat ng kolonyal na konstitusyon sa mga batas na kapareho ng Batas sa Pang-eengganyo sa Pamumuhunan at ng inihahanda ngayong tratado sa pagkakaibigan, komersyo at nabigasyon ng Estados Unidos at Pilipinas. Sa tuwi-tuwina'y ipinapaalala sa malawak na masa ng mamamayan na kailangan nilang akitin at tanggapin nang mabuti ang mga "turistang may dolyar", ibig sabihin, ang mga monopolyo ng EU. Ang bawat munisipalidad o baryo ay pinaaasanga magiging puntahan ng mga turista ayon sa pakanang kontrahin ang tumitinding damdamin ng bayan laban sa imperyalismong EU.

Ganap na pinawalan ng saysay ng papet na rehimeng Marcos ang repormistang pananaw na makukuha ng reaksyonaryong gobyerno o ng mga negosyanteng Pilipino ang mga interes na pang-ekonomya ng imperyalismong EU ayon sa "ligal na proseso" at "makatwirang pagbabayad" at buong katapatang sinunod ng papet na rehimeng ito ang dikta ng imperyalismong EU na ubusin ang pera ng reaksyonaryong gobyerno at pahirapan ang mamamayan sa pamamagitan ng implasyon at paulit-ulit na debalwasyon. Sa kabila ng pagtaas ng mga buwis, umabot sa di kukulangin sa anim na bilyong piso ($6,000,000,000) ang panloob na utang ng reaksyonaryong gobyerno dahil gastos ito nang gastos sa mga proyektong lalo lamang nagpapatingkad sa malakolonyal at malapyudal na katangian ng ekonomya. Dagdag sa panloob na utang na ito, mahigit isang bilyon, siyam na raang milyong dolyar ($1,900,000,000) ang naging panlabas na utang, pangunahin sa imperyalismong EU. Sa gayon, ang bansa ay nahirapan nang husto sa wala pang katulad na kr isis sa pinansya.4 Naghihirap ang malawak na masa ng mamamayan sa mabilis na tumataas na mga presyo dahil mabilis na umuunti ang mabibili ng piso sa loob at labas ng bansa.

Sinamantala ng imperyalismong EU ang kagipitan sa pinansya ng papet na gobyernong Pilipino, at sa pamamagitan ng IMF ay idinikta ang debalwasyon ng piso kahit mapinsala ang malawak na masa ng mamamayan. Noong mag-umpisa ang 1970, bumaba ang halaga ng piso at naging mahigit anim na piso bawat dolyar ng EU mula sa tatlong piso at nubenta sentimos bawat dolyar. Ikalawang beses na ito sa loob lamang ng walong taon na ang debalwasyon ay ipinataw sa mamamayan nang walang katugong dagdag sa kanilang kita. Mula 1962 ay mahigit sandaa't limampung porsyento (150%) na ang itinaas ng presyo ng maraming pangunahing kalakal. Wala kahit isang kalakal sa Pilipinas na hindi naapektuhan ng tumataas na gastos ng pag-iimport ng panggatong, kagamitan, pyesa, hilaw na materyales at iba pa. Araw-araw na nahaharap sa pagkabangkrap ang pambansang burgesyang Pilipino dahil naalis sa lokal na pamilihan ang kanilang mga produkto at hindi sila makakuha ng sapat na utang sa bangkrap na papet na gobyerno.

Dahil sa debalwasyon ng piso, awtomatikong tumaas ang halaga ng mga ari-arian ng EU sa Pilipinas, pati na ang halaga ng panlabas na utang ng Pilipinas. Walang saysay at istupido na asahan na ang mga monopolyo ng EU ay mabibili ng reaksyonaryong gobyerno at ng mga pribadong Pilipinong mamimili ng sosyo. Sa kabilang banda, masahol pa kaysa dati ang reaksyonaryong gobyerno na namamalimos ng mapang-usurang dayuhang pautang, at ang mga empresang pag-aari ng Pilipino ay mas madaling makuha, maasimila o madurog ng mga monopolyo ng EU kung ikukumpara sa dati. Dahil sa debalwasyon, lalo lamang umasa ang Pilipinas sa dolyar ng EU at lalo lamang lumala ang malakolonyal at malapyudal na katangian ng ekonomya.

Kahit buong kayabangang idineklara ng papet na rehimeng Marcos na saklaw ng reporma sa lupa ang maraming munisipalidad laluna sa Gitnang Luzon, ang totoo'y walang pera ang reaksyonaryong gobyerno para maisagawa ang tinatawag nitong programa daw sa reporma sa lupa. Sa kanayunan ng Pilipinas, naging napakalinaw na sa paglulunsad lamang ng digmang bayan maisasagawa ng uring magsasaka ang rebolusyong agraryo. Sa kalunsuran, nagigipit nang husto ang proletaryado dahil sa maramihang pagtatanggal sa trabaho at implasyong kagagawan ng imperyalismo sa loob at labas ng Pilipinas.

Ang mga reaksyonaryong uri lamang sa lipunang Pilipino ang may parte sa mga mapagsamantalang pribilehiyo at pakinabang na tinatamasa ng imperyalismong EU. Ang malaking burgesyang komprador at uring panginoong maylupa ang napapaburan anang husto ng awtomatikong pagtaas ng pisong katumbas ng dolyar na kinikita nila sa pag-eeksport ng hilaw na materyales. Sila ang prinsipal na nakikinabang sa iba't ibang proyekto sa obras publikas na nagpapadali sa paghahakot ng inieeksport na hilaw na materyales at iniimport na yaring produktor. Tumatanggap sila ng iba't ibang porma ng "pang-eengganyo" sa pag-eeksport. Sila ang binibigyan ng pinakamalalaking pautang para magtayo at magtayo uli ng mga pasilidad sa pagmamanupaktura. Kasabwat ang papet na rehimeng Marcos sa salamangka ng imperyalismong EU na gawing suki ang Pilipinas sa pagbili ng asukal para magkaroon ng dagdag na pribilehiyo dito sa bayan. Alinsunod dito'y ibinigay ng papet na rehimen ang pinakamalalaking pautang para makapagpa tayo ng mga bagong asukarera sa maraming lugar. Sa pagdidiposisyon sa pondo ng gobyerno at pag-aapruba ng gobyerno sa mga proyektong pangnegosyo, ang krisis sa ekonomya ay pinalalala ng mga burukratang kapitalista, na pinangungunahan ni Marcos, sa pamamagitan ng pangingikil ng kickback sa lahat ng klase ng kontrata sa gobyerno.

Bilang masugid na papet ng imperyalismong EU, dinaig ni Marcos si Macapagal sa pagpapadala ng mga mersenaryong tropang Pilipino para lumahok sa gerang agresyon ng EU sa Byetnam at buong Indotsina. Kahit lumalala ang pagkabangrap ng reaksyonaryong gobyerno, ipinadala pa rin ni Marcos ang Philcag sa Timog Byetnam. Hanggang ngayon, may mga mersenaryong Pilipino roon na iba lamang ang tawag tulad ng Philcon, Operation Brotherhood at mga kumpanya sa inhinyera. Garapal na ginagamit ng imperyalismong EU ang mga base militar nito, at ang himpapawid at karagatan ng Pilipinas, para maglunsad ng mga gerang agresyon sa Asya. Sa mga base militar, ang mga tauhang militar ng EU ay patuloy na pumapatay, nanggagahasa at gumagawa ng lahat ng klase ng pang-aabuso sa mamamayang Pilipino, pero ang papet na rehimeng Marcos, tulad ng lahat ng naunang papet na rehimen, ay nakikipagsabwatan sa mga imperyalistang EU sa "pakikipagnegosasyon" na humahantong lamang sa pagtataguyod sa mga karapatang ekstra teritoryal ng mga imperyalistang EU. Imbis na ipaglaban ang soberanya ng sambayanan, pinakakawalan ng reaksyonaryong gobyerno ang pulisya at mga tropa nito para salakayin ang mga anti-imperyalistang aksyong protesta ng mamamayan.

Ginagaya ng papet na rehimeng Marcos ang bawat "bagong" patakaran ng imperyalismong EU at sinusunod ang bawat "bagong" hakbang nito. Sinusunod ng rehimen ang "bagong patakaran sa Asya" ni Nixon na "Asyano ang palabanin sa kapwa Asyano". Masugid na sinusuportahan ang sosyohan ng EU at Hapon sa Pasipiko at ang panggugulo ng sosyohang ito sa Asya. Yumuyuko ang rehimen sa patakaran ng mga imperyalista ng EU na buhayin uli ang militarismong Hapones at gawin itong punong-tanod ng

imperyalismong EU sa Asya. Ang militarismong Hapones na nagbabangon uli ay itinataguyod na "panrehiyong lider" ng Asya sa pamamagitan ng ADB, Konseho ng Asyano sa Pasipiko (Asian Pacific Council o ASPAC), Asosasyon ng mga Bansa sa Timog-Silangang Asya (Association of Southeast Asian Nations o ASEAN), Konsehong Pang-ekonomya ng mga Ministro sa Timog-Silangang Asya (Southeast Asian Ministers' Economic Council o SEAMEC), "Porum na Asyano" at iba pa.

Bago pa man pagtibayin ang di pantay na Kasunduan ng Hapon at RP sa Pagkakaibigan, Komersyo at Nabigasyon, hinihimok na ng papet na rehimeng Marcos ang mga monopolyong Hapones na lusubin ang Pilipinas. Sila ngayon ang pangalawang pinakamalaking dayuhang mamumuhunan. Itinatambak dito ang mga kalakal ng Hapon at pinapasok ng mga puhunang Hapones ang bawat importanteng larangan ng negosyo. Ang Hapon ay pangalawa lamang sa Estados Unidos sa pagkuha ng tanso, troso, pulot at bakal. Mahigit tatlumpung porsyento (30%) ngayon ang parte ng Hapon sa kalakalang panlabas ng Pilipinas. Hindi nirerespeto ng mga sasakyang militar at plotang pangingisda nito ang karagatang nasa teritoryo ng Pilipinas. Sa desperadong tangka ng papet na rehimeng Marcos na lokohin ang mamamayang Pilipino tungkol sa Hapon, pinalalaganap ang kasinungalingan na mabait ang Hapon para makautang kapalit ng pandarambong sa likas na yaman ng Pilipinas at pagsasamantala sa mamamayan. Pinalalabas pang kabutihang-loob s a mamamayan ang ibinabayad ng Hapon sa napinsala ng gera na ibinubulsa naman ng mga lokal na reaksyonaryo. Ang istratehikong Pan Philippine Highway ay tiklop-tuhod na tinawag na "Japanese Friendship Highway".

Unti-unti ring inuumpisahan ng papet na rehimeng Marxos ang pakikipagkalakalan at relasyong diplomatiko sa sosyal-imperyalismong Sobyet at iba pang bayang rebisyonista ayon sa patakaran ng imperyalismong EU na panatilihin ang pandaigdigang pakikipag-alyansa sa Unyong Sobyet laban sa Tsina, mamamayan, rebolusyon at komunismo. Sa bigong tangka ng imperyalismong EU na huwag itong mapagtuunan ng atensyon, itinataguyod nito ang sama-samang pang-aapi at pagsasamantala ng Estados Unidos, Hapon at Unyong Sobyet sa sambayanang Pilipino. Kaugnaya nito, may pakana ang mga imperyalista na palakasin ang napakasamang hangin ng modernong rebisyonismo sa loob ng bayan. Ang mga lokal na ahente ng modernong rebisyonismo, ang reaksyonaryong pangkating burges ayon sa imperyalistang pakanang isabotahe ang rebolusyonaryong kilusang masa.

Sa pagsasagawa ng mga reaksyonaryong patakaran, di maiiwasan ng papet na rehimeng Marcos na malantad ang pasistang katangian nito. Dahil hindi na makaya ang krisis sa pulitika at ekonomya na pinagbagsakan nito sa bansa at dahil hindi na rin maloko ang mamamayan sa pamamagitan ng mga ipokritong islogan tulad ng "pwede uling maging dakila ang bansang ito" o "bagong Pilipinismo", buong bangins na ginagamit ng papet na rehimeng Marcos ang makinarya ng estado para supilin ang malawak na masa ng mamamayan sa pamamagitan ng terorismo, paisa-isa man o malawakan. Sa paglulunsad ng kampanyang anti-demokratiko, pakutya pang iwinawasiwas ang bandera ng "liberal na demokrasya".

Sa pamamagitan ng JUSMAG, nagsusuplay ang imperyalismong EU ng mas maraming kagamitang militar sa reaksyonaryong armadong pwersa at nag-uudyok dito na maglunsad ng mga kampanyang kontra-insureksyon, ibig sabihin, salakayin ang malawak na masa ng mamamayan. Sa pamamagitan ng Ahensya sa Internasyonal na Pagpapaunlad (Agency of International

Development o AID), ang imperyalismong EU ay nagbibigay din ng kagamitan sa komunikasyon at kagamitang anti-riot para salakayin ang mga organisasyong masa at lansagin ang mga aksyong protesta. Nagpupunta pa nga sa larangan nang mga tauhang militar ng EU para pangasiwaan ang mga operasyon ng pulisya at militar. Ang malinaw na layunin ng pagpapatindi ng imperyalismong EU sa lokal na pasismo ay supilin ang lumalaking rebolusyonaryong kilusang masa na pinag-aalab ng mabilis na pagbulusok ng naghaharing sistema.

Habang tumitindi ang pasismo, ang mga pribadong hukbo at mga upisyal na yunit ng mamamatay-tao kapareho ng "Monkees", "BSDU" (Barrio Self-Defence Unit), "Home Defense Forces", "Ispesyal na Pwersa" (Special Forces), "pansagupang pwersa ng probinsya" (Provincial Strike Forces) at iba pa ay garapal na gumagawa ng brutalidad laban sa mamamayan. Kahit malinaw nang lumilitaw ang tiranikong katangian ng reaksyonaryong gobyerno, ang mga kontrarebolusyonaryo ay nagtatayo ng mga grupong repormista para palakihin ang kumpyansa sa reaksyonaryong gobyerno at siraan ang rebolusyonaryong kilusang masa.

Katangian ng papet na rehimeng Marcos ang mga masaker, maramihang pag-aaresto, pangingidnap, asasinasyon, panggagahasa, panununog, pangingikil, at pandarambong sa mga bahay. Ang mga masaker sa Culatingan at Corregidor, ang masaker sa Lapiang Malaya, ang mga masaker sa Capas, Mendiola at Tarlac ay malilinaw na katibayan ng pasistang katangian ng papet na rehimen at ilang halimbawa lamang ng marami pang brutalidad sa mga manggagawa, magsasaka, istudyante, intelektwal at pambansang minorya.5 Sa nakaraang eleksyong presidensyal, ang papet na rehimeng Marcos ay gumamit ng wala pang katulad na pandaraya at terorismo para siguraduhing mananatili ito sa kapangyarihan. Sa paraang wala pang katulad ay ginamit ang pondo at pasilidad ng gobyerno, at ang reaksyonaryong armadong pwersa ng gobyerno at mga pangkatin ng mga panginoong militar, para panatilihin sa kapangyarihan ang pasistang pangkating Marcos.

Sa ilalim ng papet na rehimeng Marcos, umabot sa bagong kasukdulan ang rebolusyonaryong kilusang masa. Noong 1966, ang sunud-sunod na mga protestang masa laban sa pagkakasangkot ng Pilipinas sa gerang agresyon ng EU sa Byetnam ay humantong sa kasukdulan noong Oktubre 23 at 24 nang mariing tuligsain ng napakaraming manggagawa, magsasaka't istudyante ang miting na idinaos sa Maynila, at dinaluhan ng pinuno ng mga imperyalista ng EU na si Johnson at ng mga papet na pinunong Asyano. Noong 1967, kinundena sa malalakas na demonstrasyon ang pang-ekonomyang pang-aalipin ng mga monopolyo ngEU sa sambayanan, ang mga base militar ng EU at mga brutalidad dito, at ang gerang agresyon sa Byetnam. Noong 1968, sumiklab sa buong kapuluan ang mga militanteng demonstrasyon laban sa negosasyon ng Estados Unidos at Pilipinas na naghahandang patagalin ang "tratong nasyonal" sa mga monopolyo ng EU nang lampas sa 174, laban sa mga base militar ng EU, laban sa ibayong Amerikanisasyon ng Unibersidad ng Pilipinas at buong sistemang pang-edukasyon, at laban sa suporta ng mga Briton at Amerikano sa "Malaya".

Nangyari noong 1969 ang mga rebelyon ng mga istudyante at titser laban sa reaksyonaryong sistema ng edukasyon, mga demonstrasyon sa Maynila ng mga magsasaka laban sa mga panginoong maylupa at pasistang paghahari sa kanayunan at mga welga ng mga manggagawa na sinuportahan ng mga aktibistang istudyante. Buong bagsik na sinalubong ng mga militanteng demonstrasyon ang pagdating dito ng mga pinunong

imperyalista ng EU na sina Nixon at Agnew sa magkahiwalay na okasyon. Samantalang nagngangalit ang mga militanteng aksyong masa sa Maynila at iba pang syudad, mas marami kaysa dati ang mga rebolusyonaryong manggagawa, istudyante at intelektwal na nagpunta sa kanayunan para magsarbey doon at lumahok sa gawaing masa sa hanay ng magsasaka. Mabilis na sumulong ang bagong demokratikong tipo ng rebolusyon sa kultura na pinamumunuan ng muling tatag na Partido Komunista ng Pilipinas.

Taun-taon, sa kabila ng pasistang brutalidad ay lumalakas ang rebolusyonaryong kilusang masa, dumadalaw, lumalaki, lumalaganap sa mga probinsya at naghahatid ng mas malinaw na rebolusyonaryong mensahe sa mamamayan. Noong 1970, nangyari ang wala pang katulad na mga aksyong masa na sa tuwina'y direktang nilahukan ng limampung libo hanggang isang daang libong (50,000 - 100,000) mamamayan, isang dakilang paglalagom ng rebolusyonaryong pagpupunyagi sa nakaraang dekada at senyal ng unos sa kabuuan ng kasalukuyang dekada. Nag-umpisa ang mga aksyong masang ito sa mga demonstrasyon ng mga manggagawa, magsasaka, istudyante at intelektwal noong Enero 26 at Enero 30-31. Ang pagtatangka ng mga reaksyonaryo na ibandera ang kontrarebolusyonaryong islogang "mapayapang rebolusyon" ay nilunod ng rebolusyonaryong isolgan ng masa na "matagalang digmang bayan" na sagot sa pasistang brutalidad sa kanila, at sagot din sa paulit-ulit na banta ng papet na rehimeng Marcos na pormal na idedeklara ang bat as militar. Inihudyat ang Sigwa ng Unang Kwarto ng 1970(6) na hinog na ang rebolusyon sa kultura na pinangungunahan ng mga rebolusyonaryong kabataang may oryentasyong Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong at mulat sa demokratikong rebolusyon ng bayan. Ang esensya ng rebolusyon sa kultura ay malinaw na lumitaw na kilusang propaganda para sa pambansa-demokratikong pakikibaka sa imperyalismong EU, pyudalismo at burukratang-kapitalismo.

Dahil nahaharap ang papet na rehimeng Marcos sa bumabagsik na paglaban ng rebolusyonaryong masa, inulit-ulit nito na pormal na idedeklara ang batas militar sa kabila ng katotohanang walang taros itong nagsasagawa ng pasistang pananakot sa kalunsuran at kanayunan, laluna sa kanayunan na ang masang magsasaka ay pinagbubuntunan ng galit ng mga unipormadong tropa at katulong nilangmaton. Sa paggamit ng papet na rehimeng Marcos ng higit pang kontrarebolusyonaryong karahasan, pinagngnangalit nito ang sambayanan at pinabibilis ang pagbagsak ng malakolonyal at malapyudal na sistema.

Hindi na pwedeng salakayin ng papet na rehimeng Marcos ang rebolusyonaryong masa nang hindi lumalasap ng ganting salakay. Itinatag uli ang Partido Komunista ng Pilipinas na binibigyan ng makapangyarihang inspirasyon ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong at tinatahak nito ang landas ng armadong rebolusyon para ipaglaban ang pambansang paglaya at demokrasyang bayan. Ang Bagong Hukbong Bayan, na pinamumunuan ng Partido, ay masigasig na nagtatayo ng mga rebolusyonaryong base sa kanayunan at patuloy na nagtatagumpay sa matagalang digmaang bayan. Ginagamit ngayon ng Partido Komunista ng Pilipinas ang istratehikong prinsipyo ni Tagapangulong Mao na kubkubin ang kalunsuran mula sa kanayunan.

Noong matapos ang 1969, wala pa mang isang taong naitatatag ang Bagong Hukbong Bayan, nang magkaroon ng makabuluhang pagtaas ang antas ng armadong paglaban ng mga gerilyang magsasaka kung ikukumpara sa antas na naabot noong mga sinundang taon, ang bilang ng kaaway na napatay ng

Bagong Hukbong Bayan ay mahigit isang daa't limampung porsyento (150%) ang taas sa karaniwang bilang ng kaaway na napapatay taun-taon mula 1966 hanggang 1968. Mula Marso 29, 1969 hanggang Marso29, 1970, di kukulangin sa dalawang daang (200) tropang kaaway, ispiya, lokal na tirano at masasamang elemento ang nalipol ng Bagong Hukbong Bayan.7

Kahit sa Partido at Bagong Hukbong Bayan nakakonsentra ang salakay ng kaaway, matagumpay na natagalan nila ang mga asolt ng kaaway, at nakapagkamit ng ibayong lakas. Ang dahilan nito ay nagsasagawa sila ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka para idepensa ang malawak na masa ng mamamayan.

## IX. ANG MULING PAGTATATAG NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS

Sa ngayon, ang pinakamakabuluhang pangyayari sa rebolusyong Pilipino ay ang muling pagtatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas sa kataas-taasang patnubay ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong. Itinatag uli ang Partido noong Disyembre 26, 1968, pagkaraana ng ilang taon na punahan at pagpuna sa sarili na ginawa ng mga matatanda't batang rebolusyonaryong proletaryo.

Sa pagpapatuloy ng Partido Komunista ng Pilipinas sa demokratikong rebolusyon ng bayan sa bago at mas mataas na antas, itinatag uli ang Partido sa teoretikong batayan ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong, ang rurok ng rebolusyonaryong ideolohiyang proletaryo sa kasalukuyang panahon. Puspusang pinuna at itinakwil ang kontrarebolusyonaryong rebisyonistang linya nina Lava at Taruc na nanatili sa loob ng mahigit tatlong dekada sa lumang pinagsanib na Partido ng Partido Komunista at Partido Sosyalista. Inilabas ng Partido ang dokumento ng pagwawasto, "Iwasto ang mga Pagkakamali at Muling Buuin ang Partido", at pinagtibay ang Programa Para sa Demokratikong Rebolusyon ng bayan at ang bagong Konstitusyon ng Partido sa Konggreso ng Muling Pagtatatag.

Sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas, ang mga gerilyang bayan ay ginawang Bagong Hukbong Bayan noong Marso 29, 1969. Sa miting ng mga Pulang kumander at mandirigma, itinakwil ang bandidong pangkatin nina Taruc at Sumulong na kontrarebolusyonaryong tira-tirahan ng lumang reaksyonaryong pangkating burges nina Lava at Taruc. Ang mga Pulang kumander at mandirigma ay naglabas ng dokumento ng pagwawasto, "Ang Bagong Hukbong Bayan" at pinagtibay nila ang "Mga Saligang Tuntunin ng Bagong Hukbong Bayan".

Mula nang itatag uli ang Partido at buuin ang Bagong Hukbong Bayan, lalong nagpakatraydor ang reaksyonaryong pangkating burges nina Lava sa Maynila at ang bandidong pangkatin nina Taruc at Sumulong. Sa pagpapalala ng reaksyonaryong pangkating burges nina Lava sa kanilang kontrarebolusyonaryong linyang parlamentaryong pakikibaka at pagpapaalipin sa imperyalismong EU at mga lokal na mapagsamantalang uri, binuo nila ang pangkating Monkees-Armeng Bayan-Masaka (Lava) na garapal na pagsunod sa mga pasistang patakaran ng papet na rehimeng Marcos at nagsasagawa sila ng maraming brutalidad sa pagtupad sa kanilang linyang mang-intriga sa Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan.8 Sa kabilang banda, inalis na ng bandidong pangkatin nina Taruc at

Sumulong ang lahat ng dati nilang pagkukunwari at nagprisinta silang susurender sa papet na rehimeng Marcos sa kondisyong patuloy nilang hahawakan ang kanilang mga maton at nakaw na yaman.9

Patuloy na pinamumunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka at ang pambansang nagkakaisang prente.10 Mula nang itatag uli ang Partido, magiting at wastong itinataguyod nito ang dakilang pulang bandila ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong at ang pamumuno ng proletaryadong Pilipino sa rebolusyong Pilipino. Hindi na ngayon pwedeng yurakan ng imperyalismong EU, pyudalismo at burukratang kapitalismo ang sambayanang Pilipino nang hindi nahihiwalay at nagagantihan ng di-magagaping rebolusyonaryong kilusang masa ng mga manggagawa, magsasaka, istudyante, intelektwal at lahat ng iba pang makabayan.

# IKALAWANG KABANATA

## MGA PUNDAMENTAL NA SULIRANIN NG SAMBAYANANG PILIPINO

> Sa pagharap sa problema, dapat makita ng Marxista ang kabuuan at pati ang mga parte. Sabi ng palakang nasa balon, "Ang langit ay kasinlaki lamang ng bunganga ng balon." Hindi iyan totoo, dahil ang langit ay hindi kasinlaki lamang ng bunganga ng balon. Kung sinabing "Kasinlaki ng balon ang isang parte ng langit," iyan pa ang totoo, dahil tumutugma sa katotohanan.
>
> -Mao Zedong

### I. LIPUNANG MALAKOLONYAL AT MALAPYUDAL

Malakolonyal at malapyudal ang lipunang Pilipino ngayon. Ang katayuang ito ay itinatakda ng imperyalismong EU, pyudalismo at burukratang kapitalismo na ngayo'y walang awang nagsasamantala sa malawak na masa ng mamamayang Pilipino. Ang tatlong kasamaang ito na bunga ng kasaysayan ang mga pundamental na suliraning nagpapahirap sa lipunang Pilipino.

Ang malakolonyal na katangian ng lipunang Pilipino ay pangunahing itinatakda ng imperyalismong EU. Kahit sinasabi ng mga reaksyonaryo na independyente na ang Pilipinas, hindi ito ganap dahil sila na rin ang kumokontra sa sarili sa pagsasabing "ibinigay" o "ibinalik" lamang ng imperyalismong EU ang independensya ng Pilipinas. Ang totoo ay patuloy na nilalabag ng imperyalismong EU ang pambansang soberanya sa pangalan at pagkaraang ibigay ito, sinigurado ng imperyalismong EU na patuloy nitong kokontrolin ang ekonomya, pulitika, kultura, militar at ugnayang panlabas ng Pilipinas. Nakapangikil ang imperyalismong EU ng di pantay na mga tratado at makaisang-panig na mga pribilehiyong lumalabag sa pambansang soberanya, integridad ng teritoryo at pambansang mana ng sambayanang Pilipino. Patuloy na inaangkin ng imperyalismong EU ang pribilehiyong bigyan ng armadong proteksyon ang mga lokal na

mapagsamantalang uri. Kahit may ilusyon ngayon na nagpapasya sa sarili ang kasalukuyang gobyer no, ang mga saligang patakaran nito at ang eleksyon at pagnonombra ng pinakamatataas na upisyal ay pangunahing itinatakda ng imperyalismong EU. Ang mga engklabe sa ekonomya na pinaghaharian ng mga empresa ng EU at pati ang malalaking base militar ang pinakamalinaw na ebidensya na kolonya pa rin ng Estados Unidos ang PIlipinas. Maaalis lamang ang mga kolonyal na engklabeng ito sa pamamagitan ng armadong pambansang rebolusyon na maggigiit sa independensya ng Pilipinas.

Ang malapyudal na katangian ng lipunang Pilipino ay pangunahing itinatakda ng pagkakapasok ng monopolyong kapitalismo ng EU sa lumang pyudal na paraan ng produksyon, at ng pagkakapailalim ng sistemang ito sa monopolyong kapitalismo ng EU. Ang kongkretong resulta ng pagkakasanib ng dayuhang monopolyong kapitalismo at katutubong pyudalismo ay ang pagka-agnas at pagkalusaw ng natural na ekonomyang nakakasapat sa sarili, na naging ekonomyang pangkalakal. Dahil dinidiktahan ng dayuhang monopolyong kapitalismo ang ekonomyang pangkalakal, ginagamit ito para pigilan ang pag-unlad ng pambansang kapitalismo at pwersahing mabangkrap ang mga may-aring nagbubungkal at tagayari ng handikrap. Ginagamit ang ekonomyang pangkalakal para panatilihin sa pyudal na pagkaalipin ang malawak na masa ng mamamayan, at kasabay nito'y likhain ang relatibong surplus na populasyon, ang malaking reserbang hukbo ng paggawa, at sa gayo'y mapanatiling mababa ang presyo ng paggawa. Sa agrikultura ng Pilipinas, p atuloy na umiiral ang lumang pyudal na paraan ng produksyon kaagapay ng kapitalistang pagsasaka, na pangunahing isinasagawa para sa produksyon ng ilang pananim na pang-eksport na kailangan ng Estados Unidos at iba pang bayang kapitalista. Sa katunayan, mas malawak pa rin ang mga sakahang ginagamitan ng lumang pyudal na paraan ng produksyon kaysa mga sakahang kapitalista. Ang pyudalismo ay pinasisigla at pinananatili ng imperyalismong EU para mapamalaging naghihirap ang malawak na masa ng mamamayan, supilin ang pinakamalaking uri, ang uring magsasaka, at manipulahin ang atrasadong kalagayan ng bayan nang sa gayo'y makakuha rito ng murang paggawa at murang hilaw na materyales. Sa ganitong pakahulugan sinasabi na batayang panlipunan ng imperyalismong EU ang pnanatili ng pagsasamantala ng mga panginoong maylupa. Kailangan ang rebolusyong agraryo para mawasak ang ugnayan ng imperyalismong EU at pyudalismo at alisan ng batayang panlipunan ang imperyalismong EU.

Naging malakolonyal at malapyudal ang lipunang Pilipino dahil na-iimpluwensyahan at umaasa sa isa't isa ang imperyalismong EU at pyudalismo. Hindi talaga interesado ang imperyalismong EU na paunlarin ang ekonomyang kolonyal at agraryo para maging tunay itong independyente at umaasa-sa-sarili. Natural sa modernong imperyalismo na ang gawing posible lamang ay ang tagibang at pasumpong-sumpong na pag-unlad. Ang mga monopolyong kapitalista ng EU ay interesado lamang na makakuha ng sobra-sobrang ganansya mula sa kolonyal na palitan ng hilaw na materyales na galing sa Pilipinas at yaring kalakal na galing sa Estados Unidos, mula sa direktang pamumuhunan sa mga kolonya at malakolonya na nagsasampa ng mas mataas na ganansya, at mula sa internasyunal na pang-uusura.

Ang mga pundamental na problema ng sambayanang Pilipino ay hindi maaasahang lutasin ng kasalukuyang reaksyonaryong estado dahil, unang-una, likha at papet na instrumento ito ng imperyalismong EU at pyudalismo. Sa bawat antas ng kasalukuyang reakasyonaryong estado, mula

sa pambansang antas hanggang sa antas ng munisipalidad, nariyan ang mga burukratang kapitalista na tuta ng imperyalismong EU at pyudalismo. Ang burukratang kapitalismo mismo ay bukod pang kasamaang nagpapahirap sa buong bansa. Ginagampanan nito ang ispesyal na papel na pag-ugnayin ang mga interes ng mga dayuhan at katutubong mapagsamantala at supilin ang determinadong paglaban ng rebolusyonaryong masa. Itinayo ang mga ito para maging mga papet na administrador ng imperyalismong EU ayon sa patakarang "sanayin na mamahala sa sarili".

Mas gusto pa ng mga burukratang kapitalista na ibulsa ang nananakaw nila sa gobyerno at manghingi ng konsesyon sa kanilang mga among dayuhan at pyudal kaysa ipaglaban ang pambansa-demokratikong interes ng sambayanang Pilipino. Walang saysay at mali na asahang babaguhin nila ang malakolonyal at malapyudal na mga saligang patakaran ng reaksyonaryong papet na gobyerno. Ang karaniwang ginagawa ng mga bulok na opisyal na ito ng gobyerno ay gumamit ng kontrarebolusyonaryong dalawahang taktika para lokohon ang mamamayan at mas mahusay na pagsilbihan ang mga naghaharing uri. Ipinoproklama nila ang sarili na mga "populista", "makabayan", "demokrata" o "sosyalista" pa nga, at kaya rin nilang magnakaw ng mga kataga sa rebolusyonaryong kilusang masa. Ang pakikipagkaibigan nila sa mga lokal na rebisyonistang taksil at mga sosyal-imperyalistang Sobyet ay pinalalabas pa nga nilang patunay ng pagiging makabayan at progresibo. Pero hinding-hindi sila nag-aatubiling maging lantarang pasista at gumamit ng pwersang militar para supilin ang rebolusyonaryong masa. Sila ang mga katiwala ng reaksyonaryong estado, na instrumento sa pamimilit sa malawak na masa ng mamamayan. Ang burukratang kapitalismo ang batayang panlipunan ng pasismo.

## II. IMPERYALISMONG EU

### 1. Ang Kahulugan ng Imperyalismo

Nang magdesisyon ang Estados Unidos na agawin ang Pilipinas kasama ng iba pang kolonya ng Espanya noong nag-uumpisa ang siglong 1900, umabot na ang kapitalismong EU sa tinatawag ni Lenin na huling yugto ng kapitalismo - ang monopolyong kapitalismo o imperyalismo. Ang malayang kompetisyon ay nagbigay-daan na sa konsentrasyon ng produksyon at kapital sa kamay ng iilan. Kung hindi maglulunsad ng imperyalistang pagpapalawak ang naghaharing uring monopolyong kapitalista ng EU, hindi nila malulutas, kahit pansamantala, ang krisis sa sobrang produksyon. Imperyalismo ang huling paraan ng mga monopolyong kapitalista para ipagpaliban ang rebolusyonaryong pagbabagsak sa kanila. Ang ibig sabihin ng imperyalismo ay pinaaabot sa ibang bansa at sambayanan ang makauring pang-aapi't pagsasamantala sa loob ng Estados Unidos sa pamamagitan ng pag-eeksport ng sobrang mga produkto at kapital.

Ibinigay ni Lenin ang pinakaeksaktong depinisyon ng modernong imperyalismo nang sabihin niyang ito ang monopolyong yugto ng kapitalismo at tukuyin ang lima sa mga saligang katangian nito: (1) ang konsentrasyon ng produksyon at kapital na umabot na sa yugtong nakalikha na ito ng mga monopolyong gumaganap ng mapagpasyang papel sa pang-ekonomyang buhay; (2) ang pagsasanib ng kapital ng bangko at kapital ng industriya, at ang pagkakalikha ng oligarko sa pinansya batay

sa "pinansyang kapital" na ito; (3) ang katangi-tanging importansya ng pag-eeksport ng kapital na iba sa pang-eeksport ng kalakal; (4) ang pagbubuo ng mga internasyonal na grupo ng mga monopolyong kapitalista na naghahati-hati sa mundo; at (5) ang pagkumpleto sa paghahati-hati sa teritoryo ng buong mundo sa pagitan ng pinakamalalaking kapitalistang kapangyarihan.

Hindi maiiwasang sumiklab ang Digmaang Espanyol-Amerikano noong 1898 dahil sagabal ang kolonyal na Espanya sa imperyalistang pagpapalawak ng EU. Napalaganap na ng imperyalismong EU ang hegemonya nito sa hilagang parte ng Timog Amerika at sa buong Gitnang Amerika. Determinado itong agawin sa kolonyal na Espanya ang Puerto Rico at Cuba, at monopolisahin at gawing sariling bakuran ang buong Amerika Latina. Nakita ng imperyalismong EU na mabuti pang magdeklara ng gera sa nabubulok nang kapangyarihang kolonyal nang sa gayo'y magkaroon nang dahilan na agawin ang Pilipinas at makakuha ng importanteng balwarte para sa matagalang agresyon laban sa Tsina at sa buong Asya. Para sa Estados Unidos, na noo'y bagong-sibol na kapangyarihang imperyalista, isang pitik lamang ang kaaway.

Ang ibig sabihin ng imperyalismo ay gera. Ang mga gera sa pagpapalawak mismo ay malaking negosyo na pinakikinabangan ng mga monopolyong kapitalista ng EU, pero sa bandang huli'y napapahamak din sila kung nabibigo ang mga gerang iyon. Ang di-makatarungang mga gerang iyon ang pinakamasamang klase ng pang-aapi at pagsasamantala sa mamamayang Amerkano at pati sa ibang sambayanan. Habang nagkukunwari ang imperyalistang estado na sinusunod nito ang "guhit ng tadhana", o wika nga nitong bandang huli'y idinidepensa ang "mundong malaya", pinpilit ang milyun-milyong manggagawang Amerikano na pag-ibayuhin ang monopolyong produksyon at magsundalo para lumaban sa ibang bayan. Layunin ng mga imperyalista na palawakin ang larangan ng monopolyong pamumuhunan sa ibang bayan, gawing posible ang pagdidispatsa ng tambak-tambak na yaring kalakal at agawin ang mga mapapagkunan ng hilaw na materyales. Layuning pigain ang mas malaking ganansya sa ibang bayang kolonya at malakolonya.

Kontra sa idealistang pananaw na napilitan lamang ang Estados Unidos na maging tagapag-alaga ng Pilipinas dahil sa isang "biro ng kapalaran" tulad ng nangyaring pagsabog ng barkong Maine na naging mitsa raw ng Digmaang Espanyol-Amerikano, ang pagsakop ng Estados Unidos sa Pilipinas - na hindi lamang nakatuon sa mga kolonyalistang Espanyol kundi pati sa mga rebolusyonaryong Pilipino - ay matagal nang itinakda ng mga panloob na batas ng paggalaw ng kapitalismong EU. Ang katakawan ng mga imperyalista sa sobra-sobrang ganansya ang nagdala sa mga agresor ng EU sa Pilipinas at Asya. Ang pagpapalawak ng imperyalismong EU ay patakaran na buong lupit na dinesisyunan ng monopolyong kapitalistang interes na nasa likuran ng estado ng EU.

Naipataw ng imperyalismong EU ang kapangyarihan nito sa sambayanang Pilipino sa paggamit, unang-una na, ng kontrarebolusyonaryong dahas at, ikalawa, sa pamamagitan ng panlilinlang. Noong una, sumingit ito sa mga usapin ng Pilipinas sa pamamagitan ng pagtulong kunwari sa lideratong burges-liberal ng Pilipinas na labanan ang Espanya. Sumunod na ang pagsupil sa rebolusyonaryong gobyerno ng Pilipinas at sa rebolusyonaryong masa sa pamamagitan ng pwersang militar. Hinding-hindi binitiwan ng imperyalismong EU ang kontrerebolusyonaryong dalawahang taktika; inalok ng negosasyon, kapayapaan, yaman at parte sa poder ang

burges na liderato ng lumang demokratikong rebolusyon, habang buong bagsik namang ipinanghahagupit sa rebolusyonaryong masa ang imperyalistang lakas.

Pagkapanalo sa gerang agresyon, saka lamang naipailalim ng imperyalismong EU ang Pilipinas sa direktang kolonyal na paghahari. Noong panahong iyon ng direktang kolonyal na paghahari, mahigpit na hinawakan ng imperyalismong EU ang materyal na basihan ng lipunang Pilipino. Sinigurado ang pagtatayo ng mga asukarera, repinerya ng langis ng niyog, pagawaan ng lubid at minahan nang sa gayo'y maitali ang Pilipinas sa produksyon ng hilaw na materyales para sa mga monopolyong empresa ng EU. Hindi pinaunlad nang husto ang lokal na pagmamanupaktura dahil sobra-sobra na ang ganansyang nakukuha sa direktang pamumuhunan sa kalakalang kolonyal at sa ilang pabrikang bahagyang nagpoproseso ng mga lokal na hilaw na materyales, at dahil sobra-sobra na rin ang ganansyang nakukuha sa pagdidisposisyon ng mga pautang na kapital at lokal na buwis na pangunahi'y para sa mga obras publikas na makakapagpadali sa kolonyal na palitan ng hilaw na materyales mula sa Pilipinas at yaring produkto mula sa Esta dos Unidos. Dahil sa malayang kalakalan na pinormalisa ng Batas Payne-Aldrich ng 1909 at ng Batas Underwood sa Taripa ng 1913, nagawang maging masyadong palaasa ang Pilipinas sa pag-eeksport ng hilaw na materyales at pag-iimport ng mga yaring produkto.

Katugon ng pagkontrol ng imperyalismong EU sa materyal na sistema ng produksyon sa lipunang Pilipino, mahigpit na hinawakan ng imperyalismong EU ang super-istruktura. Ang pampulitikang aktibidad ng mga Pilipinong papet nito ay nakapailalim sa sunud-sunod na mga batas na pinagtibay sa labas ng bansa, tulad ng Batas ng Pilipinas ng 1902, Batas Jones ng 1915, at Batas Tydings-McDuffie ng 1934. Ang mga lokal na galamay ng imperyalismo ay binibigyan ng responsibilidad sa administrasyon ng kolonyal na gobyerno ayon sa naabot na pagsasanay sa kanila sa sistemang pangkultura at pang-ekonomya ng EU. Laging nakakasa ang baril ng imperyalismong EU para supilin ang anumang kilusang tunay na nakikipaglaban para sa pambansang independensya't demokrasya. Sa buong lipunan, inaasahan ng imperyalismong EU ang kolaborasyon ng malaking burgesya komprador, uring panginoong maylupa at mga burukrata-kapitalista.

Nang pinag-iisipan na ng imperyalismong EU na bigyan ng huwad na independensya ang Pilipinas noong mga taon ng dekadang 1930, inaasahan niyon na lalakas uli ang rebolusyonaryong kilusang masa para sa pambansang independensya't demokrasya sa Pilipinas. Malinaw na namimiligro ang pag-iral mismo ng imperyalismong EU dahil sa krisis ng imperyalismo na humantong sa gerang pandaigdig at dahil sa mabilis na paglaganap ng Marxismo-Leninismo bilang tanglaw sa paglawa ng lahat ng aping sambayanan. Sa gayon, kinakailangan ng imperyalismong EU na mangakong ibibigay kunwari ang independensya na sa katunaya'y maipaglalaban lamang ng soberanong mamamayang Pilipino.

Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, lalong luminaw sa imperyalismong EU na dapat nang madaliin ang pagbibigay ng huwad na independensya sa Pilipinas. Kung hindi, nanganganib iyongmalunod sa umaalimpuyong agos ng kilusan sa pambansang pagpapalaya tulad ng nangyari na sa ibang kapangyarihang kolonyal sa ibang bayan. Sa anu't anuman, kahit nanghina na ang buong sistemang kapitalista sa mundo dahil sa gera ng mga imperyalista, sa paglakas ng unang estadong sosyalista at sa kumakalat na apoy ng mga kilusan sa pambansang pagpapalaya, ang

imperyalismong EU ang lumabas na pinakamalakas sa lahat ng imperyalistang kapangyarihan na gumuho noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Sa gayon, tusong nagamit pa rin ng imperyalismong EU ang dalawahang taktika ng pamumwersa at panloloko sa pagharap nito sa iginigiit ng mamamayan na independensya para sa Pilipinas. Isa pa, matagal nang nakuha ang pangako ng burges na reaksyonaryong pangkatin nina Lava at Taruc na susuportahan nila ang huwad na independensyang handang ibigay. Kung gayon, ang imperyalistang EU ay mayroon nang tagasabotahe sa loob ng rebolusyonaryong kilusang masa.

2. Ang Bogus na Independensya at Di-Pantay na mga Tratado

Ibinigay nga ng imperyalismong EU ang "independensya" ng Pilipinas. Pero ganap na pinairal ang Konstitusyon ng Pilipinas nang walang malinaw na pagbabawal sa imperyalismo, kolonyalismo at neokolonyalismo. Noong araw mismo na ibinigay ang bogus na independensya, pinirmahan ng papet na presidente ang Tratado ng EU at RP sa Pangkalahatang Relasyon na kumikilala sa pagpapanatili ng mga karapatan ng EU sa ari-arian at ng mga base militar nito sa Pilipinas. Sumunod ang mainit na tunggalian tungkol sa Batas Bell sa kalakalan at sa Susog Pariti at humantong ito sa gerang sibil. Hindi pa nasiyahan ang imperyalismong EU sa isa nang kolonyal na probisyon sa papet na konstitusyon ng Pilipinas na pumapayag sa apatnapung porsyento (40%) pagsosyo ng dayuhan sa mga korporasyong gumagamit sa likas na yaman ng Pilipinas at nagpapatakbo ng mga gamit-publiko rito; diniktahan pa ang papet na gobyerno ng Pilipinas na baguhin ang kolonyal na konstitusyon para payagan ang mga mamumuhunan ng EU na pa tuloy na kontrolin ang ganoong mga korporasyon nang walang anumang limitasyon sa laki ng kanilang isosyo. Pinalala ng susog na ito, na tinatawag na Susog Pariti, ang sitwasyong hindi na nga makatarungan, na pinapayagan ng konstitusyon ang mga mamumuhunan ng EU, pati ang iba pang dayuhan, na kontrolin hanggang gusto nila ang mga lokal na negosyo at korporasyon sa malalawak na larangang hindi kasama sa mahihinang limitasyong itinakda sa Artikulo 13 at Seksyon 8 ng Artikulo 14. Sa gayon, ang konstitusyon ay naging walang kwentang kapirasong papel na lubusang kumokontra sa prinsipyo ng pambansang soberanya at pambansang mana na ipokrito pa nitong ipinapahayag. Ang Susog Pariti ay idinikta ng Batas Bell sa Kalakalan na komprehensibong nagtakda sa pagpapatuloy ng pang-ekonomyang pang-aalipin ng imperyalismong EU sa sambayanang Pilipino. Bukod sa pagpapataw ng Susog Pariti, pinatagal pa ng Batas Bell sa Kalakalan ang panahon ng malayang kalakalan at itinakda ang pagpapailalim ng piso sa dolyar ng EU.

Hanggang ngayon, may mga di pantay na tratado at kaayusang sumasalamin sa di nababawasang kontrol ng imperyalismong EU sa Pilipinas. Ito ang mga kadenang gumagapos sa bansa, na ang taway ay "espesyal na relasyon". Repasuhin natin ang mga ito.

a. Kasunduang Laurel-Langley (nirebisang Batas Bell sa Kalakalan), 1954. Sinasalamin nito ang pang-ekonomyang pagkaalipin ng Pilipinas sa imperyalismong EU. Hindi lamang nito inuulit ang Susog Pariti, kundi nilalabag din ang konstitusyon sa pagbibigay ng "magkapantay na karapatan" sa lahat ng klase ng negosyo, kabilang ang pagmamay-ari at paggamit sa pribadong lupaing pang-agrikultura. Pundamental pa ring pinasisigla ng nirebisang listahan ng taripa at ng sistemang kota ang pag-eeksport ng hilaw na materyales sa Estados Unidos. Samantalang sa kasunduang ito'y pormal na binitiwan ng Estados Unidos ang kontrol sa sistema ng pananalapi ng

Pilipinas, ganoon na lamang ang kalagayan ng ekonomya ng Pilipinas kaya masyadong nakaasa ito sa dayuhang pautang, naipapalit sa dolyar ang napakaraming pisong kinikita ng mga empresa ng EU sa Pilipinas, at dolyar ang ginagamit sa lahat ng transaksyon sa pag-eeksport at pag-iimport. Dahil sa aktwal na kolonyal na kontrol ng imperyalismong EU s a ekonomya ng Pilipinas, bumababa ang halaga ng piso tuwing nawawalan ng sapat na dolyar ng EU ang Bangko Sentral. Hindi nababaligtad ang katotohanan dahil lamang sa paliguy-ligoy na ligalistang pananalita.

b. Kasunduan ng EU at RP sa mga Base Militar, 1947. Ayon sa kasunduang ito, nananatili ang kontrol ng imperyalismong EU sa buong teritoryo ng Pilipinas. Talaga ngang nakakulong sa malaling preso ang mamamayang Pilipino at sa mga istratehikong lugar ay napapaligiran ng pangkatihan, panghimpapawid at pandagat na mga base ng EU. Buong layang pumapatrulya sa karagatan ng Pilipinas ang Hukbong Dagat ng EU. Nong 1969, di kukulangin sa limampung libong (50,000) tropa ng EU ang iniulat na nakadestino sa mga base militar na ito, bukod pa sa mga tropang paroo't parito sa gera sa Byetnam. Sa ngayon, mahigit dalawampung (20) base militar ang inookupoahan ng imperyalismong EU na sumasakop sa halos dalawang daang libong (200,000) ektarya.11 Sa mga baseng ito, may mga karapatang ekstrateritoryal ang mga tauhang militar ng EU. Sa labas ng mga base, hindi rin sila sakop ng batas ng papet na gobyerno, dahil sasabihin lamang nila na sila'y "tumutupad ng partikular na tungkuling militar". An g mga sundalong Amerikano ay pwedeng gumawa ng anumang krimen laban sa mamamayan at pwede nilang balewalain ang anumang subpoen ng papet na gobyerno. Ayon sa Kasunduan ng EU at RP sa mga Base Militar, pwede pa ngang palawakin ng imperyalismong EU ang mga base kung sa tingin nito'y kailangan. Sa anu't anuman, ang laki ng mga baseng ito at ang dami ng tropa rito ay sapat para patunayan na hawak ng imperyalismong EU ang Pilipinas sa pamamagitan ng armadong pwersa. Ang mga base militar na ito ng EU ay lunsaran ng agresyon laban sa mamamayang Asyano. Mayroon ditong mga sandatang nukleyar, kemikal at bakterolohikal na ginagamit sa henosidyo.

k. Kasunduan ng EU at RP sa Tulong Militar, 1947.

Lalong sinusigurado ng di pantay na kasunduang ito na makokontrol ng imperyalismong EU ang AFP. Sa pamamagitan ng JUSMAG, ang reaksyonaryong AFP ay binibigyan ng imperyalismong EU ng direksyong pang-istratehiko at pang-istap, lohistika, pagsasanay at koordinasyon sa paniniktik. Ang AFP ay direktang kinokontrol ng mga adbayser na militar ng EU. Pahiram ng JUSMAG ang karamihan sa kagamitan at pasilidad militar ng AFP. Sa loob ng reaksyonaryong armadong pwersa, likas na likas ang pagkapapet sa imperyalismong EU. Ayon sa programang kontra-insureksyon, laging inuudyukan ang reaksyonaryong armadong pwersa na manalakay at mang-abuso sa rebolusyonaryong masa para sa kapakanan ng imperyalismong EU at mga lokal na mapagsamantalang uri. Sa katunayan, ang JUSMAG ang utak sa pagkakalikha ng mga yunit ng mamamatay-tao tulad ng "Monkees", 'BSDU", "home defense forces", "special forces" at iba pa. Ang mga tauhang militar ng EU sa JUSMAG ay lantarang sumasama sa mga kampanya ng "pangungubko b at panunupil" sa mamamayan, sa Partido at sa hukbong bayan.

d. Kasunduan sa Kooperasyon sa Ekonomya at Teknika, 1951.

Ayon sa kasunduang ito, ang gobyerno ng EU ay magpapatupad kunwari ng programa sa pang-ekonomya at teknika na tulong sa papet na gobyerno ng Pilipinas. Naglalagay ng mga adbayser na Amerikano sa bawat istratehikong sangay ng papet na gobyerno para pangasiwaan at impluwensyahan ang mga patakaran, maglunsad ng imperyalistang propaganda, magsagawa ng pang-ekonomya't pampulitikang paniniktik, at siguraduhin ang "tulong" ay magbubunga agad ng ganansya para sa mga pribadong empresa ng EU mula sa mga dayuhang pautang, kaloob at panumbas na pondong piso, sa pamamagitan ng maramihang pagbili ng mga kalakal mula sa EU at sobra-sobrang bayad ng mga kontratistga at eksperto ng EU. Karaniwang ang mga ahensya ng AID (at mga ahensyang nauna rito) ay mga ahente ng mga monopolyo ng EU at pati ng CIA. Sa ilalim ng Upisina ng Kaligtasang Publiko ng AID at ng direktang lokal na ahente nito, ang Komisyon sa Pulisya (Police Commission), inaarmasan at sinasanay ang lokal na pulisya para salakayin at lansagin ang mga makabayang aksyong masa laban sa imperyalismong EU, pyudalismo at burukratang kapitalismo. Sa katunayan, ang AID ang utak ng pagkakalikha ng mga "iskwad na anti-riot", "ronda", "pansagupang pwersa ng probinsya", at iba pa.
e. Kasunduan ng EU at RP sa Pagdedepnsahan, 1951.

Pinapayagan ng di pantay na kasunduang ito na gamitin ng Estados Unidos ang mga tropang agresor para makialam sa mga usaping panloob ng Pilipinas sa pagdadahilang ginagarantiyahan ang "kapayapaan" at "seguridad ng isa't isa". Pag-uulit na lamang ang imperyalistang dokumentong ito dahil may sapat nang mga probisyon sa mga saligang tratadong militar tungkol sa mga base at tulong militar ng EU, na pumapayag na maglunsad ang imperyalismong EU, kahit kailan nito gusto, ng agresyon laban sa mamamayang Pilipino. Walang saysay na magmakaawa sa imperyalismong EU ang ilang reaksyonaryong Pilipino na isama sa tratado ang isang probisyon tungkol sa "awtomatikong pagganti". Tuwing mamimiligro ang makasariling interes ng imperyalismong EU, hindi ito nag-aatubiling maglunsad ng agresyon laban sa mamamayan tulad ng ginawa nito sa Byetnam, Laos, Kampuchea, Palestina, Taylandia, Republikang Dominikano, Cuba at marami pang iba.

g. Kasunduan sa Maynila, 1954.

Sa Maynila, nilikha ng tratadong ito ang SEATO para sa "panrehiyong depensa" ng Timog-Silangang Asya. Kabilang dito ang dalawang gobyernong papet ng imperyalismong EU sa Timog-Silangang Asya: ang Pilipinas at ang Taylandia. Pinaghaharian ito ng mga kapangyarihang imperyalista na pinamumunuan ng Estados Unidos. Ayon sa tratadong ito, ang Pilipinas ay pwedeng kaladkarin ng imperyalismong EU sa mga gerang agresyon sa Timog-Silangang Asya. Sa kabilang banda, makakaladkad naman ng imperyalismong EU ang iba pang papet na gobyerno par magsagawa ng subersyon at agresyon laban sa mamamayang Pilipino. Napatunayan na noong Gera sa Korea at sa Byetnam na direkta mang tukuyin o hindi ang isang partikular na tratado sa panrehiyong depensa, madaling mauutusan ng imperyalismong EU ang reaksyonaryong gobyerno ng Pilipinas na magpadala ng mga mersenaryong tropang Pilipino sa ibang bayan.

h. Mga Kasunduan sa Kalakal na Pang-agrikultura.

Nakapailalim ang mga ito sa Batas Publiko 480 ng EU, na tinatawag ding Batas sa Pagpapaunlad ng Kalakalan at Tulong na Pang-agrikultura. Ayon sa mga kasunduang ito, maididispatsa ng Estados Unidos ang sobra nitong mga produktong pang-agrikultura sa pamamagitan ng pagtatambak ng mga ito sa Pilipinas. Ginagamit ang mga kasunduang ito para mapanatili ang kontrol sa ilang "intermedyang" industriya tulad ng pabrika sa arina at tela na umaasa sa imported na hilaw na materyales. Ginagamit din ang mga kasunduan para manipulahin ang lokal na produksyong pang-agrikultural at pagsilbihin ito sa mga patakaran ng imperyalismong EU. Ang kinikita sa pagbebenta ng mga produktong pang-agrikulturang ito ay ginagamit para suportahan ang mga kampanya sa propaganda at programa sa palitang pang-edukasyon na pinamamamahalaana ng embahada ng EU sa Maynila. Nauna rito, ang pagbebenta ng surplus na panggerang materyales ng EU ang naging pangunahing panustos sa mga programang iyon para lasunin ang isip n g mga nangungunang intelektwal na Pilipino.

i. Mga Kasunduan sa Kultura at Edukasyon.

Sa sistema ng kultura at edukasyon, mapagpasya ang impluwensya ng mga ahensya ng gobyerno ng EU tulad ng AID, Lupon sa Edukasyon (US Educational Board), Peace Corps at mga pundasyong tulad ng Asia Foundation, Rockefeller Foundation at Ford Foundation. Ang mga programa sa palitan ng tauhan sa iba't ibang sektor at ang mga pondong ibinibigay para magbiyahe, mag-aral, at manaliksik ay ginagamit para dakilain ang "buhay Amerikano" at palaganaapin ang mga ideyang anti-nasyonal at antidemokratiko. Ang mga ispesyal na pondo sa edukasyon na kinuha sa natitirang bayad sa napinsala ng gera ay nakalaan sa pagpapaphigpit ng kontrol ng imperyalismong EU sa sistema ng edukasyon sa Pilipinas. Sa ilang pagpapautang sa Unibersidad ng Pilipinas, ginagamit ng imperyalismong EU ang WB para tumulong na panatilihin ang mga maka-imperyalistang patakaran sa edukasyon.12 Sa direktang paraan at sa pamamagitan ng mga institusyong nakatago ang tunay na katangian, ang isang napakasamang ahensyang tulad ng CIA ay nagrerekrut ng mga ahenteng Pilipino. Pinag-iibayo ang paggamit sa mga institusyong pangkultura at pang-edukasyon para maniktik at magsagawa ng kontra-insureksyong pananaliksik. Dahil mga monopolistang empresa ng EU ang pinakamalalakas mag-anunsyo, nadidiktahan nila ang lokal na masmidya at naiimpluwensyahan ang kaisipang pampulitika ng napakaraming tao. Sistematikong ginagamit ang mga babasahin, ang radyo at mga libangang odyo-biswal, tulad ng mga pelikulang galing sa Hollywood at mga pelikulang ipinapalabas sa telebisyon, para sirain ang makabayan at progresibong diwa ng mamamayan. Tinustusan din ng iba't ibang institusyong imperyalista ang ilang organisasyong repormista at relihiyoso para palaganapin ang kalituhan sa ideolohiya. Sa dami at pagkakaiba-iba ng napakasamang kaayusan, luma man o bago, hindi na natin maiisa-isa dito ang lahat.

Ang lahat ng ginagastos ng EU kaugnay ng nasabing di pantay na mga tratado at kasunduan ay ikinakategoryang "tulong" sa papet na gobyerno ng Pilipinas. Ayon sa isang pagkukwenta, nagbigay daw ng "tulong na isang bilyon, siyam na raang milyong dolyar ($1,900,000) ang imperyalismong EU mula 1946 hanggang 1967. Ang "tulong" na ito ay ang mga tulong militar, pautang na di milar, rehabilitasyon sa napinsala ng gera, at iba pang pautang at perang ibinigay, kabilang ang gastos ng EU

para sa Peace Corps at pensyon sa pag-aaral.

Umabot sa limang daa't labindalawang milyon, apat na raang libong dolyar ($512,400,000) ang tulong militar, kabilang na ang kita sa pagbebenta ng surplus na gamit militar ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig at ng Gera sa Korea, ang bayad sa pagpapaupa ng kagamitang militar, ang bayad sa mga Amerikanong adbayser na militar at Pilipinong mersenaryo noong Gera sa Korea at sa Byetnam, ang suporta sa pagsupil sa rebolusyonaryong kilusang masa, at ang patuloy na pagsasanay sa AFP na idepensa ang mga interes ng mga imperyalista ng EU, komprador, panginoong maylupa at burukrata. Umabot sa tatlong daa't pitumpu't limang milyon, limang daang libong dolyar ($375,500,000) ang mga pautang na di militar, na karamiha'y ginamit sa propaganda ng EU sa ilalim ng programang "Pagkain para sa Kapayapaan" at ng AID (at mga ahensyang nauna rito), at sa pagsuporta sa reserbang dolyar ng Bangko Sentral sa ilalim ng Eximbank. Umabot sa apat na raa't pitumpu't tatlong milyong dolyar ($473,000,000) ang bayad para sa rehabilitasyon sa napinsala ng gera, na karamiha'y napunta sa mga empresa ng EU, organisasyong relihiyoso, burukratang kapitalista at lokal na mapagsamantalang uri. Umabot sa tatlong daa't limampu't dalawang milyon, dalawang daang libong dolyar ($352,200,000) ang iba pang pautang at perang ibinigay, na karamiha'y ginastos sa mga adbayser at delegasyon ng EU, sa pagsasanay ng ilang Pilipino sa pagkapapet sa pamamagitan ng pensyon sa pag-aaral, sa pagsasagawa ng iba't ibang kontra-insureksyong aktibidad na kunwari'y pang-ekonomya't teknikal na tulong at serbisyo sa pagpapaunlad ng agrikultura, sa pagsuporta sa Peace Corps, at sa pagbili ng pinamahal na mga kalakal mula sa EU sa pamamagitan ng AID at iba pang organisasyon ng EU. Sinasabing "tulong" kahit ang propaganda ng Ahensya ng EU sa Impormasyon (US Information Agency o USIA) at Tinig ng America (Voice of America o VOA).

Nakikita sa mga operasyon ng AID at mga ahensyang nauna rito ang todo-todong panloloko ng "tulong" ng EU. Mula 1951 hanggang 1968, nagbigay ang AID at mga ahensyang nauna rito ng halagang limampu't apat na milyon, sandaang libong dolyar ($54,100,000) sa reaksyonaryong gobyerno ng Pilipinas. Sa loob ng panahon ding iyon, pinapaglaan ang reaksyonaryong gobyerno ng Pilipinas ng panumbas na pondong piso na umabot sa halos limang daang milyong piso (P500,000,000). Idinikta ng mga adbayser at ekspertong Amerikano kung paano gagamitin hindi lamang ang kakatiting na dolyar na ibinigay nila kundi pati ang malaking panumbas na pondong piso. Pinatungan nila ang presyon ng mga kalakal na sa Estados Unidos lamang binibili, sinobrahan ang bayad sa serbisyo nila bilang mga propagandista at tagapagbenta para sa EU, kinolekta ang importanteng datos tungkol sa Pilipinas, lalo pang inimpluwensyahan ang lokal na burukrasya na manatiling papet, sinanay sa kontra-insureksyon ang mga nangungunang up isyal at ahensya ng pulisya13 at ikinalat ang kasinungalingan na may mabuting-loob ang gobyerno ng EU.

Sa Pilipinas, tulad sa alinmang kolonya o malakolonyang pinaghaharian ng imperyalismo EU, may nakatalagang "pangkat pambayan" (country team) na nagkokoordina at namamahala sa iba't ibang ahensya rito ng imperyalismong EU. Binubuo ito ng embahador ng EU bilang pinuno, at ng pinuno ng istasyon ng CIA, director ng USIA, direktor ng USAID at pinuno ng JUSMAG, bilang mga myembro.

Minamanipula ng imperyalismong EU, bukod sa sariling mga direktang ahensya, ang iba't ibang ahensya ng UN, kasunduan sa rehiyon, at

kasunduan ng Pilipinas at iba pang bayan sa Ikatlong Daigdig. Tinutulungan ng mga ito ang mga direktang ahensya ng imperyalismong EU na wasakin ang pambansa-demokratikong interes ng sambayanang Pilipino.

## 3. ANG MONOPOLISTANG KONTROL NG EU SA PILIPINAS

Sa paraang di pantay at pasumpung-sumpong, ipinupuhunan sa ekonomya ng Pilipinas ang sobrang kapital ng EU. Sa ngayon, pag-aari o kontrolado ng mga monopolyo ngEU at mga lokal sa subsidiyaryo ng mga ito ang mga negosyong tulad ng sa petroleyum,14 gulong at goma, gamot, abono, kemikal, minahan, malaking makinarya, pagbebenta ng kalakal o marketing;, pasilidad sa transportasyon at iba pa. Sa Amerikano ang mayorya ng pinakamalalaking korporasyon sa Pilipinas ngayon. Kontrolado nila ang di kukulangin sa limampung porsyento (50%) ng kabuuang pag-aari sa negosyo dito sa ating bayan. Di bababa sa dalang bilyong dolyar ($2,000,000,000) ang nakarekord na halaga ng pribadong pag-aaring ito ng EU, ayon sa nakuhang datos noong 1969. Sa pamilihan, ilang beses na mas mataas ang halaga nito. Binubuo ngmga pag-aaring ito ang di kukulangin sa animnapung porsyento (60%) ng buong pribadong pamumuhunan ng EU sa Timog-Silangang Asya. Sa buong pribadong pamumuhunang dayuhan sa Pilipinas, walumpun g porsyento (80%) ang sa EU. Higit ang laki at halaga ngayon ng pamumuhunan ng EU sa Pilipinas kaysa noong panahon ng direktang kolonyal na paghahari ng EU, nang umabot ang pribadong pamumuhunan ng EU sa limang daa't tatlumpu't pitong milyong piso (P537,000,000) o dalawang daa't animnapu't walong milyon, limang daang libong dolyar ($268,500,000) (batay sa datos ng Kawanihan ng Sensus at Istadistiko).

Hindi lamang ang laki ng pamumuhunan ng EU ang masyadong nakakabigat sa mamamayang Pilipino. Napakabigat din ng estratehikong posisyon ng mga ito. Halimbawa, ang petroleyum (na isinusuplay ng Esso, Caltex, Mobil, Filoil, at Getty Oil)16 ay kontroladong-kontrolado ng mga monopolyong kapitalismo ng EU sa langis. Sa pamamagitan lamang ng kalakal na ito, kontrolado na ng monopolyong kapitalismo ng EU ang lahat ng iba pang kalakal na ibinibiyahe o pinoproseso sa Pilipinas. Isinusuplay ng mga monopolyo ng EU sa langis ang mahigit siyamnapung porsento (90%) ng enerhiyang kailangan ng bansa. Kontrolado rin ng mga dayuhang empresa, pangunahi'y sa EU, ang produksyon ng goma ng sasakyan, pangangalakal ng materyales sa konstruksyon, pangangalakal ng mga import-eksport at pamamakyaw. Kontrolado nila ang malakihang pagbebenta sa mga konsyumer tulad ng malalaking plantang panserbisyo. Kahit parang umalis na ang mga kapitalista ng EU sa larangan ng gamit-publiko, ibinenta nila ang malakin g part ng sosyo nila sa Meralco (kuryente) at PLDT (telepono) pagkaraan lamang tambakan ang mga empresang ito ng pautang mula sa EU at makakuha ng mga garantiya sa mga institusyong pampinansya ng gobyerno. Ang mga empresang ito ay patuloy nilang kinukunan ng malalaking bayad sa interes at lalo ngayong namimiligrong mabawi sa pamamagitan ng mga bonong ibinebenta sa Wall Street.

Ang mga imperyalista ng EU ang may[ari ng pinakamalalaking bangkong komersyal, kumpanya sa seguro at iba pang institusyon sa pinansya. Kung gayon, kontrolado nila ang sistema ng pagbabangko sa Pilipinas. Kinakamkam nila ang naiipon ng mamamayan at ginagamit para tustusan ang mga empresa ng EU rito. Kaugnay nito'y madalas sabihing halimbawa ng katusuhang Kano ang pangangapital ng Philipine-American Life Insurance Company noong umpisa, na wala pang isang milyong piso, at ang mabilis na

paglago nito hanggang maging bilyong-pisong korporasyon sa loob lamang ng dalawampung (20) taon pagkaraan ng huling gera. Hindi lamang sa mga bangko rito ng EU nangungutang ang mga empresa ng EU kundi pati sa mga bangkong pag-aari ng Pilipino. Makikita sa produksyon ng ginto ang isa sa garapal na kaso ng kahayukang Kano. Sa mahabang panahon sa ilalim ng Batas sa Sabsidyo sa Ginto, ang Bangko Sentral ay bumibili ng ginto sa Benguet Consolidated at iba pang kumpanya ng EU sa pagmimina sa presyong limampu't pitongdolyar ($57)hanggang animnapu't pitong dolyar ($67) bawat onsa, ibig sabihin mas mahal ng dalawampu't dalawang dolyar ($22) hanggang tatlumpu't dalawang dolyar ($32) kaysa presyong pandaigdig na noo'y tatlumpu't limang dolya ($35) bawat onsa.

Mula 1960 hanggang kalagitnaan ng 1969, ang mga dayuhang mamumuhunan (pangunahi'y Amerikano) ay humiran ng labintatlo'y kalahating bilyong piso (P13,500,000,000) sa mga lokal na pautangan. Noong 1962-68, ang mga empresa ng EU na lamang ay nakautang ng walong bilyong piso (P8,000,000,000) sa malinaw na pagsunod sa dating gawing imperyalista, at sa malinaw ding pagtupad sa patakaran ng EU na limasin ang lokal na pautangan sa mga kolonya at malakolonya para mapagaan ang krisis ng EU sa balanse ng bayaran. Sa isang pag-aaral sa sandaa't walong (108) empresa ng EU na sinasabing bumubuo sa pitumpung porsyento (70%) ng pamumuhunan ng EU sa Pilipinas, nalatad na walumpu't apat (84%) na porsyento ng kapit at pondo sa pagpapatakbo ng mga iyon ang nanggaling sa Pilipinas at labing anim na porsyento (16%) lamang (kabilang ang ganansyang nakuha sa Pilipinas na pinuhunan uli) ang nanggaling sa Estados Unidos noong 1956-65. Sa loob ng panahon ding ito, ang 108 empresang iyon ng EU ay nag-uwi ng mahigit tatlong daa't walumpu't anim na milyong dolyar ($386,000,000), halos pitong beses ang laki sa aktwal na kabuuan ng bagong pamumuhunang limampu't walo at kalahating milyong dolyar ($58,500,000) na ipinasok ng mga iyon sa Pilipinas. Sa bayad na kapital ng mga empresang iyon, dalawampu't walang milyong dolyar ($28,000,000) lamang ang nadagdag sa panimulang kapital na pitumpu't apat na milyong dolyar ($74,000,000) noong 1956, na naging isang daa't dalawang milyon at limang daang libong dolyar ($102,500,000) noong 1965, samantalang ang ganansyang iniuwi nila ay mahigit sanlibo't tatlong daang (1,300%) ng ganoon kaliit na dagdag sa bayad na kapital.

Ipinapakita ng istadistiko ng Bangko Sentral na noong 1960-69 ay nagpasok ang mga dayuhang mamumuhunan, na karamiha'y Amerikano, ng sandaa't animnapung milyong dolyar ($160,000,000) na bagong kapital, naglabas ng di kukulangin sa apat na raa't walumpu't dalawang milyong dolyar ($482,000,000) na binawing kapital at iniuwing ganansya. Hindi ngayon lamang nangyari na nag-uwi ng napakalalaking ganansya ang mga empresa ng EU. Noong mga taon ng dekadang 1950, nang may kontrol pa sa dayuhang pera at ginaganyak ang mga empresa ng EU na ipuhunan uli sa lokal na ekonomya ang kanilang ganansya, namuhunan sila ng dalawang daa't labinlimang milyon, sandaang libong dolyar ($215,100,000). Inaamin agad ng istadistiko ng EU na ang ganansya sa pamumuhunan ng EU sa Pilipinas ay mas mataas nang mahigit dalawampu't limang porsyento (25%) kaysa karaniwang ganansya sa pangkalahatang pamumuhunan ng EU sa ibang bayan.17

Upisyal na iniulat ng reaksyonaryong gobyerno ng Pilipinas na ang iniuwing ganansya ng mga empresa ng EU ay umabot sa ilampung milyong dolyar taun-taon noong dekadang 1960, karaniwa'y mahigit nang kaunti sa apatnapung milyong dolyar ($40,000,000) taun-taon. Gayunman, sa mga

rekord ng Bangko Sentral, may mga di natutukoy na transaksyong nagkakahalaga ng ilandaang milyong dolyar taun-taon na kabayaran daw sa mga impot, sa paglalakbay sa ibang bayan, at iba pang transaksyong ginagamitan ng dayuhang pera. Ayon sa tantya ng Economic Monitor, ang mga empresa ng EU na may limang daang milyong dolyar ($500,000,000) na pamumuhunan sa Pilipinas ay nag-uwi ng ganansyang dalawang bilyon, dalawang daang milyong dolyar ($2,200,000,000) mula 1962 hanggang 1969, o karaniwa'y tatlong daa't labing-apat na milyong dolyar ($314,000,000) taun-taon. Dagdag dito, ang kabayarang dolyar sa iba't ibang di hayag na pinagkagastusan (invisibles) ay dalawang bilyon, pitong daang milyong dolyar ($2,700,000,0 00) lahat-lahat, o karaniwa'y tatlong daa't walumpu't limang milyong dolyar ($385,000,000) taun-taon. ayon sa mga Amerikano para sa Kapayapaan sa Indotsina (Americans for Peace in Indochina), asosasyon ng mga Amerikanong nasa Pilipinas na tutol sa gerang agresyon ng EU, noong 1969 lamang ay nag-uwi ang mga mamumuhunan ng EU ng tatlong bilyong dolyar ($3,000,000,000) mula sa Pilipinas.

Isang tusong paraan ng pag-uwi ng ganansya ng mga empresa ng EU na nasa ibang bayan ay ang pagbili ng kalakal at serbisyo na pinasosobrahan ang presyo mula sa kanilang mga punong kumpanya o kapatid na kumpanya sa Estados Unidos. Dito naman sa Pilipinas, ang mga empresa ng EU na nasa negosyong eksport at muling pag-eeksport ay nagpapababa ng presyo ng kanilang kalakal at pagkatapos ay sa ibang bayan nila iyon ibinebenta sa tunay na presyo at doon kinukuha ang tunay na ganansya. Isa pang paraan ang ginagawa ng mga kumpanya ng EU sa pagmimina, na nag-eeksport ng tanso at bakal na marami ring kahalong ginto, pilak, nikal at iba pang sangkap na di lubusang kinukwenta dito sa Pilipinas.

Dahil sa kolonyal at agraryong katangian ng ekonomya ng Pilipinas, masyado itong umaasa sa kolonyal na sistema ng kalakalan, ibig sabihi'y sa palitan ng lokal na hilaw na materyales at yaring produktong dayuhan, laluna iyong galing sa EU. Di mapatip-patid ang ugnayan ng dalawa: ang kolonyal na sistema ng kalakalan - na matagal nang pinauunlad ng imperyalismong EU sa pamamagitan ng pagiging suki ng Pilipinas at sa pamamagitan ng sistemang kota - ay nagpapanatili naman sa kolonyal at agraryong katangian ng ekonomya ng Pilipinas. Sa biglang tingin ay parang nakakabuti sa Pilipinas ang malayang kalakalan, pero kung susuriin ang mga kwenta, malinaw na ang nakikinabang lamang ay ang mga imperyalista ng EU at ang mga pangkatin ng komprador-panginoong maylupa sa Pilipinas. Noong kalakasan ng malayang kalakalan sa ilalim ng Batas Bell, mula 1946 hanggang 1954, ang Estados Unidos ay nag-eksport sa Pilipinas ng mga kalakal na nagkakahalaga ng dalawang bilyong dolyar ($2,000,000,000) na l ibre sa taripa samantalang ang Pilipinas ay nag-eksport naman sa EU ng mga kalakal na nagkakahalaga lamang ng walong daan walumpu't siyam na milyong dolyar ($889,000,000) na libre sa taripa.

Dahil sa katangian ng mga eksport ng Pilipinas, ang ang kalakha'y asukal, troso, tabla, produkto ng niyog, abaka, tabako at di pa napoprosesong mineral, hindi magawang kumita ng sapat na dolyar na pambayad sa imported na mga yaring produkto, unang-unan na mula sa EU na mas matataas ang presyo. Noong 1968, walo tuldok tatlong porsyento (8.3%) lamang ng eksport ng Pilipinas ang nasa kategorya ng yaring kalakal. Masyadong di pantay at tagilid ang ekonomya ng Pilipinas, kaya kailangan nitong mag-import ng mga produktong pang-agrikultura tulad ng mga produkto ng manukan, produkto ng gatasan, pagkaing butil at iba pang produktong gawa sa butil, na kabilang pa rin sa sampung (10) pangunahing

import. Sa pandaigdigang pamilihang kapitalista, laging pinatataas ng mga dayuhang monopolyo ang presyo ng kanilang yaring produkto at iba pa, at pinbamumura naman ang hilaw na materyales na binibili nila sa mga kolonya at malakolonya tulad ng Pilipinas. Ang resulta ay ang paulit-ulit na depisit sa kalakalang panlabas ng Pilipinas. Ang taunang depisit na ito ay tumaas mula sandaa't apatnapu't pitong milyon, sandaang libong dolyar ($147,100,000) nong 1955 hanggang maging dalawang daa't apatnapu't siyam na milyon, pitong daalng libong dolyar ($249,700,000) noong 1967 at tatlong daa't isang milyon, siyam na raang libong dolyar ($301,900,000) noong 1968. Ang mabilis na paglaki ng depisit na ito ay resulta ng pagsusumikap ng imperyalismong EU at lahat ng iba pang kapangyarihang imperyalista na pigain ang higit pang ganansya sa kanilang kalakalang panlabas, bilang hakbang sa paglutas ng sarili nilang problema sa balanse sa bayaran. Buong kasamaan nilang ipinapapasan ngayon sa mga kolonya at malakolonya nila ang kanilang pangkalahatang krisis, sa pamamagitan ng pagpaparami ng sarili nilang eksport, pag-eeksport ng implasyon, pamimilit sa mas mahihinang bayan na babaan ang halaga ng kanilang pera (debalwasyon), at pang-uusura.

Ang ekonomya ng Pilipinas ay walang industriyang gumagawa ng kalakal para sa produksyon (capital goods industry), at walang anumang pagbabago sa istruktura ng lokal na pagmamanupaktura.18 Noong 1968, pitumpu't lima at kalahating porsyento (75.5%) ng minamanupaktura ay mga produktong di nagtatagal tulad ng pagkain, inumin, sigarilyo't tabako, tela, sapin sa paa, papel, goma, kemikal at iba pa. At dalawampu't apat tuldok tatlong porsyento (24.3%) naman ng minamanupaktura ay mga produktong nagtatagal tulad ng mwebles at mga ikinakabit sa bahay at mga nirereasembol na makinarya, produktong metal, kasangkapan sa bahay, sasakyan at iba pa.

Nitong nakaraang dalawang taon ay ipinapangalandakan na napakaraming dolyar ang ginastos ng reaksyonaryong gobyerno ng Pilipinas dahil pangunahi'y nag-iimport ng makinarya, kagamitan sa transportasyon, panggatong at hilaw na materyales para sa lokal na pagpoproseso. Ang ibig palabasin ay mabilis daw na nagtatayo ng mga industriya sa Pilipinas. Malaking kasinungalingan ito dahil ang mga import na ito ay pangunahing ginagamit sa mga proyekto sa obras publikas, pagpapagawa ng mga gusaling pang-upisina at mga asukarera, pagmimina, pyesa ng makina, pagrereasembol ng mga sasakyan at kasangkapan sa bahay, at iba pa na kung tawagin ay intermedyang industriya tulad ng industriya ng tela, arina at asero na umaasa sa imported na sinulid, trigo at bakal.

Habang artipisyal na pinananatili ang ekonomyang kolonyal ng Pilipinas, nagkaroon ang reaksyonaryong gobyerno ng panloob na utang na di kukulangin sa anim na bilyong piso (P6,000,000,000) at panlabas na utang na isang bilyon, siyam na raang milyong dolyar ($1,900,000,000) (inirekord noong Hunyo, 1970)19 na karamiha'y mula sa mga bangko ng EU, na mataas ang interes at maikli ang taning sa pagbabayad. Mataas na implasyon at debalwasyon ang naging resulta ng mga utang na ito. Bilang malakolonya, hindi patuloy na makakaandar ang Pilipinas kung walang sapat na suplay ng dolyar. Pero habang nagsusumikap ito na magkaroon ng dolyar, lalo lamang itong nalulubog sa kolonyal na pagsasamantala at krisis. Dahil laging kulang ang dolyar na kinikita sa pagbebenta ng hilaw na materyales, kailangang mamalimos ang reaksyonaryong gobyerno ng Pilipinas sa mga monopolistang bangko ng EU at mga internasyoal na institusyon sa pinansya na kontrolado ng EU, para makakuha ng mas maraming pautang sa pab igat nang pabigat na kundisyon. Kaydaling

naisasangla at naisusubasta ang Pilipinas. Umabot na sa pinakapeligrosong antas ang pangungutang sa dayuhan, kaya paulit-ulit na ipinapataw ang debalwasyon ng piso at tulirung-tuliro ang reaksyonaryong gobyerno kahit sa usapin lamang ng pagbabayad sa dating mga utang. Pero kailangan pa ring makakuha ito ng bagong pautang sa mas mabibigat na kundisyon, para makaimport ng mga yaring produktong hindi nagagawa sa kolonyal na ekonomya. Desidido ang papet na pangkatin ni Marcos na dagdagan pa ang utang na panlabas ng Pilipinas, sa pamamagitan ng hinihinging awtoridad na makapangutang ng isa't kalahating bilyong dolyar ($1,500,000,000) pa sa loob ng susunod na apat na taon.

## 4. ANG PAKANANG PATAGALIN ANG PAGHAHARI NG EU

Sa nakaraang sampung (10) taon, mabilis na lumala ang krisis sa ekonomya ng Pilipinas. Ito ang resulta ng napakasamang maniobra ng imperyalismong EU na ipapasan sa mga kolonya at malakolonya ang sariling krisis sa ekonomya, at paghandaan din ang pagtatapos ng kasunduang Laurel-Langley at Susog Pariti. Ang pakana ng imperyalismong EU ay gawing gipit na gipit ang kalagayang pampinansya ng Pilipinas para masiguradong tatagal pa ang mga pribilehiyo ng mga imperyalista. Kasabay nito, puspusang naghahanda at nagsasagawa ng aktwal na operasyon ang militar at pulisya para kontrahin ang rebolusyonaryong kilusang masang pinag-aalab ng krisis sa ekonomya. Inilulunsad din ang mga kontrarebolusyonaryong kampanyang repormista para lituhin ang rebolusyonaryong masa.

Dahil sa ganap at kagyat na dekontrol sa dayuhang pera noong mag-umpisa ang papet na rehimeng Macapagal, nag-uwi nang nag-uwi ng ganansya ang mga empresa ng EU at buong layang ginamit ng mga komprador-panginoong maylupa ang kinikita nilang dolyar. Nasaid ang reserbang dolyar ng reaksyonaryong gobyerno at sa kakulangan ng suportang dolyar ay bumagsak ang halaga ng piso sa P3.90 mula P2 bawat dolyar. Para mapanatili ang piso sa bagong halaga, ang reaksyonaryong gobyerno ng Pilipinas ay binigyan ng mga pautang para sa "istabilisasyon" sa mabibigat na kundisyon. Pero ang karamihan sa mga pautang na ito ay hinigop din ng mga empresa ng EU at mga alyado nilang komprador-panginoong maylup at burukrata. Inilako ng pinunong papet na si Macapagal ang patakarang "pagpapapasok sa pamumuhunang dayuhan" at ang ideya na "magkasamang pagnenegosyo" (joint ventures), at hinayaan niyang agawin ng mga subsidiyaryo ng EU ang mga dayuhang pautang para makapag-uwi ng ganansya, makapagparami ng ari-a rian dito, makapang-remata ng mga empresang Pilipino o makapgtambak sa mga ito ng dayuhang pautang nang sa gayo'y maremata rin sa katagalan, at iba pa.

Noong unang apat na taon ng papet na rehimeng Marcos, ginawang napakagrabe ng imperyalismong EU ang mga papet na patakaran ng rehimeng Macapagal. Mas mahusay pa ang papet na rehimeng Marcos sa pagpapatupad ng mga rekomendasyong ginawa ng IMF at WB noon pa mang 1960. Napataas kunwari ang buwis ng mga maykaya, pero ang ibinayad ng mga ito ay ipinapasan naman sa malawak na masa ng mamamayan sa porma ng mga presyong biglang itinaas. Gumastos nang husto ang papet na rehimeng Marcos sa obras publikas at iba pang proyektong nagiging dahilan ng implasyon. Mga subsidiyaryo ng EU at mga komprador-panginoong maylupa ang binigyan ng pinakamalalaking pautang at garantiya ng gobyerno. Nagpakasawa ang mga ito sa luho, nagpalawak ng mga asukarera at minahan, nag-ispekulasyon sa pagmimina. Kumuha ang mga burukratang kapitalista

ng napakalaking kickback mula sa mga kontratang import-eksport laluna sa mga kontrata sa mga dayuhang empresa ng makinarya at konstruksyon.

Noong mag-umpisa ang 1970, malinaw na nagtagumpay na ang papet na rehimang Marcos na gawing mas bangkrap ang Pilipinas kaysa dati, dahil sa malking utang na panloob at panlabas. Lalo pang bumagsak ang halaga ng piso sa mahigit P6.00 bawat dolyar. Sa loob lamang ng walong taon, bumaba ang halaga ng piso nang mahigit dalawang daang porsyento (200%) kung itatapat sa dolyar. Ang debalwasyon ng piso ay idinikta ng IMF, ahensya ng imperyalismong EU, bilang paunang kundisyong kapalit ng palugit sa pagbabayad sa dating utang at ng pagbibigay ng bagong pautang ng imperyalismong EU. Ang awtomatikong resulta ng debalwasyon ng piso ay ang pagtaas ng presyo ng lahat ng kalakal at ang pagbaba ng halaga ng lahat ng utang sa dayuhan.

Noong Pebrero 1970, ang halaga sa piso ng isa't kalahating bilyong dolyar ($1,500,000,000) na utang sa dayuhan ay tumaas ng limang bilyon, walong daa't limampung milyong piso (P5,850,000,000) hanggang umabot sa di kukulangin sa siyam na bilyon, tatlong daang milyong piso (P9,300,000,000) (sa nagbabago pang palitang P6.20 bawat dolyar), bukod pa sa interes na tumaas din. Noong Hunyo, apat na buwan lamang ang nagdaan, umabot na sa isang bilyon, siyam na raang milyong dolyar ($1,900,000,000) ang utang sa dayuhan, o di kukulangin sa labing isang bilyon, pitong daa't walumpung milyong piso (P11,780,000,000) bukod pa sa interes. Sa taunang bayad lamang sa interes sa mga utang na ito ay naubos na ang kalahat ng lahat ng dolyar na kinita sa hilaw na materyales na eksport ng Pilipinas. Sa gayon, ang imperayalismong EU ang pinakamasahol na usurero sa buong mundo. Hindi tumitigil ang Pilipinas sa pagmamakaawang pautangin ng imperyalismong EU, dahil kailangang mag-import ng maraming mahah alagang kalakal na hindi nililikha ng ekonomyang kolonyal, at dahil kailangang bayaran ang dat nang utang sa dayuhan. Ang kongkretong ibig sabihin ng mabilis na pagtaas ng halaga ng nasabing dayuhang pautang ay ang patuloy na pagbaba ng presyo ng hilaw na materyales at lokal na paggawa para sa imperyalismong EU, at ang patuloy na paglaki ng gastos sa pag-iimport ng mga yaring produkto mula sa Estados Unidos at iba pang bayang imperyalista. Naghihirap ngayon ang masang anakpawis dahil tumataas pa ang presyo ng mga kalakal, bumaba ang tunay nilang kita, at walang sapat na pagbabagong ginagawa ang papet na gobyerno. Itinaas sa P8.00 ang minimum na arawang sahod ng mga manggagawa sa industriya, dagdag na tatlumpu't tatlong porsyento (33%) lamang, pero di bababa sa animnapung porsyento (60%) ang naging debalwasyon at mabilis pa nitong pinabababa ang tunay na sahod.

Hindi maaasahan ang isang bangkaroteng papet na gobyerno na kunin ang mga pag-aari ng EU sa pamamagitan ng dolyar. Sa mga dahilang pampulitika at pang-ekonomya ay imposibleng magawa ito ng papet na gobyerno. Itinaas ng paulit-ulit na debalwasyon ng piso ang halaga ng mga dayuhang pag-aari at tinulungang palawakin ang mga ito sa napakaraming magkakaugnay na paraan. Sa katunayan, sadyang pinalaki ng mga monopolyo ng EU ang kanilang pag-aari sa Pilipinas hanggang umabot sa di kukulangin sa dalawang bilyong dolyar ($2,000,000,000) (nakarekord na halaga) noong 1969, mula apat na raa't apatnapung milyong dolyar ($440,000,000) noong 1962.20 Nagawa nila ito sa pamamagitan ng pagpapasok nila rito ng kakaunting direktang pamumuhunan, at sa pamamagitan ng malakihang pangungutang sa lokal na mga pautangan. Sila ang humigop ng mismong pinautang nila sa papet na gobyerno ng Pilipinas

sa mabibigat na kundisyon. Ang malinaws na layunin ng mabilis na pagpapalawak ng mga interes dito ng EU, s aklaw man o hindi ng mga "karapatang pariti", ay pahigpitin ang panloob na kontrol ng EU sa pulitika at ekonomya ng Pilipinas. Ginagawa ito para paghandaan ang pagtatapos ng Kasunduang Laurel-Langley at Susog Pariti, at pawalang-saysay ang anumang palagay na pwedeng bilhin ang mga pag-aari ng EU sa loob ng balangkas ng mga reaksyonaryong batas.

Dahil bangkrap ang reaksyonaryong gobyerno at matindi ang paghihirap ng mamamayang Pilipino, malinaw na kontrarebolusyonaryo ang magtaguyod ng "mapayapang nasyonalisasyon" ng ekonomya o umasa na awtomatikong magkakaroon ng independensya sa ekonomya, basta't pormal na matapos ang Kasunduang Laurel-Langley at ang Susog Pariti. Isa pa, ang karamihan ng pamumuhunan ng EU (mahigit limampung porsyento [50%]) ay hindi na saklaw ng mga "karapatang pariti" at kung gayo'y pinapayagan ng batas na manatili sa mga negosyong ang mahigit apatnapung porsyento (40%) ay pwedeng ariin o kontrolin ng mga mamumuhunan ng EU.

Para itaguyod ang pagtanggap sa pamumuhunan ng EU sa Pilipinas, tinutustusan nga ng imperyalismong EU ang mga kontra-rebolusyonaryong organisasyon at kilusang nagbubuga ng mga kalokohang tulad ng "mapayapang rebolusyon", "repormang konstitusyonal", "ligal na proseso", "makatwirang kabayaran", "partihan sa ganansya", "magkasamang pagnenegosyo", "mabuting pag-istima sa dayuhang bisita" at iba pang kabalbalang kapareho ng mga ito. Ang layunin ng lahat ng kontrarebolusyonaryong islogang ito ay pagtakpan ang kasamaan ng monopolyong kapital ng EU at ilihis ang rebolusyonaryong kilusang masa na nananawagan ng digmang bayan laban sa imperyalismong EU at lahat ng lokal na alipuris nito.

Kahit ang pambansang burgesya ay hindi makakaasang mapalaki ang parte nito sa pagsasamantala sa mamamayang Pilipino. Araw-araw na nahaharap sa pagkabangkrap ang saray na ito ng lipunan. Ang iilang kalakal na lokal nilang minamanupaktura ay hindi makaligtas sa pagtaas ng presyo ng imported na panggatong, kagamitan, pyesa, hilaw na materyales at iba pa. Halos nasairan na ang mga lokal na pautangang pwedeng puntahan ng pambansang burgesya. Kung ikukumpara sa saray na ito, mas may pagkakataon pa ang mga militaristang Hapones at sosyal-imperyalistang Sobyet na sumali o makipagkumpitensya sa imperyalismong EU sa pagsasamantala sa mamamayan.

Pinagtibay ang Batas na Pang-engganyo sa Pamumuhunan para bigyang daan ang pagpapatuloy at pagpapasidhi sa kontrol ng EU sa ekonomya ng Pilipinas pagkatapos ng Kasunduang Laurel-Langley at Susog Pariti. Sa katunayan, ang Kumbensyong Konstitusyonal, na pinatatampok ngayon ng mga kontrarebolusyonaryo na daluyan daw ng "pagbabago" sa lipunang Pilipino, ay hakbang para payagan ang mga monopolyo ng EU na nagmamay-ari ng mahigit apatnapung porsyentong (40%) sosyo sa mga korporasyon pagkaraan ng 1974, kahit sa mga negosyong gumagamit ng lupang publiko, naglilinang ng likas na yaman at nagpapatakbo ng mga gamit publiko. Kung paanong tiyak na paghaharian ng mga delegadong komprador at panginoong maylupa ang Kumbensyong Konstitusyonal, ganoon din katiyak ang pagpapasok ng pinakamakabuluhang mga susog sa kolonyal na konstitusyon para makalusot ang Batas na Pang-engganyo sa Pamumuhunan at ang isang di pantay na tratado ng pagkakaibigan, komersyo at nabigasyon sa pagitan ng Estados Unidos at Pilipinas.

Ayon sa Batas na Pang-engganyo sa Pamumuhunan, may kapangyarihan ang Lupon sa Pamumuhunan, isang ahensya lamang ng papet na presidente, na payagang manatili o maitayo sa Pilipinas ang mga empresang pinahahariana ng EU kahit hindi nililimitahan ang kanilang sosyong kapital sa mga korporasyon sa maksimum na apatnapung porsyento (40%), tulad ng itinakda ng kasalukuyang konstitusyon. Ayon sa Seksyon 19, Paragraph 3 ng batas sa pamumuhunan, pwedeng magmay-ari ang mga dayuhang mamumuhunan ng kahit sandaang porsyentong (100%) sosyo sa mga lokal na korporasyon, basta magpahayag sila ng intensyong bentahan ng sosyo ang mga Pilipino o mga "Pilipinong nasyonal" sa loob ng sampung (10) taon mula sa petsa ng pagrerehistro ng ganoong mga korporasyon. Sa ikalabing-isang (11) taon, kailangan daw magbenta ng sosyo ang mga korporasyong iyon sa pamilihan ng sosyo (stock exchange). Pero kung hindi makabili ang mga Pilipino o "Pilipinong nasyonal" ng sapat na sosyo para mapaliit sa a40% ang direkta ng sosyong dayuhan, lalong mabuti para sa mga dayuhang mamumuhunan, dahil mapapayagan silang patuloy na magmay-ari ng mahigit 40% sosyo sa loob ng dalawampung (20) taon mula sa petsa ng pagrerehistro ng mga korporasyon. Pagkatapos ng unang taning na 20 taon, pwedeng payagan uli na ariin at kontrolin ang EU nang walang limitasyon ang mga korporasyong ito sa susunot na 20 taon.

Ginawang sagrado ng Batas na Pang-engganyo sa Pamumuhunan ang "Pilipinong nasyonal", korporasyong may maksimum na apatnapung porsyentong (40%) sosyong dayuhan sa kabuuan ng kapital. Sa gayon, madalas pag-usapan ngayon ng mga papet na pulitiko ang pagbibigay ng "tratong nasyonal" sa pamumuhunan ng EU. Layunin ng katawa-tawang depinisyon ng "Pilipinong nasyonal" na payagan ang mga monopolyo ng EU na magmay-ari ng mahigit 40% sosyo kahit sa mga lokal na korporasyon, na dito;y ang mga korporasyong "A" at "B". Kung may 40% sosyong dayuhan ang korporasyong "A" at kwalipikadong maging "Pilipinong nasyonal", pwede itong magmay-ari at maghawak ng animnapung porsyentong (60%) sosyo sa korporasyong "B" kasabay ng 40% sosyo na direktang hawak ng mga dayuhang mamumuhunan, sa ganing magkakawing na relasyon ng korporasyong "A" ay nakakapagpasok ng animnapu't apat na porsyentong (64%) sosyong dayuhan sa korporasyong "B", kung tatanggalin ang mga ligal na hadlang. At tiyak namang magkakaroon a ng korporasyong "A" ng malaking impluwensya sa korporasyong "B" na pabor sa kontrol ng dayuhan.

Sapat nang ariin at kontrolin ng mga monopolyo ng EU ang apatnapung porsyento (40%) sosyo para makontrol ang buong korporasyon. Madali itong magagawa kung pananatilihing buung-buong hawak ng mga mamumuhunang dayuhan ang 40% sosyo at kung sa pamamagitan ng pamilihian ng sosyo ay pananatilihin namang hiwa-hiwalay ang animnapung porsyento (60%) sa maliliit na kasosyong Pilipino. Luma nang salamangka ng mga monopolyong kapitalista ang paggamit ng maliliit pero buong bloke ng mga sosyo para kontrolin ang maraming maliliit na maysosyo. Umaalainsunod sa salamangkang ito ng mga imperyalista ang paglulunsad ng malaking kampanya sa "partihan sa ganansya" (isang mapanlitong termino para sa manipulasyon ng mga sosyo) para lokohin ang ilang suamsahod at ilang elementong petiburges na sapilitiang ibigay sa mga mapagsamantala ang kaunti nilang naipon at kikitain sa hinaharap, o para hayaan ang mga monopolyo ng EU at mga lokal na reaksyonaryo na magnakaw sa Sistema ng Segurong Panlipunan (Soci al Security System o SSS), Sistema ng Seguro sa Serbisyong Gobyerno (Government Service Insurang System o GSIS), Bangko sa Pagpapaunlad ng Pilipinas (Development Bank of the Philippines o DBP) at Pambansang Bangko ng Pilipinas (Philippine National Bank o

PNB). Palibhasa'y talagang matakaw, gusto ng mga imperyalista ng EU na makagamit ng masa maraming paraan ng pagpapanatili sa kanilang kapangyarihang pampulitika at pang-ekonomya sa Pilipinas.

May iba pang paraan ang mga monopolyo ng EU para patuloy na kontrlin at ariin ang mahigit apatnapung porsyento (40%) ng kapital sa isang korporasyon at ganoon din ang mahigit 40% ng ganansya, kahit pagkatapos ng Kasunduang Laurel-Langley at Susog Pariti. Sunud-sunurang ipinaliwanag ito ng panig ng Pilipino sa panig ng Estados Unidos sa negosasyon sa Kasunduang Laurel-Langley. Ang mga monopolyo ng EU ay pwedeng humawak ng walang botong sosyo at bono sa mga korporasyon, kumontrol sa pagpapautang, magpataw ng mga kontrata sa pamamahala, magmanipula ng mga kasunduan sa pamimili at kontrata sa tulong ng taknikal, at napakarami pang iba na pinapayagan ng reaksyonaryong kapangyarihan. Isa pa, naging layunin ng negosyong Braderman-Virata na patagalin pa ang mga "karapatang pariti" sa pamamagitan lamang ng pag-iiba ng tawag dito - "tratong nasyonal" - sa niluluto ngayong tratado ng pagkakaibigan, komersyo at nabigasyon. Sa komunikeng inilabas ng mga nagnenegosasyon, malinaw na pumapaya g ang mga imperyalista ng EU at mga lokal nilang tuta na alisin ang mga "karpatang pariti" ng EU sa larangan ng pagtitingi.

Pinagagrabe ng Batas ng Pang-eengganyo sa Pamumuhunan ang pagkalaiping pang-ekonomya ng sambayanang Pilipino at ibinebenta sa imperyalismong EU ang bawat anyo ng soberanyang Pilipino. Ang papet na estado ay obligado ng batas na ito na kailanma'y huwag kunin o hingin ang dayuhang pag-aari. Obligado rin ang estado na magbigay ng dolyar sa mga dayuhang mamumuhunan para mag-uwi sila ng puhunan, maglabas ng kita at para bayaranf ang lahat ng utang sa dayuhan at obligasyon sa kontrata. Dagdag pa sa mga saligang pribilehiyong ito, ang mga mamumuhunan ng EU, sa pamamgitan ng kanilang mga korporasyong nakarehistro sa Lupong sa Pamumuhunan, ay nagtatamasa ng mga "pang-engganyo" tulad ng pagiging libre sa buwis sa benta ng dibidendo ng sosyo, pinabilis na depresasyon, pagbawi ng netong lugi sa operasyon sa susunod na panahon, pautang sa buwis, pagiging libre sa buwis sa imported na kagamitang pamuhunan, pag-eempleyo ng mga dayuhang nasyonal, pagkaltas ng muling ipinuhunan sa pagpapalawak, proteksyon laban sa kompetisyon ng gobyerno, prayoridad sa pagpapautang ng gobyerno, paggamit ng pondo ng GSIS at SSS, at mga ispesyal na pang-engganyo para mag-eksport.

Itinakda ng Batas sa Pang-eengganyo sa Pamumuhunan ang isang modelo ng lehislasyon na naglalayong pamalagiin ang pagmamay-ari at kontrol ng EU sa mga lokal na empresa nang hanggang sandaang porsyento (100%). Pinapayagan ng Batas sa Pang-eengganyo sa Pag-eeksport ang hanggang limampu't limang porsyentong (55%) sosyong dayuhan sa mga industriyang eksport at hanggang 100% sa mga bagong industriyang eksport.

Sa pagsunod ng mga reaksyonaryo sa idinikta ng mga amo nilang imperyalista ng EU, sinimulan na rin nila ang paglikha ng mga sona para sa malayang kalakalan, tulad ng Mariveles Free Trade Zone (Bataan Export Processing Zone), para mabigyan ang mga monopolyo ng EU ng mga permanenteng engklabeng pang-ekonomya na doo'y ligtas sila sa mga batas sa buwis ng papet na gobyerno ng Pilipinas.

Parehong ginagamit ng imperyalismong EU ang mapayapa't marahas na mga paraan sa pagsupil sa malakas na panawagan ng sambayanang Pilipino

para sa pambansang paglaya't demokrasya. Tinutustusan at minamanipula ng CIA at iba pang subersibong ahensya ng imperyalismong EU ang iba't ibang sangay ng papet na gobyerno, ang mga organisasyong "sibiko" at "panreporma", ang mga institusyon sa edukasyon at kultura at ang reaksyonaryong mga institusyon sa edukasyon at kultura at ang reaksyonaryong masmidya para maglunsad ng kampanya sa propaganda na lilikha ng "magandang klima para sa dayuhang pamumuhunan" at ng matinding damdamin laban sa komunismo. Kasabay nito'y marahas at todo-todong sinisikap na "kitlin habang usbong" pa lamang ang Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan, ibig sabihin, ang malawak na masa ng mamamayan na bumangon na para lagutin ang tanikalang kolonyal. Mas maraming kagamitang militar at pagsasanay sa mga teknik sa kontra-insureksyon ang ibinibigay sa loka l na pulisya at reaksyonaryong armadong pwersa, sa pamamagitan ng Upisina sa Kaligtasang Publiko ng AID at sa pamamagitan ng JUSMAG. Sa ngalan ng antikomunismo ay napakaraming pasistang krimen ang ginagawa laban sa sambayanan. Araw-araw ang pasismo ay pinasisidhi ng pasistang papet na rehimeng Marcos sa tangkang takutin ang sambayanan.

Tuwing gagawa ng kasumpa-sumpang krimen ang mga tauhang militar ng EU at laganap ang paghingi ng hustisya na lumabas kahit sa reaksyunaryong dyaryo, ang papet na gobyerno ay nagkukunwaring humihingi sa embahada ng EU ng panibagong negosasyon tungkol sa Kasunduan ng EU at RP sa mga Base Militar. Paghupa ng ingay, humuhupa rin ang usapan tungkol sa panibagong negosasyon. Pinangingibabaw ang taksil na ideya na nagbibigay naman ng kitang dolyar sa papet na gobyerno ang mga dayuhang base militar. Ang kakarampot na sandaa't tatlumpung milyong dolyar ($130,000,000) hanggang sandaa't limampung milyang dolyar ($150,000,000) na kinikita taun-taon ng papet na gobyerno at mga promotor ng bisyo mula sa mga base militar ng EU ay malinaw na hindi sapat na kabayaran sa paglabag sa soberanya at integridad ng teritoryo ng Pilipinas, pati sa aktwal na pagkakait ng kabuhayan at sabotaheng pang-ekonomya na resulta ng pag-okupa sa mga lupaing magagamit sa agrikultura at pagmimina, at resulta rin ng walang prenong ismagling ng mga kalakal ng EU sa pamamagitan ng mga base militar ng EU.

Tuwing maglulunsad ang imperyalismong EU ng gerang agresyon laban sa ibang bayan, hindi nag-aatubili ang papet na gobyerno ng Pilipinas na magtawag ng konsehong panggera o kaya'y lumahok dito, sa pamamahala ng imperyalismong EU. Lalong lumilinaw kung bakit kailangang patuloy na hawakan ng imperyalismong EU ang mga base militar nito sa Pilipinas. Ang mga base militar na ito ang pundamental na garantya para maprotektahan ang pamumuhunan ng imperyalismong EU sa Pilipinas, at para makapaglunsad din ng mga gerang agresyon sa Asya. Sa kabila ng mga usap-usapang tungkol sa pag-alis ng EU sa Asya, paulit-ulit namang ipinipilit ng imperyalismong EU na mananatili itong "kapangyarihan sa Pasipiko". Pinag-uusapan kunwari ang "pag-alis" para lamang magkaroon ng pagkakataon ang mga tutang Pilipino na magmakaawang manatili rito ang imperyalismong EU, sinasabi naman ng mga pusakal na reaksyonaryong lokal na hindi pa panahong magkaroon ng "panibagong negosasyon" sa mga tratado, dahil dumadanas ng krisis pang-ekonomya ang Pilipinas, at namamalimos ang gobyerno nito ng pautang sa dayuhan.

Mabilis ngayong naibubukod ang imperyalismong EU bilang Numero Unong kaaway ng mamamayan ng daigdig at ng sambayanang Pilipino, at desperadong nagtatangka itong itago ang pagiging prinsipal na nang-aapi't nagsasamantala. Tulad ng dati, gusto nitong palabasin na

kusang nagpapalimos ang gobyerno ng Pilipinas para makakuha ng puhunan, hindi lamang mula sa Estados Unidos kundi pati sa mga tinatawag na internasyonal na institusyon at konsorsyum sa pinansya,21 at sa iba pang bayang imperyalista tulad ng Hapon at Unyon Sobyet. Sa pagpapataw ng Estados Unidos ng mga imperyalistang patakaran nito sa papet na gobyerno ng Pilipinas, hindi lamang ang AID at ang iba pang direktang ahensya nito ang ginagamit ng Estados Unidos, kundi pati ang IMF, ang WB, ang ADB, mga internasyonal na konsorsyum, iba't ibang ahensya ng UN at mga organisasyong "panrehiyon". Pero kung gagawa ng panloob na pagsusuri sa kwenta, laging ang imperyalismong EU ang lalabas na pinakamatakaw sumipsip ng dugo.

Para higpitan ang mga dating dalawahang-panig at maramihang panig na tratado at kasunduang gumagapos sa Pilipinas, inuudyukan ng imperyalismong EU ang papet na gobyerno ng Pilipinas na itaguyod ang mga bagong kasunduanng "panrehiyon" tulad ng ASPAC, ASEAN, SEAMEC at iba pa. Ipinopropaganda ang mga ito bilang mga organisasyong panrehiyon na independyente sa imperyalismong EU, pero malinaw namang binubuo ng mga papet na gobyernong nakatali sa imperyalismong EU sa napakarming paraan. Ang pagsisikap ng imperyalismong EU na magtago sa likod ng ganitong mga huwad na organisasyon ay pinag-iibayo ayon sa "Doktrinang Nixon" na "Asyano ang palabanin sa kapwa Asyano". Pero hindi maitatago ng imperyalismong EU ang agresibo nitong kalikasan; sa abot ng makakaya'y pananatilihin at gagamitin sa ibang bayan ang tauhang militar nito.

Sa anu't anuman, ang militarismong Hapones ay mabilis na binubuhay uli ng imperyalismong EU para magsilbing prinsipal na instrumento nito sa Asya, at pinapapasok nito sa Pilipinas. May ilusyon itong panatilihing punong-tanod ng EU sa Asya ang Hapon. Sa kagustuhan ng imperyalismong EU, nagmamaniobra ang papet na rehimeng Marcos para mapagtibay ang di pantay na tradado ng Hapon at RP sa Pagkakaibigan, Komersyo at Nabigasyon. Kahit wala ang tratadong ito, pinapayagan ang Hapon na lumahok sa pandarambong ng mineral ng Pilipinas at ng yaman nito sa dagat, gubat at agrikultura. Pinapayagan din ang Hapon na mamuhunan at magtambak ng kalakal sa pamilihan ng Pilipinas. Pumapangalawa lamang ito ngayon sa Estados Unidos sa pamumuhunan at sa pagkontrol ng kalakalang panlabas ng Pilipinas.22 Gusto ng mga reaksyonaryon na bigyan ng ispesyal na pribilehiyong makapaglayag nang malaya sa karagatang teritoryo ng Pilipinas ang mga plotang pangisda pat ang mga sasakyang-dagat ng Hapon.

Pakana rin ng imperyalismong EU na mag-umpisang magkaroon ang Pilipinas ng relasyong diplomatiko at pakikipagkalakarlan sa sosyal-imparyalismong Sobyet. Pumapapel ang sosyal-imperyalismong Sobyet na kaya nitong magpautang, laluna sa porma ng puhunang kalakal, at nagtatangka itong makaparte sa hilaw na materyales ng Pilipinas, magbenta ng patakbuhing mga kalakal nito sa pamilihan sa Pilipinas at mang-usura. Tulad ng Hapon, ang sosyal-imperyalismong Sobyet ay minamaniobra ng imperyalismong EU para sobrang magkalat ng pwersa sa pagdedepensa ng sistemang kapitalista sa mundo, at magkaroon ng parte sa responsibilidad na magmantini ng mga reaksyonaryong gobyernong sa saliga'y papet ng imperyalismong EU.

Sa partikular, interesado ang imperyalismong EU na patulungin ang sosyal-imperyalismong Sobyet sa mga lokal na rebisyonistang taksil sa pananabotahe sa rebolusyonaryong kilusang masa at patulungin din sa reaksyonaryong gobyerno sa pagtataguyod ng ilusyon na mayroon ditong

demokrasya. Sa pananabik na makinabang sa pagluluwag ng imperyalismong EU, ang mga ahenting Pilipino ng sosyal-imperyalismong Sobyet, ang mga taksil na rebisyonistang Lava, ay madalas magbigay ng impormasyon sa reaksyonaryong armadong pwersa laban sa Partido Komunista ng Pilipinas, Bagong Hukbong Bayan at malawak na masa ng mamamayan. Naglulunsad sila ng mga kampanya ng paninira at gumagawa ng madugong porma ng intriga laban sa sambayanan.

Ang istratehikong alyansa ng imperyalismong EU, militarismong Hapones at sosyal-imperyalismong Sobyet na pinasukan ng papet na gobyerno ng Pilipinas aya pundamental na nakatuon sa sambayanan, sa rebolusyon, sa komunismo at sa Tsina. Sa aregluhang ito, ginagamit ng imperyalismong EU ang militarismong Hapones para rendahan ang sosyal-imperyalismong Sobyet, at ginagamit naman ang sosyal-imperyalismong Sobyet para rendahan ang militarismong Hapnoes. Samantalang magkaalyado sila laban sa pareho nilang kaaway, bilang mga pwersang imperyalista'y hindi nila maiwasang mag-agawan sa panibagong paghahati-hati sa mundo. Sa bandang huli'y sila mismo ang sisira sa kanilang aregluhan.

May kalakasan nga ang imperyalismong EU sa Pilipinas, pero kung sa mundo ang pag-uusapan ay naghihina na ito. Hindi na nito maipapagpaliban ang sariling pagbagsak. Panahon na ngayon ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong, panahong tumutuloy ang imperyalismong EU sa ganap na pagbagsak at sumusulong ang sosyalismo sa pandaigdigang tagumpay.

Hindi tulad noong nakaraang dalawang digmaang pandaigdig, nang kaya pang samantalahin ng imperyalismong EU ang pagkakapahamak ng iba pang kapanyarihang imperyalista, ito naman ngayon ang itinutulak ng pandaigdigang pakikibakang antiimperyalista tungo sa sariling ganap na pagkapahamak. Dahil masyadong nakakalat ang pwersa ng imperyalismong EU sa buong mundo para apihin ang mga mamamayan, hindi na nito kayang harapin ang malalakas na hambalos ng parami nang paraming mamamayan sa parami nang paraming lugar. Naglalagablab ang mga digmaang bayan sa buong mundo, laluna sa Asya, Aprika at Amerika Latina. Sa yugtong ito na napakaraming aping mamamayan ang nagbabangon para gawing pangunahing tunguhin ang rebolusyon, mabilis na tumutuloy ang imperyalismong EU sa ganap na pagbagsak. Kung maglulunsad ito ng gerang pandaigdig, mapapabilis lamang ang sarili nitong pagkawasak. Kung hindi naman, wala pa rin itong pag-asang ipanalo ang mga gerang agresyon nito, tulad ng inilulunsad laban sa s ambayanan ng Byetnam, Kampuchea, Laos at iba pang bayan. Sa mismong lupain ng imperyalismong EU, pinag-iibayo ng proletaryadong puti at itim ang rebolusyonaryong pakikibaka nila sa mapandigmang imposisyon ng malaking burgesya. Nakikipag-alyansa ang imperyalismong EU sa iba pang kapangyarihang imperyalista pero lagi namang sinasamantala ng mga ito ang kagipitan niyon. Kahit mukhang malaking halimaw ang imperyalismong EU, sa esensya ay tigreng papel ito na nag-aagaw-buhay na.

Samantalang tumutuloy na sa kapahamakan ang imperyalismong EU at mga kaalyado nito, kinokonsolida naman ng mga sambayanang Tsino at Albanes ang sosyalismo at sinisigurado na may makapangyarihang baseng likuran ng pakikibakang anti-imperyalista sa buong mundo. Patuloy na lumalawak ang pandaigdigang nagkakaisang prent para ihiwalay ang mga pusakal na kontrarebolusyonaryo. Maaliwalas ang kinabukasn ng lahat ng aping sambayanan habang hinahawakan nila ang mga saligang sandatang

ginagamit ng mga sambayanang Tsino at Albanes para makamit ang maningning nilang mga tagumpay. Ang rebolusyong Pilipino ay tinatanglawan ngayon ng dakilang unibersal na katotohanan ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong. Ang Partido Komunista ng Pilipinas, ang rebolusyonaryong partido ng proletaryadong Pilipino, ay itinatag uli sa tamang batayang teoretikal para pamunuan ang sambayanan tungo sa tagumpay.

## III. PYUDALISMO

### 1. Ang Kahulugan ng Pyudalismo

Pagdating sa yugto ng imperyalismo, ang kapitalismo, bilang isang istorikong pehomenon sa mundo, ay naghihingalo, parasitiko at bulok na. Hindi nag-eeksport ang imperyalismong EU ng sobrang kapital sa mga kolonya at malakolonya para itaas ang ekonomya ng mga ito sa antas ng kaunlarang kapitalista kundi para lamang magkamal ng sobra-sobrang ganasya sa pagsasamantala sa murang lokal na lakas-paggawa at sa paghakot ng murang hilaw na materyales. Limitado ang pagtatayo ng mga empresa ng EU na nagpoproseso ng hilaw na materyales sa lugar mismo na pinagkukunan nito. Ang lawak at kalidad ng monopolyong kapital na EU na ipinapasok sa ekonomya ng Pilipinas mula nang mag-umpisa ang siglong 1900 ay naging dahilan ng pagkakapailalim ng katutubong pyudalismo sa imperyalismong EU. Likas sa imperyalismong EU na maging dahilan ng tagibang at pasumpung-sumpong na pag-unlad, magmantini ng ilang syudad na pinaghaharian ng uring komprador, at magpanatili ng malawak na kanayunang pinaghaharian ng uring panginoong maylupa.

Nananatili pa rin ang pyudalismo sa Pilipinas kahit may ipinasok nang bahagyang kapitalisng pag-unlad ang imperyalismong EU. Inalagaan ng monopolyong kapital ng EU ang binhi ng kapitalismong nasa sinapupunan ng katutubong pyudalismo, pero hinahadlangang ding umunlad nang ganap sa pambansang kapitalismo ang binhing ito. Sa pagsusuri lamang sa kasaysayan maiintindihan kung bakit nananatili ang pyudalismo at limitado ang pag-unlad ng kapitalismo.

Ang pyudalismo ay isang paraan ng produksyon na ang pangunahing pwersa sa produksyon ay ang mga magsasaka at ang lupang binubungkal nila, at ang mga saligang katangian ng relasyon sa produksyon ay ang pang-aapi at pagsasamantala ng uring panginoong maylupa sa uring magsasaka. Ang pinakakagyat na manipestasyon ng pyudalismo ay ang pagmamay-ari ng iilang panginoong maylupa ng malalawak na sakahang hindi sila mismo ang bumubungkal, kundi ipinapabungkal nila sa maraming kasama. Ang esensya ng relasyong pyudal ng palamuning uring panginoong maylupa at produktibong uring magsasaka ay nasa pagkikil ng uring panginoong maylupa sa uring magsasaka ng napakataas na upa sa lupa, sa porma ng pera o produkto. Ang ganitong saligang relasyon ang dahilan ng paghihirap ng mga magsasakang kasama, dahil ang kadalasa'y kulang pa. Bukod dito'y biktima rin sila ng mga pyudal na pamamalakad tulad ng usura, sapilitang pang-aalila at iba pang porma ng tributo. Kontento na sa atrasadong paraan ng agrikultura ang lumang uring panginoong maylupal na sa sariling luho't pagpapasarap ginagamit ang upa sa lupa, dahil sobra pa para sa sariling pangangailangan ang nakukuha nila sa pagbabanat lamang ng buto ng maraming kasama, na gumagamit ng simpleng mga kagamitang pansaka. Sa kabilang banda, ang kasama na sa takdang

pwesto lamang nakakapagsaka ay lalong naghihirap dahil sa mababang antas ng teknolohiya.

Hindi mga kolonyalistang Espanyol ang unang naglatag ng pundasyon ng pyudalismo sa Pilipinas. Nauna sa mga kongkistador na Espanyol nang di kukulanginsa isang siglo ang mga sultanato sa Mindanao, laluna ng Sulu at Magindanaw. Sila ang unang nagpairal sa pyudal na paraan ng produksyong lumilikha ng surplus na agrikultura para suportahan ang marami-rami ring myembro ng maylupang nobilidad, mga mandirigma, mga guro ng relihiyon at mga mangangalakal. Ang pagyabong ng pyudalismo sa ilalim ng relihiyong Islam ay pinabilis ng masiglang kalakalang nakasentro sa Sulu. Nang magtagal, lalo pang nakonsolida ang lipunang pyudal sa determinadong paglaban nito sa kolonyalistang Espanyol. Kinakatawan ng mga sultanato ng Mindano ang isang porma ng organisasyong panlipunan na mas mataas kaysa umiiral sa iba pang parte ng kapuluan, kaya mas epektibo nilang nalabanan ang mga kolonyalistang Espanyol na hindi naman kumakatawan sa anumang mas mataas na porma ng organisasyong panlipunan at madaling naituring na dayuhang kaaway dahil matagal na noong naglalabanan ang Islam at Kristiyanismo.

Gayunman, ang kolonyalismong Espanyol ang nagpatatag sa pyudalismo sa pinakamalawak na saklaw sa kapuluan. Sa administrasyon nito, lubusang pinaunlad ang pyudal na paraan ng produksyon. Sa mahigit tatlong daang (300) taong paghahari ng mga kolonyal na awtoridad, gumawa sila ng dalawang pangunahing hakbang para palakasin ang pyudalismo sa Pilipinas. Una ang pagkakaloob ng mga engkomyenda bilang premyong kapalit ng serbisyo o katapatan sa hari ng Espanya, at ikalawa ang sapilitang pagpapatanim ng ilang produktong pang-eksport mula noong huling parte ng siglong 1700.

Ang enkomyenda ay ibinibigay ng hari sa mga ordeng relihiyoso, mga institusyon sa kawanggawa at mga indibidwal. Malawak ang sakop nito at ilang baranggay ang binubuklod sa iisang yunit ng ekonomya at administrasyon. Ang mga pinuno ng baranggay ay ginawang pangunahing tuta sa bawat lokalidad, bilang kolektor ng tributo, tagapagpatupad ng sapilitang pagpapatrabaho at prinsipal na debot ng dayuhang relihiyon. Ang esensyal na layunin ng enkomyenda ay padaliin nga ang pangungulekta ng tributong pera o kalakal na pang-agrikultura, ang sapilitang pagpapatrabaho at ang indoktrinasyon ng mamamayan sa pyudal na ideolohiya ng Katolisismong Romano. Ginamit ng mga kolonyalista ang Kristiyanismo nang sa gayo'y maging masunurin at parang alila ang mga tao.

Lumilikha ng surplus sa produksyong pang-agrikultura pero para lamang suportahan at pakainin ang mga Espanyol na administrador, pari at sundalo at ang katutubong nobilidad. Naniningil ng tributo para suportahan ang mga naghaharing dayuhan, laluna para pakainin sila at buhayin sa luho. Sapilitang pinagtatrabaho ang mga tao para mapalawak ang mga sakahan, maitayo ang mga gusali ng gobyerno at simbahan, at mapahusay ang komunikasyon ng mga baryo at ng kabayanang tinitirhan ng kura.

Sa loob ng enkomyenda, ang mga batas ng Espanya tungkol sa pribadong pagmamay-ari ng lupa ay basta na lamang inumpisahang ipatupad ng mga kleriko at sibil na eenkomendero. binuwag ang komunalismo sa mga lugar na kolonisadong-kolonisado. Ang Espanyol na enkomendero. Pinayagan din ang katutubong nobilidad na mang-agaw ng lupang

pang-agrikultura at kasabay nito'y hinikayat sila na direktang magbigay ng lupa sa Simbahang Katoliko. Kapag tumututol ang mamamayan, buong lupit na kinakamkam ng mga kolonyalista ang lupa nila sa pamamagitan ng armadong pwersa. Itinuturing na pag-aari ng hari ng Espanya ang lahat ng lupang nasasakop na basta na lamang madidisposisyonan ng mga awtoridad na kolonyal. Sistematikong ginagamit ang sapilitang pagpapatrabaho para magbukas ng bagong lupain, o kung ang mga tao ay kusa namang nagbubukas ng bagong lupang sakahan para sa sariling pangangailangan, sinasabihan na lamang sila na ang lupa ay hindi sa kanila kundi sa hari o kung sinong enkomendero na na gkatitulo roon.

Nang sa katagala'y itaguyod ng mga prayle ang pagbubuwag sa sistemang enkomyenda, hindi ang pagpawi sa pang-aabusong pyudal ang talagang gusto nila. Ang pangunahing intensyon nila ay hingin na ipatupad nang mas mahigpit ang mga batas ng Espanya sa loob ng mas maayos na sistema ng adminstrasyon para hindi na masyadong madalas magbanggaan ang mga panginoong maylupang kleriko at sibil sa pangangamkam nila ng lupa. Ang puna ng mga prayle sa sistemang enkomyenda ay humantong lamang sa paglikha ng mga probinsya sa sentral na pangangasiwa ng Maynila. Malalim na ang ugat ng sistemang enkomyenda. Nakapangamkam na ng malalawak na lupain ang mga ordeng relihiyoso.

Dalawa ang pinagpilian ng sibil na mga Espanyol na enkomendero. Lumalagi sa kapuluan ang ilan para maglahi ng sunud-sunod na henerasyon ng mga insulares at mestiso. Ipinagpabili naman ng iba ang lahat ng kanilang ari-arian sa mga komersyante at ibang panginoong maylupa, at nag-uwi sila ng ginto sa Espanya at nanatiling peninsulares o taga-Espanya. Sa loob ng uring panginoong maylupa, may sariling saray ang mga katutubong panginoong maylupa. Naging panginoong maylupa ang ilan sa kanila, pero napinsala naman ang kapwa nila indiyong nawalan ng ari-arian dahil lantaran palang kinamkaman ng lupa, o nabangkrap dahil sa mga ligal na proseso ng pyudalismo. Nagsipag-asawa naman ng mga katutubong babae ang mga komersyanteng Tsino na ang pinili ay mamalagi sa Pilipinas para lumahok sa kalakalan ng mga kabayanan at baryo. Ginawa nila ito para ligal na maibili ng lupa ang perang kinikita nila sa pakikipagkalakalan at pagpapautang. Ito ang paliwanang kung bakit tunog-Tsino ang apelyido n g maraming panginoong maylupa, bukod sa tunog-Espanyol.

2. Ang Sistemang Asyenda

Nagdesisyon ang mga kolonyalistang Espanyol na patindihin ang pyudal na pagsasamantala sa mamamayan nang papalubog na ang kalakalang galyon noong huling parte ng siglong 1700. Ang kalakalang galyon ang prinsipal na pinagkakakitaan noong ng sentral na administrasyon sa Maynila. Habang paliit nang paliit ang kita rito dahil sa mga pangyayari sa mundo na pangunahi'y resulta ng tulak ng kapitalismo, bumaling ang kolonyal na mga awtoridad sa malawakang pagtatanim ng komersyal na produktong pang-eksport. Isinagawa ang mga "reporma sa ekonomya" para makasapat daw ang Pilipinas sa sarili, ibig sabihi'y para mabigyan ng ibang pagkakakitaan ang mga kolonyalista.

Ang Samahang Pang-ekonomya ng mga Kaibigan ng Bayan (Sociedad Economica de los Amigos de Pais) ay itinatag ng Espanyol na gobernador-heneral noong 1781 para pasiglahin ang pagtatanim ng ilang

komersyal na produktong pang-eksport. Pagkatapos ay binigyan ng prangkisya ng Kumpanya ng Kaharian sa Pilipinas (Compania Real de Filipinas) para monopolisahin ang kalakalan sa mga pananim na ito. Iniutos ang pagtatanim ng tabako, indigo, tubo, abaka at iba pa. Sinisikap ng Espanya na umangkop sa tulak ng kapitalismo, laluna ng kapitalismong Britaniko at Pranses, noong huling parte ng siglong 1700 at unang parte ng siglong 1800. Bago pa man pormal na buksan ang pwerto ng Maynila sa mga barkong hindi Espanyol, nag-umpisa nang dumaong sa Maynila ang mga ito noong huling parte ng siglong 1700.

Ang malawakang pagtatanim ng mga komersyal na produkto ang nagpasimula sa sistemang asyendang umiiral pa rin ngayon. Ang naging resulta nito ay ang mas masahol pang pagsasamantala sa sambayanang Pilipino. Nagdikta ang kolonyal na gobyerno ng mapangamkam na presyo para sa mga komersyal na pananim. Isa pa, ang mga nagtatanim ng mga produktong ito ay nangangailangang kumuha ng makakain nilang bigas o mais mula sa ibang lugar. Sa gayon, nagsimulang magkaroon ng ispesyalisasyon sa agrikultura at inumpisahang guluhin ng produksyong pangkalakal ang natural na ekonomya ng lipunang pyudal.

Habang ang pyudal na pagsasamantala sa mamamayan ay pinatitindi ng mga kolonyalistang Espanyol, laluna ng mga prayle, limampu't isang (51) di Espanyol na dayuhang istablisimyento sa pagbabarko at komersyo ang naitayo sa Maynila noong kalagitnaan ng siglong 1800. Labindalawa (12) sa mga ito ay istablisimyento ng mga Amerikano at Europeong di Espanyol, na halos nagmonopolisa sa kalakalang import-eksport. Pagkatapos ay nagbukas ng sangay ang mga ito sa iba't ibang lugar sa kapuluan tulad ng Sual, Cebu, Zamboanga, Legaspi at Tacloban, na nagbukas ng pwerto sa kalakalang panlabas.

Ang produksyon ng mga pananim na pang-eksport ay pinalakas ng operasyon sa pinansya ng mga dayuhang istablisimyentong ito. tumaas sa sandaa't walong milyong piso (P108,000,000) noong 1870 ang buong halaga ng eksport na produktong pang-agrikultura, mula limang daang libong piso (P500,000) noong 1810. Lalo pang bumilis ang pagtaas na ito noong sisiklab na ang reboluyong Pilipino ng 1896. Pinasigla ang pagtatanim ng abaka at tubo, at ang mga ito ang naging prinsipal na eksport ng Pilipinas. Noong kalagitnaan ng siglong 1800, tatlong libong (3,000) pikul ang produksyon ng asukal; umabot ito sa dalawang milyong (2,000,000) pikul pagkaraan ng apatnapung (40) taon. May ispesyal na interes sa asukal ang mga asukarera ng EU (na kontrolado ng dambuhalang American Sugar Refining Company), kaya noong 1885, sila na ang kumukuha ng dalawang-katlo ng produktong ito o dalawang daa't apat na libo, pitumpu't limang (204,075) metrikong tonelada. Noong 1898, nakakapagyabang ang konsul na Amerikano sa Maynila na ang halaga ng kalakal na pinangangasiwaan niya ay katumbas ng sa dalawampu't isang (21) kakumpitensya nilang pinagsama-sama.

Sa pagbilis ng panlabas na kalakalan sa mga produktong pang-agrikultura, bumilis din ang kalakalan sa loob ng bayan. Naging mas makabuluhan ang paglitaw ng lokal na burgesyang komersyante sa kalakalang panloob. Gayunman, nakita nila na ang kanilang oportunidad na pang-ekonomya ay limitado sa paggamit ng ganansya nila para makabili ng lupa, o sa pag-upa sa lupain ng mga prayle. Parte ng ganansya nila ay napupunta sa pagpapaaral sa mas maraming istudyante sa unibersidad, dito sa ibang bayan. Sa gayon, ang burgesyang komersyante ang nagsilbing batayang panlipunan ng katutubong intelihensya.

Nang sa kasakiman ng mga imperyalista'y agawin ng Estados Unidos ang Pilipinas, alam na alam niyon na kailangang mapanatili ang pyudalismo para patuloy na makakuha ng hilaw na materyales tulad ng asukal, abaka, niyog at iba pang produktong pang-agrikultura. Sa paggamit ng EU ng kontrarebolusyonaryong dalawang taktika para lokohin ang ilustradong liderato ng rebolusyong Pilipino, alam niyon ang katangian ng mga panginoong maylupa at komersyante ng Kanang panig ng nasabing liderato, at kumilos iyon para asimilahin ang sariling interes. Ginamit ng EU ang nasabing taktika para maihiwalay ang Kaliwang panig na kinakatawan ni Mabini, ang panig na sa ideolohiya'y mas malapit sa rebolusyonaryong masang magsasaka at nagtataguyod sa pagsasauli sa mamamayan ng mga lupang inagaw sa kanila ng kolonyal na gobyernong Espanyol at ng mga prayle.

Sa gayon, hindi nag-atubili ang imperyalismong EU na garantyahan, sa Tratado ng Paris ng 1898, ang mga karapatan sa ari-arian ng uring panginoong maylupa na tinamasa nila sa ilalim ng kolonyal na rehimeng Espanyol; isinauli kahit sa pinakadespotikong mga kleriko't sibil na panginoong maylupang Espanyol ang mga lupaing kinumpiska sa kanila ng rebolusyonaryong masa. Dahil sa pagpapatuloy ng mga karapatang pyudal, nasigurado ng gobyernong kolonyal ng EU ang suportang pampulitika ng mga nagtaksil sa rebolusyon at ang patuloy na suplay ng hilaw na materyales para sa mga industriya ng EU. Ayon sa Batas Payne-Aldrich ng 1909, libre sa taripa ang mga produkto ng Pilipinas, karamiha'y pang-agrikultura, na ipinapasok sa Estados Unidos. Noong 1910, nagtayo ang mga imperyalista ng EU ng isang asukarera para ipakita kong anong tipo ng pamumuhunan ang pinakagusto nilang gawin. Noong 1913, inalis ng Batas Underwood sa Taripa ang lahat ng limitasyon sa kota sa mga produktong pang-agrikultura ng Pilipinas na pang-eksport sa Estados Unidos. Lahat ng hakbang na ito ay nagkaroon ng iisang epekto, ang itali ang Pilipinas sa ekonomyang kolonyal at agraryo, na labis na umaasa sa iilang pananim na pang-eksport. Noong unang tatlumpung (30) taon ng paghahari ng imperyalismong EU, ang pang-agrikulturang produksyong pang-eksport ay pinalawak nang mas mabilis pa kaysi dati. Noong 1932, mahigit nang siyamnapu't siyam na porsyento(99%) ng pang-eksport na asukal ang napupunta sa Estados Unidos.

Sa pagsakop ng imperyalismong EU sa Pilipinas, nalikha ang mga kondisyong hindi gaanong malikha sa pamamagitan lamang ng komersyal na pagpipinansya ng mga empresa ng EU sa eksport-import at sa pagbabarko noong panahon ng kolonyal na paghaharing Espanyol. Pinatingkad ang malapyudalismo sa kanayunan sa pamamagitan ng lalong pagpapasigla sa kapitalistang pagsasaka, korporadong pag-aari ng lupain at komersyal na pang-uusura. Nagtayo ng mga asukarera, pahagutan ng abaka at repinerya ng niyog na korporasyon ang nagmamay-ari at batayan ng pagkakaorganisa ng mga panginoong maylupa. Bukod sa mga hakbang na ito na direktang isinagawa sa kanayunan, nagtambak dito ng mga yaring produkto ang imperyalismong EU para matali ang ekonomya sa produksyon ng iilang pananim na pang-eksport at sa pamilihan ng kalakal.

Walang saligang ipinagbago ang kasalukuyang sistema ng ekonomya at ng produksyong pang-agrikultura na pinasigla ng imperyalismong EU noong panahon ng direktang paghaharing kolonyal nito. Noong 1957, mga dalawampung porsyento (20%) (isa't kalahating milyong [1,500,000] ektarya) ng kabuuang lupang pang-agrikultura ang natatamnan ng produktong pang-eksport. Mga walumpung porsyento (80%) lima't

kalahating milyong [5,500,000] ektarya) ang lupang nakalaan sa mga pananim na pagkain. Sa kabila ng kapansin-pansing pagtatangka noong dekadang 1960 na palawakin ang pagtatanim ng mga produktong pang-eksport, mga dalawampu't walong porsyento (28%) (dalawa't kalahating milyong [2,500,000] ektarya) ng kabuuang lupang pang-agrikultura ang natatamnan ng produktong pang-eksport noong 1980. Mga pitumpu't dalawang porsyento (72%) (anim na milyon, apat na raang libong [4,600,000] ektarya) ang lupang nakalaan sa mga pananim na pagkain. Kitang-kita ang mga kapitalistang paraan ng pagsasamantala sa mga lupang tinatamnan ng produktong pang-eksport at umiiral naman ang mga pyudal na paraan ng pagsasamantala sa mga lupang tinatamnan ng produktong makakain, pwera sa ilang lugar na inumpisahan na ng mga panginoong maylupa ang mekanisasyon.

Hindi lahat ng maylupang magsasakang nababangkrap, at kasamang napapatalsik sa mga lupang ginagawang kapitalistang sakahan, ay nabibigyan ng trabaho bilang manggagawa sa industriya o regular na manggagawang bukid. Kulang ang mga empresang itinayo ng mga monopolyo ng EU at ng mga pambansang kapitalista para mabigyan silang lahat ng trabaho. Dahil limitadong-limitado ang mga oportunidad sa industriya at agrikultura, sobra ang kumpetisyon sa iilang trabahong industriyal, na lalong nagpapababa sa sahod, at sobra rin ang pagsisiksikan sa lupa.

### 3. Huwad na Reporma sa Lupa

Sa buong panahon ng direkta at hindi direktang paghahari ng imperyalismong EU sa Pilipinas, may mahaba nang listahan ng mga huwad na hakbang sa reporma sa lupa. Kabilang dito ang mga batas sa titulo sa lupa, disposisyon ng mga lupang publiko, resetelment, "pagkuha" sa malalaking lupain, "makatwirang" partihan sa ani, pagpapautang at hakbang "laban sa usura", at "makatwirang pagpapasahod" sa mga manggagawang bukid. Inaaprubahan ang mga batas na ito sa mga panahon lamang na takot na takot ang mga reaksyonaryo sa dumadaluyong na armadong pakikibaka ng magsasaka, at gusto nilang lokohin ang masang tagabukid. Mula pa noong panahon ng Komisyong Taft hanggang sa kasalukuyang papet na rehimen, ang mga reaksyonaryong hakbang kaugnay ng problema sa lupa ay lagi nang ginagamitan ng matatayog at "maaamong" pananalita, pero ang nagiging resulta lamang ay ang mas masahol na pangangamkam at pagsasamanatala sa masang taga-bukid. Ang paglalahad sa istorya ng reaksyonaryong reporma sa lupa sa a ting bayan ay paglalahad ng istorya ng pandaraya't panloloko, na gumagamit sa pangalan ng uring magsasaka para payamanin ang uring panginoong maylupa.

#### a. Resetelment at Pangangamkam ng Lupa

Ang kauna-unahang batas sa lupa na inaprubahan ng mga imperyalista ng EU sa Pilipinas ay ang Batas sa Rehistrasyon ng Lupa ng 1905 na magpapadali daw sa pagbibigay ng mga titulo sa lupa. Kinilala ng batas na ito ang tatatlong titulo sa ari-arian na mairerehistro: ang Informacion Poseseria, rehistrasyon ayon sa Batas ng Espanya sa Pagsasangla, at depektibong titulo o pagmamay-ari mula noong 1894. Ang sasandakot na nangungunang taksil sa rebolusyong Pilipino, Amerikanong ispekulador sa lupa, panginoong maylupa at burukrata mula sa antas ng munisipalidad pataas ay nagmadaling lahat para iparehistro sa kanilang pangalan ang mga lupang walang titulo, kabilang na ang lupa ng mga magsasaka at pambansang minorya na

hindi tinuruan kung paano magpaparehistro ng lupang noong panahon ng kolonyal na rehimeng Espanyol at pati noong panahon ng kolonyal na paghahari ng EU.

Para sa mga imperyalista ng EU, ang pangunahing layunin ng batas na ito ay tiyakin ang hangganan ng mga pribadong lupa, at ikategorya ang nasa labas ng mga ito bilang lupang publiko na basta na lamang nila madidisposisiyonan at makokontrol. Inapurbahan ang Batas Kadastral ng 1970 para lalong makapang-agaw ng lupa ang mgaklll imperyalista ng EU at hindi para ituwid ang mga dating pagkakamali sa pagtititulo ng lupa. Hanggang ngayon, ginagamit pa ring pangunahing paraan ng pangangamkam ng lupa ang mga sarbey na kadastral.

Sunud-sunod na pinagtibay ang mga batas sa lupang publiko noont 1903, 1919 at 1929 para himukin daw ang mga magsasakang inagawan ng lupa na kumuha ng limitadong sukat ng lupang publiko sa pamamagitan ng paghohomisted, pagbili o pag-upa. Sa katunayan, ang panawagan lumipat ng tirahan sa tinatawag na mga prontera ay panakip lamang para ang malalawak na lupang publiko ay makuha ng mga Amerikano, mga korporasyong pang-agrikultura ng EU at mga panginoong maylupa at burukratang Pilipino. Ang mga magsasakang inagawan ng lupa ay inakit sa mga lugar na ito para magkaroon ng lakas-paggawang hahawan sa lupa at magsilbing panangga lng mga imperyalista ng EU at panginoong maylupa laban sa mga katutubong tagaroon na inagawan ng lupa at karaniwa'y kabilang sa mga di Kristiyanong nasyonalidad.

S pagtatangkang kontrahin ang kilusang magsasaka sa Gitnang Luzon at iba pang parteng bayan, ang Pambansang Pangasiwaan sa Resetelment (National Land Resettlement Administration) ay ipinaorganisa ng panginoong maylupang si Quezon noong 1939 para paandarin ang dalawang proyekto sa setelment sa timog-kanlurang Mindanao at isa sa Lambak ng Cagayan, na ginagawang distiyeruhan ng mga magsasakang mapanghimagsik.

Sa kainitan ng gerang magsasaka noong 1950, inorganisa ang Korporasyon sa Pagpapaunlad ng Setelment (Land Settlement Development Corporation o Lasedeco) para ilipat ang mga magsasakang nawalan ng lupa. Sa tatlong taong itinagal ng Lasedeco, hindi lalampas sa apat na raang (400) pamilya ng magsasaka ang nailipat nito. Pagkaraan, ang reaksyonaryong militar na pinamumunuan ng ahente ng CIA at malaking panginoong maylupang si Ramon Magsaysay ay nagtayo ng mga proyekto sa resetelment sa ilalim ng Kwerpo sa Pagpapaunlad ng Ekonomya (Economic Development Corps o Edcor). Hindi lalampas sa sanlibong (1,000) pamilya ng magsasaka ng nailipat. Ang kahuli-hulihang proyekto sa resetelment ay ginawa sa ilalim ng Pambansang Pangasiwaan sa Resetelment at Rehabilitasyon (National Resettlement and Rehabilitation Administration o NARRA) noong 1954. Hindi napabuti ang lahat ng proyektong ito sa resetelment ang katayuan ng kahit ikasampung parte ng isang porsyento ng mga magsasakang nawalan ng lu pa sa Pilipinas. Ipinagtatapon na lamang sa gubat ang mga setler, at doo'y dumanas sila ng kapabayaan ng gobyerno at naging biktima ng dati nang mga kasamaaan aaaang pyudalismo. Ang pangunahing layunin ng mga reaksyonaryo ay gumawa lamang ng pakitang-taong "reporma sa lupa" na magagamit sa kanilang mapanlinlang na propaganda. Ang mga proyekto sa resetelment ay ginamit lamang na kontra-insureksyong

hakbang ng mga adbayser na militar ng EU at ng reaksyuanryong armadong pwersa.

Sa pagsunod ng mga panginoong maylupa, kasama ang mga komprador at burukratang kapitalista, sa sarili nilang mga panawagan sa resetelment nitong nakaraang pitong dekada, pinaabot nila ang pyudalismo at ang kapitalistang pagsasaka sa mga bundok at burol. Ginagamit nila ang kanilang surplus sa produksyong pang-agrikultura at ganansyang komprador para kumuha ng dagdag na lupa, o kaya't ginagamit nila ang kanilang lupa para makapangutang nang malaki at makakuha pa uli ng dagdag na lupa. Ikinukuha nila ng titulo ang malalawak na lupang publiko, inaakit ang mga setler na hawanin at bungkalin iyon, saka pinalalayas ang mga ito o pinananatili bilang kasama. Para makasunod sa Artikulo 13, Seksyon 2 ng Konstitusyon ng Pilipinas, umuupa sila ng malalawak na sakahan mula sa lupang publiko, na umaabot ng dalawang libong (2,000) ektarya bawat isa, at pinalalabas nilang pastulan o rantso ang mga ito. Pagkatapos ay nagiging kanila nang pribadong lupang pang-agrikultura ang mga ito. Kinakamka m nila pati ang mga bundok, burol at ilog. Nagiging konsesyonero rin sila ng trosohan at pagkatapos ay nakukuha na nila ang lupang pinagputulan ng troso. Hindi lamang nila pinalalawak ang sakop ng kanilang pagsasamantalang kapitalista at pyudal, kundi nililikha rin nila ang kondisyong nagiging dahilan ng baha at pagkaagnas ng lupa, na pumipinsala sa masang anakpawis sa mababang lugar.

Kalahok ang mga monopolyo ng EU sa pang-aagaw ng lupa sa mamamayan sa pamamagitan ng pagtatayo ng sarili nilang mga plantasyon tulad ng sa Del Monte, Dole, Stanfilco, Firestone Rubber at iba pa, at pagbubukas ng mga minahan tulad ng sa Benguet Consolidated, Lepanto, AtlConsolidated at napakarami pang iba. Dahil sa mga minahang ito, direktang naaagawan ng lupa ang mga magsasaka at pambansang minorya, at nasisira rin ang malalawak na sakahan sa pag-agos sa ilog ng mga duming mineral at kemikal. Sa kasalukuyan, marami pang ibang minahan na inaapurang buksan ng mga imperyalistang EU at Hapon sa iba't ;ibang lugar ng bayan.

Habang mas mabilis na itinatayo ng mga imperyalista ng EU at mga lokal na alipuris nila ang mga empresang nangangailangana ng malalawak na lupain tulad ng mga minahan, plantasyon at rantso, hanggang katapusan ay mabagsik na lalaban at lalaban ang malawak na masa ng mamamayan. Ang kinamkamang uring magsasaka at ang mga pambansang minoryang itinataboy ngayon mula sa mga lugar ng resetelment at sa mga reserbasyon ay nag-umpisa nang lumaban nang buong lakas sa imperyalismong EU, pyudalismo at burukratang kapitalismo.

### b. Mga Limitasyon sa Pag-aari ng Lupa at Bogus na Pagkuha ng Gobyerno ng Lupa

Sa lahat ng batas sa pagkuha ng gobyerno ng lupa, laging itinatakda ng mga reaksyonaryo ang "ligal na proseso" (ibig sabihi'y ang burukratang kuskos-balungos at magastos na hablahang hindi makayanan ng mga maralitang magsasaka) at ang "makatwirang bayad" (ibig sabihi'y mataas na presyo para sa tigan ng mga lupang binili ng reaksyonaryong gobyerno sa mga panginoong maylupa para

magpakitang-tao lamang. Kung ano ang taas ng ibinabayad sa panginoong maylupa, gannon din kataas ang ibinabayad ng magsasaka kapag ipinapamahagi uli ang lupa. Dahil dito'y mga panginoong maylupa at malalaking burukrata lamang ang nakapagmay-ari ng lupang kinuha ng gobyerno, o kaya'y nananatili ang mga lupang ito sa walang taning na pangangasiwa ng gobyerno.

Tinutulungan ng reaksyonaryong gobyerno ang uring panginoong maylupa sa ispekulasyon sa lupa. Sa laki ng ibinabayad sa mga panginoong maylupa kapag gusto nilang magbenta, madali silang makabili ng pula sa ibang lugar o makakuha ng lupang publiko bilang kapalit. Pagkaraan ng maikling panahon, hindi na mapondohan ng reaksyonaryong gobyerno ang programa nitong "reporma sa lupa".

Sa tangkang lokohin ang malawak na masa ng mamamayang nagngingitngit sa pananatili ng malalawak na lupain ng mga prayle - na naging tampok na usapin noong Rebolusyong Pilipino ng 1896 - binili ng Komisong Taft sa mga korporasyong relihiyoso ang ilan sa mga lupaing ito. Ibinayad ang napakalaking halagang mahigit pitong milyong dolyar ($7,000,000) para sa sandaa't animnapu't dalawang libong (162,000) ektarya. Pagkaraan, ipinagbili uli ang maliliit na piraso ng lupa sa animnapung libong (60,000) kasama at ibinigay ang mas malalaking piraso sa mga nangungunang taksil sa rebolusyong Pilipino bilang suhol para makipagkolaboreyt sa imperyalismong EU. Hindi nagtagal, ang mga nakatanggap na maliliit na piraso ng lupa ay napilitang magbenta dahil nahirapan silang maghulog sa mataas ng presyo ng lupa at lalo silang nababaon sa utang.

Ang islogang "hustisyang panlipunan" ay ginawang bukambibig ni Quezon noong dekadang 1930, nang mariing ipinapahayag ng masang magsasaka ang kanilang adhikaing makalaya sa paghaharing imperyalista at pyudal. Pero nakiayon siya sa mga panginoong maylupang delegado sa Kumbensong Konstitusyonal ng 1935 na isingit sa konstitusyong kolonyal ang probisyon sa "makatwirang bayad" sa lupang pwedeng kunin ng gobyerno sa mga panginoong maylupa, at ipinahiwatig din na may karapatang manatili ang pagsasamantalang pyudal hanggat di kayang bilhin ng reaksyonaryong gobyerno ang lahat ng propriedad ng mga panginoong maylupa. Noong panahon ni Quezon, hindi naitakda't naipatupad ng batas ang pglilimita sa pribadong pagmamay-ari ng lupang pang-agrikultura, tulad ng sinasabi ng konstitusyon.

Direktang itinatakda ng kolonyal na konstitusyon ang mga limitasyon sa paghawak ng pampublikong lupang pang-agrikultura. Walang pribadong korporaasyon o asosasyon na pinapayagang magkaroon, umupa o humwak ng pampublikong lupang pang-agrikultura na lampas sa sanlibo't dalawampu't apat (1,024) na ektarya. Walang sinuman na pinapayagang bumili ng ganoong lupa na lampasa sa sandaa't apatnapu't apat (144) na ektarya, o umupa ng lupang lampas sa 1,024 ektarya. Gayunman, pwedeng magpaupa sa sinuman, sa pribadong korporasyon o asosasyon, ng maksimum ng dalawang libong (2,000) ektaryang pastulan. Dahil sa taas ng mga limitasyong ito, labis-labis nang mapapalawak ng mga panginoong maylupa ang propriedad nila. Pero hindi naging istrikto ang reaksyonaryong gobyerno sa pagpapatupad ng mga limitasyong ito. Ang lahat ng lupang publiko ay lagi nang nakatiwangwang para mapalawak ang propriedad ng mga Pilipinong komprador-panginoong maylupa at

malaking burukrata, at pati ang mga agrokorporasy on ng EU.

Noong 1936, pinagtibay ang Batas Komonwelt Blg. 21 na nagbigay ng awtoridad kay Quezon na bumili ng loteng residensyal sa malalaking asyenda para ibenta naman sa mga naninirahan dito, at naglaan ang batas na ito ng kakarampot na halagang isang milyong piso (P1,000,000). Pero noong 1939 lamang itinatag ni Quezon ang Administrasyon sa Kaunlarang Pambukid (Rural Progress Administration) para bumili at mangasiwa ng mga ari-arian ayon sa nasabing batas. Nang buwagin ang pangasiwaang ito noong 1950, umabot lamang sa tatlumpu't pitong libo, pitong daa't apatnapu't anim (37,746) na ektarya ang nabili nitong lupa, na katumbas ng kakatiting na parte lamang ng isang porsyento ng kabuuang lupang pag-aari ng mga panginoong maylupa noong 1948.

Ang Batas sa Reporma sa Lupa ng 1955 ay isa pang panlolokong pinalabas ng panginoong maylupa't ahente ng CIA na si Ramon Magsaysay, na nagkunwaring "patron ng reporma sa lupa" sa tangka niyang agawin sa armadong pakikibaka ng magsasaka ang inisyatiba sa pulitika. Nilikha ng batas na ito ang Administrasyong Agraryo (Land Tenure Administration) na ang idinedeklarang layunin ay kunin ng gobyerno ang mga asyendang lampas sa maksimum na limitasyong tatlong daang (300) ektaryang magkakatabi na itinakda para sa mga pribadong indibidwal, at anim na raang (600) ektaryang magkakatabi na itinakda para sa mga korporasyon. Kalabas-labas, ang tunay na layunin ng batas na ito ay bendisyunan ang pagmamay-ari ng mga indibidwal ng lupang 300 ektarya ang laki at pagmamay-ari ng mga korporasyon ng lupang 600 ektarya ang laki; layunin ding gawing pormal na patakaran ng estado ang pananatili ng Pilipinas bilang pang-agrikulturang dependyente ng Estados Unidos. Noong panahon ng mga papet na rehimen n ina Magsaysay, Garcia at parte ng kay Macapagal, hindi lalampas sa tatlumpung (30) asyenda (kabilang ang mga lupa't gusali sa syudad) ang kinuha ng gobyerno. Ang pagkuha ng gobyerno sa iilang lupaing ito ay naging pagkakataon para tiwaling magsabwatan ang negosyador ng gobyerno at ang panginoong maylupang nagpapasobra sa presyo ng kanyang lupain.

Ang Kodigo sa Reporma sa Lupang Pang-agrikultura (Agricultural Land Reform Code) na pinagtibay noong 1963 sa ilalim ng rehimeng Macapagal ang pinakahuli sa mga huwad na hakbang sa reporma sa lupa. Pinupuri ito ng mga reaksyonaryo bilang ligal na instrumento na sa wakas ay magpapalaya sa masang kasama sa mga palayan at maisan. Pero tulad ng lahat ng naunang huwad na batas sa reporma sa lupa, idindeklara nito na ang pagkuha ng reaksyonaryong gobyerno sa lupa ng mga panginoong maylupa ay gagawin lamang sa pamamgitan ng "makatwirang bayad" at kailangang magbayad ang masang kasama para sa mga piraso ng lupang ipapamahagi sa kanila. Kahit sa hulugan, walang maralitang magsasaka, manggagawang bukid o nakakababang panggitnang magsasaka na kayang magbayad kapag ipinapamahagi uli ang lupa. Napakamahal nito dahil kasama na ang pasobra sa presyo na karaniwang giangawa kapag bumibili ng lupa ang reaksyonaryong gobyerno. Isa pa, mayroon ding mga gastos sa pangangasiwa, bayad sa interes at buwis na sinisingil s kasamang nagsisikap magbayad.

Itinatakda ng Kodigo sa Reporma sa Lupang Pang-agrikultura ang prayoridad sa pagkuha ng gobyerno ng lupa, at ito ay ang sumusunod:

(1) lupang tiwangwang o iniwan; (2) lupang mahigit sanlibo't dalawampu't apat (1,024) na ektarya; (3) lupang mahigit limang daang (500) ektarya pero hidi lalampas sa 1,024 ektarya; (4) lupang mahigit sandaa't apatnapu't apat (144) na ektarya pero hindi lalampas sa 500 ektarya; at (5) lupang mahigit pitumpu't limang (75) ektarya pero hindi lalampas sa 144 ektarya. katangahan na unahing kunin ng gobyerno ang mga lupang tiwangwag o iniwan dahil napakadaling kumpiskahin ang mga ito o ibalik sa pagiging lupang publiko. Karaniwang di maganda at mahirap sakahin ang mga lupang tiwangwang o iniwan. Itinuturing ng mga panginoong maylupa mismo na hindi kapaki-pakinabang ang mga lupang ito at gustung-gusto pa nga nilang ipagbili, sa pinasobrahang presyong pinagsabwatan nila at ng reaksyonaryong gobyerno. Matatali at mauubos ang pinansya ng Bangko sa Lupa (Lan d Bank) sa pagbili ng ganitong tipo ng lupa, at hindi makakayanan ng masang kasama ang presyong itinatakda kapag ipinapamahagi uli ang lupa at ang gastos sa pagpapaunlad ng lupa.

Hindi mangyayaring maipapatupad ng reaksyonaryong gobyerno ang limitasyong pitumpu't limang (75) ektarya, na ipinapahiwatig lamang naman ng Kodigo sa Reporma sa Lupang Pang-agrikultura sa sistema ng prayoridad sa pagkuha ng gobyerno ng lupa. Kahit ipatupad ang limitasyong ito, malaki pa rin ang 75 ektarya para makalarga ang uring panginoong maylupa. Pwedeng ipamahagi lamang ng isang panginoong maylupa ang sobrang lupa sa malalapit niyang kamag-anak, o kaya'y ibenta ito para makabili ng lupa sa ibang lugar. Sa katunayan, inuudyukan ng Kodigo ang uring panginoong maylupa na ibenta ang kanilang ari-arian saanman naliligalig ang mga magsasaka, at kumuha ng lupang publiko o bumili ng lupa sa ibang lugar.

Hindi kailangang umalis ang panginoong maylupa. Pinapayagan siya ng kodigo na gumamit ng napakaraming garapal na salamangka para maiwasang kunin ng gobyerno ang lupa, bukod sa simpleng pamamahagi ng sobrang lupain sa malalapit niyang kamag-anak. Pwede niyang pilitin o lokohin ang kanyang mga kasama na pumirma o tumestigo sa isang deklarasyon na siya mismo ang nagsasaka sa lupa. Pwede siyang gumamit ng ilang makina, o kaya'y talagang magmekanisa. Pwede niyang pairalin ang sistemang sahuran imbis na sistemang kasama. Pwedeng iba ang ipatanim niya imbis na palay o mais. Pwede niyang dayain sa kwentahan ang kanyang mga kasama at tambakan sila ng utang para hindi sila maging "may-aring naghuhulog sa lupa". Pwedeng basta palabasin na ang lupa niya ay nakaalaan sa edukasyon, paninirahan o komersyo. Ayon sa kodigo, tahasang hindi kinukuha ng gobyerno ang mga lupang ginagamitan no o gagamitan pa ng makina, o kaya'y natatamnan ng ibang produkto bukod sa palay at mais. Sa gayon, hi ndi sakop ang mga lupang tinatamnan ng tubo, niyog, sitrus at iba pa. Hindi rin sakop ang mga lupang ikinakategoryang lugar na nakalaan sa relihiyon, edukasyon, paninirahan o industriya.

Ang pinakaimportanteng salik sa pananatili sa ating bayan ng pamamanginoong maylupa ay ang kapangyarihang pampulitikang nasa likod ng huwad at pakitang-taong operasyon ng pitong ahensya sa "reporma sa lupa" na nilikha ng kodigo. Imposibleng kontrahin ng reaksyonaryong gobyerno ang mga among pyudal nito. Dinidiktahan ng uring panginoong maylupa ang Pambansang Konseho sa Reporma sa Lupa (National Land Reform Council) at ang Pangasiwaan sa Lupa (Land

Authority), ang prinsipal na mga ahensyang gumagawa ng patakaran. Sa katunayan, mas marami pa ngang lupang publiko ang kinamkam ng mga panginoong maylupang nanunungkulan sa mga ahensyang iyon kaysa lupang naipamahagi nila sa mga walang lupa.

Sa pag-iral ng Kodigo sa Reporma sa Lupang Pang-agrikultura, wala kahit isang asyendang nabili sa uring panginoong maylupa ang papet na rehimeng Macapagal para ipamahagi uli. Mula nang pagtibayin ang kodigo, tatlong taon pa ang nakaraan bago itinatag ang Bangko sa Lupa, na siyang magpipinansya sa pagkuha ng gobyerno ng mga asyenda. Noong 1966-69, ang talagang tinanggap ng Bangko sa Lupa ay ang kakarampot na halagang labintatlong milyon, anim na raang libong piso (P13,600,000) samantalang apat na raang milyong piso (P400,000,000) ang dapat inilaan. Samantala, ilandaang beses na mas malaki (kalahating bilyong piso taun-taon) ang pondong ibinibigay ng gobyerno sa reaksyonaryong armadong pwersa para pamalagiin ang sambayanan sa pagka-aliping pyudal. Ang adbentura ng Philcag sa Byetnam na tumagal ng isang taon ay ginastusan ng tatlumpu't limang milyong piso (P35,000,000).

Ayon sa kodigo, dapat isa't kalahating bilyong piso (P1,500,000,000) ang kapital ng Bangko sa Lupa, na siyam na raalng milyong piso (P900,000,000) ang sasagutin ng gobyerno at ilalabas na natatanging sosyo. Ngayong mas bangkrap pa kaysa dati ang reaksyonaryong gobyerno, mas mahihirapan itong magpalabas ng pondo para sa bogus na programa nito sa pagkuha ng lupa.

Noong 1966-69, nakabili ang Bangko sa Lupa ng sampung (10) asyendang umaabot sa siyam na raan, siyamnapu't pito tuldok anim (997.6) na ektarya sa kakarampot na halagang tatlong milyon, apat na raang libong piso (P3,400,000). Planong ibenta sa tatlong daan't animnapu't tatlong (363) kasama ang mga lupaing ito. Malinaw na makikita sa rekord na ito na hindi makakayanang bilhin ng reaksyonaryong gobyerno ang kahit isang porsyento ng ari-ariana ng panginoong maylupa.

At kahit pa man sa iilang lugar na nagkaroon nga ng pakitang-taong pagbili ng ari-arian ng panginoong maylupa ang reaksyonaryong gobyerno, tulad ng dati'y hindi mababayaran ng mga maralitang magsasaka ang presyong itinatakda kapag ipinapamahagi uli ang lupa. Ang karaniwang halaga ng lupang nabili ng Bangko sa Lupa ay tatlong libo, apat na raa't walng piso (P3,408) bawat ektarya. Kung ipapamahagi uli ang mga lupang ito sa mga kasama, tig-tatatlong ektarya ang dapat nila talagang makuha. Kapang kinuwenta ay agad makikita na hindi makakaipon ng sapat na halaga ang kasama para mabayaran ang prinsipal na sampung libo, dalawang daa't dalawampu't apat na piso (P10,224) at ang gastos sa administrasyon, interes at buwis, kahit dalawampu't limang (25) taong huhulugan ang lupa. Alam na alam natin na ang isang maralitang magsasaka ay hindi makakaipon ng apat na raa't siyam na piso (P409) taun-taon, para mabayaran ang isa lamang sa 25 parte ng prinsipal na halaga ng lupang inilaan sa kanya .

Sa loob ng anim na taon pagkaraang pagtibayin ang Kodigo sa Reporma sa Lupang Pang-agrikultura, nakakuha ng mga lupaing publikong pang-agrikultura ang mga imperyalistang EU na puminsala sa mga naghohomisted. Bago pa man makuha ng gobyerno ang kahit isang

asyenda, sampu-sampung libong ektarya na ang naibigay sa mga agrokorporasyong EU tulad ng Philippine Packing Corporation, United Fruit, Dole at Standard (Philippines) Fruit Corporation, at malaya silang palawakin pa ang mga iyon para matamnan ng pinya, saging at iba pa. Ang mga korporasyon ng gobyerno - tulad ng Pambansang Korporasyon sa Pagpapaunlad (National Development Corporation o NDC) at Pangasiwaan sa Pagpapaunlad ng Mindanao (Mindanao Development Authority) - at ang mga nasabing agrokorporasyon ng EU ay gumawa ng mga "kasunduang magtanim" sa kabila ng tuntunin sa konstitusyon na mga korporasyong Pilipino lamang, na di kukulangin sa animnapung porsyento (60%) ang sosyo ng mga Pilipino, ang pwedeng humawak ng mga lupang pu blikong pang-agrikultura at kahit ang mga korporasyong ito'y hindi makakahawak ng lupang sobra sa sanlibo't dalawampu't apat (1,024) na ektarya. Inialok din sa mga agrokorporasayong ito ng EU, laluna sa United Fruit Corporation na may napakasamang reputasyon, ang limampung libong (50,000) ektarya mula sa Pambansang Reserbasyong Parke sa Bundok Apo.

Hindi tumitigil ang uring panginoong maylupa sa pagkamkam ng lupang binubungkal na mga pambansang minorya at maliit na setler. Ang totoo'y inaakit pa ng reaksyonaryong gobyerno ang mga panginoong maylupa na kumuha ng mas malalawak na lupang publiko, laluna sa Mindanao, kapalit ng lupa nilang nasa mga mataong lugar. Pero ang kapansin-pansin sa lahat, mula nang pagtibayin ang Kodigo sa Reporma sa Lupang Pang-agrikultura ay mabilis na ginagawang tubuhan ang mga palayan at maisan, at lumalawak-lawak din ang malakihang pagsasakang kapitalista at paggamit ng makina sa sakahan. Itinataboy ang mga magsasaka mula sa kanilang mga sakahan sa pamamagitan ng buldoser, baril at utos ng korte.

Dahil sa patakarang dekontrol at sa paulit-ulit na debalwasyon ng piso, ang mga komprador-panginoong maylupa ay nagkakaroon ng pagkakataong makapagmay-ari ng mas maraming lupa at makapagdagdag ng pasilidad sa kiskisan. Ang mga panginoong maylupa ay ispesyal na pinapaburan ng papet na gobyerno ang lahat ng kailangang suportang dolyar para sa pagtatayo ng labingwalong (18) bagong asukarera sa iba't ibang lugar sa Pilipinas. Pinaplanong magtayo ng apatnapu (40) pang asukarera. Alinsunod ito sa patakaran ng mga imperyalista ng EU na bago pa pormal namatapos ang Kasunduang Laurel-Langley ay ubusin na ang pinansya ng papet na gobyerno sa mga proyektong lalong nagpapatibay sa kolonyal na katangian ng ekonomya.

## 4. ANG SAKLAW NG PYUDAL AT MALAPYUDAL NA PAGSASAMANTALA

### A. Kung Gaano Kalaki ang Problema sa Lupa

Lalong nabaon sa hirap ang uring magsasaka sa loob ng nakaraang pitumpung (70) taon ng direkta at hindi direktang paghahari ng imperyalismong EU sa Pilipinas. Inaamin ng reaksyonaryong gobyerno na naging dalawampu't dalawang porsyento (22%) ang mga kasama noong 1918 mula labingwalong porsyento (18%) noong 1903, tatlumpu't limang porsyento (35%) noong 1933, tatlumpu't pito tuldok apat na porsyento (37.4%) noong 1948, apatnapu't walong porsyento (48%) noong 1956, hanggang maging limampung porsyento (50%) noong 1961. Ayon sa sensus sa agrikultura noong 1960, animnapu't tatlong porsyento (63%) ng mga

magsasaka sa palayan ay mga kasama na karaniwa'y nagbubungkal ng tigdadalawa tuldok anim (2.6) na ektarya. Noong 1963, kasama ang walong milyon (8,000,000) sa dalawampu't pitong milyong (27,000,000) Pilipino. Lahat ng datos na ito ay mula sa mga ahensya sa istadistika ng reaksyonaryong gobyerno ay kailangan pang beripikahin sa pamamagitan ng pagsasarbey sa kanayunan. Pero naipapahiw atig na ng mga ito ang napakaabang kalagayan ng malawak na mayorya ng magsasakang Pilipino.

Noong 1903, tuldok walong porsyento (0.8%) lamang ng populasyon ang nagmamay-ari ng tatlumpu't limang porsyento (35%) ng kabuuang lupang sakahan. Pagkaraan ng limampung (50) taon, lalong lumiit ang porsyento ng mga nagmamay-ari ng mas maraming lupain. Noong 1953, tuldok tatlumpu't anim na porsyento (0.36%) na lamang ang nagmamay-ari ng apatnapu't isa't kalahating porsyento (41.5%) ng kabuuang sakahan.

Noong 1954, mga labintatlong libo, walong daa't limampu't siyam (13,859) na panginoong maylupa (madalas nauulit sa listahan ang kanilang mga pangalan) ang nagmamay-ari ng limampu; (50) hanggang sanlibong (1,000) ektaryang lupang pang-agrikultura. Labing-isang libo pitong daa't pitumpung (11,770) panginoong maylupa ang nagmamay-ari ng 50 hanggang dalawang daang (200) ektarya; sanlibo, apat na raa't limampu't lima (1,455) ang nagmamay-ari ng dalawang daa't isa (201) hanggang limang daang (500) ektarya; apat na raa't dalawampu't tatlo (423) ang nagmamayari ng limandaa't isa (501) hanggang 1,000 ektarya; at dalawang daa't dalawampu't isa (221) ang nagmamay-ari ng mahigit 1,000 ektarya. Ang sandakot na mga mapagsamantalang ito ay nagmamay-ari ng dalawang milyon, apat na raang libong (2,400,000) ektarya sa kabuuang limang milyon, pitong daang libong (5,700,000) ektaryang lupang sakahan. Ang 221 pinakamalaking panginoong maylupa ang nagmamay-ari ng mahigit kalahating milyong (500,000) ektarya o halos sampung porsyento (10%) ng kabuuang lupang sakahan sa Pilipinas.

Noong 1968, sa listahan ng mga asesor ng probinsya, mga sampung libo, pitong daa't animnapu't tatlong (10,763) panginnong maylupa (madalas ding nauulit sa listahan ang kanilang mga pangalan) ang nagmamay-ari ng 50 hanggang mahigit 1,000 ektaryang lupang pang-agrikultura. Walong libo, siyam na raa't labing apat (8,914) ang mga panginoong maylupang nagmamay-ari ng 50 hanggang sandaa't siyamnapu't siyam (199) na ektarya; sanlibo, dalawang daa't dalawampu't walo (1,228) ang nagmamay-ari ng dalawang daan (200) hanggang apat na raa't siyamnapu't siyam (499) na ektarya; apat na raa't labimpito (417) ang nagmamay-ari ng limang daan (500) hanggang 1,000 ektarya; at dalawang daa't apat (204) ang nagmamay-ari ng mahigit 1,000 ektarya. Ang kabuuang propriedad nila ay malamang na umabot sa tatlong milyong (3,000,000) ektarya, o mababa nang kaunti sa limampung porsyento (50%) ng kabuuang lupang pang-agrikultura sa Pilipinas ngayon.

Pitong daa't labimpitong (717) malalaking panginoong maylupa ang nagmamay-ari ng 50 hanggang mahigit 1,000 ektarya sa Hilagang Luzon; isanlibo, walong daa't siyamnapu't siyam (1899) sa Gitnang Luzon; dalawang libo, walong daa't dalawampu't pitp (2,827) sa Timog Luzon; tatlong libo, sandaa't limampu (3,150) sa Kabisayaan; at dalawang libo, sandaa't pitumpu't isa (2,171) sa Mindanaw. Batay pa rin sa mga datos na ito sa listahang ginawa ng mga probinsyal na asessor ng reaksyonaryong gobyerno. Lumalabas sa imbestigasyon sa iba't ibang parte ng kanayunan na may mga hindi inilista. Sa anu't anuman, malinaw na ipinakikita ng listahan kung gaano kalaki ang ari-arian ng malalaking panginoong

maylupa sa Pilipinas.

Narito ang dalawampu't limang (25) probinsyang may pinakamaraming malalaking panginoong maylupa, ayon sa pagkakasunud-sunod:

1. Iloilo
2. Negros Occidental
3. Quezon
4. Camarines Sur
5. Nueva Ecija
6. Cagayan
7. Capiz
8. Negros Oriental
9. Masbate
10. Pampanga
11. Zamboanga del Norte
12. Tarlac
13. Cotabato del Norte
14. Bulacan
15. Mindoro Oriental
16. Bataan
17. Bukidnon
18. Zambales
19. Albay
20. Romblon
21. Batangas
22. Agusan
23. Davao del Norte
24. Aklan
25. Pangasinan

Ang bawat probinsya sa Pilipinas ay dumaranas ng sakit na pyudalismo at may sariling mga panginoong maylupa, at kung gayo'y may mga maralitang magsasaka at manggagawang bukid. Sa mga probinsyang pinakamaliliit ang populasyon at teritoryo, ang malalaking panginoong maylupang nagmamay-ari ng 50 o higit pang ektarya ay labing (11) sa Batanes, labindalawa (12) sa Camiguin at 11 sa Surigao del Norte. Sa mga probinsyang bulubundukin, 11 ang malalaking panginoong maylupa sa Kalinga-Apayao, labinlima (15) sa Mountain Province, walo sa Ifugao at pito sa Samar Esta. Maliliit na probinsya ang Romblon at Sulu pero sandaa't animnapu't isa (161) ang malalaking panginoong maylupa sa Romblon at sandaa't labingwalo (118) naman sa Sulu.

Sa pambansang saklaw, agad na nating maibibilang sa malalaking panginoong maylupa ang nagmamay-ari ng 50 o higit pang ektarya. Batay sa mas masusing kaalaman sa problema sa lupa, ibig sabihi'y sa mga kongkretong kelasyon kaugnay ng ari-ariang lupan, matutukoy natin kung sinu-sino ang malaki, panggitna at maliit na mga panginoong maylupa sa mga lugar na kulang sa 50 ektarya ang karaniwang pag-aari ng mga panginoong maylupa. Marami-raming panginoong maylupa ang nagmamay-ari ng sampu (10) hanggang apatnapu't siyam (49) na ektarya. Hindi lamang ang laki ng ari-arian ng panginoong maylupa ang salik sa pag-iral ng pyudalismo. Dapat itong tandaang mabuti sa pagsusuri ng sitwasyon sa mga probinsyang makapal ang populasyon at mas kakaunti ang lupa. Sa mga probinsyang ito'y napakataas ng halaga ng lupa kaya wala kahit katiting na pag-asang magmay-ari ng sariling lupa ang mga maralitang magsasaka at iba pang malaproletaryado.

Masahol pa ang pyudal at malapyudal na pagsasamantala sa mga lugar na kakaunti ang lupa, tulad ng Ilocos Norte, Ilocos Sur, L Union, mga probinsyang bulubundukin, Cebu at Samar Este, kaysa ilang lugar, halimbawa, sa Gitnng Luzon na may nakamit nang mga demokratikong pag-unlad ang armadong kilusang magsasaka. Nitong nakaraang pitumpung (70) taon, sa mga lugar na kakaunti ang lupa karaniwang nanggagaling ang mga manggagawang para sa mga asyenda sa ibang lugar, at ang mga setler sa prontera. Nanggagaling sa Ilocos ang maraming manggagawang bukid sa mga asyenda sa Gitnang Luzon at kahit sa Laguna, at nanggagaling naman sa Cebut at mga probinsya ng Panay, Samar at Letye ang maraming manggagawang bukid sa mga asyenda sa Negros at Mindanao. Maraming Bisaya at Ilokano na kulang sa lupa ang naghohomisted o nakikisama sa Mindanao.

## B. Mga Pundamental na Porma ng Pagsasamantala sa Kanayunan

Kabilang sa mga pundamental na porma ng pagsasamantala ng panginoong maylupa sa kanayunan ngayon ang pagsingil ng mataas na upa sa lupa mula sa mga maralitang magsasaka at malamay-aring magsasaka, at ang pagpapataw ng masyadong mapang-aping pasahod sa mga manggagawang bukid. Ang mga pundamental na pormang ito ng pagasamantala ay pinagagrabe ng usura, manipulasyon ng mga presyo, pang-aalila at pagpapataw ng tributo. Lagi ring kaagapay ng pagsasamantalang pang-ekonomya ang pang-aaping pampulitika. Ang kongkretong panlipunang pagsisiyasat lamang na isasagawa ng mga rebolusyonaryong kadreng proletaryo ang makakapaglantad nang husto sa mga kasamaan ng pyudalismo at malapyudalismo sa bawat lugar. Gayunman, matutukoy na natin ang ilang laganap na pamamalakad na pwedeng pag-umpisahan ng pag-intindi sa problema.

### 1) Upa sa Lupa, Usura at Iba Pang Kasamaang Pyudal

Ang upa sa lupa na ibinibigay sa panginoong maylupa ay umaabot pa rin sa walumpu (80), pitumpu (70), animnapu (60), at limampung (50) porsyento ng ani, pero karaniwang sinasabi ng walang masyadong alam na ang partihang "50-50" ay laganap na sistema sa pag-upa ng lupa sa buong bayan. Sa maraming lugar ang 60% upa ang lantaran pa ring idinidikta ng panginoong maylupa na nagsasamantala sa pobre na ngang maralitang magsasaka at sa kawalan ng anumang iba pang oportunidad sa kabuhayan.

Karaniwang ipinagyayabang ng panginoong maylupa na "50-50" ang partihan nila ng mga kasama niya. Pero ang totoo, ipinapakarga niya sa kanila ang lahat ng gastos sa pagsasaka. Karaniwang-karaniwan nang ang mga kasama ang kumakaraga sa malaking parte o sa lahat ng gastos sa pagibinhi, pag-aararo at pagsusuyod, pagtatanim, patubig, abono, pestisidyo, pag-aani at paggiik. Kahit pa pumarte ng "50-50" sa ganoong gastos ang panginoong maylupa, di pa rin makatwiran at di makatarungan na hindi kwentahin ang talagang tinrabaho ng mga kasama at ibigay sa panginoong maylupa ang upang limampung porsyento (50%) ng ani. Isa pa, kapag sa kanya nanggagaling ang binhi, abono, pestisidyo at iba pang pangangailangan, pinasosobrahan niya ang presyo ng mga ito at pinababayaran sa mga kasama, at dito pa lamang ay sinisipsipan na niya ang mga ito ng dugo. Mataas din ang sinisingil niya sa paggamit ng kanyang mga hayop, o kaya'y pinababayaran na lamang sa

mga kasama ang gastos sa hayop na inuupahan s a mayamang magsasaka. Tuwing gagawin niyang de-makina ang alinmang parte sa proseso ng pagsasaka, lagi niyang pinalalaki ang parte niya at binabawasan ang parte ng mga kasama. Pwede niyang mag-isang desisyonan ang "pagpapaunlad" ng lupa, sa patubig o sa dike halimbawa, at pagkatapos ay sa mga kasama pinababayaran ang gastos, na mag-isa niyang kinuwenta, sa pamamagitan ng mas mataas na upa sa lupa. Inoobliga ang mga kasama na ihatid sa panginoong maylupa ang parte niya at ibunton iyon sa kanyang bodega nang walang bayad at madalas pa'y wala nam lamang pakain.

Sa mga tubuhan na dati;y palayan at maisan, nahaharap ang mga kasama sa mga posibilidad na gaya ng tuluyang pagpapatalsik, pagiging manggagawang bukid o kaya'y pagtanggap ng ispesyal na klase ng partihan. Dapat ay "50-50" ang partihan ng panginoong maylupa at ng kasama batay sa netong halaga pakaraan awasin ng asukarera ang apatnapu-limampung porsyento (40%-50%) ng kinabyaw na asukal at pagkaraan ding awasin ang abono, paggamas, pagtatabas at paghahatid sa asukarera. Ang panginoong maylupa lamang ang nagkukwenta sa lahat ng gastos sa pagsaka at siya lamang ang nakakaalam sa dami at puresa ng asukal at pulot na nakukuha sa pagkakabyaw. Madalas ay nagsisinungaling pa ang panginoong maylupa at sinasabi niya sa kasama na pareho silang minalas, samantalang ang totoo'y nakatiba siya nang malaki.

Ang usura ay isang pangunahing pyudal na paraang ginagamit ng maraming panginoong maylupa para dagdagan ang kanilang parte sa ani at magkaroon ng mas maraming lupa. Pwede silang pumayag sa anumang sistema ng partihan pero humihingi sila ng interes mula sandaang porsyento (100%) sa tatlong buwan hanggang limampung porsyento (50%) bawat buwan kapag pinauutang nila ang mga kasama para sa gastos sa pagsasaka o para sa ikabubuhay ng pamilya ng mga ito. Nakakapili ang mga panginoong maylupa kung pera ang sisingilin o katumbas ng parte ng ani ng kasama, depende kung alin ang magbibigay ng mas malaking ganasya sa panahon ng bayaran ng utang. Ang mga negosyante at ilang mayamang magsasaka, kasama ng mga panginoong maylupa, ay nang-uusura din sa mga maralitang magsasaka matagal pa bago ang susunod na anihan. Sa pangunahin, ang usura ay resulta ng katotohanang halos hindi mapagkasya ng mga maralitang magsasaka ang kanilang parte sa ani at wala silang maialok na kolateral kundi ang parte nila sa susunod na anihan.

May mga batas na pinagtibay ang reaksyonaryong gobyerno tungkol sa pamamahagi ng ani na sumasaklaw lamang sa mga kasama sa palayan at tubuhan; mayroon din tungkol sa pagpapautang. Pero ang mga ito ay hindi pinakikinabangan ng uring magsasaka. Ang nangyayari'y sakal-sakal pa rin ng uring panginoong maylupa ang mga kasama sa pamamagitan ng kinaugaliang pyudal na pamamalakad. Hindi nakasulat ang mga kasunduan ng panginoong maylupa at kasama at pwedeng basta na lamang itakda o baguhin ng panginoong maylupa ang mga kondisyon. Laging namimiligro ang mga kasama na mapatalsik o mapalipat sa mga mahinang klase o mas maliit na sakahan. Hindi nila kayang magpasangkot sa matagal na hablahang siguradong hindi nila maipapanalo sa loob at labas ng korte. Laging handa ang mga berdugo ng panginoong maylupa at ang mga reaksyonaryong tropa at pulis na tanggalin sila sa pagiging kasama sa paraang pinakamalupit.

Hindi kataka-taka kung madalas ay pinababayaran sa mga kasama ang kabuuan o bahagi ng parte ng katiwala. Madalas silang ipatawag ng katiwala para magtrabaho sa konstruksyon nang walang bayad o wala ring bayad na magpaalila sa panginoong maylupa, o sa katiwala mismo, o sa reaksyonaryong lokal na gobyerno. Ang mga katiwala at gwardya ng asyenda ay gumaganap ng mapang-aping papel na tuta.

Sa Batas sa Pakikisamang Partihan sa Palayan (Rice Share Tenancy Act) ng 1933, idineklarang kontra sa "patakarang publiko" ang kasunduan sa pakikisama na kulang sa limampung porsyento (50%) ng netong ani ang itnatanggap ng kasama. Kasabay nito'y itinakda na magkakabisa lamang ang batas sa isang probinsya kung ang mayorya ng konsehong munisipal, na kontrolado ng mga panginoong maylupa, ay maghaharap ng petisyong ipatupad ang nasabing batas laban sa interes mismo ng kanilang uri. Dahil halatang-halata ang mga palusot na nasa batas, nag-astang bayani ang panginoong maylupang si Quezon at pinasusugan niya iyon noong 1936 para mabigyan siya ng kapangyarihang iproklama ang unti-unting pagkakaroon ng bisa ng batas. Ang resulta'y gumawa siya ng pasikat na mga proklamasyon sa sampung (10) probinsya lamang, na sa palagay niya'y kailangang lokohin ang mga magsasaka. Matagal nang wala si Quezon pero kasing-grabe pa rin ng dati ang pagsasamantala ng uring panginoong maylupa sa masang magsa saka.

Ayon sa Batas ng Komonwelt 4113 ng 1933, dapat ipakita ng mga panginoong maylupa sa tubuhan ang mga resibo ng asukarera na nagsasaad ng dami ng tubong inani at dami't puresa ng asukal at pulot na nagmumula sa kabyawan. Hindi ito sinunod. Isa pa, ang mga panginoong maylupa na kadalasang kasosyo sa repinerya ay madaling makipagsabwatan sa asukarera sa pandaraya sa mga kasama. Ang napakalaking pagkakataong manloko ay pinapayagan ng batas na ito na nagbibigay sa panginoong maylupa ng pribilehiyong gumawa ng sariling kwenta sa gastos sa pagtatanim, pag-aalaga at pag-aani.

Sa tangka ng panginoong maylupang si Roxas na lokohin ang mga magsasaka na tanggapin nila ang kanilang pyudal na pagkaalipin, laluna sa mga lugar na malakas ang hukbong bayan, ipinroklama niya noong 1946 na ipapatupad sa buong bayan ang Batas sa Pakikisamang Partihan sa Palayan ng 1933. Pinaaprubahan pa nga niya ang isa pang batas, ang Batas ng Republika Blg. 31, na hinayaan niyang tawagin sa maling pangalang batas "70-30", para akalain na mas malaking parte ang makukuha ng mga kasama. Itinatakda ng batas na ito na mapupunta lamang sa kasama ang limampu't limang porsyento (55%) ng ani kung sa kanya ang hayop at mga kagamitan, at pantay na paghahatian nila ng panginoong maylupa ang lahat ng iba pang gastos. Pitumpung porsyento (70%) ng ani ang mapupunta sa kasama kung siya ang kakarga ng lahat ng gastos sa pagtatanim at paglilinang ng lupa. Nagdudumilat pa rin ang katotohanang mahigit limampung porsyento (50%) ang upa sa lupa.

Kahit inuulit na lamang ng panginoong maylupang si Magsaysay ang dating mga batas, pinaaprubahan niya ang Batas sa Relasyong Agraryo (Agrarian Relations Act) ng 1954. Itinakda lamang ang batas sa tatlumpung porsyento (30%) ng netong ani ang upa sa lupa pagkaraang awasin ang gastos sa abono, pestisidyo at pamatay ng damo, pag-aani at paggiik. Limang porsyento ng netong ani ang mapupunta sa

nagpapaupa ng hayop; limang porseynto sa nagpapaupa ng kagamitang pansaka; dalawampu't limang porsyento (25%) sa mga nagtatanim; at limang porsyento sa mga nagtratrabaho sa huling pagsuyod. Sa ilang lugar lamang sinunod ang batas na itong "70-30". Sa mga lugar na iyon, naitaas pa nga ng mga panginoong maylupa ang upa sa lupa sa pamamagitan ng sobrang pagpepresyo sa gastos nila, pang-uusura at iba pang walang konsyensyang aktibidad.

Ayon sa pinakahuling batas sa pakikisama, ang Kodigo sa Reporma sa Lupang Pang-agrikultura, "papawiin" ang pakikisamang partihan sa pamamagitan ng pagpapailalim sa masang kasama sa sistemang "buwisan" sa mga "distrito ng reporma sa lupa" na isa-isang ipinroklamaa ng Pambansang Konseho sa Reporma sa Lupa. Sa sistemang "buwisan", nakikipagkontrata sa panginoong maylupa ang mga kasama na magbabayad sila ng pirmihang taunang "buwis" na pera o butil na katumbas ng dalawampu't limang porsyento (25%) na taunang netong ani na kekwentahin batay sa normal na ani sa loob ng tatlong taon bago pumasok sa kontrata. Kahit parang napababa ng kodigo ang upa sa lupa, hindi totoong ganito ang nangyayari, dahil inaako ng mga kasama, sa kontratang "buwisan" ang lahat ng gastos sa pagsasaka, at masahol pa, binabayaran nila ang pirmihang taunang buwis kahit mahina ang ani o nasira ito ng anumang kalamidad tulad ng baha, tagtuyot o peste. Ito ang dahilan kung bakit parang salot na kinasusuklaman ng ma sang magsasaka ang Kodigo sa Reporma sa Lupang Pang-agrikultura. Ang sistemang "buwisan" ay walang iba kundi bagong porma ng pakikisamang partihan at sa maraming bagay-bagay ay mas masahol pa kaysa mga dating porma ng pakikisama.

Ilang taon na ang nakaraan mula nang pagtibayin ang Kodigo sa Reporma sa Lupang Pang-agrikultura pero wala pa ring malaking pagbabago sa partihan sa iba't ibang parte ng bayan. Iniulat ng Pangasiwaan sa Lupa na mula 1966 hanggang 1969 ay labintatlong libo, tatlong daa't pitumpu't pito (13,377) lamang sa milyun-milyong kasama ang "namumuwisan". Ang bagal-bagal ng mismong Pambansang Konseho sa Reporma sa Lupa ang pagpoproklama ng mga "distrito ng reporma sa lupa" dahil sa kabuua'y hindi ang huwad na programa sa reporma sa lupa ang inuuna ng reaksyonaryong gobyerno kundi ang iba pang programa. Ang proklamasyon ng mga "distrito ng reporma sa lupa" ay mangangailangan ng masa malaking pagpipinansya ng iba't ibang ahensya sa "reporma sa lupa". Kahit sa mga lugar na napipinasyahan nang mabuti ang mga ahensyang ito, hindi rin naman nababawasan ang pyudal at malapyudal na pang-aapi at pagsasamantala sa masang magsasaka.

Matagal nang inaprubahan ang isang batas laban sa pang-uusura na nagsasaad na limitado sa labindalawang porsyento (12%) ang maksimum na taunang interes sa utang na may garantya at limitado sa labing-apat na porsyento (14%) ang sa utang na walang garantya. Itinayo rin ang mga institusyon sa pagpapautang tulad ng ACCFA at ng mga pribadong bangkong rural. Pero ang mga pautangang ito ay pinagkukulan lamang ng kapital na ginagamit ng mga negosyante, panginoong maylupa at burukrata sa negosyo at pagbili ng lupa. Dahil biktima ng usura at manipulasyon sa presyo ng kalakal ang mga magsasakang maylupa, nababangkrap sila at nawawalan ng lupa. Madalas, ang mga bangkong rural ay nagsisilbing instrumento sa pagkabangkrap ng maraming may-aring magsasaka. Pinabababa ang halaga ng lupa nila kapag ginagamit na kolateral. Dahil walang

maialok na kolateral ang mga maralitang magsasaka bukod sa parte nila sa susunod na ani, madali silang mabiktima ng mga napakaganid na usurero.

Sa Kodigo sa Reporma sa Lupang Pang-agrikultura, ang Administrasyon sa Pautang na Pang-agrikultura (Agricultural Credit Administration o ACA) ang gumaganap sa dating tungkulin ng ACCFA. Walang pundamental na pagbabago kundi ang pangalan lamang. Ang ACA, tulad ng pinalitan nito, ay pundamental na pinagkukunan pa rin ng kapital para sa negosyo at usura, at para sa mga huwad na kooperatibang kontrolado ng mga panginoong maylupa, burukrat at mayamang magsasaka. Pundamental na nagsisilbi sa mga panginoong maylupa ang limitadong kapital ng ACA. Kahit ipagpalagay na ginagamit nga ang kapital na ito para pagsilbihan ang mga maralitang magsasaka, napakaliit nito kaya hindi mapapagsilibihan ang kahit isang porsyento man lamang ng napakaraming maralitang magsasaka. Panakip lamang ang ACA para sa buong mapagsamantalang sistema sa pagbabangko, sa gobyerno man o sa pribado, na kontrolado at minamanipula ng uring panginoong maylupa para mamantini ang paghahari ng kanilang uri sa kanayunan.

2) Mapang-aliping Pasahod sa mga Sakahan

Dahil sa pangkalahata'y nagmumula ang mga manggagawang bukid sa mga lugar na kulang ang lupa at minsanan lamang ang pagtatanim, mas pinagsasamantalahan sila kaysa mga maralitang magsasaka na kaya pa ring mabuhay sa lupang tinatrabaho nila bilang kasama. Ang mga manggagawang bukid ang malaking parte ng relatibong surplus sa lakas tauhan sa kanayunan. Alam ng mga asendero at kontratista sa paggawa ang gipit nilang kalagayan. Batay dito'y ipinapasok sila ng mga asendero at kontratista sa paggawa sa pinakamasahol na relasyong mapagsamantala, kahit ang laki-laki ng ganansya ng asendero sa pang-agrikulturang produksyong pang-eksport.

Sa mga asyenda ng tubo, pina-iiba pa ng panginoong maylupa ang regular na manggagawang bukid at sakada. Sa gayon, responsable lamang siya ng empleyo ng masa kakaunting regular na manggagawang bukid sa buong taon. Dahil itinuturing na pana-panahon o pansamantala lamang ang mas maraming mangagawang bukid, naipapagawa sa kanila ang pinakamabigat na trabaho sa pinakamababang sahod sa oob ng iilang buwan ng pagtatabas. Sa katunayan, ang ilan sa mga "pansamantalang" manggagawang bukid na ito ay nakatira malapit sa asyenda kahit hindi panahon ng trabaho, samantalang ang iba naman ay dumarating lamang sa panahon ng pagtatabas. Sa iba't ibang lugar, piso hanggang tatlong piso ang karaniwang arawang sahod. Hindi bagay sa tao ang kanilang tirahan at sa tindahan sa asyenda sila bumibili ng kanilang mga pangangailangan sa presyong mataas ang patong o kaya'y umuutang sa mataas na interes.

Kahit noong mas nangangailangan ang EU ng asukal mula sa Pilipinas at ilang beses tumaas ang presyo ng kalakal na ito dahil sa Rebolusyong Cubano, hindi binigyan ng katumbas na dagdag sa sahod ang mga manggagawang bukid kundi lalo pa silang itinali sa dati nang sahod na sobra ang baba. Hindi lamang ito, lalo para pinaliit ang kanilang sahod ng patuloy na implasyon at ng debalwasyon ng piso noong 1962.

Noong 1963, sinigurado ng Kodigo sa Reporma sa Lupang Pang-agrikultura na P3.50 ang magiging minimum na arawang sahod ng mga manggagawang bukid. Hindi ito sinusunod ng mga asendero. Pero mabilis namang bumababa ang halaga ng piso mula noon. Pagkaraan ng pinakahuling debalwasyon ng piso, pormal na itinaas ng Konggreso sa P4.75 ang minimum na pasahod sa sakahan. Kulang ang tatlumpu't limang porsyentong (35%) dagdag na ito para punuan ang mahigit animnapung porsyentong (60%) debalwasyon ng piso. Walang tigil ang debalwasyong ito. Pero siguradong tulad ng dati'y hindi susundin ng mga asendero ang sarli nilang batas hanggang walang inilulunsad na mabagsik at matinding pakikibakang pampulitika't pang-ekonomya ang mga manggagawang bukid.

Ayon sa "listahan ng mga karapatang" nasa isang buong kabanata ng Kodigo sa Reporma sa Lupang Pang-agrikultura, sinisigurado sa mga manggagawang bukid ang karapatang organisahin ang sarili, magwelga, magtrabaho nang di lalampas sa walong oras pwers kung sila'y kumporme at kung babayaran ang obertaym nila nang may dalawampu't limang porsyentong (25%) dagdag sa regular na sahod, humingi ng danyos kung mamatay o masaktan habang nagtatrabaho, humingi ng bayad kung masaktan, mamatay o magkasakit kahit hindi sa oras ng trabaho, at magkaroon ng seguridad sa trabaho. Ang lahat ng karapatang ito ay buong lupit na nilalabag ng mga asendero.

Kung walang pagkakaisa at rebolusyonaryong kamalayan ang mga manggagawang bukid, madali silang siklut-siklutin ng mga panginoong maylupa dahil pwedeng ipitin ng mga ito ang sahod ng manggagawang bukid sa unang buwan at karaniwang ang kontratista sa paggawa ay taong may awtoridad (alkalde, hepe ng pulisya, konsehal o kapitan ng baryo) sa lugar na pinagririkrutahan ng mga manggagawang bukid. Isa pa, ang mga manggagawang bukid ay itinatali ng kontratista sa pamamagitan ng pagpapautang ng pera sa pamilya nila at ng arbitraryong pagkukwenta ng gastos sa transportasyon, pagkain at iba pa na utang ang turing at pinapatungan ng interes na hanggang tatlong daang porsyento (300%) habang papunta pa lamang sa asyenda ang mga manggagawang bukid.

Ang kontratista sa paggawa ay may saligang partisipasyon sa pagsasamantala ng panginoong maylupa sa pamamagitan ng komisyong kinukuha niya sa bawat tonelada o bawat araw na makumpleto ng mga manggagawang bukid. Kapag nasa asyenda na ang mga manggagawang bukid, kadalasa'y pinatutuloy sila sa maruruming tirahan at dinadaya sa rasyong pagkain at sa timbang o bilang ng tubong tinabas, hinakot o ikinarga. Kapag nagkakasakit sila, mas masuwerte pa sa kanila ang kalabaw. Basta na lamang sila pinalalayas. Mabuti pa ang kalabaw at inaalagaan.

Dapat masusing imbestigahin ang mga kadre ang kondisyon ng manggagawang bukid sa iba't ibang lugar na malawakang natatamnan ng tubo, niyog, abaka, tabako, goma, saging, pinya at mga bulay sa batayang kapitalista dahil iba-iba sa bawat lugar ang pormo ng mga mapagsamantalang relasyon. Gayunman, karaniwa'y tumatanggap lamang ng ilampung piso buwan-buwan ang mga manggagawang bukid sa panahon ng amihan, sa arawan man sila binabayaran o sa pakyawan.

Dahil marami-rami rin ang manggagawang bukid na nagtatrabaho para

sa mayamang magsasaka, dapat din silang bigyan ng masusing pansin. Mapapabuti pa rin ang sahod nila kahit hindi tinutuligsa bilang kaaway ang nagpapatrabaho sa kanila kundi ninunyutralisa lamang.

5. Ang Kapangyarihang Pampulitika ng Uring Panginoong Maylupa.

Hindi kusang susuko ng uring panginoong maylupa ang pagmamay-ari nila sa malalawak na lupain. Hindi rin nila papayagang magwakas ang mapagsamantalang relasyon sa kanayunan. Pirmi nilang gagamitin ang kanilang kapangyarihang pampulitika para magsilbi sa sariling interes. Sa una pa lamang tanda ng paglaban ng mga magsasaka sa awtoridad nila, hindi sila nag-aatubiling gumamit ng armadong pwersa para supilin ang mga iyon. Kawawa ang hangal na umaasa na lamang sa upisina ng Abugadong Agraryo at sa Korte sa Relasyong Agraryo. Sa lahat ng batas sa "reporma sa lupa" na pinagtibay ng reaksyonaryong gobyerno, hindi kinakalimutan ng uring panginoong maylupa na magsingit ng mga probisyong kapaki-pakinabang sa kanila, at nagpapagrabe naman sa kalagayan ng uring magsasaka. Naglilingkod sa uring panginoong maylupa ang hukbo, pulisya, mga korte at bilangguan. Nagtatayo sila ng mga pribadong hukbo para sa sarili nilang kagyat na pangangailan, hindi lamang para magbunsod ng mga paksyonal na sigalot sa loob ng kanilang uri, kundi para salakayin din ang lumalakas na rebolusyonaryong kilusang masa. Patuloy na lumalakas ang mga panginoong militar sa probinsya.

May direktang mga representante ang uring panginoong maylupa sa bawat antas ng reaksyonaryong gobyerno, mula sa antas ng baryo hanggang sa antas na pambansa. Ang mga panginoong maylupa mismo ay mga upisyal ng reaksyonaryong gobyerno. Umaabot ang kanilang kapangyarihan sa bawat ahensya nito, laluna sa mga mapamilit na aparato ng estado. Dahil malaki at laganap ang pagpipinansya nila sa mga kampanya sa eleksyon, matatagpuan sila sa mga mapagpasyang pusisyon sa lahat ng reaksyonaryong partidong pampulitika.

Tuwing babanggitin ng reaksyonaryong gobyerno ang pagpapalaki sa produktibidad sa agrikultura o ang pagbibigay ng pang-engganyo sa pag-eeksport, ang uring panginoong maylupa lamang ang gustong bigyan ng benepisyo. Hanggat patuloy na nagmamay-ari ng mga asyenda ang mga panginoong maylupa hanggat patuloy nilang kinokontrol ang relasyon sa produksyon sa kanayunan, ang uring panginoong maylupa at ang malaking burgesyang-komprador lamang ang pwedeng makinabang sa lahat ng pinahusay na kalsada, tulay daungan, patubig, sistema ng kontrol sa ilog at kahit sa mga serbisyong suporta sa agrikultura na maisasagawa ng reaksyonaryong gobyerno sa pamamagitan ng mabibigat na pautang mula sa dayuhan at matataas na buwis.

May iba't ibang tipo ng organisasyon ang uring panginoong maylupa na nagagamit nang direkta at hindi direkta para bantayan ang interes nila sa lahat ng paraang posible sa loob ng kasalukuyang sistema. May asosasyon ng mga miller at prodyuser, at mayroon ding mga organisasyon ng komersyante. May tinatawag na mga organisasyong sibiko at pangkawanggawa, na ginagamit para bigyan ng publisidad ang "kabaitan" at "kabutihang loob" ng mga panginoong maylupa at para itago ang kawalang-budhi at karahasan ng kanilang paghahari. Nagtatayo ng mga huwad na kooperatiba para manipulahin ang iba't ibang saray ng uring magsasaka. May mga bangkong nagsisilbing sentro ng mga alyansa ng panginoong maylupa at komprador.

Sa lahat ng tipo ng organisasyon, ang Simbahang Katoliko ang pinakamatanda at pinakamamaaasahang tagapagtanggol ng uring panginoong maylupa. Sa lahat ng salik sa pagpapaunlad at pagpapanatili ng pyudalismo sa loob ng mahigit apat na siglo, ito ang pinakamapagpasya at pinakamabagsik. Ang simbahang ito mismo ay malaking panginoong maylupa, na hindi nababawasan ang pyudal na pribilehiyong noon pa'y tinatamasa sa sistemang kolonyal ng mga Espanyol. Isa itong parasitikong institusyon nagtatamasa ng materyal na suporta ng uring panginoong maylupa. Sandata ito sa ideolohiya at pulitika, na gumagamit ng lahat ng klase ng taktika para itaguyod ang pagiging "sagrado" ng karapatan ng mga panginoong maylupa na panatilihin ang kanilang ari-arian. Nagtayo ang simbahan ng maraming organisasyong sibil na nakalaang panatilihin ang pamamanginoong maylupa pero kunwari'y mga tagapagtaguyod ng reporma sa lupa. Kahit ang mga obispo at pari ng simbahan, at ang mga anak ng panginoong maylupa na nag- aaral sa mga iskwelahang sektaryan ay nakikisali na rin sa laro ng repormismo para lamang marahas na kondenahin ang mga nagtataguyod sa rebolusyong agraryo at ipamigay sa inaaping masang magsasaka ang lumang reseta ng pananalig at kumpyansa sa reaksyonaryong gobyerno at sa uring panginoong maylupa.

Sa kanayunan ngayon, marami-rami rin ang repormista at kontra-rebolusyonaryong mga asosasyon ng magsasaka, unyon ng manggagawang bukid, ahensya sa "pagpapaunlad ng nayon" o "rural development" at proyektong "kooperatiba". Ang nag-oorganisa sa mga ito ay mga ahensya ng EU para sa kontrainsureksyon o kaya'y mga burukratang kapitalista, organisasyong relihiyoso, kontrarebolusyonaryong taksil na rebisyonista, karaniwang manggagantso o mga panginoong maylupa na rin mismo. Ang ilan sa mga ito ay ang Kilusang sa Rekonstruksyon ng Kanayunan sa Pilipinas (Philippine Rural Reconstruction Movement o PRRM), Katulong ng Presidente sa Pagpapaunlad ng Komunidad (Presidential Arm on Community Development o PACD), Pederasyon ng Malayang Magsasaka (Federation of Free Farmers o FFF), Pinagsanib na Kilusan para sa Hustisyang Panlipunan at mga Reporma (Federated Movement for Social Justice and Reforms o FMSJR), Malayang Samahang Magasasaka (paksyong Lava), Kaisahang Magsasaka (Kasaka) at iba pa. N agkakaisa sila sa kontrarebolusyonaryong layuning lokohin ang mga maralitang magsasaka at manggagawang bukid para maniwala ang mga ito na makakahon sila sa pang-aapi at pagsasamantala sa pamamagitan ng pagtitiwala sa programa sa "reporma sa lupa" ng reaksyonayrong estado ng mga komprador at panginoong maylupa. Bigo nilang inaasahang ilayo ang mga maralitang magsasaka at manggagawang bukid sa rebolusyong agraryo na walang pagod at buong tapang na ipinaglalaban ng Partido Komunista ng Pilipinas.

Pangunahin para sa imperyalismong EU ang pangangailangang panatilihin ang pyudalismo sa Pilipinas. Kung bumagsak ang mga panginoong maylupa sa kapangyarihan, wala nang sasalalayan ang imperyalismong EU at kailangan itong humarap sa pwersang ubod ng lakas na magtataboy sa kanyan mula sa Pilipinas. Kaya ginagawa ng imperyalismong EU ang lahat ng klase ng hakbang para pigilin ang rebolusyong agraryo. Mayroon itong programa sa kontrainsureksyon para supilin ang rebolusyonaryong kilusan ng magsasaka sa kanayunan. Parte ng programang ito asa kontra-insureksyon ang mga huwad na hakbang sa reporma sa lupa, "aksyong sibiko", mga organisasyong repormista, at mga gang ng mamamatay-tao tulad ng "Monkees", "BSDU", "provincial strike forces" at "special forces". Patuloy na ginagamit ng imperyalismong EU ang lumang mga taktika ng kontrarebolusyon at binago lamang ang tawag sa

mga ito. Tiyak na palalabasin ang sarili nitong mga tropang agresor mula sa mga base militar para salakayin ang mam amayan sa sandaling manghina ang mga reaksyonaryong papet na tropa at pulis, o kaya's mabigong supilin ang mamamayan.

Kamakaila'y pinalaki ng imperyalismong EU ang direktang interes nito sa agrikultura ng Pilipinas. Nagbukas ng malalawak na plantasyon ang mga agrokorporasyon ng EU, laluna sa Mindanao. Itinayo ng monopolistang grupong Rockefeller ang pinakamalaking planta ng abono, ang Esso-Standard Fertilizer and Agricultural Chemical Co., Inc. (ESFAC), at itinayo rin ang Pandaigdigang Surian sa Pananaliksik sa Palay (International Rice Research Institute o IRRI) para dumiskubre ng mga bagong klase ng palay na nangangailangan ng maraming abono. Sa ngayon, direktang naitatakda ng ESFAC ang presyo ng lahat ng kalakal na pang-agrikultura sa pamamagitan ng pagkontrol nito sa abono, pestisidyo at lahat ng kemikal na ginagamit sa agrikultura. Ang Kodigo sa Reporma sa Lupang Pang-agrikultura ay iginigiit ng imperyalismong EU bilang isang maniobra para mapilitan ang mga panginoong maylupa na bumili ng mas maraming kagamitang pansaka mula sa mga kumpanyan ng EU at para din gawin nang tubuhan ang kanil ang mga palayan at maisan, ganoon din lamang at mainam na dahilan ang mekanisasyon at pagtatanim ng tubo para hindi makuha ng gobyerno ang kanilang lupa. Ang Dow Chemical na kilala sa kasamaan na nagmamanupaktura ng mga defoliant (kemikal na nakakalagas sa dahon ng halaman) at iba pang sandatang kemikal o bayolohikal para sa gerang agresyon ng EU sa Indotsina, ay may negosyo na ngayon sa Pilipinas at hibang na nananaliksik kung paano sisirain ang mga halaman sa Pilipinas kapag may lumitaw nang mga rebolusyonaryong base.

Nakikipagsabwatan ang mga monopolyo ng EU sa mga monopolyo ng Hapon para gawing tagabili ng kagamitang pansaka ang Pilipinas, at para makapamuhunan sa mga plantasyon. Pinagbibigyan ngayon ng imperyalismong EU ang pangangailangan ng Hapon sa mga pang-agrikulturang kalakal ng Pilipinas Para masigurado ng imperyalismong EU na magiging alalay lamang nito ang Hapon sa agrikultura ng Pilipinas, pinabibilis ang sariling direktang pamumuhunan sa larangang ito. Matagal nang naghahanda ang mga monopolyo ng Hapon para magpatakbo uli ng mga plantasyon sa Pilipinas tulad noong bago sumiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

## IV. BURUKRATANG KAPITALISMO

### 1. Ang Kahulugan ng Burukratang Kapitalismo

Sa paghahari ng imperyalismong EU sa Pilipinas, nakita nito, tulad ng naunang mga kolonyalista, na mas madali kung sa umpisa pa lamang ay kunin na ang tulong ng mga lokal na traydor. Dahil kailangang pagbigyan at asimilahin ang malaking burgesyang komprador at uring panginoong maylupa para makamit ang makasariling interes ng imperyalismong EU, ang mga kinatawang pampulitika ng mga mapagsamangtalang uring ito ay itinuturing ng imperyalismong EU na pinakamapagtitiwalaang katulong sa kolonyal na administrasyon.

Sa prinsipalya kinuha ng imperyalismong EU ang una nitong mga papet

na burukrata. May ispesyal itong pagtatangi sa mga taksil sa rebolusyong Pilipin dahil magagamit sila nang husto para isabotahe ang rebolusyonaryong pagpupunyagi ng sambayanan at sobra ang kasabikan nilang patunayan ang katapatan sa mga bagong kolonyalista at samantalahin ang mga oportunidad na iniaalok sa kanila sa burukrasya at ekonomya.

Ang pangkatin ng mga kontrarebolusyonaryong ispekulador na nakagapang sa loob ng liderato ng gobyernong Aguinaldo ang unang grupo ng mga lokal na pulitikong pinayagan ng imperyalismong EU na mag-organisa ng partidong pampulitika sa Pilipinas. Ikinampanya ng Partido Federal nila ang pagkakabit ng Pilipinas sa Estados Unidos. Ang maging miyembro ng tradyor na partidong ito ay patunay na katapatan sa banderang dayuhan at nagsilbing garantya para makapasok sa kolonyal na burukrasya na itinatag ng imperyalismong EU.

Noong masyado nang di pinaniniwalaan at nahihiwalay ang Partido Federal, hiningi ng mga imperyalista ng EU ang burukratikong tulong ng Partido Nacionalista at ibinigay dito ang ispesyal na tungkuling payapain ang sambayanan sa pamamagitan ng mga islogang makabayan habang alilang tinutupad ang mga kolonyal na gawain. Walang pagkakaiba sa Partido Federal ang makauring liderato ng bagong partidong traydor na ito.

Matagal-tagal ding pinayagang maghari sa papet na pulitika ang Partido Nacionalista dahil mahusay ito sa pagtupad sa ispesyal na tungkuling magkunwaring pabot sa independensya habang pinipigil ang sambayanan na igiit ang kanilang mga soberanong karapatan. Gayunman, pagkaraan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay sinigurado ng imperyalismong EU na ang pinakareaksyonaryong panig noon ng Partido Nacionalista ay maging isa pang partido nang sa gayo'y mapanatili ang sistemang may dalawang partidong nagbabantayan para matiyak na pareho silang nananatili sa loob ng lipunang malakolonyal at malapyudal.

Sa loob ng nakaraang dalawamp[u't limang (25) taon, ang Partido Nacionalista at ang Partido Liberal ay hindi nakakapagpahayag ng anumang pagkakaiba sa programa kaugnay ng mga saligang problemang imperyalismong EU, pyudalismo at burukratang kapitalismo. Pwedeng lumipat ng partido ang masusugid na kampon sa bawat antas ng dalawang partido, nang walang kailangang ibigay kundi ang pinakamababaw na dahilan. Noon pa ma'y lagi nang magkatulad ang mga papet na partidong pampulitikang ito, tulad ng Partido Demokratiko at Partido Republikano sa Estados Unidos o ng Coca-Cola o Pepsi-Cola.

Masyadong naghahalukayan ng baho ang dalawang reaksyonaryong partidong ito, laluna sa isyu ng katiwalian. Pero pareho nilang iniiwasan ang pundamental na mga isyung kaugnay ng paghaharing dayuhan at pyudal sa ating bayan. Unang-una na, ang nagbibigkis sa kanila ay ang pagpapaalipin nila sa imperyalismong EU at sa mga lokal na uring mapagsamantala, at ang paghahangad nila sa pribadong yaman. Banggaan lamang ng mga paksyon at pangkatin ang pinakagrabe nang hidwaan nila. Abala sila sa mga awayan tungkol sa nakukurakot sa kolonyal na burukrasya.

Ang malalaking burukrata ay karaniwang malalaking komprador din at malalaking panginoong maylupa. Kontra sa kasinungalingan ng mga liberal na "pwedeng maging presidente balang araw ang isang batang mahirap" wala

pang naging konggresman man lamang nang hindi kumakatawan sa mga uring mapagsamantala at hindi nagiging isa sa kanila. Sa kasalukuyang sistema, ang sinumang maging presidente ay hindi lamang nagiging punong kinatawang pampulitika ng mga mapagsamantala kundi nagiging isa rin sa pinakamalaki sa kanila.

Sa pagpapalaki ng imperyalismong EU sa mga interes nito na ikinapipinsala ng malawak na masa ng mamamayan, nagiging burukratang kapitalista ang mga kolonyal na burukrata. Kapitalista sila dahil ang buong gobyerno ay ginagawa nilang isang malaking pribadong empresa na pinagkukunan ng limpak-limpak na pribadong ganansya. Para silang mga lokal na manedyer ng mga monopolyo ng EU. Pinagsisilbihan nila ang malaking burgesyang komprador at uring panginoong maylupa na panloob na basihang materyal nila. Gayunman, naiiba sa dalawang mapagsamantalang uring ito ang mga burukratang kapitalista sa pagpupundar at pagpapalago ng yaman sa pamamagitan ng kanilang kapanyarihang pampulitika. Sa bunganga nila mismo nagmula ang mga klasikong pangungusap na naglalarawan sa partikular nilang katangian: "Para anupa't tayo'y nasa kapangyarihan?" "Dapat paglaanan ang kinabukasan ng ating mga pamilya!" at "Lahat tayo rito'y mga higanteng pugita!"

Sa pamamagitan ng mga partidong pampulitika, tinatangka ng mga burukratang kapitalista na papaniwalain ang masa sa ilusyon na may demokratikong pagpili. Pero ang mga prtidong pampulitikang ito ay walang iba kundi pandekorasyon sa mga dinastya ng mga komprador at panginoong maylupa na nagpapanatili ng sarili sa kapangyarihan. Hanggang ngayon, regular na may eleksyon sa Pilipinas pero pirming sinisigurado ng imperyalismong EU at mga lokal na mapagsamantalang uri na tanging ang mga partidong pampulitika at kandidatong nagsisilbi sa interes nila ang bibigyan ng permiso sa pulitika at magkakaroon ng panustos para kumandidato sa burukrasya.

Ang mapagsamantalang mga interes na ito ay nagbibigay ng pinansya sa magkabilang panig sa eleksyon para makasiguradong alinman ang lumabas, panalo ang mga pwersa ng kontrarebolusyon at talo naman ang malawak na masa ng mamamayang niloko para bumoto. Madalas naipapakita ng mga mapagsamantalang ito kung sino ang gusto nila sa pamamagitan lamang ng pagbibigay ng mas malaking pondo sa paborito nilang mga kandidato. Ang pangkalahatang resulta nito ay patuloy nilang nagagamit na instrumento ang reaksyonaryong gobyerno at patuloy na nakakakuha ng sariling ganansya ang mga burukratang kapitalista sa pagpapanatili ng kaayusang malakolonyal at malapyudal.

Ang partidong kumokontrol sa pondo at mga pasilidad ng gobyerno ay nakakalamang nang husto sa partidong oposisyon. Dagdag pa'y magagamit din niyon sa pandaraya at terorismo ang isang pangkatin man lamang sa reaksyonaryong armadong pwersa. Gayunman, sa kabila ng lahat ng ito, nakaasa sa gusto ng imperyalismong EU at ng lokal na mga mapagsamantalang uri kung ang ganitong partido na kunwari'y nasa kapangyarihan ay mananatili sa pusisyon ng mayorya o maitutulak iyon sa pusisyon ng minorya sa reaksyonaryong gobyerno. Mas maraming pondo para mangampanya ang superyor na mga kapangyarihan iyon nasa likuran ng buong papet na estado. Sila ang kumokontrol sa pinakamakapangyarihang masmedya. Pwede nilang paandarin ang kanilang kapangyarihan sa ekonomya at pulitika para pakalatin ang propagandang pabor sa sarili nilang mga patakaran at interes. Para magmukhang tanga ang naghaharing partido, sapat nang itigil ng mga imperyalista ng EU ang pagpapautang ng kapital

sa reaksyonaryong gobyerno, o manipulahin ng mga lokal na uring mapagsamantala ang presyo ng mga pangunahing kalakal. Bukod sa lahat ng salamangkang ito, kailangan ding matyagan ng mga papet na pulitiko kung kanino ikinikiling ng imperyalismong EU ang reaksyonaryong armadong pwersa.

Sa nakaraang dalawampu't limang (25) taon, may mga itinayong ikatlong partido daw. Ang mga ito, tulad ng Partido Demokratiko (Demokratic Party) na pinamumunuan ni Carlos P. Romulo at ng Partido Progreso ng Pilipinas (Progressive Party of the Philippines) na pinamumunuan ng pangkatin nila Manahan at Manglapus, ay pangunahing nagsisilbing pampatibay sa papet at mapagsamantalang katangiang makauri ng sistemang may dalawang partido at sinisigurado lamang ng mga partidong ito na mabibigyan ng mga konsesyon ang kanilang mga pinuno. Ginagamit lamang ang mga "ikatlong partidong" ito para sa takdang panaho'y papanigin sa pinakareaksyonaryong mga kandidato sa papet na eleksyon. Ginamit ang Partido Demokratiko ni Romulo para suportahan ang kandidatura ni Magsaysay. Patuloy na isinusunod ng pangkatin nila Manahan at Manglapus ang partido nila sa mga pangangailangan ng CIA at ng mga pusakal na reaksyonaryon sa Simbahang Katoliko na sumusporta sa pangkating ito. Noong 1959, naging Grand Al liance ang Partido Progresibo ng Pilipinas at naglunsad ng kampanya para sa patakarang dekontrol at umabot pa sa pagbabanta na ikukudeta ang naghaharing rehimen noon. Noong 1961, binuo ng ppangkatin nina Manglapus at Manahan ang United Opposition kasama ang Partido Liberal para masiguradong mananalo sa eleksyon ang Partido Liberal, na ang kolonyal na plataporma ay "Malayang pag-inisyatiba". Ngayon nama'y pinatatakbo ng pangkatin nina Manglapus at Manahan ang CSM. Ang pinakabagong pakulong ito ng CIA at ng mga pusakal na reaksyonaryo sa pinakamatandang institusyong kolonyal at pyudal sa Pilipinas ay naglalayon, tulad ng dati, na iligaw sa kontrarebolusyonaryong repormismo at kleriko-pasismo ang mga taong sawang-sawa na sa kasalukuyang sistemang pampulitika. Ginagaya ng mga lider nitong komprador at panginoong maylupa ang mga pananalita ng di na pinaniniwalaang mga partidong Kristyanong Demokratiko sa Europa at Amerikang Latina.

Sa ngayon, ang tanging "ikatlong partido" na may ilang positibong aspeto ay ang Nationalist-Citizen's Party na pinamumunuan ni Senador Claro Mayo Recto at lumitaw noong 1957. Gayunman, ang pinakamainam nang masasabi tungkol sa partidong ito ay sandali itong naging tagapagsalita ng pambansang burgesya laban sa imperyalismo. Dalawahan ang katangian nito. Ang pagkabigo nito ay resulta ng pagsunod sa burges na konstitusyonalismo at parlamentarismo. Sa huli'y pinatibay lamang nito ang kasalukuyang sistemang pampulitika. Ngayo'y isa na lamang itong pangalan na ginagamit ng mga indibidwal na oportunista para makakuha ng mga konsesyon sa kasalukuyang naghaharing sistema.

## 2. Mga Pinagmumulan ng Katiwalian

Ang katiwalian ay di maihihiwalay na parte ng lipunang malakolonyal at malapyudal. Ang burukrasya ay walang iba kundi instrumento para mapadali ang pagsasamantala ng mga interes na dayuhan at pyudal sa malawak na masa ng mamamayan. Nakikiparte lamang ang mga burukratang kapitalista sa ganansyang nagmumula sa pagsasamantala ng mga komprador at panginoong maylupa. Ito ang kanilang premyo. Sa paglalako ng lipas

nang mga islogang "liberal na demokrasya" o "malayang pag-iinisyatiba", ang ibig lamang nilang sabihin ay dapat mangibabaw sa interes ng publiko ang pribadong interes (o indibidwal na kalayaan ng mga mapagsamantala).

Ang buong pamunuan ng burukrasya sa Pilipinas, kabilang ang mga sanay na ehekutibo, lehislatibo at panghusgado, ay lagi nang tadtad ng katiwalian mula pa noong panahon nina Quezon at Osmena hanggang nitong panahon nina Macapagal at Marcos. Kailangan lamang tingnan ang dami ng pag-aari ng isang burukratang kapitalista noong umpisa ng taksil niyang karera, at ikumpara iyon sa nakikitang pag-aari niya na naiipon taun-taon para makumbinsi kung gaano kagrabe ang katiwalian at kung gaano kabulok ang kasalukuyang sistema.

Sa pagkukunwari ng mga burukratang kapitalista na nangongolekta sila ng suporta para sa kanilang mga partidong pampulitika, kumukuha sila ng pondo at mga pasilidad sa kanilang mga among imperyalista, komprador at panginoong maylupa. Bago pa man sila manalo sa eleksyon o kahit na matalo ng kalaban nila, mayaman na sila sa nakukuhang malalaking kontribusyon sa kampanya. Kapalit ng nakokolekta nila, natatali sila sa makauring interes ng kanilang mga tagasuporta.

Tumatanggap ng suhol ang mga burukratang kapitalista para aprubahan ang mga batas, kautusang ehekutibo at desisyon ng korte. Sa bawat kontrata, konsesyon, prangkisa o lisensya, may perang napupunta sa bulsa ng mga burukratang kapitalista. Madalas ay direktang kasali sila mismo sa mga pribadong transaksyon, o kasali rito sa pamamagitan ng kanilang pinagkakatiwalaang mga tau-tauhan o kaya'y kamag-anak. Katangian ng mga burukratang kapitalista sa kasalukuyan na ipagyabang ang katayuan nilang tagapangulo, konsultant o abogado ng mga pribadong empresa sa negosyo.

Ang mga lupaing publiko, kabilang ang mga talagang binubungkal ng mga maralitang naghohomisted at mga pambansang minorya, ay kinakamkam ng mga burukratang kapitalista at mga kolaboreytor nila. Kinukuha munang mga trosohan, minahan o pastulan ang mga ito at inuupahan o kinokontrata sa gobyerno, at pagkatapos ay ginagawang pribado nilang ari-arian. At pinaplano rin ang mga obras-publikas para pataasin ang halaga ng mga lupang ito.

Sa mga operasyong eksport-import na makikita lamang sa bayang malakolonyal at malapyudal, pumaparte ang mga burukratang kapitalista sa ganansya ng mga komprador sa pamamagitan ng paglalagay ng sariling mga kumpanya at mga kumpanya ng manunuhol sa listahang may prayoridad na magkaroon ng dayuhang pera. Dinadaya nila ang mga deklarasyon sa pag-iimport at pag-eeksport, at dahil dito'y nakakapandaya rin sila sa pagbabayad ng buwis at sa gayo'y ninanakawan nila ng kita ang sarili nilang reaksyonaryong gobyerno.

Taun-taon, napakalaking pondo ang inilalaan sa obras publikas. Ang totoo'y napupunta ang karamihan nito sa bulsa ng mga burukratang kapitalista. Minamanipula ang bidding o turingang publiko sa pagbili ng kagamitan at materyales sa konstruksyon, o sa pag-upa ng kumpanya sa konstruksyon. Nagdaragdag ng mga pangalan sa peyrol para bayaran ang mga alaga nilang walang ginagawa at para din magkaroon ng dagdag na kurakot ang mga burukratang kapitalista.

Ginagamit ang sistema ng gobyerno sa pagbabangko at seguro para palakihin ang mga lupain at puhunan ng mga burukratang kapitalista at

malalapit nilang kolaboreytor. Kahit iba ang pinauutang, malalaking porsyento ng pautang ang nagiging padulas sa mga burukratang kapitalista. Direktang namumuhunan ang reaksyonaryong gobyerno sa mga pribadong korporasyon na ang ginagamit ay pondong kinokolekta sa mga manggagawa at empleyado ng gobyerno sa pamamagitan ng SSS at GSIS. Sa gayon, iba't ibang konsesyon ang nakukuha ng mga burukratang kapitalista bukod pa sa matataas na pusisyon sa mga pribadong korporasyong ito.

Nagiging palabigasan ng mga burukratang kapitalista ang lahat ng korporasyon ng gobyerno. Dito sila kumukuha ng malalaking sweldo at alawans. Ang bidding sa pagbili ng kagamitan at materyales ay nagbibigay sa kanila ng mas malaki pang kita. Gumagastos nang napakalaki ang reaksyonaryong gobyerno para magtayo ng tinatawag na mga tagaumpisang (pioneering) empresa na ibebenta rin lamang naman nang palugi sa mga pribadong entidad. Bago ibenta ang mga korporasyong ito ng gobyerno, nagdadaan ang mga ito sa lahat ng klase ng manipulasyon sa pinansya. Ang pagkabangkrap ang nagiging dahilan ng pagbebenta sa mga ito, ibig sabihin, para tumiba na naman ang mga burukratang kapitalista. Ang pagkabangkrap ng isang korporasyon ng gobyerno ay katawa-tawang ginagamit na argumento ng mga burukratang linta mismo hindi pa mandin laban sa kapitalismo ng estado kundi laban sa sosyalismo.

Doble ang pamantayan sa pagkekwenta ng mga pribadong pag-aari: ang isa'y ang nakarekord na halaga na pinagbabatayan ng buwis at ang isa pa'y ang halaga sa pamilihan. Inililibre pa sa buwis at binibigyan ng lahat ng klase ng pang-engganyo ang mga interes ng mga imperyalista, komprador at panginoong maylupa. Nililikha ang mga korporasyon at huwad na kooperatibang kontrolado ng mga imperyalista, komprador at panginoong maylupa para dayain ang petiburgesya at sa kabuua'y ang masa. Sa lahat ng aregluhang ito, napakaraming pagkakataon ng mga burukratang kapitalista para gumawa ng katiwalian. Kadalasa'y direktang sineswelduhan ng mga korporasyon at asyenda ang mga burukratang kapitalista para masiguradong masusupil agad ang mamamayang anakpawis.

Sa bawat panahon sa buong kasaysayan ng burukrasya ng Pilipinas, may mga ispesyal na panagmumulan ng katiwalian. Nagmula na ito sa pautang sa pananim, rilip, surplus ng gera, pondo sa rekonstruksyon, kota sa imigrasyong Tsino, kontrol sa mga import, kontrol sa presyo, alokasyon ng dolyar, bangkong rural, huwad na kooperatiba, bayad ng Hapon sa napinsala ng gera, banta sa deportasyon, naturalisasyon ng dayuhan, konsesyon sa pagtotroso at pagmimina, pagpapaupa sa pastulan, manipulasyon sa pamilihan ng mga sosyo, pautang at sosyo ng gobyerno sa mga pribadong korporasyon, alawans ng mga konggresman, pondo sa mga kalamidad at kagipitan, pondo sa pagpapaunlad ng baryo, subsidyo at kung anu-ano pa.

Direktang pinapasukan din ng mga burukratang kapitalista ang pinakailigal na mga aktibidad. Kasangkot sila sa ismagling, usura, ordinaryong pangingikil, pasugalan, pangangalabaw at putahan. Kapansin-pansin ang mga ito sa mababang antas ng burukrasya, pero pinatatakbo naman ng matataas na burukrata ang kanilang mga partidong pampulitika bilang mga sindikato sa krimen. Kaugnay nito, ang mga reaksyonaryong tropa at pulis at mga pribadong maton ng mga lokal na upisyal ay binubundat din ng mga aktibidad na masyadong antisosyal.

Hindi pa kumpleto ang listahan ng nasabing mga pinagmumulan ng katiwalian. Pwedeng hindi sabay-sabay na samantalahin ng isang

burukratang kapitalista ang lahat ng ito sa isang pagkakataon. Pero tiyak na sinasamantala niya ang ilan. Napakalinaw na hindi sapat ang nominal na sweldo niya para mantinihin ang klase ng pamumuhay niya. Kunwari pa'y ipinapamigay niya ang buwanang sweldo sa mga alaga niya, pero ang totoo'y kumikita siya ng napakalaki sa isa lamang pirmahan o tawag sa telepono. Si Magsaysay, hari ng mga ipokrito, ay buong yabang na tumatangging tumanggap ng maliliit na regalo pero ang totoo'y napakalaki ng nakikikil niya. Ipinahayag naman ni Marcos na bilang sakripisyo'y tinatalikuran na niya ang kanyang mga kayamanan sa mundong ito, pero ang talaga palang gusto niya ay magtayo ng pundasyong magdidispley sa kanyang mga medalya na ibinigay ng USAFFE at "dadakila" sa kanya. Gayunman, ang layunin ng pundasyong ito na mas kapaki-pakinabang kay Marcos ay ang pangongolekta ng mga "kontribusyong" pinansya.

May mga subok nang salamangka ang malalaking burukratang kapitalista para itago ang nananakaw nila. Mayroon silang "petty cash" o "kaunting panggastos" (milyung-milyong piso) sa loob ng kaha-de-yero sa bahay nila na magagamit nila agad kapag kailangan, depositong kilala lamang sa numero na nasa mga bangko sa Switzerland, maraming malapalasyong bahay at building, alahas at lahat ng klase ng luho, sosyo sa mga korporasyong malaki ang ganansya, at mga titulo sa lupa. Para gawing malaking katatawanan ang Batas Laban sa Katiwalian, pansamantalang inilalagay ng mga burukratang kapitalista ang kanilang mga ari-arian sa pangalan ng malalapit nilang kamag-anak o ng mga kilalang negosyante hanggang dumating ang panahong malaya na nilang maaangkin ang kanilang mga "lehitimong" negosyo.

Tama lamang na ituon ang tindi ng banat sa malalaking burukratang kapitalista na buong sakim na nagtatraydor sa pambansa-demokratikong interes ng sambayanang Pilipino. Kahit paano nila itago ang ninakaw na yaman, lilitaw at lilitaw ito sa magagarang ari-ariang lagi nilang ipinagyayabang. Katangian nila ang paggasta ng pera sa mga paraang masyadong aksaya at di produktibo.

Ang kabulukan ng malalaking burukratang kapitalista ay umaabot hanggang sa mabababang antas ng reaksyonaryong gobyerno at sa mga lokal na lider ng purok. Pero sa kabuuan, sa loob ng reaksyonaryong gobyerno ay inaapi at pinagsasamantalahan ng malalaking burukratang kapitalista ang mabababang upisyal at ordinaryong mga empleyado.

### 3. Pasismo

Ang mga burukratang kapitalista ay gumaganap ng ispesyal na tungkuling lokohin ang mamamayan sa pamamagitan ng mga abrakadabra sa pambansang sobinismo at populismong burges. Ginagamit nila ang parlamentarismo para pahinain at wasakin ang anumang rebolusyonaryong kilusan sa pambansang pagpapalaya at demokrasyang bayan laban sa mga kasamaan ng imperyalismong EU, pyudalismo at burukratang kapitalismo. Kapag nadedesperado na sila, walang palyang gagamitin nila ang estado bilang mapamilit na instrumento ng diktadura ng uri nila. Nananawagan sila ng "pambansang disiplina" para supilin ang mga demokratikong karapatan ng mamamayan. Ipokrito nilang binibigkas ang matutunog na mga salita ng konstitusyon at ang ngalan ng sambayanan para supilin ang mamamayan at bigyan ng katwiran ang kamuhi-muhi nilang mga krimeng

pasista.

Ang burukratang kapitalismo ang basihan ng lokal na pasismo. Masyadong malaki ang nakukuhang premyo ng mga burukratang kapitalista sa imperyalismong EU at lokal na uring mapagsamantala kaya hindi nila babaguhin ang kanilang mapang-aping katangian at hindi nila papaburan ang sambayanan. Gagawin nila ang lahat para protektahan ang interes ng sarili nilang pangkatin at panatilihin ang pinagmumulan ng kanilang katiwalian. Sa harap ng oposisyong nagmumula kahit sa iba pang pangkating kauri nila, hindi sila nag-aatubiling gumamit ng armadong pwersa para mapanatili sa anumang paraan ang kanilang kapangyarihan.

Sa harap ng isang rebolusyonaryong kilusang masa, mas mabagsik pa ang mga burukratang kapitalista sa paggamit ng kanilang armadong kapangyarihan. Nasa unahan sila ng mga nagdedepensa sa mga amo nilang imperyalista at pyudal. Lagi nilang nagagamit sa kontrarebolusyonaryong layunin ang reaksyonaryong armadong pwersa ng Pilipinas at ang lokal na pulisya. Kung hindi nila mismo magapi ang rebolusyonaryong kilusang masa, inaasahang lalabas sa mga base militar ng EU ang mga tropang agresor nito at lalo pa silang itutulak na gerahin ang mamamayan.

Ang mga burukratang kapitalista na nagiging garapal na pasista ay tumutulad sa kanilang mga among imperyalista sa kalupitan. Pitong dekada na silang tinuturuan ng imperyalismong EU na maglunsad ng kontrarebolusyonaryong karahasan at pinahuhusay nito ang kanilang santada at teknik. Ang imperyalismong Hapones ay nagbigay din sa kanila ng tatlong taong treyning sa paghaharing pasista at handa na namang magbigay ng higit pa. Mula noong mag-umpisa ang siglong ito, wala kahit isang dekada sa kasaysayan ng Pilipinas na hindi nabahiran ng dugo ng mamamayan dahil sa imperyalismo at mga tuta nito.

Ang kasalukuyang papet na republika ay nakasandig sa kontrarebolusyonaryong karahasan ng imperyalismong EU at lokal na mga uring mapagsamantala. Para makabalik sa kapangyarihan ang mga imperyalista ng EU at ang mga burukratang kapitalista ng gobyernong komonwelt, kailangan nilang maglunsad ng malupit na gerang agresyon laban sa sambayanang Pilipino. Inulit nila ang unang gerang agresyon na inilunsad ng EU noong umpisa ng siglo.

Lumitaw ang pasismo sa Pilipinas at nanalanta sa inang bayan nang akuin ng pangkating burukratang kapitalista na pinamumunuan ni Roxas ang pangunahing responsibilidad sa pagsupil sa rebolusyonaryong kilusang masa. Naging target ng pasistang pananalakay ang mga ayaw magpaalipin uli sa imperyalismong EU at lokal na mga uring mapagsamantala. Pinakawalan laban sa kanila ang Kor sa Paniniktik (Counter-Intelligence Corps), Kumand ng Pulis Militar (Military Police Command) at mga Gwardyang Sibilyan (Civilian Guards).

Walang tigil ang militar sa panunupil sa malawak na masa ng mamamayan sa ilalim ng mga papet na rehimen nina Quirino at Magsaysay. Inilunsad ng PC at ng ilampung pangkat ng batalyong pangkombat (battalion combat teams o BCT) ng Hukbo ng Pilipinas ang pinakamadugong mga kampanya para itaguyod ang paghahari ng mga amo nilang dyuhan at pyudal. Ang kontrarebolusyon ay tinampukan ng pormal na suspensyon ng kasulatang habeas corpus (sa katunaya'y deklarasyon ng batas militar) noong 1950, na lalong nagbigay sa mga pasistang animal ng permisong abusuhyin ang kaliit-liitang porma ng kalayaang sibil. Pinakamatindi

ang mga dagok sa uring manggagawa at magsasaka at kahit ang petiburgesya ay pinapagdanas ng kasumpa-sumpang pananakot. Sa utos ng imperyalismong EU, inihampas ang pasismo sa bayan sa pamamagitan ng mga ahensyang tulad ng JUSMAG at CIA.

Lantad ang pagsidhi uli ng pasismo sa ilalim ng papet na rehimeng Marcos. Garapal ang reaksyonaryong armadong pwersa at pulisya sa pagmamasaker, pagpatay, pangingidnap at pang-aaresto sa gawa-gawang dahilan. Mabangis na nilalansag ang mga makabayang aksyong masa at pinapatay, nilulumpo't maramihang inaaresto ang mga demonstrador. Marahas na kumikilos para buwagin ang mga makabayang organisasyong masa. Kahit hindi porma na sinususpindi ang kasulatang habeas corpus, talagang pinaiiral ang batas militar. Ang mamamayan ay dinidítine nang walang taning, tinotortyur at pinapatay, at ang mga bahay ay niririkisa, dinadambong at sinusunog pa nga nang walang pagsasaalang-alang kahit sa reaksyonaryong mga batas. Lalong lumalawak ang saklaw ng lahat ng pang-aabusong ito.

Nasa programa ng EU sa kontrainsureksyon ang lahat ng pasistang kilos ng papet na rehimeng Marcos. Araw at gabi, inuudyukan ng CIA, JUSMAG at Upisina sa Kaligtasang Publiko ng AID ang AFP, ang Komisyon sa Pulisya (Police Commission), ang Pambansang Kawanihan sa Imbestigasyon, (National Bureau of Investigation o NBI) at ang lokal na pulisya na maglunsad ng pinakamasamang kampanya sa panunupil sa mamamayan. Hindi pa nasiyahan sa regular na hukbo, konstabularya at pulisya, inoorganisa rin ang ispesyal na mga gang ng mamamatay-tao tulad ng "Monkees", "special forces", BSDU at "provincial strike force" para lalo pang apihin ang mamamayan. Kahit ang Kor ng Sinanay na Reserbang Upisyal (Reserved Officers Training Corps o ROTC) at Panimulang Pagsasanay sa Militar (Preparatory Military Training o PMT) ay inihahanda ngayon para sa kontrainsureksyon habang sinasalakay naman sa mga demonstrasyon ang malawak na masang istudyante. Parami nang paraming kabataan ang pinipilit kumuha ng pasist ang pagtetreyning sa mga kampo militar. Ang mga nagtetreyning sa mga sentro sa "home defense" ay ginagamit sa mga operasyong militar laban sa mamamayan sa Gitnang Luzon at iba pang lugar.

Garapat na ginagampanan ni Marcos mismo, bilang punong burukratang kapitalista sa buong bayan, ang kanyang pagiging papet na punong kumander. Araw-araw niyang isinisigaw ang bantang pormal na idedeklara ang batas militar at sa katunaya'y direktang ipinapakana niya at ng kanyang mga kampon hindi lamang ang terorismo laban sa piling mga makabayan at demokrata kundi pati na rin ang malawakang pang-aabusong militar sa mamamayan. Sinusulsulan niya ang mga pinuno ng armadong pwersa na magbantang ipataw ang batas militar samantalang hindi naman kinakalimutan ng mga imperyalista ng EU na pukawin sila sa ambisyong mapalitan ang punong kumander nila sakaling hindi niya makontrol ang sitwasyon. Ang mga berdugong upisyoal ng reaksyonaryong armadong pwersa ay kumukuha ng inspirasyon sa pasistang pamumuno mula sa Kolehiyo ng Depensang Pambansa (National Defense College), Akademyang Militar ng Pilipinas (Philippine Military Academy) at pagtetreyning nila sa Estados Unidos.

Sa islogang "aksyong sibiko" ng Pentagon, mabilis na lumalaki ang pondo para sa militar at pinapasok ng reaksyonaryong armadong pwersa ang mga gawaing dati'y nakareserba sa mga sibilyan. Ang pondo para sa ibang sangay ng gobyerno ay inililipat para mapanatili ang pasistang

makinarya. Sa mga layuning "makatao", isinasangkot ang reaksyonaryong armadong pwersa sa mga gerang agresyon ng EU sa ibang bayan.

Dahil nagdeklara ng gera si Marcos laban sa Partido Komunista ng Pilipinas, sa makabayang mga organisasyong masa at sa kabuuan ng mamamayan, mas libre ngayong pumatay ng tao, manunog at mandambong ang mga pangkatin at dinastya ng mga burukratang kapitalista sa buong bayan. Ang pagbubuo ng mga BSDU at "provincial strike forces" ay lalong nagbibigay sa kanila ng kapangyarihang salakayin ang mamamayan. Lalong nagkaroong ng awtoridad na mangikil at mandambong ang mga armadong gang na dati'y binibigyan pa ng mga burukratang kapitalista ng balatkayo bilang awtorisadong badigard at ahensya sa seguridad ng kanilang mga asyenda at kumpanya. Buong layang napapagkumbinasyon ng mga burukratang kapitalista ang mga reakysonaryong tropa at pulisya at ang sarili nilang mga pribadong mamamatay-tao at mangingikil para mapanatili ang sarili sa kapangyarihan. Pinabibilis ang paglakas ng mga panginoong militar.

Ang pagtindi ng pasismo ay hindi talaga tanda ng lakas. Sa esensya, ipinapakita rito ng mga pusakal na reaksyonaryo ang kanilang kawalan ng pag-asa at kahinaan. Nakikita na hindi na nila maloloko ang mamamayan sa pamamagitan ng salita. Ang ibayong pandarambong ng reaksyonaryong armadong pwersa at mga armadong pangkating pasista ay magpapadali sa pagbagsak ng kasalukuyang sistema. tumitindi ang pasismo dahil nga dumadaluyong ang rebolusyonaryong kilusang masa at nagiging mas marahas ang hidwaan ng mga reaksyonaryo. Maaasahan na lalong magiging madaya at terorista ang mga papet na eleksyon sa Pilipinas. Ang pagkakalantad sa marahas na katangian ng mga reaksyonaryo ay magtuturo lamang sa masa na idepensa ang kanilang sarili at igiit ang sariling kapangyarihan.

Bilang parte ng pagtindi ng pasismo, ang mga pusakal na reaksyonaryo ng Simbahang Katoliko ay tumutulong sa kasalukuyang gobyernong tiraniko na siraan at insultuhin ang Partido Komunista ng Pilipinas at iba pang organisasyong may katangiang pambansa-demokratiko. Sa katunayan, mas abala ang CSM at mga organisasyong alyado nito sa pagpigil sa demokratikong rebolusyon ng bayan na pinamumunuan ng Partido Komunista kaysa pagpapalimos ng konsesyon sa mga tirano. Mas interesado silang pahinain ang mamamayan sa harap ng pananalakay ng imperyalismong EU, pyudalismo at burukratang kapitalismo. Ang Opus Dei, ang instrumentong kleriko ng pasistang Espanyol na si Franco, ay dinala sa Pilipinas at nag-organisa sa kilusang Cursillo na ang layunin ay sulsulan sa panatisismong antikomunista ang mga lumang organisasyong kleriko at gawing punyal ang krus para patayin ang mamamayan sa isang krusadang antikomunista. Talagang isa ngang sangkap ang kleriko-pasismo sa pagtindi ng pasismo. Magsuot ma n ng abito ang pasismo, siguradong lalabanan ito ng masang Katoliko mismo at ng malawak na masa ng mamamayan na tinuruan na ng istorikong karanasan tungkol sa mga kasamaan ng paghahari ng mga prayle.

Dahil nawawalan na ng pag-asa ang mga pusakal na reaksyonaryo, bumabaling sila sa mga pinakaatrasadong institusyon at paraan para mapanatili ang kanilang mapang-aping kapangyarihan. Pero ngayo'y mas mainam kaysa dati ang panloob at panlabas na mga kundisyon para sa armadong paglaban sa papet na republika. Hindi maikakaila ang pagkabangkarote sa pulitika at ekonomya ng kasalukuyang sistema. Isusumpa lamang ng masa ang mga maghahangad na depensahan iyon. Ang pangunahing nagpoprotekta sa kasalukuyang bulok na sistema, ang

imperyalismong EU, ay lalong nahihiwalay sa loob at labas ng bayan at pinagtutuunan ng pinakadeterminadong mga digmang bayan.

### 4. Repormismo at Modernong Rebisyonismo

Ang pagtindi ng repormismo at rebisyonistang aktibidad ay katugon ng pagtindi ng pasistang aktibidad. Hindi titigil ang mga pusakal na reaksyonaryo sa paggamit ng mga repormistang salamangka kasabay ng napakasamang gawaing kontrarebolusyonaryo. Gagawin nila kahit ang makisama sa mga modernong rebisyonista. Ang repormismo at modernong rebisyonismo ang marupok na kalasag ng pasismo.

Malaking kahangalan ang umasa na pwede munang lubusin ang mga posibilidad na ligal bago ilunsad ang armadong rebolusyon. Hindi matatapos ang paggawa ng mga batas at parlamentaryong salamangka kung hindi lalabanan ng armadong rebolusyon ang mga reaksyonaryo. Pwede pa nga nilang sulatin uli ang kanilang konstitusyon para lamang dagdagan ito ng dekorasyon. Sa maselang yugtong ito ng kasaysayan ng Pilipinas, nadadalian ang mga reaksyonsaryo sa pagpapakana ng isa pang kumbensyong konstitusyonal at pagkakalat ng usap-usapan tungkol sa "mapayapang rebolusyon".

Pwedeng samantalahin ang ilang batas ng mga reaksyonaryo sa taktikal lamang na layunin. Hangal ang sinumang maniwala na palaging magagamit ang mga reaksyonaryong batas laban sa mga gumawa nito, laluna't malinaw nang nahati ang malawak na masa ng mamamayan at ang mapang-aping minorya. Walang makikita kahit isang pangyayari sa kasaysayan na mapayapang ipinakansela ng mga rekasyonaryo ang mga pribilehiyo ng kanilang uri.

Sa panahong isinisigaw ng mamamayan ang digmang bayan laban sa araw-araw na karahasan ng pagsasamantalang dayuhan at pyudal, lalong nauuso kahit sa mga pusakal na kontrarebolusyonaryo ang paggamit ng mga pananalitang "rebolusyonaryo". Sa kung anu-anong porum ay "reporma sa istruktura" ang itinatalak ng mga tagapagsalita ng mga organisasyon ng mga komprador at panginoong maylupa, at ng mga burukratang kapitalista sa mga sanay na ehekutibo, lehislatibo at panghusgado ng reaksyonaryong gobyerno. Biglang-bigla, para bang lahat na'y nagiging rebolusyonaryo, pati na ang mga kontrarebolusyonaryo.

Pero sa simpleng pagsusuri sa mga salita ng mga reaksyonaryo, malinaw nating makikita na papayagan lamang nila ang "rebolusyon" na "mula sa itaas" o kaya'y doon sa "puso ng indibidwal". Inirereserba nila ang pinakamapait na mga mura para sa mga tunay na rebolusyonaryo sa malawak na masa ng mamamayan. Ang pangunahing dahilan nila sa pagsasalita tungkol sa "rebolusyon" ay para ikatwiran o pagtakpan ang pasistang kabangisan nila sa sambayanan. Para mapatunayan ang puntong ito, kailangan lamang suriin ang sinasabi ng mga kontrarebolusyonaryong tulad ni Marcos at ng mga kampon niya, ng CSM at iba pang organisasyong kleriko, at kung sinu-sino pa.

Kapag ginagamit na ang pinakamararahas na hakbang laban sa rebolusyonaryong masa saka maririnig sa mga reaksyonaryo ang pinakamatatamis na salita ng pagmamalasakit. Mas pinag-uusapan ang "gawaing sibiko", "pagpapaunlad ng komunidad", "repormang

konstitusyonal" at "partihan sa ganansya". Sa ngayon, malinaw na dumarami ang mga organisasyong nagbubuga ng napakaraming kasinungalingan. Aktibung-aktibo ngayon ang CIA at ang mga Heswitang Amerikano sa pagtatayo at pagpapatakbo ng mga repormistang organisasyon. Ang kailangan lamang gawin ay ilantad ang katangian ng uri ng mga nag-oorganisa at sumusuporta sa kanila.

Abala rin ngayon ang mga "makabansa" ni Marcos at ang mga taksil na rebisyonistang Lava sa pagtatangkang pagandahin ang malupit na pasistang larawan ng papet na rehimeng Marcos at nakikipagkolaboreyt sila sa isa't isa para padaliin ang pagtindi ng paghaharing imperyalista. Magkaagapay silang kumikilos sa MAN, CEPO, Sentrong Pambatas (Law Center) ng Unibersidad ng Pilipinas at sa napakarami pang organisasyong nagkukunwaring antiimperyalista pero laging naggigiit na konsesyon lamang ang mahihingi sa imperyalismong EU at lokal na mga uring mapagsamantala at dapat daw ilimita ang pakikibaka sa parlamentaryong pakikibaka.

Ang mga taksil na rebisyonistang Lava ay binibigyan ng lahat ng layang kailangan nila para isabotahe ang rebolsyonaryong kilusang masa. Bumalik sila sa dating kalokohan, na may suporta ng imperyalismong EU, papet na rehimeng Marcos at sosyal-imperyalismong Sobyet. Ispesyalidad nila ang paninira sa pamamagitan ng MAN, at ang madugong pang-iintriga laban sa rebolusyonaryong masa sa pamamagitan ng gang ng Monkees-Armeng Bayan-Masaka (Lava). Mula sa "mapayapang" buladas ni Krushchev, ang burges na pangkating reaksyonaryo ng mga Lava, tulad ng mga amo nilang sosyal-imperyalista, ay bumabaling sa lantarang karahasan ni Brezhnev laban sa mga proletaryong rebolusyonaryo at sa samabayanan.

Tuluy-tuloy ang papet na rehimeng Marcos at mga taksil na rebisyonistang Lava tungo sa diplomatiko't pangkalakalang relasyon sa sosyal-imperyalistang Sobyet, ayon sa mga garantyang ibinibigay ng imperyalismong EU at militarismong Hapones. Hungkag na pinaaasa-asa ang pambansang burgesya at ang mga may pananaw ng pambansang burgesya na pwede silang tulungan ng sosyal-imperyalistang Sobyet laban sa mga imperyalista.

Hindi totoo na makakapagbigay ng suporta sa bansa ang sosyal-imperyalistang Sobyet, o kahit man lamang sa pambansang burgesya. Imbis na makatulong ang sosyal-imperyalistang Sobyet sa alinmang seksyon ng rebolusyong Pilipino, ang magagawa lamang nito ay patibayin nang kaunti ang gumigiray nang estadong papet, at makipagsabwatan sa malaking burgesyang komprador para dayain ang sambayanang Pilipino sa palitan ng pinakamahal at walang kwentang kalakal ng Sobyet at ng hilaw na materyales mula sa Pilipinas. Interesado lamang ang imperyalismong EU na payagang makaparte nang kaunti ang sosyal-imperyalistang Sobyet sa pagsasamantala sa Pilipinas dahil magkaalyado sila sa paglaban sa mamamayan, sa rebolusyon, sa komunismo at sa Tsina.

Kaakit-akit sa papet na rehimeng Marcos ang diplomatiko at pangkalakalang relasyon sa sosyal-imperyalismong Sobyet dahil pareho sila sa iisang bagay: pareho silang may katangiang burukratang kapitalista. Ang kaibahan lamang nila sa isa't isa ay monopolyong burukratang kapitalista ang isa at ang isa nama'y papet na burukratang kapitalista. Laging nag-uugnayan ang mga burukratang kapitalista hanggat may mga tao silang mapapagsamantalahan.

Ang burukratang kapitalismo ngayon ay nagtatangkang magpahaba ng buhay sa tulong ng imperyalismong EU, militarismong Hapones at sosyal-imperyalismong Sobyet. Nagtatangka rin itong takpan ang mga kasamaan nito sa pamamagitan ng repormistang pagtataguyod ng pinakareaksyonaryong institusyong pyudal sa Pilipinas. Pero sapat na ang natutuhan ng sambayanang Pilipino sa sarili nilang kasaysayan at mga problema kaya hindi na sila maloloko.

Ikatlong Kabanata

# ANG DEMOKRATIKONG REBOLUSYON NG BAYAN

> Rebolusyonaryo ang sinumang pumanig sa rebolusyonaryong sambayanan. Kontrarebolusyonaryo naman ang sinumang pumanig sa imperyalismong EU, pyudalismo at burukratang kapitalismo. Rebolusyonaryo sa salita ang sinumang pumanig sa rebolusyonaryong sambayanan sa salita lamang pero iba ang ginagawa. Rebolusyonaryo sa buong kahulugan nito ang sinumang pumanig sa rebolusyonaryong sambayanan sa salita pati sa gawa.
>
> -Mao Zedong

## 1. Ang Saligang Katangian ng Rebolusyong Pilipino

Dahil sa malakolonyal at malapyudal na kalikasan ng lipunang Pilipino, di maiiwasan na maging pambansa-demokratiko ang katangian ng kasalukuyang yugto ng rebolusyong Pilipino. Isa itong pambansa-demokratikong rebolusyon, isang rebolusyong naghahangad ng paglaya ng sambayanang Pilipino sa pang-aapi't pagsasamantalang dayuhan at pyudal. Ang prinsipal na dahilan kaya pambansang rebolusyon ito ay hinahangad nitong igiit ang pambansang soberanya laban sa imperyalismong EU at mga lokal na tuta nito. Ang prinsipal na dahilan kaya demokratikong rebolusyon ito ay hinahangad nitong isagawa ang pakikibaka ng magsasaka para magkaroon ng lupa, pakikibaka sa katutubong pyudalismo, at isa pa'y hinahangad nitong itaguyod ang mga demokratikong karapatan ng malawak na masa ng mamamayan laban sa pasismo. Ang mga saligang kontradiksyon sa lipunang Pilipino ay ang kontradiksyon ng bansang Pilipino at ng imperyalismo, at ang kontradiksyon ng malawak na masa ng mamamayan at ng pyudalismo. Sa saligan, ang pasismong tumitindi ngayon ay ang militar na panunupil ng kasalukuyang kontrarebolusyonaryong estado sa sambayanan sa ngalan ng mga imperyalista at pyudal na amo ng estado.

Dahil prinsipal na layunin ng kasalukuyang yugto ng rebolusyong Pilipino na palayain ang sambayanang Pilipino sa pang-aapi't pagsasamantalang dayuhan at pyudal, masasabing karugtong at pagpapatuloy ang rebolusyong ito ng Rebolusyong Pilipino ng 1896 at ng Digmaang Pilipino-Amerikano, na parehong nabigo sa pamumuno ng lokal na burgesya, laluna sa pamumuno ng liderationg liberal-burges ng gobyernong Aguinaldo.

Gayunman, may saligang pagkakaiba ang kasalukuyang

pambansa-demokratikong rebolusyon at ang rebolusyong tinalo ng imperyalismong EU. Bagong tipo ang kasalukuyang pambansa-demokratikong rebolusyon. Bagong tipo ito dahil mula noong Rebolusyong Oktubre at mula nang lumitaw ang unang estadong sosyalista sa guho ng gera ng mga imperyalista (ang Unang Digmaang Pandaigdig), di maiiwasang maging parte ng pandaigdigang rebolusyong proletaryo ang mga pambansa-demokratikong pakikibaka sa imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo sa mga kolonya at malakolonya. Mula noon, nawala na ang obhetibong kundisyon para sa lumang tipo ng pambansa-demokratikong rebolusyon sa Pilipinas. Ang pandaigdigang rebolusyong burges ay hindi nakakapagbigay ng tamang oryentasyon sa pambansa-demokratikong rebolusyon. Higit kailanma'y hating-hati ang lumang lideratong ilustrado sa tatlong saray: malaking burgesyang komprador, pambansang burgesya at petiburgesya na malinaw na may iba't ibang aktitud sa pulitika. Nasa yugto tayo ngayon ng bagong itpo ng pambansa-demokratikong rebolusyon, ang demokratikong rebolusyon ng bayan.

Nasa proletaryado na ngayon ang makauring pamumuno sa rebolusyong Pilipino, at wala na sa burgesya o sa alinmang saray nito tulad ng nangyari noon sa lumang tipo ng pambansa-demokratikong rebolusyon. Hindi maibabagsak ang imperyalismong EU, pyudalismo at burukratang kapitalismo kung ang malawak na masa ng mamamayan ay hindi pamumunuan ng rebolusyonaryong partido ng proletaryado, ang Partido Komunista ng Pilipinas, sa kataas-taasang patnubay ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong. Ang mga rebolusyonaryong hangarin at mithiin ng uring manggagawa, uring magsasaka, petiburgesya at pambansang burgesya ay wastong maisusulong at matutupad lamang sa pamamagitan ng makauring pamumuno ng proletaryado at partido nito.

Itinatag ang Partido Komunista ng Pilipinas noon pang 1930. Pero dahil sa grabeng sakit na suhetibismong burges sa ideolohiya, oportunismo sa pulitika at mga paglabag sa demokratikong sentralismo sa buhay ng organisasyon, hindi lamang nabigong tuparin ng Partido ang mga rebolusyonaryong tungkulin nito kahit paborableng-paborable ang obhetibong kundisyon sa ilang panahon, laluna noong panahon ng antipasistang pakikibaka at pagkaraan niyon, kundi nabigo rin itong manatiling buo sa loob ng halos dalawampung (20) taon bago ito itinatag uli noong Disyembre 26, 1968. Ang pangunahing dahilan ng pagkabigong ito ay ang pangingibabaw sa loob ng Partido ng kontra-rebolusyonaryong linya nina Lava at Taruc hanggang itakwil ang linyang ito ng kilusang pagwawasto na binigyan ng inspirasyon ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong.

Nasa panahon tayo na tumutuloy ang imperyalismo sa ganap na pagbagsak at sumusulong ang sosyalismo sa pandaigdigang tagumpay. Ang Kaisipang Mao Zedong, ang Marxismo-Leninismo ng kasalukuyang panahon, ay itinataguyod ng Dakilang Proletaryong Rebolusyon sa Kultura at ginawa nitong bakal na muog ng pandaigdigang rebolusyong proletaryo ang Republikang Bayan ng Tsina. Ang aping mamamayan ng mundo ay mayroon nang di magagaping sandatang pang-ideolohiya na magbabagsak sa imperyalismo, rebisyonismo at lahat ng reaksyon, at makakasama na sila sa kinabukasang sosyalista na ngayo'y isa nang realidad sa makabuluhang parte ng mundo. Ang unibersal na katotohanan ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong ang di magagaping sandata ng direktang hawak ng mga rebolusyonaryong partidong proletaryo na namumuno sa aping mamamayan ng mundo.

Mayroon na ngayong Partido Komunista ng Pilipinas na puspusang nagsisikap na gamitin ang unibersal na katotohanan ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong sa kongkretong kundisyon ng Pilipinas. Mayroon na ngayon Bagong Hukbong Bayan na kinukumand ng Partido, para magpalasap ng nakakamatay na mga dagok sa armadong kontrarebolusyon at magtayo ng mga bakal na muog ng rebolusyon sa kanayunan bago agawin ang kapangyarihan sa kalunsuran. Mayroon na ngayong nagkakaisang prente na maglulunsad ng digmang bayan at maghihiwalay sa mga pusakal na kaaway. Nakabatay ang nagkakaisang prenteng ito sa alyansa ng proletaryado at uring magsasaka na mahigit siyamnapung porsyento (90%) ng mamamayan, at isa pa'y sumasaklaw ito sa petiburgesya, pambansang burgesya at iba pang makabayan. Mabilis na bumabagsak ang mga lokal na alyado ng imperyalismong EU - ang malaking burgesya, ang uring panginoong maylupa at ang mga burukratang kapitalista.

Sa kasalukuyang kongkretong kundisyon na malakolonyal at malapyudal ang lipunang Pilipino, kailangang ilunsad ng Partido Komunista ang bagong tipo ng pambansa-demokratikong rebolusyon, ang demokratikong rebolusyon ng bayan. Kahit proletaryo ang liderato ng rebolusyong Pilipino, hindi pa ito proletaryong rebolusyong sosyalista. Huwag nating ipagkamali ang pambansa-demokratikong yugto sa sosyalistang yugto ng rebolusyong Pilipino. Kapag nakumpleto na ang pambansa-demokratikong yugto, saka lamang mailulunsad ng rebolusyonaryong lideratong proletaryo ang rebolusyong sosyalista bilang yugto papunta sa komunismo.

## II. Mga Uri sa Lipunang Pilipino

Sa paglulunsad ng demokratikong rebolusyon ng bayan, kailangang-kailangang gumawa ng pangkalahatang pagsusuri sa iba't ibang uri sa lipunang Pilipino. Para malaman nang komprehensibo at malalim ang mga panloob na batas at takbo ng istorikong pag-unlad ng Pilipinas, dapat nating makilala ang iba't ibang uring ito. Dapat nating malaman ang kanilang mga pampulitikang aktitud sa rebolusyon sa pamamagitan ng pagkilala sa kanilang katayuan sa ekonomya. Sa pag-alam sa kanilang katayuan sa ekonomya at mga aktitud sa pulitika, matitiyak natin kung sinu-sino ang ating tunay na mga kaibigan at sinu-sino ang ating tunay na mga kaaway sa rebolusyonaryong pakikibaka sa imperyalismong EU, pyudalismo at burukratang kapitalismo.

Matutukoy natin ang mga uri at saray sa lipunang Pilipino sa pagturing sa kanila bilang malalaking grupo ng tao na nagkaka-iba-iba ayon sa lugar nila sa sistema sa produksyong panlipunan na itinakda ng kasaysayan, sa relasyon nila sa mga kasangkapan sa produksyon (kung nagmamay-ari o hindi), sa papel nila sa panlipunang organisasyon ng paggawa, at kung gayo'y sa laki ng parte ng yamang panlipunan na nagagamit nila sa paraan ng pagkuha nito. Sa gayon, ang batayan ng pagsusuri sa mga uri ay ang relasyon ng mapagsamantala at pinagsasamantalahan. Lalong nagiging malinaw ang iba't ibang uri at saray sa takbo ng pakikibakang pampulitika, kapang umiigting ang rebolusyon at kontrarebolusyon at naglalantad sa tunggalian ng mapagsamantala at pinagsasamantalahan na di mapapagkasundo. Dahil dito, ang paninindigang pampulitika ay lalong nagiging importanteng pamantayan sa pagsusuri sa mga uri.

Binubuo ang lipunang Pilipino ng sumusunod na mga uri at saray:

1. Ang Uring Panginoong Maylupa

Ang uring panginoong maylupa ang may-ari ng malalawak na lupaing pang-agrikultura. Hindi sila lumalahok sa esensyal na paggawa at pinagsasamantalahan nila ang masang magsasaka unang-una na sa pamamagitan ng pagsingil ng upa sa lupa. Nagpapautang din sila ng pera sa interes na mapang-usura, umuupa ng manggagawa o namimilit na pagsilbihan sila bilang isang porma ng tributo, at nandaraya sa mga kasama nila sa pagkekwenta ng gastos sa punla, abono, pestisidyo, patubig at paggamit ng makinarya nang sa gayo'y basta na lamang maitaas ang upa sa lupa. Binibili nila ang lupa ng naghihirap na mga magsasaka at kinakamkam ang lupang binubungkal na ng maliliit na setler at mga pambansang minorya.

Pwede ring ikategoryang panginoong maylupa ang mga tumutulong sa mga panginoong maylupa na mangulekta ng upa o mamahala sa mga asyenda at nakakaangat sa karaniwang panggitnang magsasaka dahil sa parte nila sa pyudal na pagsasamantala. Ganito ang katayuan ng karaniwang mga katiwala at administrador ng lupa.

Ituturing ng panginoong maylupa ang mga usurero na ang pangunahing pinagkukunan ng kita ay ang pang-uusura at nakaka-angat sa karaniwang panggitnang magsasaka. May katangian din ng panginoong maylupa ang mga miller at may-ari ng makinaryang pang-agrikultura na sobra ang sinisingil na butil o pera sa mga magsasaka.

Dahil lumalahok sa pyudal na pagsasamantala sa mga magsasaka ang mga umuupa o konsesyonero sa malalawak na lupaing pang-agrikultura na pag-aari ng reaksyonaryong gobyerno, mga bangko, simbahan, iskwelahan o panginoong maylupang naglalagi sa kalunsuran, nasa kategorya rin sila ng panginoong maylupa. Pwede ring ikategoryang panginoong maylupa ang mga manedyer at tagapagtaguyod ng mga huwad na kooperatibang pansakahan dahil kumikita sila sa pyudal na pagsasamantala.

Kinakatawan ng uring panginoong maylupa ang pinaka-atrasado at pinakareaksyonaryong relasyon sa produksyon at hinahadlangan nila ang pag-unlad ng pwersa sa produksyon. Sila ang pangunahing sagabal sa pag-unlad ng Pilipinas sa pulitika, ekonomya at kultura. Sila ang pangunahing batayang panlipunan ng paghaharing imperyalista at ngayo'y pinagsasamantalahan nila ang napakaraming mamamayan sa Pilipinas. Samantala, dependyente lamang naman sila ng internasyonal na burgesya at umaasa sa imperyalismo para mabuhay at mabigyan ng proteksyon. Marahas nilang nilalabanan ang demokratikong rebolusyon ng bayan at kung gayon ay target sila ng rebolusyon. Sinusuportahan nila at ginagamit ang Simbahang Katoliko bilang institusyong pyudal para protektahan ang sariling interes, at may mga pampulitikang kinatawan sila sa Partido Nacionalista, Partido Liberal, CSM, at iba pang reaksyonaryong organisasyong pampulitika mula sa pambansang antas hanggang sa antas ng baryo.

Tuwing mag-oorganisa ang mga magsasaka para angkinin ang kanilang mga makatwirang karapatan, hindi nag-aatubili ang uring panginoong maylupa na gamitin ang pulisya, armadong pwersa, mga korte at bilangguan ng reaksyonaryong estado para supilin ang mga magsasaka. Nagbubuo rin

sila ng sariling armadong gang para pangalagaan ang ari-arian nila. Hinding-hindi nila kusang isusuko ang kanilang kapangyarihang pang-ekonomya at pampulitika. Ang lahat ng batas sa "reporma sa lupa" na ginawa ng reaksyonaryong gobyerno ay pinakinabangan lamang ng uring panginoong maylupa. Pinapayagan ng mga ahensya sa "reporma sa lupa" ng reaksyonaryong gobyerno ang mga panginoong maylupa at burukrata na lalong pagsamantalahan ang mga magsasaka sa napakaraming paraan.

Sa mga layuning taktikal, pwede nating iklasipika ang mga panginoong maylupa sa ilang paraan. Pwede silang maging malaking panginoong maylupa, panggitna o maliit, batay pangunahin sa lawak ng lupang pag-aari o kontrolado nila. Humahawak ng pampulitikang awtoridad ang ilan samantalang ang iba nama'y hindi gaano. Madalas mangyari na antagonistiko sa isa't isa ang mga pangkatin ng mga panginoong maylupa. Despotiko ang ilang panginoong maylupa samantalang ang iba nama'y hindi gaano. Kahit target ng rebolusyong Pilipino ang buong uring panginoong maylupa, ang pangunahing mga target ay ang mga panginoong maylupa na malaki, may awtoridad at despotiko. Nangunguna ang mga panginoong maylupang ito sa pagsupil sa rebolusyonaryong kilusang masa at madalay ay may buhay silang inuutang.

Ang mga panginoong maylupa na pinakamalapit sa mga imperyalista at pinakamakapangyarihan sa pambansang sentro ng reaksyonaryong gobyerno ay nag-eeksport ng mga produktong pang-agrikultura tulad ng asukal, niyog, abaka, tabako, saging at iba pa. Nakatali sila sa mga imperyalista sa pamamagitan ng mga kasunduan sa pautang para sa kanilang mga planta (mill) o makinarya, at sa pamamagitan din ng mga kasunduan sa pagbebenta ng mga kalakal. Isa silang pwersang mapagpasya sa resulta ng mga reaksyonaryong eleksyon dahil malaki ang ginagastos nila sa kampanya at sila mismo'y kumakandidato para magkaroon ng pwesto sa reaksyonaryong gobyerno. Dahil kumikita sila ng dolyar ng EU, madali nilang nagagampanan ang papel ng malaking burgesyang komprador na nag-iimport at nag-eeksport ng mga kalakal.

Ang mga panginoong maylupang nag-eeksport ng mga produktong pang-agrikultura ay nagmamay-ari ng mga sakahan na lubusan o bahagyang pinatatakbo sa paraang kapitalista. Pero walang palya nilang pinagsasamantalahan ang mga maralitang magsasaka na pana-panahong kinukuha ng mga kontratista sa paggawa para pansamantalang magtrabaho bilang manggagawang bukid. Sa iba't ibang paraan, laluna sa pamamagitan ng pang-uusura at pandaraya sa kwenta, pinalalala pa ng mga kontratista sa paggawa at katiwala ang pagsasamantala sa mga maralitang magsasaka at manggagawang bukid na ito.

## 2. Ang Burgesya

Ang burgesya sa lipunang Pilipino ay binubuo ng tatlong saray: ang malaking burgesyang komprador, ang panggitna o pambansang burgesya at ang petiburgesya.

### a. Ang Malaking Burgesyang Komprador

Ikinakawing ng malaking burgesyang komprador sa pyudal na pwersa sa kanayunan ang internasyonal na burgesya, at sila ang nakikinabang nang husto sa pakikipagkalakalan sa Estados Unidos

at iba pang bayang imperyalista, laluna sa Hapon sa kasalukuyan. Dito sa Pilipinas, sila ang may pinakamalaking naiipong kapital bilang prinsipal na ahente ng imperyalismong EU sa kalakalan at pinansya. Ang malalaking panginoong maylupa na magipit nilang kaugnay ay kasama nilang humahadlang sa pag-unlad ng ekonomya ng Pilipinas dahil nakasalalay ang interes nila sa pananatili ng paghaharing imperyalista at pyudal. Ang yaman nila ay pangunahing kinukuha sa pag-eeksport ng lokal na hilaw na materyales (tulad ng asukal, produkto ng niyog, troso, mineral at iba pa) at sa pag-iimport ng mga yaring produkto.

Sa malakolonyal at malapyudal na Pilipinas, di maiiwasang magkaroon ng interes ng malaking panginoong maylupa ang malaking burgesyang komprador dahil noong umpisa'y pyudal na pagmamay-ari ng lupa ang basihang pang-ekonomya nila at ang interes nila ay nananatiling nakasalalay sa produksyon ng hilaw na materyales, na mula sa agrikultura ang pinakamalaking parte. Sa Pilipinas ngayon, ang kayamanan ay nakakonsentra sa kamay ng limampung (50) pamilya ng malalaking komprador at panginoong maylupa. Kabilang sa pinakamalalaking kinatawan ng malaking burgesyang komprador ang mga Soriano, Ayala, Zobel, Elizalde, Araneta, Lopez, Ortigas, Yutivo, Roxas-Chua, Cojuangco, Montelibano, at iba pa.

Ang pinakamayamang grupo ng komprador sa Pilipinas ay ang grupo nina Soriano, Ayala, Zobel, at Roxas. May mga direktang interes sila, kahit nagsisilbing ahente ng imperyalismong EU at mga organisasyong kleriko, sa mga korporasyong tulad ng Bancom, Ayala House of Investments, San Miguel Corporation, Atlas Consolidated Mining, Bislig Bay Lumber, Paper Industries Corporation of the Philippines, Nutritional Products, Coca-Cola Export Corporation, Atlas Fertilizers, Phelps Dodge, Central Azucarera de Don Pedro, Soriamon, FGU Insurance Group, Bank of the Philippine Islands, People's Bank and Trust Company, Industrial Textiles Manufacturing, International Engineering, Rheem of the Philippines, Herald-Mabuhay, Interisland Broadcasting Corporation, Radio Mindanao Network, STAATS at maraming iba pang korporasyon.

Nakokontrol ng malaking burgesyang komprador ang kasalukuyang sistemang pampulitika dahil sila ang pinakamalaking nagpipinansya sa mga kampanyang pampulitika ng mga reaksyonaryong partidong tulad ng Partido Nacionalista, Partido Liberal at mga organisasyong pampulitika tulad ng mga kamara ng komersyo, organisasyong sibiko at kilusang kleriko. Target ng rebolusyong Pilipino ang malaking burgesyang komprador, at ang pampulitikang aktitud nila ay marahas na salungat sa mga pambansa-demokratikong mithiin ng sambayanang Pilipino. Sila ang uring pinakamabagsik na nagtataguyod sa bawat hakbang sa pulitika, ekonomya, kultura at militar na nagpapanatili at nagpapalala sa imperyalistang paghahari sa lipunang Pilipino.

Mahigpit na kaugnay ng mga komprador at panginoong maylupa ang mga burukratang kapitalista. Ang mga bulok na upisyal na ito ng gobyerno ay nagbibigay ng direktang aramadong seguridad sa paghahari ng mga komprador sa kalunsuran at sa paghahari ng mga

panginoong maylupa sa kanayunan. Sa ganitong klase ng paghahari, napapairal ng mga burukratang kapitalista ang katiwalian samantalang napoprotektahan ang sarili nilang interes bilang mga komprador at panginoong maylupa. Sa esensya, ang reaksyonaryong estado sa Pilipinas ay magkasanib na diktadura ng mga komprador, panginoong maylupa at burukratang kapitalista.

Nasa kategorya ng burgesyang komprador ang mga manedyer, malaking abogado ng korporasyon, malaking akawntant, kontratista sa paggawa at reaksyonaryong publisista at intelektwal na matataas ang sweldo, na lahat aya direktang nagsisilbi sa internasyonal at lokal na malaking burgesya. Ang kanilang pampulitikang aktitud sa demokratikong rebolusyon ng bayan ay kasindumi at kasinsama ng sa kanilang mga amo.

b. Ang Panggitnang Burgesya

Tinatawag ding pambansang burgesya ang panggitnang burgesya. Sila ang saray na nasa gitna ng malaking burgesyang komprador at petiburgesya. Binubuo sila ng mga bisnesman sa syudad at probinsya na interesado sa "makabansang industriyalisasyon". Sinasaklaw ng interes nila sa ekonomya ang maliit na pagawaan, pangingisda, at maliitang pagmamanupaktura at pati katamtamang negosyo sa pagbebenta at transportasyon at mga "intermedyang" industriyang umaasa nang husto sa imported na hilaw na materyales. Kabilang sa mga produktong minamanupaktura ng pambansang burgesya ang alak, sapatos at balat, tabako't sigarilyo, simpleng kagamitan sa agrikultura, lambat, lubid, langis ng niyog, arina, tela, simento at produktong kongkreto, materyales sa edukasyon, tabla, produkto ng iskrap na metal at napakarami pang iba.

Kinakatawan ng pambansang burgesya ang kapitalistang relasyon sa produksyon sa Pilipinas. Inaapai sila nang husto ng imperyalismo, nagtatambak dito ng mga yaring produkto at nagmamanipula sa mga saligang patakaran ng reaksyonaryong gobyerno tungkol sa buong ekonomya, pera, tuntunin at regulasyon sa taripa, buwis at lokal na pagbebenta ng mga kalakal. Kasabay nito, ang mga kabilang sa pambansang burgesya ay kaugnay ng imperyalismo sa iba't ibang paraan at higpit ng ugnay, sa pamamagitan ng mga kontrata sa pautang, hilaw na materyales, panggatong, patente at iba pa.

Sa pangkalahatan, ang pambansang burgesya ay itinatali ng pyudalismo pero marami rin namang myembro nila ang kabilang sa uring panginoong maylupa. Ang dahilan nito'y umaasa sila sa kanilang lupa bilang kolateral sa pangungutang sa bangko para sa mga proyektong pinamumuhunanan nila. Sa kanilang relasyon sa reaksyonaryong gobyerno, madalas nilang ireklamo ang katiwalian pero sabik din naman silang mapabilang sa mga burukratang kapitalista.

May dalawahang katangian ang pambansang burgesya sa ekonomya ng Pilipinas. Dahil dito, pabagu-bago ang aktitud nila sa demokratikong rebolusyon ng bayan. Mahina ang basihang

pang-ekonomya nila at kung gayo'y mabuway ang kanilang paninindigang pampulitika. Kung minsan, hanggang sa isang antas ay sumasama sila sa mamamayang anakpawis sa pagrerebolusyon laban sa imperyalismong EU at pyudalismo. Kung minsan nama'y sumasama sila sa malaking burgesya sa kontrarebolusyon.

May ambisyon ang pambansang burgesya na maging malaking burgesya at magtayo ng estadong kapitalista sa ilalim ng diktadura ng uri nila. Mahilig gawing halimbawa ng mga nangungunang kinatawan nila ang kapitalistang transpormasyon ng pyudal na Hapon sa Asya, at madalas nilang pag-usapan ang pagsasanib ng mga independyenteng empresa para maging mga higanteng industriya.

Gayunman, ang panggitnang burgesya ay pwede pang sumama sa mga pwersa ng rebolusyong Pilipino sa pana-panahon at limitadong saklaw. Sa panahon na tumutuloy sa ganap na pagbagsak ang imperyalismo at sumusulong sa pandaigdigang tagumpay ang sosyalismo, ang panggitnang burgesya ay hindi makakaiwas sa pagtindi ng pang-aaping imperyalista't pyudal sa isang banda, at sa pagtindi ng paglaban ng rebolusyonaryong masa sa kabilang banda, at hindi rin sil makakapanatiling independyente sa ganitong kalagayan. Napipilitan silang mamili sa rebolusyon o kontra-rebolusyon. Wala na silang pagkakataong paunlarin nang husto ang kapitalismo o maghari sa kasalukuyang estado.

Sa pagkakaroon ng pambansang burgesya ng dalawahang katangian, may Kaliwa at Kanang panig sila. Ang Kaliwang panig ay inaapi nang husto ng paghaharing imperyalista at laging namimiligrong mabangkrap dahil sa dumaraming pagsasanib ng mga dayuhang monopolista, malaking burgesyang komprador at mas mataas na seksyon o Kanang panig ng pambansang burgesya. Dahil gipit, may simpatya sila sa rebolusyonaryong simulain ng masa. Pwede rin nilang pasamahin sa rebolusyon ang panggitnang panig at pangibabawin ang Kanang panig kapag iniipit nang husto ng imperyalismo at pwersang antidemokratiko ang interes ng uri nila. Pero madaling bumaling sa kontrarebolusyon ang Kanang panig dahil takot sila sa masa at mahigpit na nakakabit sa malaking burgesya. Dapat laging maging maingat ang Partido sa paggawa ng patakaran kaugnay ng dalawahang katangian ng pambansang burgesya.

### k. Ang Petiburgesya

Ang petiburgesya ang pinakamababa at pinakamalaking saray ng lokal na burgesya. Kabilang sa kanila ang malawak na mayorya ng intelihensya tulad ng mga titser, kabataan-istudyante, propesyonal na maliit ang kita, klerk at mababang upisyal na gobyerno; panggitnang magsasaka; maliit na bisnesman; ekspertong tagayari ng handikrap; kontratista ng karpintero; mangingisdang may sariling maliit na bangkang de-motor at kagamitan; at sanay na manggagawang mataas-taas ang sweldo.

Sa tatlong saray ng lokal na burgesya, ang petiburgesya ang may pinakakaunting ari-arian. Pangunahing katangian nila na medyo

nakakasapat sila sa kabuhayan na nagmumula sa pagmamay-ari ng kaunting kasangkapan sa produksyon o pagkakaroon ng ispesyal na treyning o kasanayan. Kung ikukumpara sa pambansang burgesya, mas limitado at sa pangkalahata'y pirmihan ang kita ng petiburgesya at talagang mas inaapi sila ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo, at kung gayo'y di hamak na mas progresibo. Importante silang pwersang pampakilos sa rebolusyong Pilipino dahil maaasahang alyado sila ng uring manggagawa.

Dapat nating bigyan ng masusing atensyon ang petiburgesya dahil mapagpasya ang suporta at partisipasyon nila sa demokratikong rebolusyon ng bayan para maikiling ang balanse ng pwersa laban sa pambansang kaaway at mga kaaway sa uri ng sambayanang Pilipino. Tatlo ang antas ng saray nila - nakatataas, panggitna, nakakababa - na matutukoy batay sa kinikita. Bawat antas ng petiburgesya ay may katugong pampulitikang tendensya sa rebolusyong Pilipino.

Kabilang sa nakakataas na antas ang mga nakakapag-ipon ng pera o sobrang butil taun-taon. Sila ang pinakamayaman na mga petiburges at gusto nilang mapabilang sa panggitnang burgesya. Malinaw na naiimpluwensyahan ng burgesya ang kanilang pampulitikang tendensya. Kung gayon, sila ang Kanang panig ng petiburgesya. Madali silang maiimpluwensyahan ng pampulitikang mga pananaw ng burgesya sa mga reaksyonaryong iskwelahan at masmidya; at kung ulit-ulitin nila ang mga pananaw na ito'y para bang galing sa kanila mismo. Sa kanila madalas rikrutin ang mga likal na lider ng mga reaksyonaryong partido at pati ang mga tagaprobinsyang miyembro ng iba't ibang klab na istilong-Amerikano tulad ng Jaycees, Lions at Young Men's Christian Association o YMCA, at pati mga grupong kleriko tulad ng CSM, Knights of Columbus, Daughters of Isabela, Catholic Women's League, Catholic Action at Cursillo.

Kabilang sa mga panggitnang antas ng petiburgesya ang nakakasuporta sa sarili at kumikita nang sapat lamang para mabuhay. Alalang-alala sila tungkol sa pagkukunan ng kita, sa takot nilang malubog sa hirap. Sa pulitika, naiimpluwensyahan sila ng nakakataas na antas pero naiimpluwensyahan din sila ng naliligalig na nakakababang antas ng petiburgesya. Napakapersonal ng pagmumura nila sa mga imperyalista't lokal na mapagsamantala pero kasabay nito'y pinagdududahan nila ang pagiging epektibo ng rebolusyonaryong kilusang masa. Malakas ang tendensya nilang manatiling "nyutral", pero hindi sila laban sa rebolusyon. Dahil marami sila - di kukulaning sa kalahati ng petiburgesya - kailangan silang makuha sa panig ng rebolusyon para maikiling ang balanse ng pwersa, hindi lamang sa loob ng petiburgesya kundi sa loob din ng buong bansa.

Kabilang sa nakabababang antas ng petiburgesya ang mga talagang pabagsak na ang kabuhayan at taun-tao'y naliligalig sa kanilang depisit sa kwenta. Para maremedyuhan ang kakulangan nila sa pera, nangungutang sila sa mga kamag-anak at kaibigan o nagsasangla ng ari-arian sa mga usurero. Ang paghihirap nila ngayon ay nagiging mas mapait kapag naaalala nila ang dati nilang ginhawa. Nababalisa sila nang husto sa nakikitang

paliit nang paliit na kabuhayan. Malaking parte sila ng petiburgesya at may tendensya silang tanggapin ang rebolusyon at sang-ayunanang kawastuan ng pagsama rito. Sila ang Kaliwang panig ng petiburgesya. Sa panahon ng krisis o gera, nagiging litaw at malaki-laking pwersa sila na mabilis na lumalahok sa rebolusyonaryong kilusang masa. Sa pagsulong nila'y natatangay ang panggitna at kahit ang nakakataas na antas ng petiburgesya. Kahit sa panimulang yugto, importanteng maglunsad ng gawaing pampulitika sa mga malamay-aring magsasaka na bumubuo sa nakabababang s at Kaliwang panig ng petiburgesya ng nayon, o lalong bumabagsak sa katayuan ng malaproletaryado o maralitang magsasaka.

Sa yugtong ito, malinaw na kung gaano kaimportanteng pukawin at mobilisahin ang mga intelektwal na mababa ang kita, at ang mga kataang istudyante, na bumubuo sa malawak na mayorya ng petiburgesya ng lungsod. Sa kalunsuran at kanayunan, gipit na gipit nila sa kabuhayan dahil kailangang nilang pag-aralin ang kanilang mga anak sa hayskul at kolehiyo bilang inaasahang paraan ng pagmamantini o pagpapabuti ng kanilang katayuan.

Sa iba't ibang sektor ng petiburgesya, ang intelihensya (kabataang istudyante, titser, propesyonal, at intelektwal na maliit ang kita) ang pinakaimportante at pinakamapagpasya sa paghahanda ng opinyong publiko na pabor sa rebolusyong Pilipino sa pambansang saklaw. Ang kabataang istudyante at mga titser ay pwedeng sumama sa taliba ng rebolusyon sa kultura para wasakin ang superistrukturang sumasakal sa bansa at nagpapanatili sa mapagsamantalang sistema. Nasa mahusay silang pusisyon para maisagawa ang tungkuling ito dahil may matalas silang pandama sa pulitika, pinakamalaking parte sila ng intelihensya at sila ang pinakalaganap, pero nakakonsentra naman sila sa mga iskwelahan sa mga partikular na lugar sa lungsod at sa nayon. Madali nilang maihahatid ang rebolusyonaryong propaganda at maaabot ang masa sa buong kapuluan nang higit sa kakayanan ng mga reaksyonaryo na pigilin ang katotohanan tungkol sa demokratikong rebolusyon ng bayan. Ito ang dahilan kung bakit importanteng-importante na magsagawa ng rebolusyonaryong propaganda at maglunsad ng rebolusyonaryong gawain sa kanila.

Karamihan sa kabilang sa intelihensya ay may napakaliit na pirmihang kita at sa gayo'y masyado silang inaapi ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo. Karamihan sa mga titser ay tumatanggap ng sweldong halos hindi magkasya at marami sa kanila ang natatakot mawalan ng trabaho dahil sa mga kapritso ng sistema. Karamihan sa mga istudyante ay natatakot ding huminto sa pag-aaral o hindi makakita ng trabaho pagkagradweyt. Umaasa sila sa kani-kanilang pamilya na karamiha'y petiburges at walang gaanong maipapamana sa kanila. Marami-rami rin ang istudyante sa syudad na habang nag-aaral ay nagtatrabahong klerk, katulong sa bahay, drayber o manggagawa sa pabrika para kumita ng ikabubuhay at maipapangmatrikula; nagmumula sila sa mga pamilyang proletaryo o magsasaka. Ang mga intelektwal at propesyonal na maliit ang kita ay dumaranas din ng hirap sa kabuhayan tulad ng karamihan sa kabilang sa intelihensya. Sa pangkalahatan, ang rebolusyonaryong

propaganda ay tanggap na tanggap ng intelihensya.

Katulad noong panahon ng lumang demokratikong rebolusyon, nang kabilang ang kabataang istudyante sa nangunguna sa kilusang propaganda, kabilana na naman sila sa nangunguna sa kilusang propaganda sa kasalukuyang pakikibaka para sa demokrasyang bayan. Noong dekadang 1960, naging tampok ang rebolusyonaryong aktibismo ng mga kabataang istudyante na sa kasalukuyang dekadang 1970 ay mas masigla pang umuunlad, sa porma ng palaki nang palaki at militanteng mga demonstrasyong magkakasamang nilalahukan ng intelihensya at mga manggagawa't magsasaka, at pati sa porma ng mga pangkat ng istudyante sa propaganda at imbestigasyon na nagpupunta sa mga pabrika, sakahan at ibang iskwelahan para maglunsad ng gawaing masa sa mas malawak na saklaw. Ang kabataang istudyante ay importanteng pwersang katulong ng proletaryado sa pagpapalaganap ng rebolusyonaryong propaganda sa pambansang saklaw.

Hindi pwedeng isulong ang demokratikong rebolusyon ng bayan kung walang partisipasyon ng mga rebolusyonaryong intelektwal. Gayunman, dapat kilalanin na katangian ng mga intelektwal ang pagiging suhetibo, indibidwalista, mapusok o matatakutin dahil sa kanilang petiburges na uring pinagmulan, kundisyon ng pamumuhay at pananaw sa pulitika. Madali silang matangay ng mga kontrarebolusyonaryong ideya, kabilang ang modernong rebisyonismong ideya tulad ng kina Che Guevarra, Herbert Marcuse at Regis Debray. Mapapangibabawan lamang nila ang kanilang mga kahinaan at kakulangan sa pamamagitan ng puspusan at matagalang paglahok sa mga pakikibakang masa. May magiging pasibo sa kanila at magiging kaaway pa nga ng rebolusyon ang ilan, pero ang iba naman ay magbabago't magwawasto ng kanilang kaisipan at mananatili sa hanay ng mga rebolusyonaryo. Dapat laging maging alisto ang proletaryado sa kanilang mga kahinaan.

### 3. Ang Uring Magsasaka

Lahat ng magsasaka ay nagbubungkal ng lupa, at ito ang ikinaiiba nila sa lahat ng iba pang uri. Sila ang kalakhang pwersa sa pambansang ekonomya. Magsasaka ang pitumpu't limang porsyento (75%) ng buong populasyon ng Pilipinas. May tatlong saray ang uring ito: mayamang magsasaka, panggitnang magsasaka at maralitang magsasaka.

#### a. Ang Mayamang Magsasaka

Ang mga mayamang magsasaka ay tinatawag ding burgesya ng nayon at limang porsyento sila ng populasyon ng nayon. Karaniwa'y pag-aari nila ang kanilang sinasaka at bukod dito'y may sobra silang lupa. Kung hindi naman, parte lamang ng kanilang sinasaka ang pag-aari nila at inuupahan ang iba, o wala silang sariling lupa at umuupa ng malaki-laking lupa. Sa pagbubungkal nila mismo ng lupa at sa pagsasamantala nila sa ibang tao sa sobrang parte ng lupang pag-aari o inuupahan nila, nakakakuha sila ng butil o pera na lampas sa kanilang taunang gastos.

Kahit sila mismo'y nagtatrabaho, nagsasamantala sila sa

pamamagitan ng pag-upa ng manggagawang bukid o pagpapaupa ng isang parte ng lupa nila sa mga maralitang magsasaka. Mas marami at mas mahusay ang kanilang kagamitang pansaka at mas marami rin ang kanilang hayop na pantrabaho. Mas marami silang kapital na magagamit sa pagpapabuti ng ani sa pamamagitan ng abono at pestisidyo, at pagpapaunlad ng kanilang bukid sa pamamagitang ng patubig. Bukod sa pag-upa ng manggagawang bukid o pangungulekta ng upa sa lupa, ginagawa rin nila ang iba pang porma ng pagsasamantala tulad ng pang-uusura, pagpapaupa ng hayop na pantrabaho at kagamitang pansaka, pagtitinda at iba pa. Kinakatawan nila ang malapyudalismo sa baryo at madali nilang gayahin ang opinyon ng maliliit na panginoong maylupa o maliliit na komersyante.

Ang mga mayamang magsasaka ay nagiging panginoong maylupa kapag umaasa sila nang buong-buo o pangunahin sa kinikita nila sa pag-upa ng lakas-paggawa ng iba, pagkakaroon ng mga kasama, pang-uusura, pagpapaupa ng mga hayop na pantrabaho at kagamitang pansaka o pagiging katiwala o administrador ng mga asyenda o lupang komunal. Kapag tumitindi ang reaksyon sa mga partikular na lugar, ang ilang mayamang magsasaka ay nag-aastang mga lokal na tirano at nagiging panatikong tuta ng mga despotikong panginoong maylupa. Laging nagtatangka ang uring panginoong maylupa na gawing instrumento ang mga mayamang magsasaka para magamit ang mga "konseho ng baryo" at mag-organisa ng mga armadong gang laban sa mga rebolusyonaryong magsasaka. Ang patakaran natin ay biguin ang pagtatangka ng mga panginoong maylupa at kamtin ang nyutralidad man lamang ng mga mayamang magsasaka sa rebolusyon.

Bilang pangkalahatang tuntunin ay dapat kilalanin na mapapakinabangan sa isang takdang panahon ang porma ng produksyon ng mayamang magsasaka. Dapat mahigpit na iwasan ang di-napapanahong patakaran ng pagpawi sa pormang ito ng produksyon. Makakatulong ang mga mayamang magsasaka sa antiimperyalistang pakikibaka ng masang magsasaka at makakapanatili silang nyutral sa rebolusyong agraryo laban sa mga panginoong maylupa. Hindi dapat na basta na lamang ituring na panginoong maylupa o napakayaman ang mga mayamang magsasaka. Sa kabilang banda, dapat pairalin ang pangkalahatang patakaran na hikayatin silang magkontribusyon ng butil o pera sa rebolusyon. Kasabay nito, dapat gumawa ng mga tiyak na hakbang para ang pampulitikang paghahari nila sa baryo ay mapalitan ng pamumuno ng proletaryado sa pamamagitan ng Partido, ng malaproletaryado at ng nangungunang mga aktibista mula sa panggitnang magsasaka. Dapat ding gumawa ng hakbang para makapag-ingat sakaling kalabanin nila ang rebolusyon. Gayunman, hindi dapat ituring agad na kataksilan ang oportunismo ng mga mayamang magsasaka sa harap ng kaaway. Dapat pakiharapan ang mga sadyang gumawa ng grabeng pinsala, o umutang ng buhay sa rebolusyonaryong masa, batay sa pagsusuri sa bawat kaso.

b. Ang Panggitnang Magsasaka

Ang mga panggitnang magsasaka ay matatawag na petiburgesya ng nayon at mga labinlima hanggang dalawampung porsyento (15%-20%)

sila ng populasyon ng nayon. Karaniwa'y may-ari sila ng humigit-kumulang ay nakakasapat sa kanila. Kung hindi nama'y parte lamang ng lupa ang pag-aari nila at inuupahan ang iba, o wala silang anumang pag-aaring lupa at inuupahan nila ang lahat ng lupang sinasaka nila. Pero sa anu't anuman, sa sariling paggawa sila pangunahing umaasa para magkaroon ng kitang nakakasapat sa kanila. Paminsan-minsan ay nagsasamantala sila pero kaunti lamang at hindi rito nanggagaling ang kanilang regular o pangunahing kita. May sapat silang kagamitang pansaka, pera para sa gastos na pang-agrikultura at isang hayop man lamang na pantrabaho. Dahil nakakasapat ang kita ng panggitnang magsasaka, hindi nila kailangang magbenta ng lakas-paggawa. Pwedeng may ispesyal na kakayahan ang ilang miyembro ng kanilang pamilya pero magtatrabaho lamang sila para magkaroon ng dagdag na pera nang sa gayo'y makapagpaayos sila ng bahay o makapagpaaral.

May tatlong antas ang panggitnang magsasaka. Ang mga nasa nakakataas na antas ay may lupang sobra nang kaunti sa sapat, o umaani o may parte sa ani na sobra nang kaunti sa sapat para sa kanilang pamilya. Gusto nilang maging mayamang magsasaka at kung gayo'y may tendensya sialng tularan ang pampulitikang aktitud ng mga ito. Ang mga kabilang sa gitnang antas ng panggitnag magsasaka ay may lupa o kitang hustung-husto lamang sa kanila. Sinisikap nilang kumita ng kaunti pa, sa tangkang maging nakatataas-na-panggitnang magsasaka at para maiwasang ang pagkakautang. Kung minsa'y nakakautang sila pero nakakaraos pa rin. Sa mga panahong tahimik, may tendensya silang sumunod sa opinyon ng nakakataas-na-panggitna at mayamang magsasaka. Pero madali silang sumunod sa opinyon ng mga nakabababang panggitna at maralitang magsasaka kapag papahirap ang sitwasyon o malakas ang agos ng rebolusyonaryong kilusan. Ang mga kabilang sa nakabababang antas ng panggitnang magsasaka ay lagi nang na galig ng kakulangan at mababang kalidad ng kanilang lupa, ng kakulangan nila sa pera at ng patung-patong nilang mga utang. Kumakatok sa kanilang pintuan ang mga usurero para ideklarang iniilit na ang kanilang isinangla at ipaalam ang bago nilang katayuang maralitang magsasaka.

Simpleng-simpleng mamuhay ang mga panggitnang magsasaka para mapagkasya ang kita. Pero madalas nagugulo ang kanilang buhay dahil sa mahinang ani o malubhang pagkakasakit sa pamilya. Gayunman, habang mabilis na lumalala ang krisis sa lipunang Pilipino, mabilis na nababangkrap ang lahat ng panggitnang magsasaka, nakatataas man, gitna o nakabababa. Walang awang iniipit sila ng papataas na gastos sa produksyong pang-agrikultural at presyo ng mga pangunahing kalakal.

Ang mga panggitnang magsasaka ay handang sumama sa anti-imperyalistang pakikibaka at sa rebolusyong agraryo dahil sa pang-aapi at pagsasamantalang direktang dinaranas nila. Napakaimportanteng magsagawa ng rebolusyonaryong propaganda sa kanila. Ang positibo o negatibong aktitud nila ay isang mapagpasyang salik sa tagumpay o pagkatalo, hindi lamang sa kanayunan kundi sa buong bayan. Kailangang-kailangan ang masiglang suporta nila sa pagbubunsod ng rebolusyong agraryo at

dapat nating tandaan na pagkatapos ng rebolusyong agraryo ay magiging panggitnang magsasaka ang mayorya ng populasyon ng nayon. Inaayunan at matatanggap ng mga panggitnang magsasaka ang kooperasyon sa agrikultura at ang sosyalismo. Kung gayon, maaasahan silang alyado ng proletaryado at importanteng pwersang pampakilos sa rebolusyong Pilipino.

k. Ang Maralitang Magsasaka

Kasama ng mga manggagawang bukid, ang mga maralitang magsasaka ay mga pitumpu't lima hanggang walumpung porsyento (75%-80%) ng populasyon ng nayon. Kasama ng mga malamay-aring magsasaka, kabilang ang mga maralitang magsasaka sa kategorya ng malaproletaryado. Karaniwa'y wala silang pag-aaring lupa at kasama lamang ng panginoong pyudal. Pwedeng may kapirasong lupa ang ilan sa kanila pero balewala rin ito dahil pangunahing nakaasa ang kabuhayan nila sa pagiging kasama. May ilan silang kagamitang pansaka at marami sa kanila ang humihiram o umuupa lamang ng hayop na pantrabaho. Ang pangunahing porma ng pagsasamantalang dinaranas ng mga maralitang magsasaka ay ang regular na pagbabayad ng upa sa lupa na katumbas ng kalahati ng kanilang ani o higit pa. Ito ang saray ng uring magsasaka na nabibiktima nang husto ng pang-uusura at iba pang porma ng pyudal na pang-aabuso. Sa maraming kaso, dinadaya sila ng mga panginoong maylupa sa pagkekwenta ng gastos na pang-agrikultura. Kung umpara sa iba pang saray ng uring magsasaka, mas kailangang punuan ng mga maralitang magsasaka ang kakarampot nilang parte sa ani sa pamamagitan ng pagtatanim ng iba pang halaman, pag-aalaga ng manok o baboy, pangingisda, paggawa ng handikrap, paglalako o pagbebenta ng kanilang lakas-paggawa bilang manggagawa sa konstruksyon o sakada. Madalas ay obligado ang mga maralitang magsasaka na magbenta ng lakas paggawa sa loob ng isang takda at mahaba-habang panahon, di tulad ng mga panggitnang magsasaka na paminsan-minsan o bahagya lamang nagbebenta ng lakas paggawa. Sa pangkalahata'y hindi sapat ang pondo ng mga maralitang magsasaka para sa kanilang ikabubuhay at gastos na pang-agrikultura. Madalas silang humihingi ng tulong sa mga kamag-anak at kaibigan o nangungutang sa mga panginoong maylupa at usurero na ang ginagamit na garantya ay ang ani nila.

Ang mga maralitang magsasaka at ang higit na nakararaming mayorya ng malamay-aring magsasaka ang pinakamalaking pwersang pampakilos sa rebolusyong Pilipino. Ang problema sa lupa ang esensyal nilang problema. Kung gayon, ito ang pangunahing problema ng demokratikong rebolusyon ng bayan. Sa rebolusyonaryong paglutas sa problemang ito, pinupukaw at minomobilisa ang pinakamalaking pwersa sa lipunang Pilipino para madurog hindi lamang ang mga panginoong maylupa kundi pati ang mga imperyalista, malaking burges na komprador at burukratang kapitalista. Lahat sila ay matagal nang nagsasabwatan para manatiling alipin ang uring magsasaka. Ang lahat ng batas sa "reporma sa lupa" na pinagtibay ng mga kontrarebolusyonaryong ito ay sinadya para patatagin ang katayuan ng mga mapagsamantala sa masang magsasaka sa malakolonyal at malapyudal na lipunang ito.

Ang uring magsasaka, ibig sabihi'y ang mga maralita at panggitnang magsasaka, ang likas at pinakamaaasahang alyado ng proletaryado at ang kalakhang pwersa ng rebolusyong Pilipino. Sa pamumuno lamang ng proletaryado makakalaya ang uring magsasaka sa mga mapang-api, at sa pagpanday lamang ng pinakamatatag na pakikipag-alyansa sa kanila mapapamunuan ng proletaryado ang rebolusyong Pilipino sa tagumpay. Sa uring magsasaka lamang maramihang makukuha ng rebolusyonaryong partido ng proletaryado ang malalakas na armadong pangkat. Sa esensya, ang demokratikong rebolusyon ng bayan ay gerang magsasaka dahil ang pangunahing pwersang pampulitika nito ay ang uring magsasaka, ang pangunahing problema nito ay ang problema sa lupa, at ang pangunahing mapapagkunan nito ng mga Pulang mandirigma ay ang uring magsasaka.

Sa suporta ng uring magsasaka, masasamantala nang husto ng rebolusyonaryong partido ng proletaryado at ng hukbong bayan ang tagibang na pag-unlad ng lipunang Pilipino. Ang kanayunang pinagtatrabahuhan ng uring magsasaka ay magagawang malawak na karagatang paglulunuran ng mga kaaway ng rebolusyong Pilipino. Doon muna tinatalo ng rebolusyonaryong pwersa ang mga kontrarebolusyonaryo bago tuluyang agawin ang kapangyarihan sa kalunsuran. Sa kanayunan may pinakamalawak na lugar para makapagmaniobra ang mga rebolusyonaryo, dahil walang magagawa ang mga kontrarebolusyonaryo kundi ikonsentra ang pwersa nila para idepensa ang mga syudad na sentro ng kanilang kapangyarihang pang-ekonomya at pampulitika, at para gwardyahan din ang pangunahin nilang linya ng komunikasyon at transportasyon. Isa pa, habang sumisidhi ang rebolusyonaryong kilusan, nagiging mas matindi at mas marahas ang pagtutunggalian ng mga paksyon ng mga kontrarebolusyonaryo, kaya mapipilitan ang alinmang paksyong nasa ngyarihan na ipirmi ang piling pwersa nila sa syudad o sa mga reserbang kampo para maidepensa sila sa mga kudeta.

Dapat pagsikapan ng proletaryado na magbuo ng isang rebolusyonaryong nagkakaisang prente na antipyudal para mamobilisa nang husto ang rebolusyonaryong pwersa sa kanayunan. Dapat silang makipagkaisa sa mga maralitang magsasaka, nakababababang-panggitang magsasaka at manggagawang bukid na pinakamaaasahan nilang alyado. Makukuha naman ng mga ito ang buong saray ng panggitnang magsasaka para manyutralisa ang mga mayamang magsasaka at maihiwalay ang uring panginoong maylupa at iba pang lokal na tirano.

## 4. Ang Proletaryado

Tinutukoy na proletaryado, una ang mga manggagawa sa industriya at pangalawa ang iba pang sumasahod. Isa itong uri na nawalan na ng anumang kasangkapan sa produksyon at kailangang magbenta ng lakas-paggawa sa mga kapitalistang may-ari ng mga kasangkapan sa produksyon. Pinagsasamantalahan sila sa pamamagitan ng pwersahang paglikha ng sobrang halaga kapalit ng kakarampot na sahod na napakaliit kung ikukumpara sa sobrang halaga na kinukuha ng mga kapitalista.

Dahil sa malakolonyal at malapyudal na kalikasan ng lipunang Pilipino ngayon, maliit ang proletaryadong industriyal sa Pilipinas kung ikukumpara sa uring magsasaka. Mga labinlimang porsyento (15%) sila ng kabuuang lakas-paggawa sa Pilipinas. Isang milyon, walong daang libo (1,800,000) hanggang dalawang milyon (2,000,000) sila.

Ang mga manggagawa sa industriya ay nagtatrabaho sa mga sasakyang panlupa, sasakyang pandagat at tren; minahan; trosohan at tablerya; asukarera; koprahan; pahagutan ng abaka; planta ng public utilities; kumpanyang nagpoproseso ng pagkain; planta ng mga inumin at alak; pagawaan ng katad at sapatos; pabrika ng tela; imprenta; empresa sa pangangalakal; pabrika ng mga kemikal at gamot; pabrika ng sabon at kosmetik; repinerya ng langis; pabrika ng arina; planta ng simento; pabrika ng papel; plantang nagpoproseso ng iskrap na metal at asero; at iba pang empresa at linya ng industriya. Ang mga empresang pinakaistratehiko at pinakamalaki ay pag-aari at kontrolado ng mga monopolyong empresa ng EU. Kung hindi naman, ang may-ari ay ang lokal na malaking burgesya at ang panggitnang burgesya na sa kabuua'y sekundaryo ang papel na ginagampanan sa ekonomya.

Ang mga manggagawa sa industriya ay masyadong inaapi at pinagsasamantalahan ng imperyalismong EU, lokal na kapitalismo at pyudalismo. Wala naman talagang naitutulong sa kanila ang tinatawag na Magna Karta sa Paggawa. Isa lamang itong pangkonsesyon at mapanlokong kapirasong papel na inilabas ng mga kontrarebolusyonaryo pagkaraang supilin nang buong bangis ang Partido Komunista ng Pilipinas at ang Konggreso ng mga Organisasyon sa Paggawa (Congress of Labor Organizations o CLO). Ang mga manggagawa ay tumatanggap ng mababang sahod na lalo pang pinabababa ng patuloy na implasyon, at pinagkakaitang tamasahin ang mga minimum na karapatang tulad ng pag-uunyon, seguridad sa trabaho, bayad kapag namatay o nasaktan, bayad sa obertaym, sahod kapag nanganganak o nagkakasakit, regular na pagpapadoktor at pagpapadentista, pensyon kapag nagretiro at iba pa. Walang awang iniaamba at ginagamit sa kanila ang hukbo, pulisya, mga korte at bilangguan tuwing mag-aalsa sila para igiit ang kanilang mga karapatan. Ang sobrang dami ng walang trabaho at kulang ang trabaho dahil sa pangkalahatang pagkaatrasado ng ekonomya ay laging ginagamit ng mga mapagsamantala para pagbantaan, patalsikin at palitan ang mga manggagawa, at para panatilihing mababa ang sahod nila at panatilihin silang naghihirap.

Bago magbigay ng anumang konsesyon ang mga reaksyonaryong kapitalista, niloloko muna nila nang husto ang mga manggagawa, at kapag nabigo sila ay ginagamit nila ang mabangis na pwersa ng kontrarebolusyonaryong estado. Ang mga upisyal ng reaksyonaryong gobyerno ay kinukuhang abogado, sinusuhulan at binibigyan ng iba pang ispesyal na pribilehiyo para supilin ang mga welga ng manggagawa. Pumapasok din sa usapan ang mga kontratista sa paggawa para iligaw ang mga manggagawa sa pamamagitan ng direktang pagbebenta ng kaso nila, o sa pamamagitan ng paglilimita sa kanilang pakikibakang pang-ekonomya sa walang kakwenta-kwentang kolektibong kasunduan sa paggawa, at sa pamamagitan ng pagpigil sa mga manggagawa na itaas ang kanilang makauring kamulatan. Ang mga mapagsamantala ay nagbibigay lamang ng konsesyon sa isang grupo ng mga manggagawa kapag wala na silang magawa sa harap ng makapangyarihang pagkakaisa ng mga manggagawa. Pero hinding-hindi sila tumitigil sa paghahanap ng mga paraan pa ra mabawi

ang naibigay at mapatindi ang pagsasamantala sa proletaryado at iba pang anakpawis.

Bukod sa mga manggagawa sa industriya, may mga manggagawang bukid na pangunahi'y nagtatrabaho sa malalaking tubuhan, niyugan, taniman ng mga halamang pinagkukunan ng hibla, taniman ng mga prutas tulad ng dalanghita, pinya't saging, at gulayan. Sila ang nagtatrabaho sa loob ng pinakamaraming oras, tumatanggap ng pinakamababang sahod at dumaranas ng pinakamasahol na kundisyon. Pinagsasamantalahan sila ng mga imperyalista, panginoong maylupa, kontratista sa paggawa at usurero. Tulad ng mga manggagawa sa industriya, tumatanggap ng sahod ang mga manggagawang bukid at wala silang pag-aaring kasangkapan sa produksyon. Sila ang proletaryado ng nayon.

Ang proletaryado sa industriya ang pinakaabanteng pwersa sa produksyon sa Pilipinas ngayon. May internasyonal silang kaugnayan sa pinakaabanteng pwersa sa produksyon sa mga bayang imperyalista at sa buong mundo. May kaugnayan sila sa sosyalismo, ang pinakaabanteng porma ng ekonomya. Sa buong kasaysayan ng sangkatauhan, ang proletaryado ang lumitaw na pinakaabanteng pwersa sa produksyon sa pamamagitan ng paglikha sa mga modernong kasangkapan sa malakihang produksyon. Batay sa katayuan nila sa ekonomya at karanasan sa pulitika, sila ang naging pinakaabanteng pwersang pampulitika sa buong mundo at sa buong bansa. Naging malinaw na malinaw ang katotohanang ito ngayong panahon ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong, nang tumutuloy sa ganap na pagbagsak ang imperyalismo at sumusulong sa pandaigdigang tagumpay ang sosyalismo.

Ang proletaryadong Pilipino ay hindi lamang saligang pwersang pampakilos sa rebolusyong Pilipino, kundi namumunong pwersa din sila. Sila ang tagapagbandila ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong, ang rebolusyonaryong ideolohiyang proletaryo na gumagabay sa kasalukuyang demokratikong rebolusyon ng bayan at gagabay sa kasunod na rebolusyong sosyalista. Sa masang anakpawis, may Partido Komunista ng Pilipinas ang proletaryado para kumatawan sa pamumuno ng uri nila. Sila ang uring pwedeng magkaroon ng komprehensibong pagsapol sa materyalistang pilosopiya, materyalismong diyalektiko't istoriko, ekonomyang pampulitika, syensyang panlipunan, digmang bayan, pagbubuo ng partido at dakilang proletaryong rebolusyon sa kultura.

Ang mga manggagawa ang pinakakonsentradong uri sa lipunang Pilipino ngayon; sama-sama silang nagtatrabaho nang maramihan araw-araw. Matindi ang kanilang pandama sa organisasyon at disiplina. Magagamit nila ang mga welga para mapanday ang pamumuno ng uri nila, at maihahanda sila sa pag-agaw sa kapanyarihang pampulitika kasama ng uring magsasaka at iba pang pinagsasamantalahang seksyon ng sambayanan. Sa paglulunsad ng mga pangkalhatang welgang ikinoordina sa hukbong bayan, pwede nilang paralisahin o ibagsak ang mga kaaway nila sa uri.

Dahil wala silang pribadong kasangkapan sa produksyon at pinagdaranas sila ng pinakamabangis na pang-aapi't pagsasamantala, lagi silang handang gamitin ang pamumuno ng uri nila at pabagsakin ang mga mapang-api't mapagsamantala sa sambayanang Pilipino.

Dahil bata pa ang proletaryadong Pilipino kung ikukumpara sa proletaryado ng mga bayang imperyalista, mayroon silang mahigpit at matibay na likas na kaugnayan sa uring magsasaka. Galing sa pamilyang

magsasaka ang karamihan sa mga manggagawang Pilipino. Nagagamit nila nang husto ang mga baryong pinagmulan nila at mga kamag-anak sa iba't ibang lugar sa Pilipinas sa paglulunsad ng digmang bayan. Sa kasalukuyan, parami nang paraming manggagawa ang nagpupunta sa kanayunan para sumama sa uring magsasaka sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Sa mga empresang nasa kanayunan, tulad ng minahan, linya ng transportasyon, trosohan at tablerya, plantasyon, planta ng simento at iba pa, ang mga manggagawa ay mahigpit na kaugnay ng masang magsasaka at madaling maakit sa rebolusyonaryong simulain.

Ang proletaryadong Pilipino ay may maningning na kasaysayan ng rebolusyonaryong pakikibaka. Kahit wala pang kamalayan ang mga manggagawang Pilipino sa Marxismo, ang rebolusyonaryong ideolohiya nila, inumpisahan nila at masiglang nilahukan sa pamumuno ni Andres Bonifacio, ang lumang pambansa-demokratikong rebolusyon. Noong Digmaang Pilipino-Amerikano, ang unang unyon ay itinatag ng mga manggagawa sa imprenta ng upisyal na dyaryo ng rebolusyonaryong gobyerno. Pagkaraang matalo ng imperyalismong EU ang gobyernong Aguinaldo, buong tapang silang nagpatuloy sa pagtatag ng mga unyon sa kabila ng mababangis na pagsalakay na isinagawa ng mga imperyalista at mga lokal na alipuris ng mga ito para supilin sila.

Nang hindi mapigil ng mga imperyalista ng EU ang proletaryado, tinangka ng mga ito na hatiin sila sa pamamagitan ng pagpapalaganap dito ng reaksyonaryong dilawang unyonismo ng AFL at sa pamamagitan ng pagtataguyod ng matinding damdaming anti-Bolshevik pagkaraang magtagumpay ang Rebolusyong Oktubre. Kahit ginagamitan ng pinagkumbinasyong pwersa at panloloko ang Partido Komunista ng Pilipinas, itinatag ito noong 1930, hudyat ng pormal na pag-uumpisa ng pagsasanib ng teorya at praktika ng Marxismo-Leninismo at ng kongkretong praktika ng rebolusyong Pilipino. Mula noon ay lalong naging mabagsik ang imperyalismong EU at mga lokal na alipuris nito sa pagsalakay sa mga rebolusyonaryong manggagawa at sa paggamit ng lahat ng klase ng panloloko para salakayin sila at para samantalahin din ang mga panloob na kahinaan ng partido.

Ilang buwan lamang pagkaraang itatag ang Partido, mabangis na sinalakay ito ng mga imperyalista ng EU sa pamamagitan ng papet na pangkatin ni Quezon at papet na konstabularya. Noong 1935-41, ang mga pampulitikang kinatawan ng burgesya na pinamumunuan ni Vicente Lava ay pumasok sa Partido para ilatag ang pundasyon ng kontrarebolusyonaryong linya rebisyonista nina Lava at Taruc. Lalong naging litaw ang linyang ito noong 1938 nang buung-buong magsanib ang Partido Komunista at Partido Sosyalista.

Noong gera laban sa Hapon, lumakas ang proletaryado at Partido Komunista ng Pilipinas nang pamunuan nila ang uring magsasaka sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Pero nang bumalik ang mga imperyalista ng EU noong 1945, ang mga kontrarebolusyonaryong rebisyonistang ahente ng burgesya, sina Lava at Taruc, ay nagmaniobrang dalhin ang Partido sa maling landas ng parlamentaryong pakikibaka at pumayag na bawiin ng imperyalismong EU at pyudalismo ang mga lugar na may natamo nang makabuluhang demokratikong tagumpay ang mga manggagawa't magsasaka.

Sa kabila ng patagong pagtutol nila Lava at Taruc, inumpisahan uli ang armadong pakikibaka sa paggigiit ng rebolusyonaryong masa. Ang mga

kontrarebolusyonaryong ahente ng burgesya na pinamumunuan nina Lose Lava sa loob ng Partido ay pakunwaring nagtangkang magkamit agad ng tagumpay militar sa loob ng dalawang taon, at tinalukuran nila ang prinsipyong bai-baitang na buuin ang lakas-panlaban ng mamamayan sa loob ng mahabang panahon, at sa gayo'y sinabotahe nila ang rebolusyon, kasama ng mga imperyalista ng EU, malaking burges na komprador, panginoong maylupa at burukratang kapitalista na naglunsad ng mababangis na kampanya ng "pagkubkob at panunupil" laban sa sambayanan at sa Partido. Noong 1951, winasak ng papet na estado ang pinakamalaki at pinakamalakas na kilusang unyon, ang CLO, sa pamamagitan ng paggawa ng lahat ng klase ng teroristang pang-aabuso sa mga upisyal at myembro nito. Nang mawasak na ang demokratikong organisasyong ito, saka lamang inilabas ng mga reaksyonaryo a ng itnatawag ng Magna Karta sa Paggawa para mapayagan ang mga ahente ng papet na estado na iligaw ang mga maililigaw sa mga manggagawa.

Pagkatapos mapahamak sa mga pagkakatalong militar ang mga kontrarebolusyonaryong ahente ng burgesya sa loob ng Partido, sina Lava at Taruc, gumawa sila ng sunud-sunod na hakbang sa pagsurender. Sumurender si Luis Taruc noong 1954, gayundin si Jesus Lava noong 1964. Nasabotahe ang rebolusyonaryong kilusang masa dahil matagal na nangibabaw sa loob ng lumang Partido Komunista ang kanilang kontrarebolusyonaryong linyang rebisyonista. Hindi lamang nabigong mang-agaw ng kapangyarihan ang lumang Partido Komunista, kundi nabigo rin itong iligtas ang sarili para maipagpatuloy ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka.

Ang proletaryado ay binibiktima ng mga dilawang bos ng unyon at iba pang klase ng manggagantso. Matagal na rin silang tinatangkang iligaw ng upisyal o "attache" sa paggawa ng embahada ng EU, CIA, AID, mga representante ng AFL-CIO, International Confederation of Free Trade Unions o ICFTU at Internasyonal na Organisasyon sa Paggawa (International Labor Organization o ILO), mga pundasyon ng EU (Asia, Rockefeller, Ford at iba pa), Asian Labor Education Center o ALEC, Institute of Social Order, Sentro ng Unyonismo sa Pilipinas (Philippine Trade Union Center o PTUC), Federation of Free Workers o FFW, Philippine Transport and General Workers Organization o PTGWO at napakarami pang ibang dilawang pangkat.(31) Gayunma'y wala pang sampung porsyento (10%) ng uring manggagawang Pilipino ang nakokontrol sa lahat ng mga huwad na unyong hawak ng mga magnanakaw na binibigyan ng treyning, ikinakalat at binabayaran ng mga anti-komunista at antiproletaryong organisasyong ito. Malinaw na ang mga man ggagawa ay maoorganisa at mamomobilisa lamang sa teoretikong gabay ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong at sa praktikal na liderato ng rebolusyonaryong partidong proletaryo, ang Partido Komunista ng Pilipinas.

Ang Malaproletaryado

Isang saligang katangian ng malakolonyal at malapyudal na bayan ang katotohanan na maraming walang hanapbuhay. Sa populasyon ng Pilipinas na tatlumpu't pitong milyon (37,000,000), may reserbang hukbo ng paggawa na tatlong milyong (3,000,000) walang hanapbuhay at pitong milyong (7,000,000) walang sapat na hanapbuhay. Buong kasinungalingang itinatago ito ng reaksyonaryong gobyerno sa pamamagitan ng paglalabas ng mga palsipikadong datos tungkol sa kundisyon ng kawalan ng hanapbuhay. Artipisyal nitong itinuturing na may sapat na hanapbuhay ang milyun-milyong taong kabilang sa malaproletaryado.

Natalakay na ang tungkol sa pagkarami-raming maralitang magsasaka at malamay-aring magsasaka na kabilang sa malaproletaryado. Bukod sa kanila, may iba pang seksyon ng malaproletaryado na malaki-laking parte ng populasyon. Pinakamarami sa kanila ang mga maralitang mangingisda sa baybay ng mga dagat at lawa. Kadalasa'y nasa mga kabayanan at kalunsuran ang iba pang malaproletaryado.

Nahihirapan ang mga malaproletaryado dahil wala silang ari-arian, di sapat ang kanilang sahod, di regular at kulang ang kita nila, at wala silang seguridad. Nandiyan ang mga may simpleng kasangkapan lamang tulad ng maliliit na tagayari ng handikrap, karpintero't kantero, maliliit na potograper, naglilibot na taga-kumpuni at maralitang mangingisda. Nariyan ang mga may kaunting pondo na nagagamit para maghanapbuhay bilang mga naglalako at may-ari ng maliliit na tindahan. Nariyan ang wala kahit ano kundi ang ibinebentang lakas-paggawa tulad ng mga kargador sa pyer sa probinsya, kargador sa palengke, katulong sa tindahan, aprentis sa talyer, drayber ng traysikel, ilang drayber ng dyip, katulong sa bahay o sa restawran at iba pa. Dahil sa malakolonyal at malapyudal na sahuran sa mga empresa sa industriya o regular na kasama sa kanayunan.

Ang malaproletaryadong ito ay pwersang pampakilos ng demokratikong rebolusyon ng bayan. Kahit hindi sila konsentrado tulad ng proletaryado sa industriya, pwede silang buuin sa mga lokal na asosasyon. Sabik silang lumaban sa mga pambansang kaaway at kaaway sa uri ng sambayanang Pilipino.

Ang Lumpen-proletaryado

Dahil maraming walang hanapbuhay sa kalunsuran at kanayunan, patuloy na lumalaki ang lumpen-proletaryado. Latak ng lipunang Pilipino ang saray na ito. Ang paglitaw nila ay resulta ng sapilitang kawalan ng magawa. Binubuo sila ng mga magnanakaw, maton, pulubi, bugaw at puta, manggagantso, palaboy at iba pang elementong mabubuhay sa mga gawaing antisosyal. Kapansin-pansin sila sa mga maralitang komunidad sa syudad. Nanggaling sa probinsya ang marami sa kanila para maghanap ng trabahong hindi naman matagpuan sa syudad. May mga organisasyong silang tulad ng OXO, Sigue-Sigue, Bahala Na at iba pa.

Madalas silang gamiting iskirol, panggulo sa mga aksyong demokratiko, impormer o upahang maton. Marami sa kanila ang mangangalabaw, pirata at iba pa. Nanggaling sa lumpen-proletaryado ang karamihan sa nirerekrut ng reaksyonaryong armadong pwersa para sa "Monkees", BSDU at iba pang grupo ng mamamatay-tao. Nitong huli, buong malisyang pinasasali ng reaksyonaryong gobyerno sa hanay ng mga demonstrador ang pinagsamang pwersa ng mga ahento at upahang lumpen-proletaryado para salakayin ang mga establisimyentong petiburges, at para guluhin ang mga demonstrador at pigilan silang makarating sa malapit sa Malakanyang at embehada ng EU.

Mabuway na mabuway ang mga lumpen-proletaryado. Madali silang mabili ng kaaway at may tendensyang gumawa ng walang katuturang paninira. Pero pwedeng magbago ang ilan sa kanila. Ang tapang nila sa labanan at pagkamuhi sa papet na estado at sa pagsasamantala ay pwedeng magsilbi sa rebolusyonaryong pakikibaka basta't may kaukulang pag-iingat. Kapag sumama sa rebolusyon, sila ang pinagmumulan ng ideolohiya ng mga rebeldeng lagalag at anarkista. Kinakatawan ng bandidong paangkatin nina Taruc at Sumulong at ng pangkating

Monkees-Diwa ang di nagbabagong lumpen-proletaryado na nagtatangkang gamitin ang pangalan ng hukbong bayan.

Ang lahat ng uri at saray na inilahad ay komprehensibong sumasaklaw sa lipunang Pilipino. Imposibleng igiit ng sinuman sa Pilipinas ngayon na hindi siya kabilang sa alinmang uri o alinmang saray sa loob ng isang uri. Ang bawat tao ay kabilang sa isang tiyak na uri at taglay niya ang tatak ng uring iyon.

Kung iguguhit ang saligang istruktura ng lipunang Pilipino, lalabas na isang piramid o korteng bubong, na nasa matulis sa tuktok ang kumakatawan sa wala pang isang porsyento ng buong populasyon ang malaking burgesya at panginoong maylupa, kasama ang pinakamalaki nilang mga ahenteng pampulitika, ang malalaking burukratang kapitalista. Nasa ibaba nila ang parang napakanipis na hiwang kumakatawan sa pambansang burgesya. Sumusunod sa kanila ang makapal-kapal na hiwang kumakatawan sa mga pitong porsyento - ang parte ng petiburgesya (di kabilang ang mga panggitang magsasaka) sa populasyon. Sa lenggwahe ng sosyolodying burges, tinatawag na panggitnang uri ang pambansang burgesya at ang petiburgesya, kabilang ang mga panggitnang magsasaka. Ang mahigit siyamnapunang porsyentong (90%) ng piramid, mula ibaba pataas, ay kumakatawan sa masang anakpawis - ang proletaryado at ang uring magsasaka.

Ayon sa Magkasanib na Komisyong Lehislatibo-Ehekutibo sa Buwis ng Pilipinas (Philippine Joint Legislative-Executive Tax Commission) noong 1960, walumpu't walo tuldok tatlong porsyento (88.3%) ng mga pamilyang Pilipino ang kumikita ng mababa sa dalawang libo, limang daan piso (P2,500); walong porsyento ang kumikita mula dalawang libo, limang daang piso (P2,500) hanggang apat na libo, siyam na raa't siyam napu't siyam na piso (P4,999); dalawa tuldok anim na porsyento, mula limang libong piso (P5,000) hanggang siyam na libo, siyam na raa't siyamnapu't siyam na piso (P9,999); at isa tuldok isang porsyento, mula sampung libong piso (P10,000) pataas. Tinatantya na ang mga kumikita ng sandaang libong piso (P100,000) pataas ay ikasampung parte ng isang porsyento ng lahat ng pamilya sa Pilipinas, at kilala silang may pinakamalaking parte sa kita at ari-arian ng bansa. Kahit sariling istatistiks ng reaksyonaryong gobyerno ang ginagamit, hindi pa rin nito maitago ang malaking agwat ng kita ng mga uring mapagsamantala at ng pinagsasamantalahan. Ang ibig sabihin ng agwat na ito ay hungkag ang pinagsasabi ng mga reaksyonaryo na may demokrasya. Mula noong 1960, kung isasaalang-alang ang patuloy na implasyon at dalawang biglaang debalwasyon, lumala nang husto ang kabuhayan ng mamamayan. Ang kita nila ay masyado nang napag-iwanan ng pagtaas ng presyo ng mga pangunahing bilihin.

Pwedeng mangyari na maikaklasipika ang isang tao sa dalawa o higit pang kategorya ng uri. Dahil sa malakolonyal at malapyudal na katangian ng ekonomya, ang isang kabilang sa uring panginoong maylupa ay pwedeng kabilang din sa malaking burgesya o sa panggitnang burgesya. Pwedeng tukuyin ang prinsipal na katangian ng uri ng taong ito batay sa kanyang prinsipal na pinagkakakitaan. Kapag isa ring pambansang burges ang isang panginoong maylupa, magkahiwalay at tamang hinaharap ang kanyang interes bilang panginoong maylupa at interes sa industriya o komersyo. Ang isang miyembro ng intelihensya ay pwedeng magmula sa pamilyang panginoong maylupa, pambansang burges o mayamang magsasaka, pero naghahanapbuhay siya bilang petiburges ng lungsod. Sa esensya,

kinikilala siyang miyembro ng petiburgesya ng lungsod.

Gayunman, hindi lamang pamantayang pangkabuhayan ang dapat gamitin sa pagkaklasipika ng mga indibidwal. Nahuhubog ang rebolusyonaryo o kontrarebolusyonaryong katangian ng isang indibidwal sa takbo ng pakikibaka, laluna pagdating sa usapin ng pagiging proletaryong rebolusyonaryo. Walang isinisilang na Pula kahit sa mga anakpawis. Sa mga inaapi't pinagsasamantalahan, pwedeng magkaroon ng sandakot na iskirol na dahil sa kontrarebolusyonaryong aktitud ay napupunta sa panig ng mga kaaway ng mamamayan. Sa mga miyembro ng petiburgesya, may pwedeng maging abanteng elemento sa rebolusyonaryong pakikibaka. Kahit sa mga miyembro ng mga mapagsamantalang uri may mga bukod-tanging kaso ng mga indibidwal na nagbabago at sumasama sa mga rebolusyonaryo. Kung gayon, dapat bigyan ng nararapat na importansya ang pamantayan ng paninindigang pampulitika at ang proseso ng pagbabago ng ideolohiya.

Dapat tayong magkaroon ng komprehensibong pananaw na diyalektikong relasyon ng basihang pang-ekonomya at ng superistruktura. Batay sa mga uri at saray, kailangan din natin ang paulit-ulit na pagsusuri sa mga uri nang sa gayo'y magkaroon tayo ng tamang pagsapol sa mga pagbabago sa pampulitikang aktitud dahil sa bagong materyal na kundisyon, at gayundin sa mga pagbabago sa materyal na kundisyon dahil sa mga pagbabago sa pampulitikang aktitud. Kongkretong pagsusuri sa kongkretong kundisyon ang diwa ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong.

## Mga Natatanging Grupong Panlipunan

Walang grupong panlipunan sa Pilipinas na maihihiwalay sa pagsusuri sa mga uri. Kapag binibigyan ng Partido ng ispesyal na atensyon ang mga grupong panlipunan tulad ng mga mangingisda, pambansang minorya, setler, kababaihan at kabataan, hindi ito ginagawa para palabuin o pawalan ng halaga ang makauring nilalaman kundi para bigyan ng nararapat na atensyon ang partikular na kundisyong taglay o kailangang ng bawat grupong panlipunan.

1. Dahil sa pagiging pulu-pulo ng Pilipinas, natatangi ang laki ng grupong panlipunan ng mga mangingisda. Bukod sa mangingisda sa dagat, mayroon ding mga mangingisda sa malalaking ilog at lawa. Ang panginisda ay hindi lamang pandagdag na hanapbuhay ng uring magsasaka. Mayroon pangingisda lamang ang hanapbuhay at mahahati sila sa tatlong seksyon: mayaman, panggitna at maralita.

   Ang mga mayamang mangingisda ay gumagamit ng sariling bangkang de-motor, malalaking lambat at kagamitan sa pangingisda, bumibili ng lakas-paggawa ng mga maralitang mangingisda at kumikita ng higit sa sapat para sa pangangailangan ng pamilya. Ang mga panggitnang mangingisda ay gumagamit ng sariling bangkang de-motor, lambat na katamtaman ang laki at kagamitan na di kasing husay ng sa mayamang mangingisda, sa pangisdang munisipal lamang nangingisda, at kumikita ng sapat lamang para sa pamilya. Ang mga maralitang mangingisda ay pwedeng may sariling bangka at kagamitan na mahina ang klase, sa may baybayin pangunahing nangingisda, at hindi kumikita ng sapat para sa pamilya kaya kailangan pang humanap ng ibang hanapbuhay, kadalasa'y sa pagsasaka bilang pantulong na hanapbuhay; o pwedeng ibinebenta nila ang kanilang lakas-paggawa sa mga mayamang mangingisda at kapitalista sa pangingisda.

Ang mga mangingisda ay direktang pinagsasamantalahan ng mga kapitalista ng EU at Hapon na nangingisda sa dagat at gumagamit ng malalaking troler at mga plota (kabilang ang mga bapor na imbakan ng isda at bapor na pabrika ng de-latang isda) na sumisimot sa mga pangisdaan; ng mga panginoong maylupang nagbabakod at umaangkin sa pangingisda na nagdidikta ng presyo; at ng abusadong mga upisyal ng gobyerno na basta na lamang kumukuha ng buwis na pero o isda. Pwedeng suportahan ng mga mangingisda, laluna ng mga maralita at panggitna, ang antiimperyalista at antipyudal na pakikibaka. Importanteng-importante sila sa pagkakawing at pagdedepensa sa mga pulo at sa pagpapakain sa mamamayan. Pwede nilang payamanin ang teorya at praktika ng digmang bayan sa pamamagitan ng pagpapaunlad sa pakikidigmang dagat at pakikidigmang inilulunsad sa mga ilog, lawa at wawa.

2. Dapat bigyan ng ispesyal na pansin ang pangangailangang magkaroon ng awtonomong gobyerno ang mga pambansang minorya na umaabot sa limang milyon (5,000,000) o mga labing-apat na porsyento (14%) ng populasyon. Ang pinakamarami, tatlo't kalahating milyon (3,500,000), ay ang tinatawag na mga tribung Muslim (na mas tamang tawaging Magindanao, Maranao, Tausog, at iba pa). Kasunod ang mga tribung Igorot na kalahating milyon (500,000).

Ang malawak na mayorya ng mga pambansang minorya ay naninirahan sa mga liblib na lugar at mga lugar na pinababayaan at inaabuso nang husto ng reaksyonaryong gobyerno. Ang mga pambansang minorya ay matagal nang biktima ng sobinismong Kristyano at pang-aapi ng mga reaksyonaryo. Hinding-hindi pwedeng magpataw o magbigay ng impresyon na nagpapataw sa kanila ng isang bagay na labas sa kanilang awtonomong pangangailangan. Kinikilala ng Partido ang karapatan nilang magpasya sa sarili. Mapapagkaisa lamang sila at ang iba pang mamamayang Pilipino batay sa pagkakapantay-pantay at respeto sa kanilang kultura o lahi.

Mas mabigat ang pasanin ng mga pambansang minorya sa Pilipinas kaysa iba pang mamamayang Pilipino. Hanggang ngayong primitibong komunal pa ang pamumuhay ng karamihan sa mga Negrito at biktima sila ng rasistang diskriminasyon. Kinakamkam ng mga sobinistang Kristyano at Malayo ang kanilang mga lupa sa mga kapataga't lambak at kahit sa kabundukang pinagtatabuyan sa kanila. Basta't magustuhan ay inaabuso at pinapatay ang mga katutubong ito. Kahit ang mga pambansang minorya sa Mindanao, na ang inabot na yugto sa pag-unlad ng lipunan ay hindi mahuhuli sa inabot ng iba pang mamamayang Pilipino, ay biktima ng pinakasobrang kriminal na pang-aabuso ng mga sobinistang Kristyano at ng reaksyonaryong gobyerno. Ang lupain ng mga ninuno nila ay kinakamkam ng mga imperyalista, komprador, panginoong maylupa at burukratang kapitalista sa pamamagitan lamang ng pagmamanipula ng mga titulo ng lupa at lubos na pagbabale-wala sa katutubong mga kostumbre at batas nila. Ang pangangamkam ng lupa ang kasamaang ipinapadanas ng malalaking nag-iispekulasyon sa lupa, magtotroso, may-ari ng rantso, kumpanya sa minahan at panginoong maylupa sa lahat ng katutubong pambansang minorya sa Pilipinas. Palagi na lamang silang napapalayas sa kanilang lupa sa pamamagitan ng armas. Marami sa kanila ang naitaboy sa pinakaliblib na lugar, at ang mga ito ay pwedeng gawing makapangyarihang mga base para sa

rebolusyonaryong pakikidigma.

Sa Pilipinas, ang minoryang Tsino ay biktima rin ng sobinismong Malayo. Kung ang minoryang Tsino sa Pilipinas ay ikukumpara sa mga minoryang Tsino sa ibang bayan sa Timog-Silangang Asya, sila ang pinakakaunti at umaabot lamang sa sandaa't dalawampung libo (120,000).(32) Sinasadya ng reaksyonaryong gobyerno na gawing mahirap ang naturalisasyon ng mga Tsinong nasyonal, para makikilan sila nang husto ng bandidong gang ni Chiang at ang mga burukratang kapitalistang Pilipino, at magamit silang madaling target ng sobinistang pagtuligsa, sa layuning huwag pagtuunan ng atensyon ang imperyalismong EU at militarismong Hapones. Lalo itong binibigyan ng diin ng pangyayaring sinusupil ng reaksyonaryong gobyerno ang iginigiit ng mamamayan na isabansa ang lahat ng dayuhang empresa, pag-aari man ng EU o ng iba pa. Magkakakutsaba ang mga imperyalista ng EU, Pilipinong reaksyonaryo, malaking burges na ahente ng bandidong gang ni Chiang at modernong rebisyonista sa pasistang pakana na ipain ang m ayorya ng Tsinong nasyonal, na kabilang sa panggitnang burgesya at petiburgesya, malaproletaryado at proletaryado, sa sobinistang pagkamuhi ng mga matong sumisigaw ng mapandigmang islogan na "nasyonalismo" para matakpan ang kanilang pagkapapet sa imperyalismong EU.

Ang tamang patakaran sa lahat ng pambansang minorya ay panghawakan lagi ang proletaryong paninindigan at gumawa ng kailangang pagsusuri sa mga uri. Ito lamang ang paraan para puspusang makasanib sa kanila ang Partido. Sa pagpapalitaw ng mga kadre ng Partido at Pulang mandirigma sa mga pambansang minorya, hindi lamang ang buong papet na estado ang maibabagsak ng Partido kundi pati ang mga lokal na tirano sa mga teritoryo ng mga pambansang minorya.

3. Ang mga setler sa mga bulubundukin at kagubatan sa Pilipinas ay isang importanteng penomenon dahil sa malakolonyal at malapyudal na katangian ng lipunang Pilipino. Importante sila dahil sila'y inaapi, marami at nasa tereyn na paborable sa armadong pakikibaka. Matatantyang di kukulangin sa sampung porsyento (10%) ng populasyon ng magsasaka sa buong Pilipinas ay mga setler na wala pang dalawampung (20) taong naninirahan sa kanilang lugar. Sa ilang probinsya, ang mga setler ang mayorya ng lokal na populasyon.

Ang mga setler sa mga bulubundukin at kagubatan ay mga magsasakang nawalan ng lupa at walang makitang trabaho sa bukid o pabrika sa lubar na pinanggalingan nila. Kahit sa umpisa ay mayroon silang kapirasong lupang binubungkal at itinuturing na sa kanila, karaniwa'y nabubuhay sila bilang maralitang magsasaka o nakakababang-panggitnang magsasaka, at hinahadlangan ng reaksyonaryong gobyerno at iba't ibang lokal na mapagsamantala na magkaroon ng pormal na titulo sa kanilang lupa. Kadalasa'y nagiging biktima sila ng pangangamkam ng lupa, kapabayaan ng gobyerno, pang-uusura, manipulasyon ng komersyante, "lagay" sa mga lokal na burukrata at maton, at mga bandido. Para sa sariling pakinabang ng mga panginoong maylupa at upisyal na reaksyonaryong gobyerno, madalas na inuudyukan ng mga ito na maghidwaan ang mga komunidad ng mga setler at ng mga katutubo.

4. Ang kababaihan ang kalahati ng populasyon ng Pilipinas at

kabilang sila sa iba't ibang uri. Kung gayon, ang malawak na mayorya ng babaeng Pilipino ay kabilang sa mga uring inaapi at pinagsasamantalahan. Pero dagdag sa makauring pang-aapi, dinaranas nila ang pang-aapi ng kalalakihan. Dapat lalong magsikap ang mga lalaking rebolusyonaryo para magkaroon ang kababaihan ng pinakamalawak na partisipasyon sa demokratikong rebolusyon ng bayan. Hindi nila dapat maging aktitud na sapat nang ang mga lalaki ang nasa rebolusyonaryong kilusan. Ang totoo'y pyudal ang aktitud na ito at gagrabe lamang ang lumang impluwensya ng angkan at simbahan sa kababaihan kung ipepwera sila sa rebolusyonaryong kilusan. Pwedeng gampanan ng kababaihan ang mga pangkalahatan at ispesyal na tungkulin sa rebolusyon. Epektibo itong paraan para makalaya sila sa sakmal ng pyudal na konserbatismo at pati sa dekadenteng burges na paglalarawan sa kababaihan bilang mga bagay na pang-aliw lamang.

5. Ang kabataan ang mayorya ng populasyon ng Pilipinas. Mahaba na ang natatalakay natin tungkol sa kabataan istudyante na sa kabuua'y kabilang sa petiburgesya. Dapat nating tandaan na kabilang sa uring manggagawa at uring magsasaka ang mayorya ng kabataan. Natural lamang na kabataan ang mayorya ng kadre ng Partido at regular na mandirigma sa hukbong bayan. Hindi dapat maging arogante sa mga kabataan ang mga nakatatanda at hindi naman dapat mawalan ng respeto sa mga nakatatanda ang mga kabataan. Ang rebolusyonaryong karanasan ng mga nakatatanda ay dapat mahusay na maisanib sa rebolusyonaryong sigla at talas ng mga kabataan. Importanteng umasa sa kabataan sa matagalang rebolusyonaryong pakikibaka. Sa pagmomobilisa sa kabataan, nasisiguradong walang tigil na lilitaw ang mga magpapatuloy sa rebolusyonaryong kilusan.

## III. ANG MAKAURING BATAYAN NG ISTRATEHIYA AT MGA TAKTIKA

Ang pagsusuri sa mga uri sa lipunang Pilipino ang nagtatakda ng istratehiya at mga taktika ng rebolusyong Pilipino. Kung walang komprehensibong pagtingin sa iba't ibang uri mula sa proletaryong rebolusyonaryong pananaw, hindi natin talaga matitiyak ang ating tunay na mga kaibigan at tunay na mga kaaway. May mapagpasyang importansya sa rebolusyon ang pagkilala sa tunay na mga kaibigan at tunay na mga kaaway. Kung hindi ay makakagawa tayo ng grabeng mga pagkakamali at maililigaw natin ang rebolusyon.

Batay sa pagsusuri natin sa mga uri sa lipunang Pilipino, ang mga pwersang pampakilos o kakampi ng rebolusyong Pilipino ay ang proletaryado, ang uring magsasaka, ang petiburgesya, at sa ilang panahon sa limitadong saklaw, ang pambansang burgesya. Sila ang higit na nakakaraming mayorya ng mamamayang Pilipino na inaapi't pinagsasamantalahan ng imperyalismo EU, pyudalismo at burukratang kapitalismo. Sa kabilang banda, ang mga target o kaaway ng rebolusyong Pilipino ay ang imperyalismong EU at mga lokal na alipuris nito, ang mga malalaking burges na komprador, ang mga panginoong maylupa at ang mga burukratang kapitalista. Sila ang napakaliit na minorya ng populasyon. Kailangan silang ibagsak para makamit ang pambansang kalayaa't

demokrasya.

Sa tamang pagsunod natin sa rebolusyonaryong linyang makauri, pwedeng pukawin at mobilisahin ang pwersang parang higanteng kukubkob o gigipit, maghihiwalay at dudurog sa mga kaaway ng rebolusyong Pilipino. Nananawagan tayo sa buong bansang Pilipino na maglunsad ng pambansang gera sa pagpapalaya laban sa imperyalismong EU. Nananawagan tayo sa malawak na masa ng mamamayan na maglunsad ng demokratikong rebolusyon, na pangunahi'y gerang magsasaka, para durugin ang pyudal na batayang panlipunan ng paghaharing imperyalista.

1. Ang Makauring Liderato at ang Partido

Hindi magkakaroon ng matagumpay na rebolusyon kung wala ang tamang liderato ng isang tiyak na uri. Ang proletaryado ang namumunong uri sa rebolusyong Pilipino ngayon. Sila ang pinakaabanteng pwersa sa produksyon at pulitika at sa buong mundo. Sila ang nagdadala sa bandera ng unibersal na teorya ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong, na kung wala ay hindi pwedeng lumitaw ang tunay na rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas sa kasalukuyang panahon.

Mula noong Unang Digmaang Pnadaigdig at Rebolusyon ng Oktubre, nang pumihit ang takbo ng kasaysayan ng mundo sa landas ng sosyalismo mula sa landas ng kapitalismo, ang proletaryadong Pilipino lamang ang nagkaroon ng kakayahang unawain at yakapin nang husto ang mga mithiing makabayan at progresibo at yakapin nang husto ang mga mithiing makabayan at progresibo ng buong sambayanang Pilipino. Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ng pambansang paglaya ng sambayanang Tsino at iba pang mga sambayanan, at pagkatapos ng Dakilang Proletaryong Rebolusyon sa Kultura, lalo pang luminaw ang istorikong papel ng proletaryadong Pilipino bilang namumunong uri ng rebolusyong Pilipino.

Nitong nakaraang tatlumpung (30) taon, sila ang uri sa lipunang Pilipino na nangahas na mamuno sa mamamayan sa landas ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa mga dayuhan at lokal na mang-aapi't mapagsamantala. Sila ang uring nakapagtamo ng pinakamalalim na karanasan at mga aral sa kongkretong praktika ng rebolusyong Pilipino.

Dahil sa kalikasan ng uring proletaryo, hindi lamang sa kagyat na hinaharap makakaya nilang magbigay ng rebolusyonaryong liderato kundi pati sa malayong hinaharap hanggang maabot ang yugto ng komunismo. Pinamumunuan nila ang kasalukuyang yugto ng demokratikong rebolusyon ng bayan at pamumuhunan din ang kasunod na yugto, ang rebolusyong sosyalista.

Ang Partido Komunista ng Pilipinas ang pinakaabanteng kumakatawan at prinsipal na instrumento ng rebolusyonaryong liderato ng proletaryadong Pilipino sa pagtupad sa makasaysayan nilang tungkulin. Binubuo ang Partido ng pinakaabanteng mga elemento ng proletaryado at kung gayo'y konsentradong ekspresyon ito ng lakas sa ideolohiya, pulitika at organisasyon ng proletaryado bilang uring namumuno.

Kung wala ang rebolusyonaryong Partidong ito, hindi magkakaroon ng rebolusyonaryong kilusan. Responsable ang Partido sa tamang paggamit ng unibersal na teorya ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong sa kongkretong kundisyon ng lipunang Pilipino. Ang praktikal na liderato at mga patakaran nito ang nagtatakda sa takbo ng rebolusyonaryong

kilusan. Bilang pangkalahatang pamunuan ng rebolusyong Pilipino, tinitiyak ng Partido na maisusulong ng tamang istratehiya at mga taktika ang rebolusyong simulain.

Kahit medyo maliit ang proletaryado sa lipunang malakolonyal at malapyudal tulad ng sa Pilipinas, ang Partido Komunista ng Pilipinas bilang pinakaabanteng destakamento nila ay malalim na nag-uugat sa malawak na masa ng mamamayan at nagpapalakas para maging di magagaping pwersa sa bag-as ng buong rebolusyonaryong kilusang masa. Mahigpit na ikinakawing ng Partido ang proletaryado sa uring magsasaka at pati sa iba pang rebolusyonaryong uri at grupo sa Pilipinas. Sa pagbibigay ng Partido ng proletaryong liderato sa uring magsasaka, mahahawakan ang prinsipal nitong sandata, ang malakas na hukbong bayan, at mapapaunlad ang batayan para mahawakan ang isa pang makapangyarihang sandata, ang pambansang nagkakaisang prente ng lahat ng rebolusyonaryong uri at saray.

Sa masidhing pag-aalala sa peligro ng modernong rebisyonismo at sa di pa nawawalang kontrarebolusyonaryong linyang rebisyonista nina Lava at Taruc, ang Partido ay walang pagod na naglulunsad ng kilusang pagwawasto para maiwaksi ang mga pagkakamali noong nakaraan at pati sa kasalukuyan.

2. Ang Kalakhang Pwersa at ang Armadong Pakikibaka

Ang uring magsasaka ang kalakhang pwersa ng rebolusyong Pilipino. Sila ang pinakamalaking pwersang masa sa isang bayang malakolonyal at malapyudal. Kung wala ang makapangyarihang suporta nila, hinding-hindi magtatagumpay ang demokratikong rebolusyon ng bayan. Ang problema nila ay hindi pwedeng hindi maging pangunahing problema ng demokratikong rebolusyon ng bayan. Sa paglutas lamang sa problemang ito mapupukaw at mamomobilisa ang ng proletaryado at ng Partido nila ang masang magsasaka.

Walang solusyon sa problema ng magsasaka kundi ang maglunsad ng armadong pakikibaka, magagawa ng rebolusyong agraryo at magtayo ng mga rebolusyonaryong base. Habang isinasagawa ang rebolusyonaryong pakikibaka para sa lupang bilang paraan ng pagtupad sa pangunahing demokratikong nilalaman ng rebolusyong Pilipino, natutupad din ang sentral na tungkulin ng buong pambansang rebolusyonaryong kilusan na agawin at konsolidahin ang kapangyarihang pampulitika. Mabubuo lamang ang mga pangunahing armadong pangkat ng rebolusyong Pilipino sa paglulunsad ng gerang magsasaka. Kung gayon, di maiiwasan na sa uring magsasaka lamang pwedeng magmula ang malawak na mayorya ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbang Bayan.

Magkakamali ang isang Partido Komunista sa malakolonyal at malapyudal na bayan kung sa kalunsuran imbis na sa kanayunan ibibigay ang prinsipal na diin ng gawaing masa nito. Kapag ganoon ang ginawa ay maililigaw ito at makakagawa ng "Kaliwang" oportunistang pagkakamali na tangkaing agawin ang kapangyarihan batay sa pangunahin sa lakas ng masa ng proletaryado sa kalunsuran, nang walang sapat na suporta mula sa uring magsasaka, o makakagawa naman ng Kanang oportunistang pagkakamali na umasa nang walang hanggan sa parlamentaryong pakikibaka at sa mga walang prinsipyong pakikipagkompromiso sa mga mga imperyalista't mga naghaharing uri tulad ng tinatangka ngayong gawin ng mga lokal na rebisyonistang taksil.

Dahil isinasaalang-alang ang di pantay na pag-unlad ng lipunang Pilipino, ang dapat bigyan ng prinsipal na diin ay ang rebolusyonaryong pakikibaka sa kanayunan at ang dapat bigyan ng sekundaryong diin ay ang rebolusyonaryong pakikibaka sa kalunsuran. Sa lahat ng oras, dapat maging mahusay ang koordinasyon ng rebolusyonaryong pakikibaka sa kalunsuran at sa kanayunan. Pero hinding-hindi natin dapat kaligtaan ang sentral na katotohanan na nasa kanayunan ang pinakamahinang mga kawing ng kapangyarihang pampulitika ng kaaway at doon pinakamalawak ang lugar na mapapagmaniobrahan ng armadong pwersa ng bayan sa pira-pirasong pag-ubos at hakbang-hakbang na pagdurog sa kontrarebolusyonaryong armadong pwersa.

Dapat masigasig na ipatupad ang istratehikong linya ni Tagapangulong Mao na kubkubin ang kalunsuran mula sa kanayunan. Sa kanayunan mapipilit ang kaaway na ikalat nang manipis ang kanilang pwersa, at maaakit sila sa mga lugar na ang inisyatiba ay ating-atin. Kahit sa umpisa'y istratehikong nakukubkob tayo ng kaaway, isa laban sa sampu (10), sa taktika'y makukubkob naman natin sila, sampu (10) laban sa isa. Sa katagalan, ang agos ng gera ay siguradong maipipihit laban sa kanila habang nababawasan ang aktwal nilang pwersa at sa mga dahilang pampulitika'y nahihirapan silang kumuha ng bago. Sa lahat ng oras, mapipilitan silang magtalaga ng napakalaking pwersang militar kahit man lamang sa istatikong pagdedepensa sa kanilang mga syudad, malalaking kampo at mga pangunahing linya ng komunikasyon at transportasyon. Sa katagalan ay masasangkot din nang husto ang kanilang parasitiko't pasibong pwersang militar sa mga hidwaan ng mga paksyon ng mga reaksyonaryong uri.

Sa kanayunan, makakapagpaunlad tayo ng ilang larangan ng labanan na iba't iba ang kalidad, mula mga sonang gerilya hanggang mga baseng purok. Sa gawaing ito, lagi tayong magtiwala at umasa sa masa dahil ang rebolusyon ay pagsisikap ng masa. Dapat lagi tayong pangunahing umasa sa mga maralitang magsasaka, nakakababang-panggitnang magsasaka at lahat ng seksyon ng proletaryado at malaproletaryado na nasa kanayunan. Isa pa, dapat nating kunin sa panig ng rebolusyon ang mga panggitnang magsasaka at nyutralisahin ang mga mayamang magsasaka para maihiwalay at madurog ang mga pangunahing haligi ng pyudalismo at lahat ng iba pang lokal na tirano.

Sa paglikha ng mga baseng purok natin, umaasa tayo sa matatag na organisasyon ng Partido, malakas-lakas na Pulang Hukbo, tereyn na paborable sa operasyong militar at sapat na mapapagkunan ng kabuhayan.

Ang pinakaatrasadong mga purok sa kanayunan ay magagawa nating pinakasulong na moog sa pulitika, militar, ekonomya at kultura ng rebolusyon. Malilikha na nating ang armadong independyenteng rehimen sa kanayunan kahit hindi pa natatalo ang kaaway sa kalunsuran. Makakasulong lamang ang rebolusyon batay sa mga solidong demokratikong tagumpay sa kanayunan. Dahil di pantay ang pag-unlad ng lipunang Pilipino, sa di pantay na paraan lamang pwedeng umunlad ang demokratikong rebolusyon ng bayan. Kung gayon, kailangan ang matagalang digmang bayan para puspusang maganap ang rebolusyon sa buong Pilipinas.

### 3. Ang Saligang Alyansa at ang Pambansang Nagkakaisang Prente

Ang saligang alyansa ng uring manggagawa at uring magsasaka ang nagsisilbing matibay na pundasyon ng pambansang nagkakaisang prente. Sa pagbubuo lamang ng ganitong alyansang pwedeng maakit sa pambansang nagkakaisang prente ang mga panggitnang pwersang tulad ng petiburgesya at pambansang burgesya para maihiwalay ang mga pusakal na kaaway. Nagsisilbi ang pambansang nagkakaisang prente sa linyang pampulitika ng Partido na ang rebolusyong Pilipino sa saliga'y rebolusyon ng masang anakpawis laban sa imperyalismong EU, pyudalismo at burukratang kapitalismo.

Sa pamamagitan ng pambansang nagkakaisang prente, malawak na napapalaganap ng Partido ang pampulitikang impluwensya nito at natatamo ang pinakamalawak na suporta ng masa at iba pang progresibong uri at saray. Nakabatay ang malawak na gawaing ito sa mga pagsisikap ng proletaryado na itayo ang independyenteng lakas nila sa pamamagitan ng armadong pakikibaka na pangunahing sinusuportahan ng uring magsasaka. Ang tunay na nagkakaisang prente para sa demokratikong rebolusyon ng bayan ay para sa paglulunsad ng armadong pakikibaka.

Hanggang ngayon ay ikinakalat ng mga kontrarebolusyonaryong rebisyonista ang lumang nakakalasong ideya na ang nagkakaisang prente ay pangunahing para sa parlamentaryong pakikibaka. Gusto nilang palaganapin ang dating pagkakamali ng Prente Popular, Demokratikong Alyansa at MAN. Nalimita noon ang Prente Popular sa pagiging kampanyang nakabase sa syudad para sa pagboboykot ng mga kalakal ng Hapon at pagiging kasangkapan sa mga reaksyonaryong eleksyon noong bago magkagera, at sa katagala'y naging instrumento lamang ng imperyalistang EU at ng papet ng gobyernong komonwelt. Ang pangunahing dahilan naman ng pag-oorganisa ng Demokratikong Alyansa ay para suportahan ang parlamentaryong pakikibaka ng isang liderato ng Partido na nagdisarma sa Hukbalahap pagkatapos ng gera para gawing liga ng mga beterano at ligal na organisasyon ng mga magsasaka. Ang MAN ay instrumento ngayon ng mga taksil na rebisyonistang Lava at iba pang oportunista na sabik makakuha ng pwesto sa reaksyonaryong gobyerno dahil sa kanilang "makabansang" reputasyon.

Nanloloko ang mga kontrarebolusyonaryong rebisyonista sa pagsasabing kailangan ang "absolutong" pagkakaisa sa loob ng isang tiyak at pormal na organisasyon ng pambansang nagkakaisang prente. Maling ideya ito dahil sa loob ng tunay na nagkakaisang prente ay laging may pagkakaisa at tunggalian batay sa magkakaibang interes ng mga uri, at hindi kailangang laging may tiyak at pormal na organisasyon ang pambansang nagkakaisang prente. Kailangang imantini lagi ng proletaryado at ng Partido ang kanilang liderato, independensya at inisyatiba sa loob ng nagkakaisang prente habang kinikilala ang independensya at inisyatiba ng kanilang mga alyado at binibigyan ng konsesyon ang mga ito, sa kundisyong may pagkakasundo sa pangkalahatang programang tumutugma sa pangkalahatang linya at programa ng demokratikong rebolusyon ng bayan, at sa kundisyong hindi makakasira ang ganoong mga konsesyon sa saligang interes ng masang anakpawis.

Kaugnay ng pambansang burgesya laluna, alam na alam ng Partido na kailangan ang pagkakaisa at tunggalian sa nagkakaisang prente. May dalawang katangian ang uring ito: rebolusyonaryo ang isang aspeto at reaksyonaryo ang isa pang aspeto. "Kaliwang" oportunismo na itakwil ang uring ito bilang ganap na kontrarebolusyonaryo, at Kanang oportunismo naman na yakapin sila bilang ganap na rebolusyonaryo. Ang tamang

patakaran ay makipagkaisa sa kanila hanggang sa antas lamang na katumbas ng pagsuporta nila sa rebolusyon sa loob ng partikular na panahon, at kasabay nito'y punahin sila sa pagdadalawang-loob o tendensya nilang magtraydor sa rebolusyon. Dahil sa patakarang ito, lagi tayong magiging mapagmatyag.

Sa pagdiskusyon sa tungkulin ng iba't ibang pwersang pampakilos ng rebolusyong Pilipino, naipaliwanag nang ang tatlong sandatang agimat ng rebolusyong Pilipino ay ang Partido Komunista ng Pilipinas, ang Bagong Hukbong Bayan at ang pambansang nagkakaisang prente. Sa madaling sabi, ang Partido Komunista ng Pilipinas, na kumakatawan sa proletaryado, ay gumagamit ng dalawang makapangyarihang sandata, ang armadong pakikibaka at ang nagkakaisang prente.

## IV. ANG MGA SALIGANG TUNGKULIN NG DEMOKRATIKONG REBOLUSYON NG BAYAN

Ang komprehensibong itinatakda ng Programa sa Demokratikong Rebolusyon ng Bayan sa Pilipinas, ang programa ng Partido Komunista ng Pilipinas, ay hindi lamang ang mga pangkalahatan at partikular na tungkulin ng rebolusyonaryong partidong proletaryado kundi pati ng buong rebolusyonaryong kilusang masa. Sumahin din natin ngayon ang mga saligang tungkulin ng demokratikong rebolusyon ng bayan.

Ang sentral na tungkulin ng rebolusyong Pilipino sa kasalukuyang yugto ay ang pagbabagsak sa imperyalismong EU, pyudalismo at burukratang kapitalismo, at ang pag-agaw at pagkonsolida sa kapangyarihang pampulitika. Ang layunin natin ay palayain ang bansang Pilipino sa pang-aapi ng mga dayuhan, at palayain din sa pyudal na pang-aapi ang malawak na masa ng mamamayang Pilipino, laluna ang uring magsasaka.

### 1. Sa Larangan ng Pulitika

Dapat gawin ang lahat para parehong makamit ang pambansang rebolusyon na pangunahin laban sa imperyalismong EU at ang demokratikong rebolusyon laban sa pyudalismo at pasistang pagkapapet. Dapat ibagsak ang magkasanib na reaksyonaryong diktadura ng malaking burgesyang komprador, uring panginoong maylupa at mga burukratang kapitalista, at palitan ng sistema ng demokratikong estadong bayan, ang diktadura ng nagkakaisang prente ng proletaryado, uring magsasaka, petiburgesya, pambansang burgesya at lahat ng iba pang makabayan.

Isang bagong demokratikong republika na pinamumunuan ng proletaryado at nagtutugma-tugma sa mga interes ng lahat ng rebolusyonaryong uri't saray ang papalit sa kasalukuyang huwad na republika na walang iba kundi papet na likha ng imperyalismong EU at mapamilit na instrumento ng mga mapagsamantalang uri. Ang republikang ito ay hindi magiging diktadura ng burgesya, o diktadura ng proletaryado, kundi magkasanib na diktadura ng lahat ng rebolusyonaryong uri't saray na pamumunuan ng proletaryado.

Magkakaroon ng mga konggreso o kumperensya ng bayan mula pambansang antas ng gobyerno hanggang sa antas ng probinsya o distrito. Sa mga nakakababang antas, magkakaroon din ng mga kinatawang organong namamahala. Sa bawat antas, ihahalal ang mga representante ng mamamayan

ayon sa sistema ng panlahatan at pantay-pantay na pagboto. Ang prinsipyo ng demokratikong sentralismo ang magiging pangunahing prinsipyong pang-organisasyon ng Demokratikong Republikang Bayan ng Pilipinas.

Sa pagsulong sa sistema ng demokratikong estadong bayan, dapat paunlarin ang mga rebolusyonaryong base para maitatag ang independyenteng rehimen kahit hindi pa kumpletong naibabagsak sa buong bayan ang estado ng mga komprador, panginoong maylupa at burukrata. Pwedeng itatag ang demokratikong gobyernong bayan sa mga ugar na nagtagumpay na ang mamamayan sa pamumuno ng mga proletaryong rebolusyonaryo. Doon ay pwedeng itayo ang diktadura ng nagkakaisang prente o ang demokrasyang bayan. Pwedeng itayo ang mga rebolusyonaryong komite sa mga baryo, pabrika, eskwelahan at iba pang lugar bilang binhi o mga aktwal na organo ng kapangyarihang pampulitika sa buong Pilipinas.

2. Sa Larangan ng Militar

Sa baril nagmumula ang kapangyarihang pampulitika. Hanggat hindi nadudurog ang mga kontrarebolusyonaryong armadong pwersa, kabilang ang mga dayuhang tropang agresor, papet na tropa at lahat ng klase ng gang ng mamamatay-tao, hindi maitatatag ang independyenteng rehimen sa kanayunan o ang sistemang demokratikong rehimen sa kanayunan o ang sistemang demokratikong estadong bayan sa buong Pilipinas.

Ang Bagong Hukbong Bayan ang magiging sandigan ng sistema ng demokratikong estadong bayan. Prinsipal na tungkulin nito ngayon na agawin at konsolidahin ang kapangyarihang pampulitika. Dapat lagi nitong pagsilbihan ang sambayanan at idepensa sila sa kanilang mga kaaway.

Dapat magkaroon ng katangiang masa ang lahat ng armadong pwersa ng bayan, at dapat pamunuan ang mga ito ng proletaryado at ng Partido nila. Ang mga prinsipal na porma ay ang regular na pwersang makilos, ang mga gerilyang bayan at ang milisyang bayan. Pangunahin silang kinukuha sa uring magsasaka.

Sa kanayunan muna dapat likhain ang mga rebolusyonaryong base at sonang gerilya. Doon kailangang talunin ang kaaway bago tuluyang agawin ang kapangyarihan sa kalunsuran. Ang Bagong Hukbong Bayan ay susulong na parang mga alon sa loob ng mahabang panahon para durugin ang kaaway sa buong bayan.

3. Sa Larangan ng Ekonomya

Ang prinsipyong umasa sa sarili ay dapat ipatupad sa mga usaping pang-ekonomya habang lumilikha pa ng mga base at sonang gerilya sa kanayunan ang ating mga rebolusyonaryong pwersa. Dapat tayong lumahok sa produksyon at hindi nating dapat ilimita ang ating sarili sa pagkekwenta ng kinikita at ginagastos batay sa mga kontribusyon, kumpiskasyon at bonong pandigma. Dapat matalino nating gamitin ang ating mga pinagkakabuhayan sa pamamagitan ng istriktong pagsunod sa istilo ng simpleng pamumuhay at puspusang paggawa.

Dapat nating kumpiskahin ang ari-arian ng mga imperyalista, mga mapagsamantalang uri at mga traydor para makinabang ang masang proletaryado at malaproletaryado. Patatakbuhin ng estado ang lahat ng

isinabansang empresa at lahat ng pinagkukunan ng hilaw na materyales at enerhiya. Sasamsamin ang lahat ng empresang may katangiang monopolista. Magkakaroon ng katangiang sosyalista ang pang-estadong sektor ng ekonomya at magiging pwersa itong mamumuno sa buong pambansang ekonomya. Papayagan ang pambansang burgesya na paunlarin ang produksyong kapitalista, pero hanggang sa antas lamang na hindi nila paghaharian o hahadlangan ang kabuhayan ng mamamayang Pilipino.

Ipapamahagi nang libre ang lupain ng mga panginoong maylupa sa mga magsasakang kakaunti ang lupa o walang lupa. Ipatutupad ang prinsipyo ng pagpapantay-pantay sa pagmamay-ari ng lupa. Uumpisahan ang mga empresang kooperatiba sa mga may-aring nagbubungkal at iba pang maliliit na prodyuser bilang unang hakbang tungo sa sosyalismo. Papayagang manatili ang ekonomya ng mayamang magsasaka sa loob ng makatwirang haba ng panahon. Kahit ang mga panginoong maylupa na walang nagawang krimeng publiko ay bibigyan ng pagkakataong maghanapbuhay, pero hindi sila ilalagay sa anumang pusisyon para magpasya o umimpluwensya sa mga desisyon.

Bago tamuhin ang tagumpay ng rebolusyonaryong kilusan sa buong bansa, ang mga namumunong organo ng Partido at ang gobyerno ng base ay gagawa ng angkop na mga patakarang pang-ekonomya para sa mga base at kalapit na mga sonang gerilya batay sa kongkretong sitwasyon. Titiyakin nila na bago magsagawa ng repormang pang-ekonomya sa isang lugar, may sapat nang mga kadre at rebolusyonaryong organisasyon na maniniguradong magkakaroon ng tamang pagsasaayos ng interes ng mamamayan.

4. Sa Larangan ng Kultura

Walang magagawang kahit anong pagsulong ng rebolusyong Pilipino kung hindi magkakaroon ng pangkalahatang pagkamulat ang malawak na masa ng mamamayan. Ang konsept ng demokrasyang bayan o bagong tipo ng pambansang demokrasya ang dapat maging buod ng pangkulturang aktibidad ng rebolusyonaryong kilusang masa. Dapat pangibabawan at ibagsak ng isang pambansa, siyentipiko at pangmasang kultura ang imperyalista, pyudal at antipopular na kulturang umiiral ngayon. Ang sistema sa edukasyon, mula pinakamababa hanggang pinakamataas na antas, ay magiging napakademokratiko kaya walang anumang sisingilin sa mga estudyante.

Dapat palaganapin ang isang rebolusyonaryong kulturang pambansa para malabanan ang imperyalistang pang-aapi at maitaguyod ang dignidad at independensya ng bansang Pilipino. Dapat itakwil ng kulturang ito ang dekadenteng kultura ng kolonyalismo, imperyalismo at neo-kolonyalismo. May mga porma ng kulturang tradisyonal at moderna na dapat kunin at lagyan ng nilalamang magpapatingkad sa pambansa-demokratikong rebolusyon. Dapat umugnay ang rebolusyonaryong kulturang ito sa mga kulturang sosyalista at kultura ng bagong demokrasya ng ibang bansa. Dapat ipaloob at iangkop sa pambansang kondisyon ang anumang progresibo sa mga dayuhang kultura. Kasabay nito, dapat irespeto ang kultura at mga kaugalian ng mga pambansang minorya. Mabubuhay lamang sa Pilipinas ang unibersal na katotohanan ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong kung isasanib ito sa lokal na kondisyon at magkakaroon ng tiyak na pambansang porma. Dapat itaguyod ang paggamit sa pambansang lenggwahe para mapabilis ang pa gpapalaganap sa rebolusyonaryong kulturang pambansa.

Dapat palaganapin ang siyentipikong kultura para malabanan ang

reaksyonaryong ideyalismong inilalako ng imperyalismo't pyudalismo at pati ang mga pamahiing umiiral pa. Pwedeng bumuo ng nagkakaisang prente ng siyentipikong kaisipan ng proletaryado at mga progresibong aspeto ng materyalismong burges at mga siyensyang pangkalikasan. Pero ang dapat laging namumuong ubod ng siyentipikong kulturang ito ay ang teorya ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong. Ang kulturang ito ang dapat magsilbing gabay sa praktikal na kilusan ng rebolusyonaryong masa at pati sa pagbabago ng ideolohiya ng mga intelektwal. Sa larangan ng aksyong pampulitika, pwede tayong magkaroon ng anti-imperyalista at antipyudal na nagkakaisang prente kasama ang ilang ideyalista at kahit mga relihiyoso, pero hindi nating masasang-ayunan ang kanilang ideyalismo o doktrina sa relihiyon.

Kapag naitatag na ang Demokratikong Republikang Bayan ng Pilipinas, magbubukas ito'y magmamantini ng relasyong diplomatiko at pakikipagkalakalana sa lahat ng bayang rumerespeto sa soberanya at integridad ng teritoryo ng sambayanang Pilipino at pumapasok sa ganoong ugnayan para sa kapakinabangan ng isa't isa. Susundin nito ang Limang Prinsipyo ng Mapayapang Pakikipamuhay: pagrerespeto sa soberanya at integridad ng teritoryo ng isa't isa, di pagsasalakayan, di pakikialam sa mga problemang panloob ng isa't isa, pagkakapantay at kapakinabangan ng bawat isa, at mapayapang pakikipamuhay. Dapat pawalan agad ng bisa ang lahat ng di pantay na tratado at kasunduan ng reaksyonaryong gobyerno at burgesyang internasyonal na pinamumunuan ng imperyalismong EU.

Itataguyod ang pinakamatalik at pinakamasiglang pakikipag-ugnayan sa mga kapatid na sosyalistang estado, partido at lahat ng rebolusyonaryong kilusang lumalaban sa imperyalismo, modernong rebisyonismo at lahat ng reaksyon.

## V. ANG PERSPEKTIBA NG REBOLUSYONG PILIPINO

Nalinaw nang may dalawang yugto ang rebolusyong Pilipino. Demokratikong rebolusyon ng bayan ang unang yugto. Rebolusyong sosyalista naman ang ikalawang yugto. Kung gayon, may perspektibang sosyalista ang rebolusyong Pilipino.

Ang pinakaimportanteng pampulitikang salik sa transisyon sa sosyalismo mula demokrasyang bayan ay ang liderato ng uring proletaryo na nakabatay sa alyansa ng manggagawa't magsasaka. Sa pamamagitan ng Partido Komunista ng Pilipinas, ang pinakasulong na destakamento ng proletaryado, responsable ito sa paglikha ng kundisyon para sa sosyalismo, o sa pagtatransporma ng demokratikong diktadurang bayan para maging diktadurang proletaryo. Tulad ng sa pakikibaka para agawin ang kapangyarihan, ang uring manggagawa ay pangunahing umaasa sa malawak na masa ng maralita't nakabababang-panggitnang magsasaka at manggagawang bukid sa pagkokonsolida ng diktadurang proletaryo at sosyalistang transpormasyon ng baseng pang-ekonomya.

Sa ilalim ng demokrasyang bayan, iiral na ang mga salik na pang-ekonomya para sa pagtatayo ng sosyalismo. Ang mga salik na ito ay ang sektor ng estado at mga kooperatiba sa industriya at agrikultura. Itataguyod at isusulong ng proletaryado ang mga ito para malikha ang

baseng pang-ekonomya para sa sosyalismo. Uunlad ang pambansang kapitalismo at ekonomya ng mayamang magsasaka, pero sa limitadong saklaw lamang at magiging parte lamang ng buong ekonomya.

Patuloy na titiyakin ng proletaryado at ng rebolusyonaryong partido nila na irerebolusyonisa ng mga manggagawa, magsasaka't mandirigma ang superistruktura para tumugma sa baseng materyal. Paulit-ulit nating ibubunsod ang dakilang proletaryong rebolusyon sa kultura para mapanatiling pula ang pampulitikang kulay ng Pilipinas.

Laging mamantinahin ang hukbong bayan bilang pangunahing haligi ng sistema ng demokratikong estadong bayan, at kasunod nito, ng estadong sosyalista. Poprotektahan nito ang sambayanan at ang estado sa mga panloob at panlabas na kaaway, at laging susuportahan ang mga proletaryong rebolusyonaryo at ang masa sa kanilang pakikibaka. Mananatili itong dakilang paaralan ng kabataang Pilipino na tagapagpatuloy ng rebolusyong Pilipino.

Tayo ay nasa panahong ang imperyalismo ay tumutuloy sa ganap na pagbagsak at ang sosyalismo'y sumusulong sa pandaigdigang tagumpay. Lahat ng sambayanang lumalaban sa imperyalismo, modernong rebisyonismo at lahat ng reaksyonay lumilikha ng kundisyon para sa pagsapit ng sosyalismo sa mas marami pang bayan. Masiglang sumusulong ang pandaigdigang rebolusyong proletaryo. Ang internasyonal na salik na ito ay nagpapabilis sa pagsulong ng demokratikong rebolusyon ng bayan sa Pilipinas, at pagkatapos nito, sa pagsapit ng sosyalismo. Sa yugtong ito, ang unibersal na teorya ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong at ang Dakilang Proletaryong Rebolusyon sa Kultura ay nagkaroon na ng napakalaking impluwensya sa kongkretong praktika ng rebolusyong Pilipino. Ang rebolusyonisasyon ng pitong daang milyong (700,000,000) mamamayang Tsino ay nakapagtransporma sa Republikang Bayan ng Tsina para maging bakal na muog ng sosyalismo. Napakapalad natin at malapit tayo sa sentro ng pandaigdigang re bolusyong proletaryo, at pati sa Indotsina, ang pangunahing larangan ng labanang anti-imperyalista.

## MGA TALA

1. Ang modernong mga pangalan ng mga bayang ito ang ginamit para madaling maintindihan.

2. May kinalaman ang antikomunistang si Emmanuel Pelaez sa pagpapakinis sa konstitusyon ng lumang partidong pinagsanib. Kinonsulta siya sa pamamagitan ni Francisco Lava, Sr.

3. Ang iskwadron ng Hukbalahap, humigit-kumulang, ay katumbas ng regular na pormasyong kumpanya.

4. Noong Pebrero 1972, ang panloob na utang ng reaksyonaryong gobyerno ay pitong bilyon, sandaang milyong piso (P7,100,000,000) at ang panlabas na utang ay labing-apat na bilyon, apat na raa't limampung milyong piso (P14,450,000,000) o dalawang bilyon, sandaa't tatlumpu't apat na milyong dolyar ($2,134,000,000) sa palitang anim na piso pitumpu't pitong sentimo bawat dolyar ng EU.

5. Idagdag pa sa listahan ng mga masaker na isinagawa ng papet na rehimeng Marcos ang masaker sa Maynila, masaker sa Tacub, unang masaker sa Plaza Miranda, masaker sa Cabugaok at marami pang iba. Ang ikalawang masaker sa Plaza Miranda noong Agosto 21, 1971 ay sinundan, pagkaraan lamang ng ilang oras, ng suspensyon ng kasulatang habeas corpus sa buong bayan. Binawi lamang ang utas sa pagsususpindi pagkaraang makakuha sa reaksyonaryong Korte Suprema ang pangkating EU-Marcos ng desisyong umaayon dito. Pero mayroon man o walang pormal na suspensyon ng kasulatang habeas corpus, ang pangkating EU-Marcos at mga armadong alipuris nito ay talagang nagmamantini na ng kalagayang batas militar sa malalawak na lugar sa Pilipinas.

6. Ang unang Sigwa ng 1970 ay isang dakilang pangyayari sa kasaysayan at dito'y lumitaw ang maraming organisasyong masang sumasaklaw sa mga manggagawa, magsasaka, kabataan, kababaihan at aktibista sa kultura.

7. Noong Marso 3, 1972, nakalipol na ang Bagong Hukbong Bayan ng mga walong daang (800) tropa ng kaaway; mga siyam na raang (900) impormer, despotikong panginoong maylupa at masasamang elemento; at dalawampu't dalawang (22) upisyal na militar ng EU. Nareyd na nito ang ilang malalaking kampo ng kaaway, kabilang ang hedkwarter ng Task Force "Lawin" at ang Akademyang Militar ng Pilipinas (Philippine Military Academy o PMA). Nakawasak o malubhang nakapinsala na rin ito ng anim na sasakyang panghimpapawid ng kaaway, kabilang ang limang helikopter at iba't ibang tipo ng sasakyang panlupa at kagamitan sa komunikasyon. Sa loob ng wala pang tatlong taon, dumami nang walong beses ang mga pultaym na iskwad-panlaban, bukod pa sa mas maraming partaym na lokal na gerilya at milisyang bayan.

8. Tingnan ang Pangkalahatang Sagot sa Maka-Lavang Propaganda para sa Rebisyonismo at Pasismo (1971) para sa komprehensibong diskusyon ng mga maling ideya at kriminal na aktibidad ng mga taksil na rebisyonistang Lava. Ang librong ito ay pwedeng ituring na karugtong ng dokumento ng pagwawasto, ang "Iwasto ang mga Pagkakamali at Muling Buuin ang Partido" na nasa Patnubay para sa mga Kadre at Miyembro ng Partido Komunista ng Pilipinas (1969).

9. Nawasak ang bandidong pangkatin nina Taruc at Sumulong sa pagsurender ni Faustino del Mundo ("Kumander" Sumulong) at asasinasyon kay Pedro Taruc. Sa udyok ni Sumulong, hinanap at pinatay si Taruc at ang ilan niyang tauhan.

10. Pinamumunuan ngayon ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas ang libu-libong kadre at miyembro ng Partido at mayroon itong mga panrehiyong komite na namumuno sa rebolusyonaryong gawain sa Hilagang Luzon, Gitnang Luzon, Maynila-Rizal, Timog Luzon, Silangang Kabisayaan, Kanlurang Kabisayaan at Mindanao. Pagkaraan ng tatlong taon ng puspusang pakikibaka, ang Partido at ang Bagong Hukbong Bayan ay may inaasahan ngayong direktang baseng masa na umaabot sa daan-daan libong mamamayan.

11. Bukod pa ang mga ito sa malalawak na lugar na inookupahan ng VOA, mga istasyon ng radar, istasyong tumutunton sa satelayt at paliparan, na nasa labas ng mga base militar ng EU pero direktang kontrolado ng EU.

12. Ang WB ay desididong gawing grabe ang pagkakautang ng Pilipinas sa

mga dayuhan sa pamamagitan ng mga "pautang para sa edukasyon" at paggamit sa mga pautang natio para siguraduhing makokontrol ng EU ang sistema ng edukasyon sa Pilipinas. Kasama ang mga pundasyon at ahensya ng EU, pinasimunuan ng WB ang paglikha ng Komisyon ng Presidente sa Pagsasarbey ng Edukasyon sa Pilipinas (Presidential Commission to Survey Philippine Education o PCSPE) para maorganisa uli ang mga unibersidad at kolehiyo ng estado at maiayon sa mga pangangailangan ng mga imperyalista ang mga patakaran, programa at proyekto ng Pilipinas sa edukasyon.

13. Lahat ng ahensya ng pulisya, kabilang ang PC, ay pinasusunod sa Ulat Walton ng 1967 ng Upisina sa Kaligtasang Publiko ng AID.

14. Tinutukoy dito ang pagrerepina at pagbebenta ng mga produkto ng petrolyo. Ilang dekada ring pinagsasabi ng mga kumpanya ng langis ng EU na walang deposito ng langis sa Pilipinas, pero sila ngayon ang naghahari sa larangan ng paghahanap ng langis at binabalak nilang buksan ang mga deposito ng langis para sa sariling pakinabang.

15. Ayon sa isang pag-aaral na ipinagawa ng Pambansang Kunseho sa Ekonomya (National Economic Council o NEC), ang nakatalang halaga ng mga ari-arian ng EU noong 1965 ay di kukulangin sa isang bilyon, sandaa't limampung milyong dolyar ($1,150,000,000), at walang daa't pitong milyong dolyar ($807,000,000) dito ang pag-aari ng sandaa't walong (108) nangungunang empresa ng EU. Sa tantya ng embahada ng EU, isang bilyong dolyar ($1,000,000,000) lamang daw ang halaga ng mga ari-arian ng EU noong 1968. Ang ibinilang lamang dito ay ang isandaa't pitumpung (170) empresa na ang puhunang sosyo ng EU ay apatnapung porsyento (40%) o higit pa, at ang pamumuhunan ay isang milyong dolyar ($1,000,000) o higit pa. Nagkakahalaga raw ng mahigit siyam na raang milyon ($900,000,000) ang mga empresang ito. Kulang na kulang ang mga pagtantyang ito, dahil maaaring ang batayan sa pagtantya ng halaga ng lupa't gusali ay ang presyong ibinayad nang bilhin ang mga ito ilang dekada na ang nakaraan. Hindi r in pantay-pantay o ganap na isinaalang-alang ang paulit-ulit na debalwasyon ng piso.

16. Briton ang may-ari ng Shell.

17. Inamin ng embahada ng EU kamakailan na ang mga mamumuhunan ng EU ay naglalabas ng tatlong dolyar mula sa Pilipinas sa bawat dolyar na ipinapasok nila. Siyempre, pinababa na ang halagang ito.

18. Nitong nakaraang mga taon, sinasabi ng mga reaksyonaryo na ang Iligan Integrated Steel Mills, Inc. o IISMI ay pruweba na hindi naman pinipigilan ng imperyalismong EU ang industriyalisasyon. Ilang dekada na mahigpit ang paggigiit na magtayo ng mga pabrika ng asero. Pero nang sa wakas ay maitayo ang IISMI, ipinakarga rito ng mga imperyalista ang mabibigat na pautang (mahigit dalawang daang milyong dolyar ($200,000,000) at piniga ang malalaking patubo; siningil ito nang mataas para sa konsultansya, serbisyo sa engineering at kontrata sa pamamahala; at pinasobrahan ang presyo ng mga kagamitang inilagay dito. Bago pa man makayari ang IISMI ng kahit anong klase ng asero, nilimitahan na ng mga nagpautang ang produksyon at pagbebenta ng kumpanya.

19. Sa kabuuang panlabas na utang na dalawang bilyon, sandaa't tatlumpu't apat na milyong dolyar ($2,134,000,000) noong Pebrero 1972, mga animnapu't anim na porsyento (66%) ang inutang sa Estados Unidos at Hapon; apatnapu't limang porsyento (45%) sa EU at dalawampu't isang

porsyento (21%) sa Hapon. Bukod dito, labindalawa't kalahating porsyento (12.5%) lahat-lahat ang nanggaling sa mga bangkong kontrolado ng EU tulad ng WB, IMF at ADB; sa WB lamang ay mahigit nang kaunti sa kalahati nito ang inutang.

20. Ang hula-hulang tantyang ito ay galing sa Foreign Information Service ng First National City Bank ng New York, "The Philippines" Return to a Free Market Economy" (Polyeto, Enero 1963), mga pahina 5-6.

21. Itinaguyod ng WB noong Oktubre 1970 ang pagtatayo ng isang internasyonal na "grupong konsultatibo" para lalong higpitan ang pampinansyang pagkakagapos ng Pilipinas.

22. Parang lobong hinihipan ang direktang pamumuhunan ng Hapon, laluna mula noong 1970. Kahit ipinapakita sa mga upisyal na rekord ng Pilipinas na labinlimang milyong dolyar ($15,000,000) lamang ang ipinuhunan dito ng mga kumpanyang Hapones, ipinapahayag ng mga publikasyong Hapones na ang direktang pamumuhunan ng Hapon ay umabot na sa apat na raa't limampung milyong dolyar ($450,000,000). Noong Setyembre 1971, nakapagpautang narin ang Hapon ng kabuuang apat na raa't tatlumpu't walong milyong dolyar ($438,000,000) sa pribadong sektor at sa gobyerno ng Pilipinas. Kitang-kita sa larangan ng pakikipagkalakalan sa mga dayuhan kung gaano katindi ang paglusob ng Hapon sa ekonomya ng Pilipinas. Noong 1970, napalitan pa nga ng Hapon ang EU bilang "numero unong kapareha" ng Pilipinas sa kalakalan. Noong 1971, nabawi ng EU ang numero unong posisyon at mahigpit na pumapangalawa ang Hapon. Kontrolado ng dalawang ito ang di kukulangin sa pitumpu't limang porsyento (75%) ng pakikipagkalak alan ng Pilipinas sa mga dayuhan.

23. Noong 1971, sinusugan ng papet na rehimeng Marcos ang Kodigo sa Reporma sa Lupang Pang-agrikultura at tinawag naman itong Kodigo sa Repormang Agraryo. Sa batas na nagsusog, ang batas ng Republika Blg. 6389, ang kahulugang ibinibigay sa "makatwirang kabayaran" sa mga panginoong maylupa ay ang pagbabayad ng "makatwirang halaga sa pamilihan" kapag kinukuha ng gobyerno ang kanilang lupa; at sa paliguy-ligoy na paraan ay pinasasali muna sa "kooperatiba" ang magsasakang kasama bago siya makapagpetisyong bilhin sa panginoong maylupa ang lupang binubungkal niya. Ang Batas ng Republika Blg. 6390, na lumikha ng "ispesyal na pondo sa repormang agraryo", ay nagbibigay ng diin sa pagtatayo ng mga "kooperatiba" na galamay lamang naman ng mga bangkong rural ng mga panginoong maylupa at ng ACA.

24. Mula 1965 hanggang 1971, sa loob ng buong panahong umiral ang Kodigo sa Reporma sa Lupang Pang-agrikultura bago ito tawaging Kodigo sa Repormang Agraryo, ang talagang natanggap ng iba't ibang ahensya sa "reporma sa lupa" ay tatlong daa't siyamnapu't siyam na milyon, dalawang daa't apatnapung libong piso (P399,240,000) lahat-lahat, mula sa kabuuang inilaang isang bilyon, tatlong daang milyong piso (P1,300,000,000). Ibinigay sa Bangko sa Lupa (Land Bank) ang kakarampot na halagang tatlumpu't anim na milyon, tatlong daa't dalawampung libong piso (P36,320,000), at gumastos naman ito ng labing-anim na milyon, dalawang libo't siyam na raang piso (P16,002,900)lamang para bilhin ang tatlumpu't dalawang (32) asyendang may kabuuang sukat na tatlong libo, walong daa't pitumpu't anim (3,876) na ektarya at sumasaklaw sa dalawang libo, dalawang daa't animnapu't walong (2,268) kasama. Ang laki ng lupang kinuha ng gobyerno para ipamahagi uli ay wala pang isang patak sa malawak na karagatan ng mga ari-arian ng mga panginoong maylupa. Pero

isa mang kasamang mahirap ay hindi kayang magbayad, kahit sa hulugan, ng buong presyo ng maski isang ektarya ng lupang ipinapamahagi uli. Sa ngayon, karaniwang apat na libo, sandaa't apatnapu't siyam na piso (P4,149) bawat ektarya ang ibinabayad ng reaksyonaryong gobyerno. Dagdag pa sa lahat ng ito, kumukubra ang reaksyonaryong gobyerno para sa gastos sa administrasyon at interes.

25. Walang maipalalit sa aktwal na imbestigasyon sa bawat baryo, kahit ang mga datos na ibinibigay sa seksyong ito ay nakabatay sa pinakamakabuluhan nang rekord na pwedeng makuha sa reaksyonaryong gobyerno. Nadiskubre ng awtor na may mga grabeng pagkakaiba ang mga rekord na ito at ang realidad sa ilang probinsya. Ang totoo, mas malaki ang problema tungkol sa konsentrasyon ng lupa sa kamay ng iilan.

26. Nasa kamay na ngayon ni Marcos at ng kanyang pangkatin ang mga sosyong kumokontrol sa ESPAC, na Planters Products na ang tawag ngayon.

27. Tuluyang nawala ang Nationalist-Citizens' Party nang ang presidente nito, si Senador Lorenzo Tanada, ay nagretiro sa Senado noong 1971.

28. Ang ikalawang masaker sa Plaza Miranda, na halos lumipol sa buong pambansang liderato ng Partido Liberal, ay lalo pang nagpaigting sa pasidhi nang pasidhing karahasan ng mga kontradiksyon ng mga reaksyonaryo. Siyam na tao ang namatay agad at daan-daana ang malubhang nasugatan sa pagsabod ng dalawang granadang pragmentasyon na inihagis ng mga maton ng pangkating EU-Marcos. Pagkaraan lamang ng tatlong oras, upisyal na ipinroklama ni Marcos ang pagsususpindi sa kasulatang habeas corpus, at hindi lamang laban sa mga Komunista siya naglunsad ng pananakot kundi pati sa mga lider ng Partido Liberal at iba't ibang demokratikong organisasyon.

29. Ang mga delegado ng malaking burgesyang komprador at ng uring malaking panginoong maylupa ang nakakaraming mayorya sa kumbensyong ito.

30. Ang mga imperyalista ng EU ay patuloy pa ring nagtatayo ng mga organisasyong lantaran sa pagtatrador. Halimbawa, noong 1972 ay itinayo ng CIA ang "Philippine Statehood-U.S.A. Movement" na nananawagang ikabit ang Pilipinas sa Estados Unidos.

31. Kahit ang isang samahang unyonistang tulad ng National Association of Trade Unions o NATU, na dati'y itinuturing na progresibo, ay matagal nang biktima ng katiwalian at antikomunistang pambabaluktot ng aristokrata sa paggawa na si Ignacio F. Lacsina, ang presidente nito. Nadiskubre na impiltrador si Lacsina at nananabotahe sa rebolusyonaryong kilusang masa sa buong panahon ng pagkukunwari niyang tumalikod nea siya sa nakaraan niyang koneksyon sa "organisdor ng manggagawa", ang CIA-Heswitang si Padre Hogan; sa namatay na pinunong papet na si Magsaysay; at sa konseho ng mga Unyon sa Pilipinas (Philippine Trade Union Council o PTUC).

32. Ang datos na ito ay galing sa mga rekord ng Kawanihan sa Imigrasyon at iba pang rekord ng reaksyonaryong gobyerno. Para mapalaki ang tinatawag na problemang Tsino, karaniwang pinipilit ng mga sobinista na anim na raang libo (600,000), o umaabot pa sa tatlong milyon (3,000,000) ang mga Tsinong nasyonal sa Pilipinas. Ibinibilang nila na Tsinong nasyonal ang mga anak ng Pilipino't Tsino kahit pinili na ng karamihan sa mga ito na maging mamamayang Pilipino ayon sa mga batas ng Pilipinas.